

Selections from the Writings of the Báb (engtag)1

Selections from the Writings of the Báb	Piniling mga Kasulatan ng Báb
Compiled by the Research Department of the Universal House of Justice and translated by Habib Taherzadeh with the assistance of a Committee at the Bahá'í World Centre	Tinipon ng Research Department ng Universal House of Justice at isinalin ni Habib Taherzadeh sa wikang Ingles sa tulong ng isang Komite sa Bahá'í World Centre
Table of Contents	Mga Nilalaman
1. Tablets and Addresses	1. Mga Tableta at mga Pahayag
2. Excerpts from the Qayyúmu'l-Asmá'	2. Mga Halaw mula sa Qayyúmu'l-Asmá'
3. Excerpts from the Persian Bayán	3. Mga Halaw mula sa Bayán sa Wikang Persiyano
4. Excerpts from the Dalá'il-i-Sab'ih	4. Mga Halaw mula sa Dalá'il-i-Sab'ih
5. Excerpts from the Kitáb-i-Asmá'	5. Mga Halaw mula sa Kitáb-i-Asmá'
6. Excerpts from Various Writings	6. Mga Halaw mula sa Iba't-ibang mga Kasulatan
7. Prayers and Meditations	7. Mga Dalangin at mga Pagninilay-Nilay
References to the Qur'án	Mga Pagtukoy sa Qur'án
In footnotes referring to the Qur'án the súrihs have been numbered according to the original, whereas the verse numbers are those in Rodwell's translation which differ sometimes from those of the Arabic.	Sa mga talababang tumutukoy sa Qur'án ang mga súrih ay nilagyan ng bilang sang-nayon sa orihinal, samantalang ang mga bilang ng mga bersikulo ay sang-ayon sa salin ni Rodwell na kung mansan ay naiiba roon sa Arabe.
1	1
Tablets and Addresses	Mga Tableta at mga Pahayag
A Tablet Addressed to "Him Who Will Be Made Manifest"	Isang Tableta para sa "Kaniya na Siyang Gagawing Mahayag"

<i>This is an epistle from this lowly servant to the All-Glorious Lord—He Who hath been aforetime and will be hereafter made manifest. Verily He is the Most Manifest, the Almighty.</i>	<i>Ito ay isang epistola mula sa hamak na tagapaglingkod na ito para sa Lubos na Maluwalhating Panginoon—Siya na dati na at sa hinaharap ay Siyang gagawing mahayag. Sa katunayan Siya ang Pinakahayag, ang Lubos na Makapangyarihan.</i>
In the name of the Sovereign Lord, the Lord of Power.	1.1 Sa ngalan ng Pinakamakapangyarihang Panginoon, ang Panginoon ng Lakas.
Glorified is He before Whom all the dwellers of earth and heaven bow down in adoration and unto Whom all men turn in supplication. He is the One Who holdeth in His grasp the mighty kingdom of all created things and unto Him shall all return. He is the One Who revealeth whatsoever He willeth and by His injunction “Be Thou” all things have come into being.	1.2 Luwalhatiin Siya na sa harap Niya ang lahat ng mga nananahan sa kalupaan at kalangitan ay yumuyuko sa pagsamba at sa Kaniya ang lahat ng tao ay bumabaling nang lumuluhog. Siya yaong hawak sa Kaniyang kamay ang makapangyarihang kaharian ng lahat ng nilikhang bagay at sa Kaniya ang lahat ay babalik. Siya yaong ipinahahayag ang anumang ninanais Niya at sa pamamagitan ng Kaniyang utos ‘Ikaw ay Maging’ lahat ng bagay ay ginawang maganap.
This is an epistle from the letter <u>Thá</u> ¹ unto Him Who will be made manifest through the power of Truth—He Who is the All-Glorious, the Best-Beloved—to affirm that all created things as well as myself bear witness for all time that there is none other God but Thee, the Omnipotent, the Self-Subsisting; that Thou art God, there is no God besides Thee and that all men shall be raised up to life through Thee.	1.3 Ito ay isang epistola mula sa titik na ‘ <u>Thá</u> ’ ² para sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag sa pamamagitan ng lakas ng Katotohanan—Siya na Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamamahal—upang pagtibayin na ang lahat ng nilikhang bagay, gayundin ang aking sarili, ay sumasaksi sa lahat ng panahon na walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Makapangyarihan, ang Sariling-Ganap; na Ikaw ay ang Diyos, walang ibang Diyos liban sa Iyo at na ang lahat ng tao ay gagawing mabuhay sa pamamagitan Mo.
Lauded and glorified be Thy name, O Lord, my God!	1.4 Purihin at luwalhatiin ang Iyong Pangalan, O Panginoon, aking Diyos!
From all eternity I have indeed recognized Thee and unto all eternity will ever do so through Thine Own Self and not through anyone else besides Thee. Verily Thou art the Source of all knowledge, the Omniscient. From everlasting I have besought and unto everlasting will beseech forgiveness for my	1.5 Mula sa buong kawalang-hanggan tunay na Ikaw ay aking kinilala at hanggang sa buong kawalang-hanggan ay gagawin iyon magpakailanman sa pamamagitan ng Iyong Sarili Mismo at hindi sa pamamagitan ng sinuman liban sa Iyo. Sa katunayan Ikaw ang Bukal ng lahat ng

¹ This is the first letter of Thamarīh which means “fruit.” Shoghi Effendi, in his writings, refers to the Báb as the Thamarīh (fruit) of the Tree of God’s successive Revelations. (See Shoghi Effendi’s letter to the Bahá’ís of the East dated Naw-Rúz 110, page 5.)

² Ito ang unang titik ng ‘Thamarīh’, na nangangahulugan ng ‘bunga’. Sa kaniyang mga kasulatan, tinukoy ni Shoghi Effendi ang Báb bilang ang ‘Thamarīh’ (bunga) ng Puno ng sunod-sunod na mga Rebelasyon ng Diyos. (Tingnan ang liham ni Shoghi Effendi sa mga Bahá’í ng Silangan petsa Naw-Rúz 110, pahina 5)

limited understanding of Thee, aware as I am that there is no God but Thee, the All-Glorious, the Almighty.	kaalaman, ang Lubos na Marunong. Mula sa kawalang-hanggan ako ay sumamo at hanggang sa kawalang-hanggan ay sasamo ng kapatawaran sa aking natatakdaang pagkaunawa sa Iyo, dahilan sa batid ko na walang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Maluwalhati, ang Lubos na Makapangyarihan.
I beg of Thee, O my Best-Beloved, to pardon me and those who earnestly seek to promote Thy Cause; Thou art indeed the One Who forgiveth the sins of all mankind. And in this second year of my Revelation—a Revelation which took place at Thy behest—I bear witness that Thou art the Most Manifest, the Omnipotent, the Ever-Abiding; that of all things that exist on earth and in the heavens nothing whatsoever can frustrate Thy purpose and that Thou art the Knower of all things and the Lord of might and majesty.	1.6 Sumasamo ako sa Iyo, O aking Pinakamamahal, na patawarin ako at yaong mga taimtim na nagsisikap na itaguyod ang Iyong Kapakanan; tunay na Ikaw ay ang nagpapatawad sa mga kasalanan ng buong sangkatauhan. At sa ikalawang taon na ito ng aking Rebelasyon—isang Rebelasyon na naganap sa Iyong kautusan—sumasaksi ako na Ikaw ang Pinakamaliwanag, ang Walang-Maliw Magpakailanman; na sa lahat ng bagay na nabubuhay sa kalupaan at sa mga kalangitan ay walang anumang makahahadlang sa Iyong layunin at, na Ikaw ang Nakaaalam ng lahat ng bagay at ang Panginoon ng kapangyarihan at kamaharlikaan.
Verily, we have believed in Thee and in Thy signs ere the dawn of Thy Manifestation, and in Thee are we all well assured. Verily, we have believed in Thee and in Thy signs after the fulfillment of Thy Manifestation, and in Thee do we all believe. Verily, we have believed in Thee and in Thy signs at the hour of Thy Manifestation and bear witness that through Thine injunction “Be Thou” all things have been created.	1.7 Sa katunayan, kami ay nanalig sa Iyo at sa Iyong mga palatandaan bago ang simula ng Iyong Kahayagan, at sa Iyo kami ay ganap na nakatitiyak. Sa katunayan, kami ay nanalig sa Iyo at sa iyong mga palatandaan matapos ang katuparan ng Iyong Kahayagan, at sa Iyo kaming lahat ay nananalig. Sa katunayan, kami ay nanalig sa Iyo at sa Iyong mga palatandaan sa oras ng Iyong Paghahayag at sumasaksi na sa pamamagitan ng Iyong kautusang “Ikaw ay Maging” ang lahat ng bagay ay linalang.
Every Manifestation is but a revelation of Thine Own Self, with each of Whom we have truly appeared and we bow down in adoration before Thee. Thou hast been, O my Best-Beloved, and shalt ever be my witness throughout bygone times and in the days to come. Verily, Thou art the All-Powerful, the Ever-Faithful, the Omnipotent.	1.8 Bawat Kahayagan ay isang paghahayag lamang ng Iyong Angking Sarili, na kasama ng bawat isa sa Kanila kami ay tunay na dumating at kami ay yumukod sa pagsamba sa Iyong harapan. Ikaw, O aking Pinakamamahal, ay naging at magpakailanman ay magiging aking saksi sa buong nakalipas na mga panahon at sa mga araw na darating. Sa katunayan, Ikaw ang Lubos na Malakas, ang Laging Matapat, ang Lubos na Makapangyarihan.
I have testified to Thy oneness through Thine Own Self before the dwellers of the heavens and the earth, bearing witness that, verily, Thou art the All-Glorious, the Best-Beloved. I have attained the	1.9 Ako ay sumaksi sa Iyong kaisahan sa pamamagitan ng Iyong Sarili Mismo sa harap ng mga nananahan sa mga kalangitan at kalupaan, sumasaksing sa katunayan, Ikaw ay ang Lubos na

recognition of Thee through Thine Own Self before the dwellers of the heavens and the earth, bearing witness that Thou art in truth the Almighty, the All-Praised. I have glorified Thy Name through Thine Own Self before the dwellers of the heavens and the earth, bearing witness that Thou art indeed the Lord of power, He Who is the Most Manifest. I have exalted Thy holiness through Thine Own Self before the dwellers of the heavens and the earth, bearing witness that in truth Thou art the Most Sanctified, the Most Holy. I have praised Thy sanctity through Thine Own Self before the dwellers of the heavens and the earth, bearing witness that Thou art indeed the Indescribable, the Inaccessible, the Immeasurably Glorified. I have extolled Thine overpowering majesty through Thine Own Self before the dwellers of the heavens and the earth, bearing witness that, verily, Thou and Thou alone art the Lord of might, the Eternal One, the Ancient of Days.	Maluwalhati, ang Pinakamamahál. Aking natamong makilála Ikaw sa pamamagitan ng Iyong Sarili Mismo sa harap ng mga nananahan sa mga kalangitan at kalupaan, sumasaksi na Ikaw sa katotohanan ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Pinupuri. Aking niluwalhati ang Iyong Pangalan sa pamamagitan ng Iyong Sarili Mismo sa harap ng mga nananahan sa mga kalangitan at kalupaan, sumasaksing Ikaw sa katotohanan ang Panginoon ng lakas, Siya na Pinakahayag. Aking dinakila ang Iyong kabanalan sa pamamagitan ng Iyong Sarili Mismo sa harap ng mga nananahan sa mga kalangitan at kalupaan, sumasaksing sa katotohanan Ikaw ang Pinakasagrado, ang Pinakabanal. Aking pinuri ang Iyong pagkasagrado sa pamamagitan ng Iyong Sarili Mismo sa harap ng mga nananahan sa mga kalangitan at kalupaan, sumasaksing sa katunayan Ikaw ang Di-Mailalarawan, ang Di-Maaabot, ang Di-Matatayang Niluwalhati. Aking pinagbunyi ang Iyong nakagagahis na kamaharlikaan sa pamamagitan ng Iyong Sarili Mismo sa harap ng mga nananahan sa mga kalangitan at kalupaan, sumasaksing, sa katunayan, Ikaw at Ikaw lamang ang Panginoon ng kapangyarihan, ang Siya na Walang-hanggan, ang Napakatanda sa mga Araw.
Hallowed and glorified art Thou; there is none other God but Thee and in truth unto Thee do we all return.	1.10 Sambahin at luwalhatiin Ka; walang ibang Diyos liban sa Iyo at sa katotohanan kaming lahat ay babalik sa Iyo.
As to those who have put the kindred of ‘Alí to death, ere long they shall realize to what depths of perdition they have descended.	1.11 Tungkol doon sa mga pumatay sa mga kaanak ni ‘Alí, hindi magtatagal ay muunawaan nila kung anong mga kalaliman ng impiyerno ang nilusong nila.
A Second Tablet Addressed to “Him Who Will Be Made Manifest”	Pangalawang Tableta para sa “Kaniya na Siyang Gagawing Mahayag”

May the glances of Him Whom God shall make manifest illumine this letter at the primary school.³

Harinawang ang mga sulyap Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay tanglawan ang

³ In one of His Tablets ‘Abdu’l-Bahá explains that some were misled by this statement and thought that the school referred to was a physical school for the training of unlettered children, whereas it referred to a spiritual school sanctified from the limits of the contingent world. Bahá’u’lláh in the Kitáb-i-Aqdas also refers to this Epistle of the Báb in the following words:

O Thou Supreme Pen! Move over the Tablet by the leave of Thy Lord, the Creator of the heavens. Call Thou then to mind the day when the Fountainhead of divine unity sought to attend the school which is sanctified of all save God, that perchance the righteous might become acquainted, to the extent of a needle’s eye, with that which is concealed behind the veil of the inner mysteries of Thy Lord, the Almighty, the All-Knowing.

Say, We, in truth, entered the school of inner meaning and exposition at a time when the minds of all that dwell on earth were wrapt in heedlessness. We beheld what the Merciful Lord had revealed, accepted the gift He [the Báb] had offered Me of the verses of God, the Help in Peril, the Self-Subsisting, and hearkened to that to which He had attested in the Tablet. We, verily, are the Witness. We responded to His call at Our Own behest, and We are, in truth, the Ordainer.

O people of the Bayán! We entered the School of God when ye were slumbering on your couches, and perused the Tablet when ye were fast asleep. By the righteousness of God, the True One, We had read it before it was revealed, and ye were utterly unaware. Indeed Our knowledge had encompassed the Book when ye were yet unborn.

These utterances are revealed according to your measure, not to God’s, and unto this beareth witness that which is enshrined in the knowledge of God, did ye but know. Unto this testifieth He Who is the Mouthpiece of God, could ye but understand. By the righteousness of God! Were We to lift the veil ye would swoon away. Take heed lest ye dispute with Him and His Cause. He hath indeed appeared in such wise as to encompass all things, whether of the past or of the future. Were We to speak forth at this time in the language of the dwellers of the Kingdom, We would say that God raised up this School ere the earth and the heavens were brought into being, and We entered it before the letters “B” and “E” were joined and knit together.

	<i>liham na ito sa pinakamahalagang paaralan.⁴</i>
He is the Most Glorious.	Siya ang Pinakamaluwalhati
He is God, no God is there but Him, the Almighty, the Best-Beloved. All that are in the heavens and on the earth and whatever lieth between them are His. Verily He is the Help in Peril, the Self-Subsisting.	1.12 Siya ang Diyos, walang Diyos liban sa Kaniya, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamamahal. Lahat ng nasa mga kalangitan at sa kalupaan at anumang naroroon sa pagitan nila ay sa Kaniya. Sa katunayan Siya ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
This is a letter from God, the Help in Peril, the Self-Subsisting, unto God, the Almighty, the Best-Beloved, to affirm that the Bayán and such as bear allegiance to it are but a present from me unto Thee and to express my undoubting faith that there is no God but Thee, that the kingdoms of Creation and Revelation are Thine, that no one can attain anything save by Thy power and that He Whom	1.13 Ito ay isang liham mula sa Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap, para sa Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamamahal, upang pagtibayin na ang Bayán at ang gayong matapat dito ay isang handog lamang sa Iyo mula sa akin upang maipahayag ang aking walang alinlangang pananalig na walang Diyos liban sa Iyo, na ang mga kaharian ng Sangnilikha at

⁴ Sa isa sa Kaniyang mga Tableta ipinaliliwanag ni ‘Abdu’l-Bahá na ang ilan ay iniligaw ng pangungusap na ito at naisip na ang paaralan na tinutukoy ay isang pisikal na paaralan para sa hindi nakakabasang mga bata, samantalang ang tinutukoy nito ay isang espirital na paaralan na ginawang banal mula sa mga hangganan ng walang katiyakang daigdig. Si Bahá’u’lláh sa *Kitáb-i-Aqdas* ay tinutukoy din ang Epistolang ito ng Báb sa sumusunod na mga salita:

O Ikaw na Kataas-taasang Panulat! Sumulat Ka sa Tableta ayon sa kapahintulugan ng Iyong Panginoon, ang Lumikha ng mga kalangitan. Iyong gunitain sa gayon ang araw nang ang Punong-Bukal ng banal na pagkakaisa ay nagsikap na makadalo sa paaralan na ginawang banal sa lahat liban sa Diyos, na baka sakaling mabatid ng makatarungan, kahiman maging kasing liit ng butas ng karayom, yaong natatago sa likod ng lambong ang naloloob na mga hiwaga ng Iyong Panginoon, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Nakababatid ng Lahat.

Sabihin, Kami, sa katunayan, ay pumasok sa paaralan ng naloloob na kahulugan at pagpapaliwanag sa isang panahon nang ang mga isipan ng lahat ng nananahan sa kalupaan ay nababalot ng pagwawalang-bahala. Namasdan Namin yaong ipinahayag ng Mahabaging Panginoon, tinanggap ang handog Niya (ang Báb) na ibinigay sa Akin na mga bersikulo ng Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap, at pinakinggan yaong Kaniyang pinagtibay sa Tableta. Sa katunayan, Kami ang Saksi. Tinugon Namin ang Kaniyang panawagan sa Aming Sariling kagustuhan, at Kami, sa katotohanan, ay ang Nagtatadhana.

O mga tao ng Bayán! Pumasok Kami sa Paaralan ng Diyos nang kayo ay natutulog sa inyong mga higaan, at binasa ang Tableta nang kayo ay mahimbing na natutulog. Saksi ang pagkamakatarungan ng Diyos, Siyang Tunay, binasa Namin ito bago ito ipinahayag, at kayo ay ganap na walang namamalayan. Tunay, ang Aming kaalaman ay pinaligiran ang Aklat nang kayo ay hindi pa isinisilang.

Ang mga pahayag na ito ay ibinunyag ayon sa inyong sukatan, hindi ng sa Diyos, at sinasaksihan nito yaong nakadambana sa kaalaman ng Diyos, kung natatalos lamang ninyo. Dito ay nagpapatunay Siyang Tagapagsalita ng Diyos, kung nauunawaan lamang ninyo. Saksi ang pagkamakatarungan ng Diyos! Kung Aming iaangat ang lambong kayo ay mapapatigagal. Mag-ingat na hindi kayo makipagtalo sa Kaniya at sa Kaniyang Kapakanan. Tunay na Siya ay nagpakita nang ganoon upang palibutan ang lahat ng bagay, kahiman ng nakaraan at ng hinaharap. Kung Kami ay magsasalita ngayon sa wika ng mga nananahan sa Kaharian, sasabihin Namin na nilikha ng Diyos ang Paaralang ito bago nilikha ang kalupaan at ang mga kalangitan, at Kami ay pumasok dito bago ang mga pantig na ‘Ma’ at ‘Ging’ ay pinagdugtong at pinagkabit.

Thou hast raised up is but Thy servant and Thy Testimony. I, indeed, beg to address Him Whom God shall make manifest, by Thy leave in these words: “Shouldst Thou dismiss the entire company of the followers of the Bayán in the Day of the Latter Resurrection by a mere sign of Thy finger even while still a suckling babe, Thou wouldst indeed be praised in Thy indication. And though no doubt is there about it, do Thou grant a respite of nineteen years as a token of Thy favor so that those who have embraced this Cause may be graciously rewarded by Thee. Thou art verily the Lord of grace abounding. Thou dost indeed suffice every created thing and causest it to be independent of all things, while nothing in the heavens or on the earth or that which lieth between them can ever suffice Thee.”	ng Rebelasyon ay sa Iyo, na walang sinuman ang makapagtatamo ng anuman liban sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan at Siya na Iyong itinaas ay Iyong tagapaglingkod lamang at Iyong Patotoo. Tunay, Ako ay lumuluhog na sabihin sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, sa Iyong kapahintulutan ang mga salitang ito: ‘Kung Iyong ititiwalag ang buong pangkat ng mga tagasunod ng Bayán sa Araw ng Nahuhuling Muling Pagkabuhay, sa pamamagitan lamang ng isang hudyat ng Iyong daliri kahit na isa pa lamang pasusuhing sanggol, tunay na Ikaw ay pupurihin sa Iyong pahiwatig. At kahiman hindi nag-aalinlangan tungkol dito, Iyong ipagkaloob ang labing-siyam na taon na palugit, bilang isang palatandaan ng Iyong kagandahang-loob, upang yaong mga yumakap sa Kapakanang ito ay Iyong mapagmahal na gantimpalaan. Sa katunayan, Ikaw ang Panginoon ng masaganang pagpapala. Ikaw, sa katunayan, ay sapat sa lahat ng nilikhang bagay at sanhi ng kalayaan ng lahat ng bagay, samantalang wala ni anuman sa mga kalangitan o sa kalupaan o doon sa nasa pagitan nila ang maaaring makasapat sa Iyo.’
Verily Thou art the Self-Sufficient, the All-Knowing; Thou art indeed potent over all things.	1.14 Sa katunayan Ikaw ang Sapat sa Sarili, ang Nakababatid ng Lahat; tunay na Ikaw ang makapangyarihan sa lahat ng bagay.
Tablet to the First Letter of the Living	Tableta sa Unang Titik ng Nabubuhay
<i>This is that which We have revealed for the First Believer in Him Whom God shall make manifest, that it may serve as an admonition from Our presence unto all mankind.</i>	<i>Ito ang Aming ipinahayag para sa Unang Mananampalataya sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, upang harinawang ito ay magsilbi bilang isang tagubilin mula sa Aming kinaroroonan sa buong sangkatauhan.</i>
In the Name of the Almighty, the Best-Beloved.	1.15 Sa Ngalan ng Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamamahal.
Lauded and glorified is He Who is the sovereign Lord of the kingdoms of heaven and earth and whatever is between them. Say, verily unto Him shall all return, and He is the One Who guideth at His Own behest whomsoever He pleaseth. Say, all men beseech His blessings and He is supreme over all created things. He is indeed the All-Glorious, the Mighty, the Well-Beloved.	1.16 Purihin at luwalhatiin Siya na makapangyarihang Panginoon ng mga kaharian sa kalangitan at kalupaan at sa anumang nasa pagitan nila. Sabihin, sa katunayan lahat ay babalik sa Kaniya, at Siya yaong pumapatnubay, sa Kaniyang Sariling kagustuhan, sa sinumang naisin Niya. Sabihin, lahat ng tao ay sumasamo sa Kaniyang pagpapala at Siya ang pinakamataas sa lahat ng nilalang na bagay. Tunay na Siya ang Lubos na

	Maluwalhati, ang Makapangyarihan, ang Pinakamamahal.
This is an epistle from the letter <u>Thá</u> unto him who is the First Believer. Bear thou witness that verily He is I, Myself, the Sovereign, the Omnipotent. He is the One Who ordaineth life and death and unto Him shall all return. Indeed there is none other God but Him and all men bow down in adoration before Him. Verily Thy Lord, God, shall presently recompense every one as He ordaineth, even swifter than uttering the words “Be thou, and it is.”	1.17 Ito ay isang epistola mula sa titik ng ‘Thá’ para sa kaniya na Unang Mananampalataya. Maging saksi ka sa katunayan na Siya ay Ako, ang Aking Sarili Mismo, ang Pinakamataas, ang Lubos na Makapangyarihan. Siya yaong nagtatadhana ng buhay at kamatayan at sa Kaniya ang lahat ay babalik. Tunay na walang ibang Diyos liban sa Kaniya at lahat ng tao ay yumuyuko sa pagsamba sa Kaniya. Sa katunayan, gagantimpalaan ngayon ng Iyong Panginoon, ang Diyos, ang bawat isa na itinadhana Niya, nang higit na mabilis pa sa pagbigkas ng mga katagang “Mabuhay ka, at ito ay naganap.”
God hath in truth testified in His Book and so also have testified the company of His angels, His Messengers and those endued with divine knowledge, that thou hast believed in God and in His signs and that everyone is guided aright by virtue of thy guidance. This is indeed a boundless grace which God, the Ever-Living, the Self-Subsisting, hath graciously conferred upon thee aforesaid and will confer hereafter. And since thou didst believe in God before the creation, He hath in truth, at His own behest, raised thee up in every Revelation. There is no God but Him, the Sovereign Protector, the All-Glorious.	1.18 Sa katotohanan, pinatunayan ng Diyos sa Kaniyang Aklat at pinagtibay rin ng pangkat ng Kaniyang mga anghel, ng Kaniyang mga Sugo at yaong mga pinagkalooban ng banal na kaalaman, na ikaw ay nananalig sa Diyos at sa Kaniyang mga palatandaan at ang lahat ay napatnubayan nang wasto dahilan sa iyong patnubay. Tunay na ito ay walang hanggang pagpapala na mapagmahal na ipinagkaloob sa iyo ng Diyos noon pa, ang Nabubuhay nang Walang-Hanggan, ang Sariling-Ganap, at ipagkakaloob pa sa hinaharap. At dahilan sa nanalig ka sa Diyos bago pa ang paglalalang, tunay na itinaas ka Niya, sa Kaniyang sariling utos, sa bawat Rebelasyon. Walang Diyos liban sa Kaniya, ang Naghaharing Tagapagtanggol, ang Lubos na Maluwalhati.
It behooveth you to proclaim the Cause of God unto all created things as a token of grace from His presence; no God is there but Him, the Most Generous, the All-Compelling .	1.19 Kinakailangang ipahayag mo ang Kapakanan ng Diyos sa lahat ng nilikhang bagay bilang isang tanda ng pagpapala mula sa Kaniyang kinaroroonan; walang Diyos liban sa Kaniya, ang Pinakamapagbigay, ang Ganap na Nananaig.
Say: All matters must be referred to the Book of God; I am indeed the First to believe in God and in His signs; I am the One Who divulgeth and proclaimeth the Truth and I have been invested with every excellent title of God, the Mighty, the Incomparable. Verily I have attained the Day of the First Manifestation and by the bidding of the Lord and as a token of His grace, I shall attain the Day of	1.20 Sabihin: Lahat ng bagay ay dapat isangguni sa Aklat ng Diyos; tunay na Ako ang Unang nanalig sa Diyos at sa Kaniyang mga palatandaan; Ako ang nagbunyag at nagpahayag sa Katotohanan at Ako ang pinagkalooban ng bawat pinakamagaling na pangalan ng Diyos, ang Makapangyarihan, ang Walang Kahambing. Sa katunayan, natamo Ko ang Panahon ng Unang Kahayagan at sa utos ng

the Latter Manifestation. There is no God but Him and at the appointed hour everyone shall bow down unto Him in adoration.	Panginoon at bilang isang tanda ng Kaniyang pagpapala, Aking matatamo ang Panahon ng Nahuhuling Kahayagan. Walang Diyos liban sa Kaniya, at sa itinakdang oras bawat isa ay yuyuko nang sumasamba sa Kaniya.
I render thanks and yield praise unto God for having been chosen by Him as the Exponent of His Cause in bygone days and in the days to come; there is none other God save Him, the Glorified, the All-Praised, the Ever-Abiding. Whatever is in the heavens and on the earth is His and through Him are we guided aright.	1.21 Ako ay nagpapasalamat at nagbibigay-puri sa Diyos sa pagkakahirang Niya bilang Tagapagtanggol ng Kaniyang Kapakanan noong nakaraang mga panahon at sa mga darating na panahon; walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang Niluluwalhati, ang Pinupuri ng Lahat, ang Walang-Maliw Magpakailanman. Anuman ang mga nasa kalangitan at sa kalupaan ay sa Kaniya at sa pamamagitan Niya tayo ay pinapatnubayan nang tumpak.
O people of the Bayán! Those who embrace the Truth must turn unto Me, as ordained in the Book and divine guidance will be vouchsafed to whosoever attaineth My presence.	1.22 O mga tao ng Bayán! Yaong mga tumanggap sa Katotohanan ay dapat bumaling sa Akin, tulad ng itinadhana sa Aklat at ang banal na patnubay ay ipagkakaloob sa sinumang nakarating sa Aking kinaroroonan.
Extracts from an Epistle to Muḥammad Sháh	Mga Halaw mula sa Isang Epistola kay Muḥammad-Sháh
The substance wherewith God hath created Me is not the clay out of which others have been formed. He hath conferred upon Me that which the worldly-wise can never comprehend, nor the faithful discover.... I am one of the sustaining pillars of the Primal Word of God. Whosoever hath recognized Me hath known all that is true and right and hath attained all that is good and seemly, and whosoever hath failed to recognize Me hath turned away from all that is true and right and hath succumbed to everything evil and unseemly.	1.23 Ang sangkap na ginamit ng Diyos sa paglalang sa Akin ay hindi ang luwad na ginamit sa paglikha sa iba. Ipinagkaloob Niya sa Akin yaong hindi kailanman mauunawaan ng mga matalino sa daigdig, ni hindi rin matutuklasan ng mga matapat.... Ako ang isa sa mga nagtataguyod na haligi ng Pangunahing Salita ng Diyos. Sinuman ang tumanggap sa Akin, ay nabatid ang lahat ng totoo at tumpak, at natamo ang lahat ng mabuti at marapat, at sinuman ang nabigong tumanggap sa Akin, ay lumayo sa lahat ng totoo at tumpak at sumuko sa lahat ng bagay na masama at hindi marapat.
I swear by the righteousness of Thy Lord, the Lord of all created things, the Lord of all the worlds! Were a man to rear in this world as many edifices as possible and worship God through every virtuous deed which God's knowledge embraceth, and attain the presence of the Lord, and were he, even to a measure less than that which is accountable before God, to bear in his heart a trace of malice towards	1.24 Sumusumpa Ako sa pagkamatwid ng Iyong Panginoon, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang na bagay, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig! Kung magtatayo ang isang tao ng maraming gusali hanggang magagawa, at sasambahin ang Diyos sa pamamagitan ng bawat mabuting gawa na nasasaklaw ng kaalaman Diyos, at mararating ang kinaroroonan ng Diyos, at kung magkikimkim siya

Me, all his deeds would be reduced to naught and he would be deprived of the glances of God's favor, become the object of His wrath and assuredly perish. For God hath ordained that all the good things which lie in the treasury of His knowledge shall be attained through obedience unto Me, and every fire recorded in His Book, through disobedience unto Me. Methinks in this day and from this station I behold all those who cherish My love and follow My behest abiding within the mansions of Paradise, and the entire company of Mine adversaries consigned to the lowest depths of hellfire.	ng kahit bahid ng masamang hangarin sa kaniyang puso tungo sa Akin, kahit pa kulang kaysa doon sa takdang sukat na pananagutan sa harap ng Diyos, lahat ng kaniyang mga ginawa ay mawawalan ng saysay, at siya ay pagkakaitan ng mga sulyap ng pagmamahal ng Diyos, magiging pakay ng Kaniyang poot at tiyak na mamamatay. Sapagkat itinadhana ng Diyos na lahat ng mabuting bagay na napapaloob sa ingatang-yaman ng Kaniyang kaalaman ay matatamo sa pamamagitan ng pagsunod sa Akin, at bawat apoy na nakatala sa Kaniyang Aklat, ay dahilan sa pagsuway sa Akin. Wari Kong sa panahong ito at mula sa katayuang ito, namamasdan Ko ang lahat ng nagtatangi sa Aking pagmamahal at sumusunod sa Aking kagustuhan na namamalaging nasa loob ng mga mansiyon ng Paraiso, at ang buong pangkat ng Aking mga kalaban ay itinakda sa pinaka-ilalim na mga kalaliman ng apoy ng impiyerno.
By My life! But for the obligation to acknowledge the Cause of Him Who is the Testimony of God ... I would not have announced this unto thee.... All the keys of heaven God hath chosen to place on My right hand, and all the keys of hell on My left....	1.25 Saksi ang Aking buhay! Kung hindi sa tungkuling dapat tanggapin ang Kapakanan Niya na Siyang Patunay ng Diyos ... hindi Ko na sana ipahahayag ito sa iyo.... Lahat ng mga susi ng kalangitan ay pinili ng Diyos na ilagay sa Aking kanang kamay, at lahat ng mga susi ng impiyerno ay sa Aking kaliwa....
I am the Primal Point from which have been generated all created things. I am the Countenance of God Whose splendor can never be obscured, the Light of God Whose radiance can never fade. Whoso recognizeth Me, assurance and all good are in store for him, and whoso faileth to recognize Me, infernal fire and all evil await him....	1.26 Ako ang Panimulang Tuldok na mula rito ay binigyang-buhay ang lahat ng nilalang na bagay. Ako ang Anyo ng Diyos na ang Kaniyang karingalan ay hindi kailanman mapalalabo, ang Liwanag ng Diyos na ang Kaniyang ningning ay hindi kailanman kukupas. Sinuman ang makakilala sa Akin, ang katiyakan at lahat ng kabutihan ang nakalaan para sa kaniya, at sinuman ang mabigong makakilala sa Akin, ang apoy ng impiyerno at lahat ng kasamaan ang naghihintay sa kaniya....
I swear by God, the Peerless, the Incomparable, the True One: for no other reason hath He—the supreme Testimony of God—invested Me with clear signs and tokens than that all men may be enabled to submit to His Cause.	1.27 Sumusumpa Ako sa Diyos, ang Walang-Kapantay, ang Walang-Katulad, ang Siyang Tunay; walang ibang dahilan ang pagkakaloob Niya—ang kataas-taasang Pagpapatunay ng Diyos—sa Akin ng malinaw na mga palatandaan at mga patotoo kundi upang magawa ng lahat ng tao na sumunod sa Kaniyang Kapakanan.

By the righteousness of Him Who is the Absolute Truth, were the veil to be lifted, thou wouldst witness on this earthly plane all men sorely afflicted with the fire of the wrath of God, a fire fiercer and greater than the fire of hell, with the exception of those who have sought shelter beneath the shade of the tree of My love. For they in very truth are the blissful....	1.28 Saksi ang pagkamakatarungan Niya na Ganap na Katotohanan, kung aalisin ang lambong, iyong masasaksihan na sa makalupang kalagayang ito, lahat ng tao ay malubhang naghihirap sa apoy ng poot ng Diyos, isang apoy na higit na matindi at malawak kaysa sa apoy ng impiyerno, liban doon sa mga iyon na naghanap ng kanlungan sa ilalim ng lilim ng puno ng Aking pagmamahal. Sapagkat sila, sa katotohanan, ang mga maligaya....
God beareth Me witness, I was not a man of learning, for I was trained as a merchant. In the year sixty⁵ God graciously infused my soul with the conclusive evidences and weighty knowledge which characterize Him Who is the Testimony of God—may peace be upon Him—until finally in that year I proclaimed God’s hidden Cause and unveiled its well-guarded Pillar, in such wise that no one could refute it. “That he who should perish might perish with a clear proof before him and he who should live might live by clear proof.”⁶	1.29 Sumasaksi ang Diyos sa Akin, Ako ay isang tao na hindi nakapag-aral, sapagkat sinanay Ako bilang isang mangangalakal. Sa taong animnapu⁷ mapagpalang inilalin ng Diyos sa aking kaluluwa ang kapani-paniwalang mga katibayan at mahalagang kaalaman na nagtatangi sa Kaniya na Siyang Patunay ng Diyos—harinawang mapasa-Kaniya ang kapayapaan—hanggang sa wakas sa taong iyon ay Aking ipinahayag ang natatagong Kapakanan ng Diyos at inalisan ng lambong ang mahigpit na inaalagaang Haligi nito, sa gayong paraan na walang makatatanggi rito. “Na siyang dapat mamatay ay maaaring mamatay nang may malinaw na katibayan sa harapan niya at siyang dapat mabuhay ay maaaring mabuhay sa malinaw na katibayan.”⁸
In that same year [year 60] I dispatched a messenger and a book unto thee, that thou mightest act towards the Cause of Him Who is the Testimony of God as befitteth the station of thy sovereignty. But inasmuch as dark, dreadful and dire calamity had been irrevocably ordained by the Will of God, the book was not submitted to thy presence, through the intervention of such as regard themselves the well-wishers of the government. Up to the present, when nearly four years have passed, they have not duly presented it to Your Majesty. However, now that the fateful hour is drawing nigh, and because it is a matter of faith, not a worldly concern, therefore I have given thee a glimpse of what hath transpired.	1.30 Nang taon ding iyon [taong 60] Ako ay nagpadala ng isang sugo at isang aklat sa iyo, upang harinawang ikaw ay kumilos para sa Kapakanan Niya na Siyang Patunay ng Diyos nang naaangkop sa katayuan ng iyong paghahari. Datapwat dahilan sa hindi mababagong naitadhana ng Kalooban ng Diyos ang madilim, nakapangingilabot at kahila-hilakbot na kapahamakan, ang aklat ay hindi naibigay sa iyo, dahilan sa pakikialam ng gayong nagpalagay sa kanilang mga sarili na mga nagnanais ng kabutihan sa pamahalaan. Hanggang sa kasalukuyan, nang halos apat na taon na ang nakalipas, hindi pa rin nila naibigay ito nang nararapat sa Iyong Kamahalan. Gayumpaman, ngayong nalalapit na ang natatadhanang oras, at dahilan sa ito ay isang bagay ng pagsasampalataya, at walang kinalaman sa kamunduhan, kung gayon,

⁵ 1260 A.H. (1844 A.D.).

⁶ Qur’án 8:44.

⁷ 1260 A.H. (1844 A.D.).

⁸ Qur’án 8:44.

	ako ay nagbigay sa iyo ng isang sulyap sa kung ano ang naganap.
I swear by God! Shouldst thou know the things which in the space of these four years have befallen Me at the hands of thy people and thine army, thou wouldst hold thy breath from fear of God, unless thou wouldst rise to obey the Cause of Him Who is the Testimony of God and make amends for thy shortcomings and failure.	1.31 Sumusumpa ako sa Diyos! Kung iyong malalaman ang mga bagay na Aking dinanas sa loob ng apat na taong ito sa mga kamay ng iyong mga tao at iyong hukbo, pipigilin mo ang iyong hininga dahilan sa takot sa Diyos, maliban kung ikaw ay magbabangon upang sundin ang Kapakanan Niya na Siyang Patunay ng Diyos at gagawing pagbayaran ang iyong mga pagkukulang at pagkabigo.
While I was in <u>Shíráz</u> the indignities which befell Me at the hands of its wicked and depraved Governor waxed so grievous that if thou wert acquainted with but a tithe thereof, thou wouldst deal him retributive justice. For as a result of his unmitigated oppression, thy royal court hath become, until the Day of Resurrection, the object of the wrath of God. Moreover, his indulgence in alcohol had grown so excessive that he was never sober enough to make a sound judgment. Therefore, disquieted, I was obliged to set out from <u>Shíráz</u> with the aim of attaining the enlightened and exalted court of Your Majesty. The Mu'tamidu'd-Dawlih then became aware of the truth of the Cause and manifested exemplary servitude and devotion to His chosen ones. When some of the ignorant people in his city arose to stir up sedition, he defended the divine Truth by affording Me protection for a while in the privacy of the Governor's residence. At length, having attained the good-pleasure of God, he repaired to his habitation in the all-highest Paradise. May God reward him graciously....	1.32 Samantalang Ako ay nasa <u>Shíráz</u> , ang mga paghamak na umabot sa Akin sa mga kamay ng masama at buktot na Gobernadr ay lubhang tumindi na kung iyong nabatid kahit na kaunti noon, ay ipapataw mo sa kaniya ang mapaghiganting katarungan. Bunga ng kaniyang walang pakundangang paniniil, ang iyong maharlikang korte ay naging pakay ng poot ng Diyos, hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Bukod dito, ang kaniyang pagkagumon sa alak ay naging labis-labis na kailanman ay hindi siya nagkaroon ng sapat na katinuan upang makapagbigay ng mahusay na pasiya. Sa gayon, nang nababalisa, Ako ay napilitang umalis sa <u>Shíráz</u> na naglalayong makarating sa naliliwanagan at dakilang korte ng Inyong Kamahalan. Ang Mu'tamidu'd-Dawlih, sa gayon, ay nabatid ang katotohanan ng Kapakanan at nagpakita ng kahanga-hangang pagkabighani at pagmamalasakit sa Kaniyang mga hinirang. Nang ilan sa mga mangmang na tao sa kaniyang lungsod ang nagbangon upang magsimula ng kaguluhan, ipinagtanggol niya ang banal na Katotohanan sa pagbibigay sa Akin ng pansamantalang pangangalaga sa pag-iisa sa tahanan ng Gobernador. Sa wakas, matapos makamtan ang mabuting-kasiyahan ng Diyos, siya ay nagtungo sa kaniyang tahanan sa pinakamataas na Paraiso. Harinawang mapagpalang gantimpalaan siya ng Diyos....
Following his ascension to the eternal Kingdom, the vicious Gurgín, resorting to all manner of treachery, false oaths and coercion, sent Me away from <u>Işfahán</u> with an escort of five guards on a journey which lasted seven days, without providing the barest necessities for My travel (Alas! Alas! for the	1.33 Kasunod ng kaniyang pag-akyat sa walang-hanggang Kaharian, ang malupit na si Gurgín, sa paggamit ng lahat ng paraan ng kataksilan, mapanglinlang na mga pangako at pamimilit, ay pinalayas Ako mula sa <u>Işfahán</u> nang may kasamang limang tanod sa isang paglalakbay

things which have touched Me!), until eventually Your Majesty's order came, instructing Me to proceed to Máh-Kú....	na tumagal ng pitong araw, nang hindi naglaan ng pinakapayak na mga kailangan para sa Aking paglalakbay (Sa aba! Sa aba! Sa mga bagay na tumimo sa Akin!), hanggang sa wakas ang utos ng Inyong Kamahalan ay dumating, inuutusan Akong magtungo sa Máh-Kú....
I swear by the Most Great Lord! Wert thou to be told in what place I dwell, the first person to have mercy on Me would be thyself. In the heart of a mountain is a fortress [Máh-Kú] ... the inmates of which are confined to two guards and four dogs. Picture, then, My plight.... I swear by the truth of God! Were he who hath been willing to treat Me in such a manner to know Who it is Whom he hath so treated, he, verily, would never in his life be happy. Nay—I, verily, acquaint thee with the truth of the matter—it is as if he hath imprisoned all the Prophets, and all the men of truth and all the chosen ones....	1.34 Sumusumpa Ako sa Pinakadakilang Panginoon! Kung sasabihin sa iyo kung anong lugar ang Aking tinitirahan, ang unang tao na maaawa sa Akin ay ikaw mismo. Sa pusod ng isang bundok ay may isang muog [Mákú] ... ang mga naninirahan ay binubuo ng dalawang tanod at apat na aso. Ilarawan sa isip, kung gayon, ang Aking kalagayan.... Sumusumpa Ako sa katotohanan ng Diyos! Kung siya na naging handang pakitunguhan Ako sa gayong gawi ay nakilala kung Sino ang kaniyang pinakitunguhan nang gayon, sa katunayan, siya ay hindi kailanman magiging maligaya sa kaniyang buhay. Hindi lamang iyon, kundi—sa katunayan, ay Aking ipinababatid sa iyo ang katotohanan ng paksa—waring ibinilanggo niya ang lahat ng mga Propeta, at lahat ng mga tao ng katotohanan at lahat ng mga hinirang....
When this decree was made known unto Me, I wrote to him who administereth the affairs of the kingdom, saying: “Put Me to death, I adjure thee by God, and send My head wherever thou pleasest. For surely an innocent person such as I cannot reconcile himself to being consigned to a place reserved for criminals and let his life continue.” My plea remained unanswered. Evidently His Excellency the Hájí, is not fully aware of the truth of our Cause. It would be far more heinous a deed to sadden the hearts of the faithful, whether men or women, than to lay waste the sacred House of God.	1.35 Nang ang kautusang ito ay ipinabatid sa Akin, Ako ay lumihap sa kaniyang nangangasiwa sa mga gawain ng kaharian, nagsasabi: “Patayin Ako, nakikiusap Ako sa iyo sa ngalan ng Diyos, at ipadala ang Aking ulo saanman iyong naisin. Sapagkat tiyak na ang isang taong tulad Ko, ay hindi matatanggap na ang kaniyang sarili ay malagay sa isang pook na nakalaan para sa mga salarin at hayaang patuloy siyang mabuhay.” Ang aking pagluhog ay nanatiling hindi tinugon. Maliwanag na ang Kaniyang Kamahalan ang Hájí, ay hindi lubos na namamalayan ang katotohanan ng Aming Kapakanan. Magiging isang higit na kasuklam-suklam na gawa ang palungkutin ang mga puso ng mga matapat, kahiman lalaki o babae, kaysa sa wasakin ang banal na Tahanan ng Diyos.
Verily, the One True God beareth Me witness that in this Day I am the true mystic Fane of God, and the Essence of all good. He who doeth good unto Me, it is as if he doeth good unto God, His angels and the entire company of His loved ones. He who doeth evil unto Me, it is as if he doeth evil unto God and His chosen ones. Nay, too exalted is the station of	1.36 Sa katunayan, sumasaksi sa Akin ang Iisang Tunay na Diyos, na sa Araw na ito, Ako ang tunay na mahiwagang Templo ng Diyos, at ang Diwa ng lahat ng kabutihan. Siya na gumagawa ng mabuti sa Akin, ito ay tulad rin ng paggawa niya ng mabuti sa Diyos, sa Kaniyang mga anghel at sa buong pangkat ng Kaniyang mga minamahal. Hindi lamang iyon,

God and of His loved ones for any person's good or evil deed to reach their holy threshold. Whatever reacheth Me is ordained to reach Me; and that which hath come unto Me, to him who giveth will it revert. By the One in Whose hand is My soul, he hath cast no one but himself into prison. For assuredly whatsoever God hath decreed for Me shall come to pass and naught else save that which God hath ordained for us shall ever touch us. Woe betide him from whose hands floweth evil, and blessed the man from whose hands floweth good. Unto no one do I take My plaint save to God; for He is the best of judges. Every state of adversity or bliss is from Him alone, and He is the All-Powerful, the Almighty.	lubhang napakadakila ang katayuan ng Diyos at ng Kaniyang mga minamahal upang makarating ang mabuti o masamang gawa ng isang tao sa banal na bungad nila. Anuman ang sumapit sa Akin ay itinadhanang umabot sa Akin; at yaong dumating sa Akin, sa kaniya na nagbigay ay babalik ito. Saksi Siya na nasa Kaniyang kamay ang Aking kaluluwa, wala siyang itina-pon sa bilangguan kundi ang kaniyang sarili lamang. Sapagkat anuman ang ipinag-utos ng Diyos para sa Akin ay magaganap at wala maliban doon sa itinadhana ng Diyos para sa amin ang maaaring tumalab sa amin. Kapighatian ang mangyayari sa kaniya na mula sa kaniyang mga kamay ay dumadaloy ang kasamaan, at pinagpala ang tao na mula sa kaniyang mga kamay ay dumadaloy ang kabutihan. Hindi Ko dinala ang Aking karaingan sa sinuman liban sa Diyos; sapagkat Siya ang pinakamagaling sa mga hukom. Lahat ng kalagayan ng hrap o kaligayahan ay mula sa Kaniya lamang, at Siya ang Lubos na Malakas, ang Lubos na Makapangyarihan.
In brief, I hold within My grasp whatsoever any man might wish of the good of this world and of the next. Were I to remove the veil, all would recognize Me as their Best-Beloved, and no one would deny Me. Let not this assertion astound Your Majesty; inasmuch as a true believer in the unity of God who keepeth his eyes directed towards Him alone will regard aught else but Him as utter nothingness. I swear by God! I seek no earthly goods from thee, be it as much as a mustard seed. Indeed, to possess anything of this world or of the next would, in My estimation, be tantamount to open blasphemy. For it ill beseemeth the believer in the unity of God to turn his gaze to aught else, much less to hold it in his possession. I know of a certainty that since I have God, the Ever-Living, the Adored One, I am the possessor of all things, visible and invisible....	1.37 Sa maikling salita, hawak Ko sa Aking kamay ang anumang maaaring naisin ng isang tao para sa ikabubuti ng daigdig na ito at ng susunod. Kung Aking aalisin ang lambong, kikilalanin Ako ng lahat bilang kanilang Pinakamamahal, at walang sinuman ang makatatangi sa Akin. Huwag pagtakahan ang pahayag na ito, Inyong Kamahalan; yayamang ang isang tunay na mananampalataya sa kaisahan ng Diyos, nang nakatutok ang kaniyang mga mata sa Kaniya lamang, ay ituturing ang lahat liban sa Kaniya bilang ganap na kawalan. Sumusumpa Ako sa Diyos! Hindi Ako naghahangad ng anumang makalupang ari-arian mula sa iyo, maging ito ay kasing laki ng isang binhi ng mustasa. Tunay, ang magkaroon ng anumang bagay ng daigdig na ito o ng susunod, sa Aking pagtaya, ay katumbas ng lantarang kalapastanganan sa Diyos. Sapagkat hindi magiging angkop sa mananampalataya sa kaisahan ng Diyos na ibaling ang kaniyang paningin sa anumang bagay, gaano pa ang maghawak nito bilang kaniyang ari-arian. Aking nababatid nang nakatitiyak na dahilan sa nasa Akin ang Diyos, ang Nabubuhay-Magpakailanmang, ang Siyang Sinasamba, Ako ang nagmamay-ari ng lahat ng bagay, na nakikita at hindi nakikita....

In this mountain I have remained alone, and have come to such a pass that none of those gone before Me have suffered what I have suffered, nor any transgressor endured what I have endured! I render praise unto God and yet again praise Him. I find Myself free from sorrow, inasmuch as I abide within the good-pleasure of My Lord and Master. Methinks I am in the all-highest Paradise, rejoicing at My communion with God, the Most Great. Verily this is a bounty which God hath conferred upon Me; and He is the Lord of unbounded blessings.	1.38 Sa bundok na ito Ako ay nanatiling nag-iisa, at naranasan yaong Aking pinagdusahan na wala pa roon sa mga nauna sa Akin ang nakaranas, ni sinumang nagkasala ang nagtiis ng Aking tiniis! Nagbibigay puri Ako sa Diyos at muling pinupuri pa Siya. Natatagpuan Ko ang Aking Sarili na malaya mula sa pighati, yayamang Ako ay sumusunod sa magandang-kaluguran ng Aking Panginoon at Pinuno. Aking naiisip na Ako ay nasa pinakamataas ng Paraiso, nagagalak sa Aking pakikipagniig sa Diyos, ang Pinakadakila. Sa katunayan ito ay isang biyaya na ipinagkaloob sa Akin ng Diyos; at Siya ay ang Panginoon ng hindi natatakdaang mga pagpapala.
I swear by the truth of God! Wert thou to know that which I know, thou wouldst forgo the sovereignty of this world and of the next, that thou mightest attain My good-pleasure, through thine obedience unto the True One.... Wert thou to refuse, the Lord of the world would raise up one who would exalt His Cause, and the Command of God would, verily, be carried into effect.	Sumusumpa Ako sa katotohanan ng Diyos! Kung iyong nalalaman yaong Aking nalalaman, iyong tatalikuran ang kataas-taasang kapangyarihan ng daigdig na ito at ng susunod, na iyong maaaring matamo ang Aking mabuting kaluguran, dahilan sa iyong pagsunod sa Kaniya na Tunay.... Kung ikaw ay tatangi, ang Panginoon ng daigdig ay itataas ang isa na dadakila sa Kaniyang Kapakanan, at ang Utos ng Diyos, sa katotohanan, ay gagawing umiral.
Through the grace of God nothing can frustrate My purpose, and I am fully conscious of that which God hath bestowed upon Me as a token of His favor. If it were My will, I would disclose to Your Majesty all things; but I have not done this, nor will I do it, that the Truth may be distinguished from aught else beside it, and this prophecy uttered by the Imám Báqir—may peace rest upon Him—be fully realized: “What must needs befall us in <u>Ádhirbáyján</u> is inevitable and without parallel. When this happeneth, rest ye in your homes and remain patient as we have remained patient. As soon as the Mover moveth make ye haste to attain unto Him, even though ye have to crawl over the snow.”	Sa pamamagitan ng pagpapala ng Diyos walang maaaring makahadlang sa Aking layunin, at Aking lubos na namamalayan yaong ipinagkaloob sa Akin ng Diyos bilang isang palatandaan ng Kaniyang pagmamahal. Kung ito ay Aking nanaisin, Aking ibubunyag sa Inyong Kamahalan ang lahat ng bagay; subalit hindi Ko ito ginawa, ni hindi Ko ito gagawin, upang ang Katotohanan ay makita ang kaibahan mula sa anumang iba bukod dito, at ang hula na ito na binanggit ng Imám Báqir — harinawang mapasa-Kaniya ang kapayapaan — ay ganap na matupad: ‘Anuman ang dapat sapitin namin sa <u>Ádhirbáyján</u> ay hindi mapipigilan at walang katulad. Kapag ito ay naganap, manahimik kayo sa inyong mga tahanan at manatiling matiyaga tulad namin na nanatiling matiyaga. Kapag ang Nagpapakilos ay kumilos, kaagad na magpunta sa Kaniya, kahit na gumapang kayo sa ibabaw ng niyebe.’
I implore pardon of God for Myself and for all things related to Me and affirm, “Praise be to God, the Lord of all the worlds.”	Sumasamo Ako sa kapatawaran ng Diyos para sa Aking Sarili at para sa lahat ng bagay na nauugnay sa Akin at pinagtitibay, ‘Luwalhatiin ang Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig.’

Extracts from Another Epistle to Muḥammad Sháh	Mga Halaw mula sa Isa Pang Epistola kay Muḥammad Sháh
Glory be unto Him Who knoweth all that is in the heavens and in the earth. Verily there is no God but Him, the sovereign Ruler, the Almighty, the Great.	Luwalhatiin Siyang nakababatid ng lahat sa mga kalangitan at sa kalupaan. Sa katunayan walang Diyos liban sa Kaniya, ang pinakamakapangyarihang Pinuno, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Dakila.
He is the One Who on the Day of Severing shall pass judgment through the power of Truth; indeed no God is there besides Him, the Peerless, the All-Compelling, the Exalted. He is the One Who holdeth within His grasp the kingdom of all created things; there is none other God but Him, the Single, the Incomparable, the Ever-Abiding, the Inaccessible, the Most Great.	Siya yaong sa Araw ng Paghihiwalay ay magbibigay ng hatol sa pamamagitan ng lakas ng Katotohanan; tunay na walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang Walang-Kaparis, ang Ganap na Nananaig, ang Marangal. Siya yaong hawak nang mahigpit sa Kaniyang kamay ang kaharian ng lahat ng nilikhang bagay; walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang Nag-iisa, ang Walang Katulad, ang Walang-Maliw, ang Hindi Malalapitan, ang Pinakadakila.
At this moment I testify unto God, even as He testified unto Himself before the creation of all things: Verily there is no God save Him, the All-Glorious, the All-Wise. And I bear witness unto whatsoever He hath fashioned or will fashion, even as He Himself, in the majesty of His glory, hath borne witness: No God is there but Him, the Peerless, the Self-Subsisting, the Most Wondrous.	Sa sandaling ito, Ako ay sumusumpa sa Diyos, kahit na Siya ay sumumpa sa Kaniyang Sarili bago ang paglikha sa lahat ng bagay: Sa katunayan walang Diyos liban sa Kaniya, ang Lubos na Maluwalhati, ang Lubos na Marunong. At Ako ay sumasaksi sa anumang Kaniyang ginawa o gagawin, kahit na Siya Mismo, sa kamaharlikaan ng Kaniyang luwalhati, ay sumaksi: Walang Diyos liban sa Kaniya, ang Walang Kaparis, ang Sariling-Ganap, ang Lubos na Kamangha-mangha.
In God, Who is the Lord of all created things, have I placed My whole trust. There is no God but Him, the Peerless, the Most Exalted. Unto Him have I resigned Myself and into His hands have I committed all My affairs. No God is there besides Him, the supreme Ruler, the resplendent Truth. Indeed all-sufficient is He for Me; independently of all things doth He suffice, while nothing in the heavens or in the earth but Him sufficeth. He, in very truth, is the Self-Subsisting, the Most Severe.	Sa Diyos, na Panginoon ng lahat ng nilikhang bagay, ay Aking inilagak ang Aking lubos na pagtitiwala. Walang Diyos liban sa Kaniya, ang Walang Kaparis, ang Pinakamarangal. Sa Kaniya ay Aking itinalaga ang Aking Sarili at sa Kaniyang mga kamay ay Aking ipinagkatiwala ang lahat ng Aking mga gawain. Walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang kataas-taasang Pinuno, ang maringal na Katotohanan. Tunay na Siya ang nakasasapat sa lahat para sa Akin; nang malaya sa lahat ng bagay Siya ay nakasasapat, samantalang walang anuman sa mga kalangitan o sa kalupaan liban sa Kaniya ang nakasasapat. Siya, sa mismong katotohanan, ay ang Sariling-Ganap, ang Pinakamahigpit.
Praise be unto Him Who at this very moment perceiveth in this remote prison the goal of My	Purihin Siya na sa mismong sandaling ito ay natatalos sa malayong bilangguan ito ang

desire. He is the One Who beareth witness unto Me at all times and beholdeth Me ere the inception of “after Hín.”⁹	hantungan ng Aking hangarin. Siya yaong sumasaksi sa Akin sa lahat ng panahon at namamasdan Ako bago magsimula ang ‘pagkalipas ng Hín’.¹⁰
Why didst thou pronounce judgment without remembering God, the All-Wise? How canst thou endure in the fire? Indeed, mighty and most severe is thy God.	Bakit ka naggawad ng hatol nang hindi inaalaala ang Diyos, ang Lubos na Marunong? Paano mo matitiis ang apoy? Tunay, makapangyarihan at napakahigpit ang iyong Diyos.
Thou pridest thyself in the things thou dost possess, yet no believer in God and in His signs, nor any righteous man would ever deign to regard them. This mortal life is like unto the carcass of a dog, around which none would gather, nor would any partake thereof, except those who gainsay the life hereafter. Verily it is incumbent upon thee to become a true believer in God, the All-Possessing, the Almighty, and to turn away from the one who guideth thee into the torment of hellfire.	Iyong ipinagmamalaki ang sarili mo sa mga bagay na iyong inaari, subalit walang naniniwala sa Diyos at sa Kaniyang mga palatandaan, ni sinumang makatarungang tao ang kailanman ay mamarapating pahalagahan ang mga iyon. Ang mortal na buhay na ito ay katuland ng isang patay na aso, na sa paligid ay walang nagtitipon, ni walang kakain noon, maliban doon sa mga pinasisinungalingan ang buhay sa hinaharap. Sa katunayan ito ay tungkulin mo na maging isang tunay na mananampalataya sa Diyos, ang Nagmamay-ari ng Lahat, ang Lubos na Makapangyarihan, at talikuran yaong pumapatnubay sa iyo sa pagdurusa sa apoy ng impiyerno.
I have been waiting awhile that perchance thou wouldst take heed and be rightly guided. How canst thou answer God on the day which is near at hand—the day whereon witnesses will stand forth to testify in the presence of thy Lord, the Lord of all the worlds?	Ako ay naghihintay na baka sakaling ikaw ay makinig at mapatnubayan nang wasto. Paano mo sasagutin ang Diyos sa araw na nalalapit na — ang araw kung kailan ang mga saksi ay tatayo upang magpatunay sa harapan ng iyong Panginoon, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig?
By the righteousness of Him Who hath called thee into being and unto Whom erelong thou shalt return, if thou remainest, at the moment of death, a disbeliever in the signs of thy Lord thou shalt surely enter the gates of hell, and none of the deeds thy hands have wrought will profit thee, nor shalt thou find a patron nor anyone to plead for thee. Fear thou God and pride not thyself on thine earthly possessions, inasmuch as what God doth possess is better for them that tread the path of righteousness.	Saksi ang pagkamakatarungan Niya na Siyang nagbigay ng buhay sa iyo at sa Kaniya na hindi magtatagal ay iyong babalikan, kung ikaw, sa sandali ng kamatayan, ay mananatiling hindi naniniwala sa mga palatandaan ng iyong Panginoon, tiyak na ikaw ay papasok sa mga pasukan ng impiyerno, at ikaw ay walang pakikinanabangan sa mga gawa na isinagawa ng iyong mga kamay, ni hindi ka makatatagpo ng isang tagapagtaguyod ni sinumang sasamo para sa iyo. Matakot sa Diyos at huwag ipagmalaki ang iyong sarili sa iyong makalupang mga ari-arian, yayamang

⁹ The numerical value of the letters of the word Hín is 68. The year 1268 A.H. (1851–1852 A.D.) is the year preceding the birth of the Bahá’í Revelation.

¹⁰ Ang katumbas sa bilang ng mga titik ng salitang Hín ay 68. Ang taong 1268 A.H. (1851-1852 A.D.) ay ang taong sinusundan ng pagsilang ng Rebelasyong Bahá’í.

	yaong taglay ng Diyos ay higit na mabuti para sa kanila na lumalakad sa landas ng pagkamakatarungan.
Verily in this Day all that dwell on earth are the servants of God. As to those who truly believe in God and are well assured in the signs revealed by Him, perchance He will graciously forgive them the things their hands have committed, and will grant them admission into the precincts of His mercy. He, in truth, is the Ever-Forgiving, the Compassionate. But the verdict of divine chastisement is pronounced against those who have turned away disdainfully from Me and have repudiated the conclusive proofs and the unerring Book with which God hath invested Me, and on the Day of Severing they shall find no protector or helper.	Sa katunayan, sa Araw na ito lahat ng nananahan sa kalupaan ay mga tagapaglingkod ng Diyos. Tungkol doon sa mga tunay na nananalig sa Diyos at ganap na nakatitiyak sa mga palatandaan na ipinahayag Niya, baka sakaling mapagpalang patawarin Niya sila sa mga bagay na ginawa ng kanilang mga kamay, at pahintulutan sila na makapasok sa loob ng Kaniyang habag. Siya, sa katotohanan, ay ang Palaging Nagpapatawad, ang Madamayin. Subalit ang hatol ng banal na kaparusahan ay iginawad laban doon sa mga mapanghamak na tumalikod sa Akin, at itinatwa ang maliwanag na mga katibayan at ang hindi nagkakamaling Aklat na ipinagkatiwala sa Akin ng Diyos, at sa Araw ng Paghihiwalay ay wala silang matatagpuang tagapagtanggol o katulong.
I swear by Him Who createth all beings and unto Whom all shall return, if anyone at the hour of death beareth hatred towards Me or disputeth the clear tokens wherewith I have been invested, then naught but afflictive torment shall be his lot. On that day no ransom will be accepted, nor will any intercession be permitted, unless God so please. Verily He is the All-Compelling, the All-Glorious; and no God is there other than Him, the sovereign Ruler, the Almighty, the Most Severe.	Sumusumpa Ako sa Kaniya na lumikha sa lahat ng tao at sa Kaniya ang lahat ay babalik, kung sinuman sa oras ng kamatayan ang nagtaglay ng pagkapoot sa Akin o tinutulan ang maliwanag na mga palatandaan na ipinagkaloob sa Akin, Samakatwid, wala liban sa kahapis-hapis na kaparusahan ang kaniyang magiging kapalaran. Sa araw na iyon walang pantubos ang tatanggapin, ni anumang pamamagitan ang pahihintulutan, maliban kung naisin ng Diyos. Siya ang Ganap na Nananaig, ang Lubos na Maluwalhati; at walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang pinakamakapangyarihang Pinuno, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamahigpit.
If thou rejoicest in My imprisonment, woe then unto thee for the grievous torment which will soon overtake thee. Indeed God hath permitted no one to pass unfair judgment, and if thou wouldst fain do so, then soon shalt thou learn.	Kung ikaw ay nagagalak sa Aking pagkabilanggo, pighati, kung gayon, ang mapasa-iyo dahilan sa malubhang kaparusahan na hindi magtatagal ay aabot sa iyo. Tunay na hindi pinahihintulutan ng Diyos ang sinuman na gumawa ng hindi makatarungang hatol, at kung ikaw ay maghahangad na gawin iyon, sa gayon, hindi magtatagal ikaw ay matututo.
From the first day that I cautioned thee not to wax proud before God until the present time, four years have elapsed, and during this space naught have I	Mula sa unang araw na ikaw ay Aking binalaan na huwag lubhang maging palalo sa harap ng Diyos hanggang sa kasalukuyan, apat na taon na ang

witnessed, either from thee or from thy soldiers, except dire oppression and disdainful arrogance. Methinks thou dost imagine that I wish to gain some paltry substance from this earthly life. Nay, by the righteousness of My Lord! In the estimation of them that have fixed their eyes upon the merciful Lord, the riches of the world and its trappings are worth as much as the eye of a dead body, nay even less. Far from His glory be what they associate with Him!... I seek patience only in God. Verily He is the best protector and the best helper. No refuge do I seek save God. Verily He is the guardian and the best supporter....	nakalipas, at sa tagal ng panahong ito wala Akong nasaksihan, alinman mula sa iyo o mula sa iyong mga kawal, liban sa malubhang paniniil at mapandustang kapalaluan. Naiisip Ko na iyong naguguni-guni na Aking hangad na makinabang sa ilang maliliit na bahagi ng kayamanan mula sa makalupang buhay na ito. Hindi, saksi ang pagkamakatarungan ng Aking Panginoon! Sa pagtaya nila na ang paningin ay nakatutok sa mahabaging Panginoon, ang mga kayamanan ng daigdig at ang mga gayak nito ay kasing halaga ng mata ng isang patay na katawan, hindi lamang iyon, kundi, higit pang maliit. Malayo mula sa Kaniyang kaluwalhatian ang maaaring maiugnay sa Kaniya!... Ang Aking hinahangad lamang sa Diyos ay pagtitiyaga. Sa katunayan Siya ang pinakamagaling na tagapagtanggol at ang pinakamabuting katulong. Wala Akong hinahangad na kanlungan maliban ang Diyos. Sa katunayan Siya ang tagapangalaga at ang pinakamahusay na tagapagtaguyod....
I swear by the glory of God, My Lord, the Most Exalted, the Most Great, He assuredly, as is divinely ordained, will make His Cause shine resplendent, while there will be no helper for the unjust. If thou hast any scheme, produce thy scheme. Indeed every revelation of authority proceedeth from God. In Him do I trust and unto Him do I turn.	Sumusumpa Ako sa kaluwalhatian ng Diyos, ang Aking Panginoon, ang Pinakamarangal, ang Pinakadakila, tulad ng banal na itinadhana, ay gagawin ang Kaniyang Kapakanan na maringal na magningning, samantalang walang tutulong sa hindi makatarungan. Kung ikaw ay may binabalak, ihayag ang iyong balak. Tunay bawat paghahayag ng kapangyarihan ay nagmumula sa Diyos. Sa Kaniya Ako ay nagtitiwala at sa Kaniya Ako ay bumabaling.
Hast thou heard anyone of old passing a judgment similar to the one thou didst contrive or like unto that whereto thou didst give thine assent? Woe then unto the oppressors! Both thine intentions and the manner in which thou dealest with the people clearly demonstrate thine infidelity towards God, hence He hath ordained a severe chastisement for thee. Verily I seek patience only in God, and Him do I regard as the goal of My desire. This signifieth that I have the undoubted Truth on My side.	May narinig ka na bang sinuman sa nakaraan na naggawad ng isang hatol ng katulad ng iyong binalak o katulad noong iyong binigyan ng pagsang-ayon? Pighati kung gayon sa mga mapaniil! Kapwa ang iyong mga layunin at ang gawi ng iyong pakikitungo sa mga tao ay malinaw na nagpapakita ng iyong kataksilan sa Diyos, kung kaya itinadhana Niya ang isang matinding kaparusahan para sa iyo. Sa katunayan Aking hinahangad ang pagtitiyaga lamang ng Diyos, at Siya ang Aking kinikilalang hantungan ng Aking hangarin. Ito ay nangangahulugan na nasa sa Akin ang hindi mapag-aalinlanganang Katotohanan sa Aking panig.

If thou art not apprehensive that the truth might be revealed and the works of the ungodly be brought to naught, why summonest thou not the divines of the land, and then summon Me, so that I may confound them forthwith, even as those disbelievers whom I have previously confounded? This is My sure testimony unto thee and unto them, if they speak the truth. Summon thou all of them. Should they then be able to utter words like unto this, thou wouldst know that their cause is worthy of attention. Nay, by the righteousness of My Lord! They are bereft of power, nor are they endued with perception. They professed faith in the past without understanding its significance, then later they repudiated the Truth; for they are devoid of discernment.	Kung ikaw ay hindi nangangamba na maaaring mabunyag ang katotohanan at mapapawi ang mga gawa ng hindi maka-Diyos, bakit hindi mo tawagin ang mga teologo sa lupain, at pagkatapos ay tawagin Ako, upang Aking mataranta sila kara-karaka, tulad noong mga hindi naniniwala na Aking nataranta na noong una? Ito ang Aking tiyak na patunay sa iyo at sa kanila, kung sila ay nagsasabi ng totoo. Lahat sila ay iyong tawagin. Kung mabibigkas nila pagkatapos ang mga salitang tulad nito, iyong mababatid na ang kanilang layunin ay nararapat bigyan ng pansin. Hindi, saksi ang pagkamakatarungan ng Aking Panginoon! Sila ay walang lakas, ni hindi sila pinagkalooban ng pang-unawa. Nagpahayag sila ng pagsasampalataya noong nakaraan nang hindi nauunawaan ang kahulugan nito, pagkatapos, sa dakong huli, kanilang itanatuwa ang Katotohanan; sapagkat sila ay hindi nakauunawa.
If thou hast decided to shed My blood, wherefore dost thou delay? Thou art now endowed with power and authority. For Me it will prove an infinite bounty conferred by God, while for thee and for them that would commit such an act it will amount to a chastisement meted out by Him.	Kung iyong ipinasiya na patuluin ang Aking dugo, bakit ka nababalam? Ngayon ay pinagkakalooban ka ng lakas at kapangyarihan. Para sa Akin ito ay pagpapatunay sa walang hanggang pagpapala na ipinagkaloob ng Diyos, samantalang para sa iyo at para sa kanila na gagawin ang gayong kilos, iyon ay katumbas ng isang kaparusahan na iginawad Niya.
How great the blessedness that would await Me, wert thou to pass a verdict such as this; and what immense joy would be Mine, shouldst thou agree to do this! This is a bounty which God hath reserved for them that enjoy near access to His court. Give then thy leave and wait no longer. In truth, mighty is thy Lord, the Avenger.	Gaano kadakila ang pagpapala na naghihintay sa Akin, kung iyong igagawad ang hatol na tulad nito, at gaano kalawak ang kaligayahang magiging Akin, kung sasang-ayon ka sa gawaing ito! Ito ay isang biyaya na inilaan ng Diyos para sa kanila na naliligayahan sa pagkalapit sa Kaniyang korte. Ibigay kung gayon ang pahintulot at huwag maghintay nang matagal. Sa katotohanan, makapangyarihan ang iyong Panginoon, ang Tagapaghiganti.
Art thou not ashamed in the presence of God for consenting to the consignment to a fortress of Him Who is the Testimony of God, and His being made captive in the hands of the faithless? Woe betide thee and them who rejoice at this moment in inflicting so dire a humiliation upon Me....	Hindi ka ba nahihiya sa harapan ng Diyos dahilan sa pagsang-ayon sa pagkabilanggo Niya na Siyang Katunayan ng Diyos sa isang muog, at ang Kaniyang pagiging bihag sa mga kamay ng hindi matatapat? Pighati ang dadanasin mo at sila na nagagalak sa sandaling ito sa pagpapalasap ng lubhang kahila-hilakbot na kahihiyan sa Akin....

I swear by Him Who hath called Me into being, I can discover no trace of sinfulness in Myself, nor have I followed aught but the Truth; and unto Me God is sufficient witness. Fie upon the world and its people and upon those who take delight in earthly riches, while oblivious of the life to come.	Isinusumpa Ko sa Kaniya na Siyang nagbigay ng buhay sa Akin, na Ako ay walang natuklasanag bahid ng pagkakasala sa Aking Sarili, ni Ako ay walang sinunod maliban ang Katotohanan; at ang Diyos ay sapat na saksi sa Akin. Kasuklaman ang daigdig at ang mga tao nito at sa kanila na mga nasisiyahan sa makalupang mga kayamanan; samantalang hindi alintana ang buhay na darating.
Were the veil to be removed from thine eye thou wouldst crawl unto Me on thy breast, even through the snow, from fear of the chastisement of God which is swift and near at hand. By the righteousness of Him Who hath created thee, wert thou to be acquainted with that which hath transpired during thy reign, thou wouldst wish not to have issued from thy father's loins, but rather to have passed into oblivion. However, that which God, thy Lord, had ordained hath presently come to pass, and woe betide the oppressors in this day.	Kung ang lambong ay aalisin mula sa iyong mata ikaw ay gagapang nang padapa patungo sa Akin, kahiman sa niyebe, dahilan sa takot sa kaparusahan ng Diyos na mabilis at nalalapit na. Sa pagkamakatarungan Niya na Siyang lumikha sa iyo, kung iyong mababatid yaong naganap sa panahon ng iyong paghahari, iyong hahangarin na hindi ka lumabas mula sa balakang ng iyong ama, kundi ang mabaon sa limot. Gayumpaman, yaong itinadhana ng Diyos, ang iyong Panginoon, sa kasalukuyan ay naganap, at pighati ang dadanasin ng mga maniniil sa araw na ito.
Methinks thou hast not perused the unerring Book. If thou art satisfied with thine own way and dost not wish to follow the Truth, then to Me be My way and to thee thine. If thou aidest Me not, why dost thou seek to abase Me? Verily, God is the hearer of the suppliant, and in Him all things find their highest consummation, both in this world and in the world to come.	Aking naiisip na hindi mo nabasa ang hindi nagkakamaling Aklat. Kung ikaw ay nasyahan sa iyong sariling paraan at hindi nais na sumunod sa Katotohanan, kung gayon Ako sa Aking paraan at ikaw sa iyo. Kung hindi mo Ako tutulungan, bakit mo hinahangad na hamakin Ako? Sa katunayan, ang Diyos ay ang tagapakinig sa sumasamo, at sa Kaniya ang lahat ng bagay ay nakatatagpo ng kanilang pinakamataas na kaganapan, kapwa sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
Far from the glory of God, the Lord of heaven and earth, the Lord of creation, be that which is affirmed of Him by the peoples of the world, except by such as faithfully observe His precepts. May the peace of God rest upon the sincere among His servants.	Malayo mula sa kaluwalhatian ng Diyos, ang Panginoon ng langit at lupa, ang Panginoon ng sangnilikha, yaong pinagtibay ng mga tao ng daigdig tungkol sa Kaniya, maliban doon sa mga matapat na sinunod ang Kaniyang mga panuntunan. Harinawang ang kapayapaan ng Diyos ay mapasa-kanila na matatapat sa Kaniyang mga tagapaglingkod.
All praise be to God, the Lord of all the worlds.	Lahat ng papuri ay mapasa-Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig.
Extracts from a Further Epistle to Muḥammad <u>Sháh</u>	Mga Halaw mula sa Isang Karagdagang Epistola kay Muḥammad <u>Sháh</u>

This is an Epistle from Him Who is the true, the undoubted Leader. Herein is revealed the law of all things for those who fain would heed His Call or wish to be reckoned among them that are guided aright. Herein is enshrined the law of all things for such as would bear witness to the Revelation of thy Lord in accordance with this clear balance. Verily the ordinances of God concerning all things were formerly set forth in eloquent Arabic. Indeed those whose souls have been created through the splendor of the light of thy Lord recognize the Truth and are numbered with such as faithfully obey the One True God and are well assured....	Ito ay isang Epistola mula sa Kaniya na Siyang tunay at hindi mapag-aalinlanganang Pinuno. Dito ay ipinahayag ang batas sa lahat ng bagay para doon sa mga maligayang pakikilingan ang Kaniyang Panawagan o sa mga maghahangad na maipalagay na kabilang sa kanila na tumpak na pinapatnubayan. Dito ay nakadambana ang batas sa lahat ng bagay para sa gayong sasaksi sa Rebelasyon ng iyong Panginoon sang-ayon sa malinaw na timbangang ito. Sa katunayan ang mga alituntunin ng Diyos tungkol sa lahat ng bagay ay dati nang naipahayag sa magandang pananalitang Arabe. Tunay na yaong ang mga kaluluwa ay nilikha sa pamamagitan ng kaningningan ng liwanag ng iyong Panginoon ay nakikilala ang katotohanan at nabibilang sa gayong matapat na sumusunod sa Iisang Tunay na Diyos at ganap na nakatitiyak....
O Muḥammad! The Decree of thy Lord was fulfilled four years ago; and ever since the inception of the Cause of thy Lord I have warned thee to fear God and not to be of the ignorant. I dispatched a messenger unto thee with a truly resplendent Tablet, but the followers of the devil turned him away disdainfully and interposed themselves between him and thee. They expelled him from the land whereof thou art the undisputed sovereign. Thus hath the good of this world and of the next escaped thee, unless thou submit to the commandment ordained by God and be of them that are rightly guided.	O Muḥammad! Ang Utos ng iyong Panginoon ay natupad apat na taon na ang nakalipas; at mula sa simula ng Kapakanan ng iyong Panginoon, Ako ay nagbabala na sa iyo na matakot sa Diyos at huwag maging mangmang. Nagpadala Ako sa iyo ng isang sugo na dala ang tunay na maringal na Tableta, subalit ang mga tagasunod ng demonyo ay kasuklam-suklam na pinaalis nila siya at nakialam sa pagitan niya at sa iyo. Pinalayas nila siya sa lupain kung saan ikaw ang di-mapag-aalinlanganang makapangyarihan. Sa gayon ang kabutihan ng daigdig na ito at ng susunod ay nawala sa iyo, hanggang hindi ka sumusunod sa utos na itinadhana ng Diyos at mabilang sa kanila na tumpak na napatnubayan.
On My return from the sacred House of God¹¹ I sent thee a Message similar to, nay even greater than the one I had previously sent unto thee. Indeed God is the best protector and witness. I dispatched a messenger unto thee with epistles revealed by Me, that thou mightest obey the command of God and not be of them that have repudiated the Truth. The oppressor, however, committed a thing the like of which no one would commit, not even any of the wicked, nor anyone among the vile wrong-doers....	Sa Aking pagbalik mula sa banal na Tahanan ng Diyos,¹²Ako ay nagpadala ng isang Mensahe na katulad, hindi lamang, kundi, higit na mahalaga doon sa Aking unang ipinadala sa iyo. Tunay na ang Diyos ang pinakamagaling na tagapagtanggol at saksi. Nagpadala Ako ng isang sugo sa iyo dala ang mga Epistola na Aking ipinahayag, upang harinawang sundin mo ang utos ng Diyos at huwag mabilang sa kanila na nagtatwa ng Katotohanan. Ang maniniil, gayumpaman, ay gumawa ng isang bagay na wala sinuman ang gagawa, kahit sinuman

¹¹ The Ka'bih in Mecca.

¹² Ang Ka'bih sa Mecca.

	sa masasama, ni sinuman sa kasuklam-suklam na mga gumagawa ng masama....
The tribulations which I have suffered in this land, no one of old hath suffered. Verily unto God shall revert the whole affair, and He in truth is the best protector and is cognizant of all. The things which have, from the first day till now, befallen Me at the hand of thy people are but the work of Satan. ¹³ Ever since the Cause of thy Lord hath appeared none of thy deeds hath been acceptable, and thou hast been lost in palpable error while all thou couldst see appeared to thee as deeds performed for the sake of thy Lord. In truth thy day is nigh at hand and thou shalt be questioned concerning all this, and assuredly God is not heedless of the deeds of the wicked.	Ang malubhang mga paghihirap na Aking pinagdusahan sa lupaing ito, ay hindi dinanas ng kahit isa sa nakaraan. Sa katunayan ibabalik ng Diyos ang buong ginawa, at Siya sa katotohanan ay ang pinakamagaling na tagapagtanggol at natatalos ang lahat. Ang mga bagay, mula sa unang araw hanggang ngayon, na Aking sinapit sa mga kamay ng iyong mga mamamayan ay gawa lamang ni Satanas. ¹⁴ Mula pa nang ang Kapakanan ng iyong Panginoon ay dumating wala sa iyong mga gawa ang nagng katanggap-tanggap, at ikaw ay naligaw sa malinaw na pagkakamali samantalang ang lahat ng iyong nakikita sa iyong pakiwari ay mga gawa na isinakatuparan alang-alang sa iyong Panginoon. Sa katotohanan, ang iyong araw ay nalalapit na at ikaw ay tatanungin tungkol sa lahat ng mga ito, at makatitiyak na ang Diyos ay hindi ipinagwawalang-bahala ang mga gawa ng masasama.
Had it not been for thee, thy supporters would not have disdainfully rejected Me, though they have gone more widely astray than the foolish.	Kung hindi sa iyo, ang iyong mga tagapagtaguyod ay hindi mapanghamak na tatanggihan Ako, kahiman higit na maluba ang kanilang pagkaligaw kaysa sa mga hangal.
Dost thou imagine him whom thou hast appointed Chancellor in thy kingdom to be the best leader and the best supporter? Nay, I swear by thy Lord. He will bring thee into grievous trouble by reason of that which Satan instilleth in his heart, and verily, he himself is Satan. He comprehendeth not a single letter from the Book of God and is seized with fear by reason of that which his hands have wrought. Fain would he extinguish the light which thy Lord hath kindled, so that the old impiety which is concealed in his inner being may not be revealed. Hadst thou not appointed him as thy Chancellor no one would have paid him the slightest attention. Indeed in the estimation of the people he is naught but manifest darkness....	Naiisip mo ba na siya na iyong hinirang bilang Kalihim ng iyong kaharian ay ang pinakamahasay na pinuno at ang pinakamagaling na tagapagtaguyod? Hindi, sumusumpa Ako sa iyong Panginoon! Magdadala siya sa iyo ng malubhang kaguluhan dahilan doon sa itanim ni Satanas sa kaniyang puso, at sa katunayan, siya mismo si Satanas. Hindi niya nauunawaan kahit isang titik mula sa Aklat ng Diyos at sinakmal ng takot dahilan doon sa ginawa ng kaniyang mga kamay. Hangad niyang patayin ang ilaw na sinindihan ng iyong Panginoon, upang ang dati- rating kapusungan na natatago sa kaniyang naloloob na pagkatao ay harinawang hindi mahayag. Kung hindi mo siya hinirang na Kalihim wala sinuman ang mag-uukol sa kaniya ng kahit bahagyang pagpapahalaga. Tunay na sa palagay ng mga tao siya ay wala liban sa malinaw na kadiliman....

¹³ cf. Qur'án 4:119.

¹⁴ Ihambing sa Qur'án 4:119

Fear thou God and suffer not thy soul to be chastised beyond that with which it hath already been tormented; for ere long thou shalt pass away and shalt declare thyself clear of the devil whom thou hast appointed as thy Chancellor, saying: “O would that I had not taken the devil as my Chancellor, nor appointed an impostor as my guide and adviser.”	Matakot sa Diyos, at huwag ipagpakasakit ang iyong kaluluwa na maparusahan nang higit pa sa ipinaghirap na nito, sapagkat hindi maglalaon ikaw ay papanaw at ipahahayag ang iyong sarili na malinis na sa kasamaan noong iyong hinirang bilang Kalihim, nagsasabi ng: ‘O kung hindi ko pinili ang demonyo bilang aking Kalihim, ni hinirang ang isang impostor bilang aking patnubay at tagapayo.’
Why dost thou burden thy soul with that which is far more abject than the deeds of Pharaoh, and still callest thyself one of the faithful? How dost thou peruse the verses of the Qur’án, while thou art of the unjust? Never would the Jews, nor the Christians nor any such people as have rejected the truth consent to inflict wrongs upon the son of their Prophet’s daughter. Woe betide thee, for the day of chastisement is approaching. Dost thou not dread the wrath of thy Lord, the Almighty, the Lord of the heavens, the Lord of all worlds? Indeed these manifest verses are conclusive testimony for those who seek true guidance.	Bakit mo pinahihirapan ang iyong kaluluwa noong lubhang higit na kahabag-habag kaysa sa mga ginawa ng Faraon, at tinatawag pa ang iyong sarili na isa sa matatapat? Paano mo nababasa ang mga bersikulo ng Qur’án, samantalang ikaw ay hindi makatarungan? Hindi kailanman makapapayag ang mga Hudeo, ni ang mga Kristiyano, ni ang sinuman sa gayong mga tao na tinanggihan ang katotohanan na palasapin ng mga pagdurusa ang anak na babae ng kanilang Propeta? Pighati ang iyong dadanasin, sapagkat ang araw ng kaparusahan ay nalalapit na. Hindi ka ba nasisindak sa poot ng iyong Panginoon, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Panginoon ng mga kalangitan, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig? Tunay, ang maliwanag na mga bersikulong ito ay malinaw na pagpapatibay para doon sa mga naghahangad ng tunay na patnubay.
I have no desire to seize thy property, even to the extent of a grain of mustard, nor do I wish to occupy thy position. If thou followest Me not, then unto thee be the things thou dost possess, and unto Me the land of unfailing security. If thou obeyest Me not, wherefore dost thou look disdainfully upon Me and seek to treat Me with sore injustice? Verily, behold My habitation—a lofty mountain wherein no one dwelleth. Woe betide them that wrongfully do injustice to people, and unjustly and deceitfully usurp the property of the believers in violation of His lucid Book; whereas I, Who, in very truth, am the rightful Sovereign of all men, designated by the true, the undeniable Leader, would never infringe on the integrity of the substance of the people, were it to the extent of a grain of mustard, nor would I treat them unjustly. Rather would I consort with them even as one of themselves, and I would be their witness.	Wala Akong hangaring kamkamin ang iyong ari-arian kahit na kasing laki ng isang butil ng mustasa, ni hindi ko nais na kunin ang iyong katungkulan. Kung Ako ay hindi mo susundin, kung gayon, para sa iyo ang mga bagay na iyong pag-aari, at ang sa Akin ay ang lupain ng walang maliw na katiwasayan. Kung hindi mo Ako susundin, sa anong dahilan na Ako ay iyong mapanghamak na tinitingnan at hangad na pakitunguhan Ako nang matinding kawalan ng katarungan? Sa katunayan, masdan ang Aking tirahan — isang mataas na bundok na wala sinumang naninirahan. Pighati ang dadanasin nila na lisyang gumawa ng di-makatarungan sa mga tao, at hindi makatwiran at mapanlinlang na kinamkam ang ari-arian ng mga mananampalataya na labag sa Kaniyang malinaw na Aklat.; samantalang Ako, Na, sa katotohanan mismo, ay ang may karapatang Hari ng lahat ng mga tao, na itinalaga ng tunay, ng hindi mapag-aalinlanganang Pinuno, ay hindi kailanman lalabagin ang karangalan ng kabuhayan ng mga tao,

	kahiman ito ay kasing laki ng isang butil ng mustasa, ni hindi ko sila pakikitunguhan nang di-makatarungan. Sa halip Ako ay makikisama sa kanila bilang isa sa kanila mismo, at Ako ang kanilang magiging saksi.
That which devolveth upon Me is but to mention the Book of thy Lord and to deliver this clear Message. If thou wishest to enter the gates of Paradise, lo, they are open before thy face and no harm can reach Me from anyone. Every missive which up till now I have directed unto thee and unto the custodian of thy affairs hath been but a token of My bounty to you both, that perchance ye may grow anxious about the day which is nigh at hand. Nevertheless from the moment ye waxed disdainful, divine judgment was passed upon you in the Book of God, for in truth ye both have denied your Lord and are numbered with them that will perish.... This is indeed My last reminder unto you, and I shall make no mention of you hereafter, nor shall I make any remark other than affirming you as infidels.	Yaong ibinigay na tungkulin sa Akin ay ang banggitin lamang ang Aklat ng iyong Panginoon at ibigay ang malinaw na Mensaheng ito. Kung iyong nais na pumasok sa mga pintuan ng Paraiso, masdan, ang mga iyon ay bukas sa harap ng iyong mukha, at walang pinsala ang makaaabot sa Akin mula sa sinuman. Bawat liham na hanggang ngayon ay Aking iniukol sa iyo at sa katiwala ng iyong mga gawain ay isa lamang palatandaan ng Aking biyaya kapwa sa inyo, na baka sakaling ikaw ay mabahala sa araw na malapit nang dumating. Gayumpaman mula sa sandali na ikaw ay maging matinding mapanghamak, ang banal na hatol ay ibibigay sa iyo sa Aklat ng Diyos, sapagkat sa katotohanan, kayo kapuwa ay tumangging sumampalataya sa inyong Panginoon, at nabibilang sa kanila na mapupukso.... Tunay na ito ang Aking huling paalaala sa iyo, at hindi ko na ikaw babanggitin pa pagkatapos, ni hindi na Ako magbibigay ng anumang puna liban sa pagpapatibay na kayo ay mga hindi naniniwala sa Diyos.
Unto God do I commit Mine affair and yours, and He verily is the best Judge. Were ye to return, however, ye would be granted whatever ye desire of earthly possessions and of the ineffable delights of the life to come, and ye would inherit such glorious might and majesty as your minds can scarce conceive in this mortal life. But if ye fail to return then upon ye shall be your transgressions.	Aking ipinagkakatiwala sa Diyos ang Aking gawain at ang sa inyo, at Siya, sa katunayan, ay ang pinakamagaling na Hukom. Datapuwat, kung kayo ay magbabalik, ipagkakaloob sa inyo ang anumang inyong hinahangad sa makalupang mga ari-arian at ang hindi mailarawang mga kaluguran sa buhay na darating, at kayo ay magmamana ng gayong maluwalhating kapangyarihan at kamaharlikaan na bahagyang aakalain ng inyong mga isipan sa mortal na buhay na ito. Subalit kapag nabigo kayong bumalik, mapapasa-inyo, sa gayon, ang inyong mga kasalanan.
Ye cannot alter the things which the Almighty hath prescribed unto Me. Naught shall touch Me besides that which God, My Lord, hath preordained for Me. In Him have I placed My whole trust and upon Him do the faithful place their complete reliance.	Hindi mo mababago ang mga bagay na ipinag-utos sa Akin ng Lubos na Makapangyarihan. Walang makababalisa sa Akin maliban doon sa itinadhana sa Akin noon pa ng Diyos, ang Aking Panginoon. Sa Kaniya ay Aking inilagak ang Aking ganap na pagtitiwala at sa Kaniya ay ibinigay ng matatapat ang kanilang lubos na pag-asa.

Bear Thou witness unto Me, O Lord. By sending forth this resplendent Epistle I shall have proclaimed Thy Verses unto both of them and shall have fulfilled Thy Testimony for them. I am well pleased to lay down My life in Thy path and erelong to return to Thy presence. Unto Thee be praise in the heavens and on the earth. Deal with them according to Thy decree. In truth Thou art the best protector and helper.	Sumaksi Ikaw sa Akin, O Panginoon. Sa pagpapadala nitong maringal na Epistola, Aking naipahayag ang Iyong mga Bersikulo kapwa sa kanila at natupad ang Iyong Patotoo para sa kanila. Ako ay lubos na nasisiyahan na ipara ang Aking buhay sa Iyong landas at hindi magtatagal ay babalik sa Iyong kinaroroonan. Mapasa-Iyo ang papuri sa mga kalangitan at sa kalupaan. Pakitunguhan sila sang-ayon sa Iyong kautusan. Sa katotohanan Ikaw ang pinakamagaling na tagapagtanggol at katulong.
Set right, O Lord, such disorders as people stir up, and cause Thy Word to shine resplendent throughout the earth, so that no trace of the ungodly may remain.	Isaayos, O Panginoon, ang gayong mga kaguluhan na sinimulan ng tao, at gawin ang Iyong Salita na magningning nang maringal sa buong kalupaan, upang walang bahid ng hindi maka-Diyos ang manatili.
I beg forgiveness of Thee, O My Lord, for that which I have uttered in Thy Epistle, and I repent unto Thee. I am but one of Thy servants who give praise to Thee. Glorified art Thou; no God is there but Thee. In Thee have I placed My whole trust and of Thee do I beg pardon for being a suppliant at Thy door.	Lumuluhog Ako sa Iyong kapatawaran, O Aking Panginoon, dahilan doon sa Aking sinabi sa Iyong Epistola, at sa Iyo Ako ay nagsisisi. Ako ay isa lamang sa Iyong mga tagapaglingkod na nagbibigay-puri sa Iyo. Nasa kaluwalhatian Ikaw; walang Diyos liban sa Iyo. Sa Iyo ay inilagak Ko ang Aking ganap na pagitiwala at sa Iyo Ako ay sumasamo sa kapatawaran sa pagiging isang nagmamaka-awa sa Iyong pintuan.
Sanctified is God thy Lord, the Lord of the Mighty Throne, from that which the people wrongfully and without the guidance of His lucid Book, affirm of Him. Peace be upon them that beseech forgiveness from God thy Lord, saying: "Verily, praise be unto God, the Lord of the worlds."	Banal ang Diyos, ang iyong Panginoon, ang Panginoon ng Makapangyarihang Trono, mula doon sa mga tao na nang mali at walang patnubay ng Kaniyang malinaw na Aklat, ay pinatunayan Siya. Ang kapayapaan ay mapasa-kanila na sumamo ng kapatawaran mula sa Diyos ang iyong Panginoon, sinasabi: 'Sa katunayan, ang pagpupuri ay mapasa-Diyos, ang Panginoon ng mga daigdig.'
Extracts from a Tablet Containing Words Addressed to the Sherif of Mecca	Mga Halaw mula sa Isang Tabletang Naglalaman ng mga Salitang Ipinahayag sa Sherif ng Mecca
O sherif!... All thy life thou hast accorded worship unto Us, but when We manifested Ourselves unto thee, thou didst desist from bearing witness unto Our Remembrance, and from affirming that He is indeed the Most Exalted, the Sovereign Truth, the All-Glorious. Thus hath Thy Lord put thee to proof in the Day of Resurrection. Verily He is the All-Knowing, the All-Wise.	O sherif!... Sa buong buhay mo, ikaw ay nag-ukol ng pagsamba sa Amin, datapuwat nang ihayag Namin ang Aming Sarili sa iyo, tumanggi kang maging saksi sa Aming Alaala, at sa pagpapatunay na Siya ang tunay na Pinakamarangal, ang Pinakamakapangyarihang Katotohanan, ang Lubos na Maluwalhati. Samakatwid inilagay ka sa pagsubok ng Iyong Panginoon sa Araw ng Muling

	Pagkabuhay. Sa katunayan, Siya ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong.
For hadst thou uttered “Here am I” at the time We sent thee the Book, We would have admitted thee to the company of such of Our servants as truly believe, and would have graciously praised thee in Our Book, until the Day when all men shall appear before Us for judgment. This is in truth far more advantageous unto thee than all the acts of worship thou hast performed for thy Lord during all thy life, nay, from the beginning that hath no beginning. Assuredly this is what would have served and will ever serve thy best interests. Verily We are cognizant of all things. Yet notwithstanding that We had called thee into being for the purpose of attaining Our presence in the Day of Resurrection, thou didst shut thyself out from Us without any reason or explicit Writ; whereas hadst thou been among such as are endowed with the knowledge of the Bayán, thou wouldst have, at the sight of the Book, testified forthwith that there is no God but Him, the Help in Peril, the Self-Subsisting, and wouldst have affirmed that He Who hath revealed the Qur’án, hath likewise revealed this Book, that every word of it is from God, and unto it we all bear allegiance.	Sapagkat kung binigkas mo ang ‘Naririto Ako’ nang ipinadala Namin sa iyo ang Aklat, tatanggapin ka Namin na kabilang sa pangkat ng Aming mga tagapaglingkod na tunay na nananalig, at mapagpalang pupurihin ka Namin sa Aming Aklat, hanggang sa Araw na ang lahat ng tao ay haharap sa Amin para sa Aming paghuhukom. Ito, sa katotohanan ay higit na mabuti sa iyo kaysa sa lahat ng mga kilos ng pagsamba na buong buhay mong ginawa para sa iyong Panginoon, hindi lamang iyon, kundi, mula sa simula na walang simula. Makatitiyak na ito ang nakapagsilbi at laging makapagsisilbi sa iyong pinakamabuting kapakanan. Sa katunayan, nalalaman Namin ang lahat ng bagay. Subalit sa kabila ng Aming ipinanawagan sa iyo na gawin upang marating ang Aming kinaroroonan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, inilayo mo ang iyong sarili sa Amin nang walang anumang dahilan o maliwanag na Kasulatan; samantalang kung ikaw ay isa doon sa mga pinagkalooban ng kaalaman ng Bayán, iyong patutunayan kaagad sa pagkakita sa Aklat, na walang Diyos liban sa Kaniya, ang Tulong sa Panganib ang Sariling-Ganap, at pagtitibayin na Siyang nagpahayag ng Qur’án, ay ang nagpahayag rin ng Aklat na ito, na bawat salita nito ay mula sa Diyos, at dito ang lahat magiging matapat.
However, that which was preordained hath come to pass. Shouldst thou return unto Us while revelation still continueth through Us, We shall transform thy fire into light. Truly We are powerful over all things. But if thou failest in this task, thou shalt find no way open to thee other than to embrace the Cause of God and to implore that the matter of thine allegiance be brought to the attention of Him Whom God shall make manifest, that He may graciously enable thee to prosper and cause thy fire to be transformed into light. This is that which hath been sent down unto Us. Should this not come to pass, whatever We have set down shall remain binding and irrevocably decreed by God, the Help in Peril, the Self-Subsisting, and We shall therefore banish thee from Our presence as a token of justice on Our part. Verily we are equitable in Our judgment.	Subalit, yaong naitadhana noon pa ay naganap na. Kung ikaw ay babalik sa Amin samantalang ang pagpapahayag ay nagpapatuloy sa pamamagitan Namin, gagawin Namin ang iyong apoy na maging liwanag. Tunay na Kami ang makapangyarihan sa lahat ng bagay. Datapuwat kung ikaw ay mabigo sa tungkuling ito, matatagpuan mo na walang landas na bukas sa iyo maliban doon sa tanggapin ang Kapakanan ng Diyos at lumuhog na ang paksa ng iyong katapatan ay madala sa pansin Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, upang harinawang ipagpala Niyang magawa mo na umunlad at gawin ang iyong apoy na maging liwanag. Ito ang ipinadala sa Amin. Kung hindi ito magaganap, anuman ang Aming itinadhana ay mananatiling umiiral at ang hindi mababagong ipinag-utos ng Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap, at sa gayon ay palalayasin ka

	Namin sa Aming harapan bilang isang tanda ng katarungan mula sa Aming panig. Sa katunayan, Kami ay makatarungan sa Aming paghuhukom.
Address to a Muslim Divine	Pahayag sa Isang Teologong Muslim
O ‘Abdu’ş-Şáhib! Verily God and every created thing testify that there is none other God but Me, the Almighty, the Best-Beloved....	O ‘Abdu’s-Sáhib! Sa katunayan ang Diyos at lahat ng nilikhang bagay ay nagpapatunay na walang ibang Diyos liban sa Akin, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamamahal....
Thy vision is obscured by the belief that divine revelation ended with the coming of Muḥammad, and unto this We have borne witness in Our first epistle. Indeed, He Who hath revealed verses unto Muḥammad, the Apostle of God, hath likewise revealed verses unto ‘Alí-Muḥammad. For who else but God can reveal to a man such clear and manifest verses as overpower all the learned? Since thou hast acknowledged the revelation of Muḥammad, the Apostle of God, then there is no other way open before thee but to testify that whatever is revealed by the Primal Point hath also proceeded from God, the Help in Peril, the Self-Subsisting. Is it not true that the Qur’án hath been sent down from God and that all men are powerless before its revelation? Likewise these words have also been revealed by God, if thou dost but perceive. What is there in the Bayán which keepeth thee back from recognizing these verses as being sent forth by God, the Inaccessible, the Most Exalted, the All-Glorious?	Ang iyong pananaw ay pinalabo ng paniniwala na ang banal na rebelasyon ay nagwakas sa pagdating ni Muḥammad, at dito Kami ay sumasaksi sa Aming unang epistola. Tunay, Siya na nagpahayag ng mga bersikulo kay Muḥammad, ang Apostol ng Diyos, ay ipinahayag ang gayundin kay ‘Alí-Muḥammad. Sapagkat sino pa liban sa Diyos ang makapaghahayag sa isang tao ng gayong malinaw at maliwanag na mga bersikulo na makagagahis sa lahat ng mga marunong? Dahilan sa iyong tinanggap ang rebelasyon ni Muḥammad, ang Apostol ng Diyos, kung gayon walang ibang paraan na bukas para sa iyo kundi ang pagtibayin na anuman ang ipinahayag ng Panimulang Tuldok ay nagmula sa Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap. Hindi ba totoo na ang Qur’án ay ipinadala mula sa Diyos at na ang lahat ng mga tao ay walang lakas sa harap ng rebelasyong ito? Gayundin, ang mga salitang ito ay ipinahayag din ng Diyos, kung iyo lamang matatanto. Ano ang nasa Bayán na humahadlang sa iyo upang tanggapin ang mga bersikulong ito na ipinadala ng Diyos, ang Hindi Malalapitan, ang Pinakamarangal, ang Lubos na Maluwalhati?
The essence of these words is this: Were We to bring thee to a reckoning, thou wouldst prove thyself empty-handed; We in truth know all things. Hadst thou uttered “yea” on hearing the Words of God, thou wouldst have been seen to have been worshipping God from the beginning that hath no beginning until the present day, never to have disobeyed Him, not even for the twinkling of an eye. Yet, neither the upright deeds thou hast wrought during all thy life, nor the exertions thou didst make to banish every thought from thy heart save that of the good-pleasure of God, none of these	Ang diwa ng mga salitang ito ay ito: Kung dadalhin ka Namin sa isang pagtutuos, matatagpuan mo ang iyong sarili na walang nakamtan; Kami sa katotohanan ay nababatid ang lahat ng bagay. Kung iyong sinambit ang ‘oo’ nang marinig ang mga Salita ng Diyos, nakita ka sanang sinasamba ang Diyos mula sa simula na walang simula hanggang sa kasalukuyang araw, na hindi kailanman nilabag Siya, kahit na sa isang kisap ng mata. Subalit, ni ang iyong makatwirang mga ginawa sa buong buhay mo, ni ang mga pagsisikap na iyong ginawa upang gawin ang lahat ng iniisip sa iyong puso,

did in truth profit thee, not even to the extent of a grain of mustard seed, inasmuch as thou didst veil thyself from God and tarried behind at the time of His manifestation.	maliban doon sa mabuting-kaluguran ng Diyos, wala sa mga ito sa katotohanan ang nakabuti sa iyo, kahit na kasing-laki ng isang butil ng buto ng mustasa, yamang nilambungan mo ang iyong sarili mula sa Diyos at nagtagal sa likuran sa panahon ng paghahayag.
Verily all the divines in the land of Káf [Kúfih] shall, even as thyself, be asked by God: "Is it not strange that a Messenger should have come to you with a Book, and ye, while confessing your powerlessness, refused to follow the Faith of God which He had brought, and ye persisted in your disbelief?" Therefore unto thee shall be assigned the fire which was meant for those who turned away from God in that land, inasmuch as thou art their leader; would that thou might be of them who heed.	Sa katunayan lahat ng mga teologo sa lupain ng Káf (Kúfih), kasama ka, ay tatanungin ng Diyos: 'Hindi ba kataka-taka na ang isang Sugo ay kailangang dumating sa iyo nang may isang Aklat, at ikaw, samantalang ipinahahayag ang iyong kawalang-lakas, ay tumangging sumunod sa Pananampalataya ng Diyos na dinala Niya, at nagpumilit sa iyong hindi paniniwala? Kung gayon, itatalaga sa iyo ang apoy na inilaan para doon sa mga tumalikod sa Diyos sa lupaing iyon, yayamang ikaw ang kanilang pinuno; sana ay napabilang ka sa kanila na mga nakauunawa.
Hadst thou faithfully obeyed the Decree of God, all the inhabitants of thy land would have followed thee, and would have themselves entered into the celestial Paradise, content with the good-pleasure of God forevermore. However, on that day thou shalt wish that God had not created thee.	Kung matapat mong sinunod ang Utos ng Diyos, lahat ng mga nananahan sa iyong lupain ay sumunod sana sa iyo, at ang kanilang mga sarili ay nakapasok sana sa makalangit na Paraiso, higit kailanman ay nasisiyahan sa magandang-kaluguran ng Diyos. Datapuwat sa araw na iyon nanaisin mo na hindi ka sana nilikha ng Diyos.
Thou hast set thyself up as one of the learned in the Faith of Islám, that thou mightest save the believers, yet thou didst cause thy followers to descend into the fire, for when the verses of God were sent forth thou didst deprive thyself therefrom and yet reckoned thyself to be of the righteous.... Nay, by the life of Him Whom God shall make manifest! Neither thou nor anyone among His servants can produce the slightest proof, while God shineth resplendent above His creatures and through the power of His behest standeth supreme over all that dwell in the kingdoms of heaven and earth and in whatever lieth between them. Verily He is potent over all created things.	Inilagay mo ang iyong sarili bilang isa sa mga pinakamarunong sa Pananampalataya ng Islám, upang baka sakaling iyong mailigtas ang mga mananampalataya, subalit ikaw ang dahilan ng paglusong sa apoy ng iyong mga tagasusunod, sapagkat nang ang mga bersikulo ng Diyos ay ipinadala, ipinagkait mo sa iyong sarili iyon at itinuring pa ang iyong sarili na kabilang doon sa makatwiran.... Hindi, sa pamamagitan ng buhay Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos! Ni ikaw o sinuman sa Kaniyang mga tagapaglingkod ay hindi makagagawa ng kahit bahagyang katibayan, samantalang ang Diyos ay nagniningning nang maringal sa ibabaw ng Kaniyang mga nilikha at sa pamamagitan ng Kaniyang utos ay nanatiling pinakamataas sa ibabaw ng lahat ng nananahan sa kalangitan at kalupaan at sa anumang naroroon sa pagitan nila. Sa katunayan Siya ay makapangyarihan sa lahat ng mga nilikhang bagay.

Thou hath named thyself ‘Abdu’ş-Şáhíḥ [servant of the Lord]. Yet, while God hath, in very truth, made thy Lord manifest, and thou didst set thine eyes upon Him, thou didst not recognize Him, even though thou hadst been called into being by God for the purpose of attaining His presence, didst thou but truly believe in the third verse of the chapter entitled “Thunder.”¹⁵	Iyong pinangalanan ang sarili mo na ‘Abdu’s Sáhíḥ [tagapaglingkod ng Panginoon]. Subalit sa mismong katotohanan, samantalang ginawa ng Diyos na mahayag ang iyong Panginoon, at iyong itinutok ang iyong paningin sa Kaniya, hindi mo Siya kinilala, kahit na ikaw ay binigyang-buhay ng Dyos sa layuning makarating sa Kaniyang harapan, tunay na naniniwala ka sa ikatlong bersikulo ng kabanata na pinamagatang ‘Kulog’.¹⁶
Thou contendest, “How can we recognize Him when we have heard naught but words which fall short of irrefutable proofs?” Yet since thou hast acknowledged and recognized Muḥammad, the Apostle of God, through the Qur’án, how canst thou withhold recognition from Him Who sent thee the Book, despite thy calling thyself “His servant”? Verily He doth exercise undisputed authority over His revelations unto all mankind.	Nangangatwiran ka, ‘Paano namin Siya matatanggap nang wala kaming narinig kundi mga salita na kapos sa mga hindi mapag-aalinlanganang katibayan?’ Subalit dahilan sa iyong kinilala at tinanggap si Muḥammad, ang Apostol ng Diyos, sa pamamagitan ng Qur’án, paano mo matatanggihan ang pagkilala sa Kaniya na Siyang nagpadala sa iyo ng Aklat, sa kabila ng iyong pagtawag sa iyong sarili bilang ‘Kaniyang tagapaglingkod’? Sa katunayan, ginagawa Niya ang di-mapag-aalinlanganang kapangyarihan sa Kaniyang mga rebelasyon sa buong sangkatauhan.
Wert thou to come unto Us while divine revelation is descending upon Us, haply God will change thy fire into light. Verily He is the Ever-Forgiving, the Most Generous. Otherwise that which hath been revealed is decisive and final and will be faithfully upheld by all until the Day of Resurrection.... If divine revelation ceaseth, thou shouldst write a petition to Him Whom God shall make manifest, imploring that it be delivered into His presence. Therein thou must beg pardon of thy Lord, turn unto Him in repentance and be of them that are wholly devoted to Him. Perchance God will transform thy fire into light at the next Resurrection. He, of a truth, is the Protector, the Most Exalted, the Ever-Forgiving. Unto Him bow down in worship all that are in the heavens and on the earth and whatever lieth between them; and unto Him shall all return.	Kung ikaw ay lalapit sa Amin samantalang bumababa ang banal na pagpapahayag sa Amin, baka sakaling palitan ng Diyos ang iyong apoy na maging liwanag. Sa katunayan Siya ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamapagkaloob. Kung hindi, yaong naipahayag ay tiyakan at pangwakas at tapat na itataguyod ng lahat hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.... Kung huminto ang banal na pagpapahayag, marapat na ikaw ay sumulat ng isang kahilingan sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, lumuluhog na ito ay dalahin sa Kaniyang harapan. Doon ay dapat kang humingi ng kapatawaran sa Iyong Panginoon, bumaling sa Kaniya nang nagsisisi at maging kabilang sa kanila na lubos na nagmamahal sa Kaniya. Baka sakaling baguhin ng Diyos ang iyong apoy na maging liwanag sa susunod na Muling Pagkabuhay. Siya sa katotohanan, ay ang Tagapagtanggol, ang Pinakamarangal, ang Laging-Nagpapatawad. Sa Kaniya ay sumasamba nang nakayuko ang lahat ng nasa mga kalangitan at ng nasa kalupaan at anumang naroroon sa pagitan nila; at sa Kaniya ang lahat ay babalik.

¹⁵ Qur’án 13.

¹⁶ Qur’án 13

We enjoin thee to save thyself and all the inhabitants of that land from the fire, then to enter the peerless and exalted Paradise of His good-pleasure. Otherwise the day is approaching when thou shalt perish and enter the fire, when thou shalt have neither patron nor helper from God. We have taken compassion on thee, as a sign of Our grace, inasmuch as thou hast related thyself unto Us. Verily We are aware of all things. We are cognizant of thy righteous deeds, though they shall avail thee nothing; for the whole object of such righteousness is but recognition of God, thy Lord, and undoubted faith in the Words revealed by Him.	Inaaatasan Namin ikaw na iligtas ang iyong sarili at ang lahat ng mga nananahan sa lupaing iyon mula sa apoy, pagkatapos ay pumasok sa walang kaparis at marangal na Paraiso ng Kaniyang mabuting-kaluguran. Kung hindi, ang araw ay nalalapit na ikaw ay mapupuksa at papasok sa apoy, na ikaw alinman ay mawawalan ng tagapagtaguyod ni ng tutulong mula sa Diyos. Nagkaroon Kami ng pagmamalasakit sa iyo, bilang isang palatandaan ng Aming pagpapala, yamang iniugnay mo ang iyong sarili sa Akin. Sa katunayan, nababatid Namin ang lahat ng bagay. Natatanto Namin ang iyong makatwirang mga gawa, kahiman wala kang makukuha; sapagkat ang ganap na layunin ng gayong pagkamakatwiran ay ang pagkilala lamang sa Diyos, ang iyong Panginoon, at di-mapag-aalinlanganang katapatan sa mga Salita na ipinahayag Niya.
Address to Sulaymán, One of the Muslim Divines in the Land of Masqat	Pahayag kay Sulaymán, Isa sa mga Teologong Muslim sa Lupain ng Masqat
This is an epistle from God, the Help in Peril, the Self-Subsisting, unto Sulaymán in the land of Masqat, to the right of the Sea. In truth there is none other God but Him, the Help in Peril, the Self-Subsisting.... Indeed, were all the inhabitants of heaven and earth and whatever existeth between them to assemble together, they would utterly fail and be powerless to produce such a book, even though We made them masters of eloquence and learning on earth. Since thou dost adduce proofs from the Qur'án, God shall, with proofs from that self-same Book, vindicate Himself in the Bayán. This is none other than a decree of God; He is truly the All-Knowing, the All-Powerful.	Ito ay isang Epistola mula sa Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap, kay Sulayman sa lupain ng Masqat, sa kanan ng karagatan. Sa katunayan walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.... Tunay, kung ang lahat ng nananahan sa langit at lupa at anumang nabubuhay sa pagitan nla y magtitipon-tipon, ganap silangmabibigo at mawawalan ng lakas upang makalikha ng isang gayong aklat, kahiman ginawa Namin silang mga dalubhasa sa mahusay na pananalita at karunungan sa kalupaan. Yamang idinahilan mo ang mga katibayan mula sa Qur'án, ang Diyos ay ipagtatanggol ang Kaniyang Sarili sa Bayán, sa pamamagitan ng mga katibayan mula sa Aklat ding iyon. Ito ay walang iba kundi isang utos ng Diyos; Siya sa katunayan ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Malakas.
If thou art of them that truly believe, thou hast no other alternative than to bear allegiance unto it. This is the Way of God for all the inhabitants of earth and heaven and all that lieth betwixt them. No God is there but Me, the Almighty, the Inaccessible, the Most Exalted.	Kung ikaw ay kabilang sa kanila na tunay na nananalig, wala kang ibang magagawa kundi ang magbigay ng katapatan dito. Ito ang Landas ng Diyos para sa lahat ng nananahan sa lupa at langit at lahat ng naroroon sa pagitan nila. Walang Diyos liban sa Akin, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Hindi Malalapitan, ang Pinakamarangal.

From this land We then proceeded to the sacred House, and on Our return journey We landed once again at this spot, when We perceived that thou hadst heeded not that which We sent thee, nor art thou of them that truly believe. Although We had created thee to behold Our countenance, and We did actually alight in thy locality, yet thou didst fail to attain the object of thy creation, and this despite thy worshipping God all thy life. Wherefore vain shall be the deeds thou hast wrought, by reason of thy being shut out as by a veil from Our presence and from Our Writings. This is an irrevocable decree ordained by Us. Verily We are equitable in Our judgment.	Mula sa lupaing ito Kami ay nagtungo sa banal na Tahanan at sa Aming pabalik na paglalakbay Kami ay dumaong muli sa pook na ito, nang matanto Namin na hindi mo pa naunawaan yaong Aming ipinadala sa iyo, ni hindi ka nabibilang sa kanila na tunay na nananalig. Kahiman nilikha ka Namin upang mamasdan ang Aming mukha, at Kami ay talagang dumaong sa iyong pamayanan, subalit nabigo kang matamo ang layunin ng paglikha sa iyo, at ito sa kabila ng iyong buong buhay na pagsamba sa Diyos. Dahil dito mawawalan ng kabuluhan ang iyong mga ginawa, sa kadahilanang ikaw ay nahadlangan ng isang lambong mula sa Aming harapan at mula sa Aming mga Kasulatan. Ito ay isang hindi mababagong utos na itinadhana Namin. Sa katunayan Kami ay makatarungan sa Aming paghatol.
Hadst thou observed the contents of the Epistle We sent unto thee, it would have been far more profitable to thee than worshipping thy Lord from the beginning that hath no beginning until this day, and indeed more meritorious than proving thyself wholly devoted in thine acts of worship. And hadst thou attained the presence of thy Lord in this land, and been of them that truly believe that the Face of God is beheld in the person of the Primal Point, it would have been far more advantageous than prostrating thyself in adoration from the beginning that hath no beginning until the present time....	Kung iyong pinag-aralan ang mga nilalaman ng Epistola na Aming ipinadala sa iyo, naging higit na kapaki-pakinabang sana ito para sa iyo kaysa sa pagsamba sa iyong Panginoon mula sa simula na walang simula hanggang sa araw na ito, at tunay na higit nararapat kaysa sa pagpapatunay para sa iyong sarili na lubos nagtitika sa iyong mga kilos ng pagsamba. At kung ikaw ay makarating sa harapan ng iyong Panginoon sa lupaing ito, at nabilang sa kanila na tunay na nananalig na ang Mukha ng Diyos ay namasdan sa pagkatao ng Panimulang Tuldok, ito ay higit na kapaki-pakinabang kaysa sa pagpapatirapa ng iyong sarili nang sumasamba mula sa simula na walang simula hanggang sa kasalukuyang panahon....
In truth We tested thee and found that thou wert not of them that are endowed with understanding, wherefore We passed upon thee the sentence of negation, as a token of justice from Our presence; and verily We are equitable.	Sa katotohanan ikaw ay Aming sinubok at natagpuan na ikaw ay hindi kabilang doon sa pinagkalooban ng pang-unawa, dahil dito ipinataw Namin sa iyo ang hatol ng pagtatatwa bilang palatandaan ng katarungan mula sa Aming harapan, at sa katunayan, Kami ay makatarungan.
However, shouldst thou return unto Us, We would convert thy negation into affirmation. Verily We are the One Who is of immense bounteousness. But should the Primal Point cease to be with you, then the judgment given in the Words of God shall be final and unalterable and every one will assuredly uphold it.	Gayumpaman, kung ikaw ay babalik sa Amin, Aming babaguin ang iyong pagtatatwa sa pagpapatunay. Sa katunayan Kami ay Siyang may napakalawak na kagandahang-loob. Subalit kung ang Panimulang Tuldok ay humintong makisama sa iyo, kung gayon ang hatol na ibinigay sa mga Salita ng Diyos ay magiging pangwakas at hindi mababago at ito ay tiyak na paninindigan ng lahat.

Wert thou to address a letter to Him Whom God shall make manifest, begging that it be delivered unto His presence, perchance He would graciously forgive thee and, at His behest, turn thy negation into affirmation. He is in truth the All-Bountiful, the Most Generous, He Whose grace is infinite. Otherwise, no way shalt thou find open unto thee and no benefit shalt thou gain from the deeds thou hast wrought, by reason of thy failure to respond “yea, here am I.” Verily We have reduced thee and thy works to naught, as though thou hadst never come into existence nor ever been of them that do good works, that this may serve as a lesson for those unto whom the Bayán is given, that they may take good heed when the sacred Writings of Him Whom God shall make manifest will reach them and perchance, by pondering upon them, may be enabled to save their own souls.	Kung ikaw ay magpapadala ng isang liham sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, sumasamo na ito ay dalahin sa Kaniyang harapan, baka sakaling mapagpalang patawarin ikaw at sa Kaniyang utos, ay baguhin ang iyong pagtatatwa sa pagpapatunay. Siya sa katotohanan ay ang Lubos na Mapagbigay, ang Pinakamapagkaloob, Siya na ang Kaniyang pagpapala ay walang hanggan. Kung hindi, walang landas ang matatagpuang bukas para sa iyo at walang pakinabang ang iyong matatanggap mula sa mga kilos na iyong ginawa, dahilan sa iyong pagkabigo na tumugon ng ‘oo, naririto ako’. Sa katunayan Aming pinaliit ikaw at ang iyong mga gawa hanggang sa kawalan, na waring ikaw ay hindi kailanman nabuhay, ni kailanman ay hindi naging kabilang sa kanila na gumawa ng mabubuting gawa, upang ito ay magsilbing isang aral para sa kanila na ibinigay ang Bayán, upang harinawang pakinggan nila nang mabuti kapag ang banal na mga Kasulatan Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay aabot sa kanila at, baka sakaling sa paglilimi sa mga iyon, ay magawang iligtas ang kanilang sariling mga kaluluwa
Our grace assuredly pervadeth all that dwell in the kingdoms of earth and heaven and in whatever lieth between them, and beyond them all mankind. However, souls that have shut themselves out as by a veil can never partake of the outpourings of the grace of God.	Ang Aming pagpapala ay tiyak na lalaganap sa lahat ng nananahan sa mga kaharian ng kalupaan at kalangitan at sa anumang naroroon sa pagitan nila, at sa ibayo nila, ang buong sangkatauhan. Gayumpaman, ang mga kaluluwa na tinakpan ang kanilang mga sarili ng isang lambong ay hindi kailanman makababahagi sa mga daloy ng pagpapala ng Diyos.
2	2
Excerpts from the Qayyúmu’l-Asmá’	Mga Halaw mula sa Qayyúmu’l-Asmá’
All praise be to God Who hath, through the power of Truth, sent down this Book unto His servant, that it may serve as a shining light for all mankind.... Verily this is none other than the sovereign Truth; it is the Path which God hath laid out for all that are in heaven and on earth. Let him then who will, take for himself the right path unto his Lord. Verily this is the true Faith of God, and sufficient witness are God and such as are endowed with the knowledge of the Book. This is indeed the eternal Truth which	Lahat ng papuri ay mapasa-Diyos Na, sa pamamagitan ng lakas ng katotohanan, ay ipinadala ang Aklat na ito sa Kaniyang tagapaglingkod, upang ito ay magsilbi bilang isang nagniningning na liwanag para sa buong sangkatauhan.... Sa katunayan, ito ay walang iba kundi ang pinakamataas na Katotohanan; ito ang Landas na inilaan ng Diyos para sa lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan. Kung gayon, hayaang matamo niya na nagnanais para sa kaniyang sarili ang tumpak na

God, the Ancient of Days, hath revealed unto His omnipotent Word—He Who hath been raised up from the midst of the Burning Bush. This is the Mystery which hath been hidden from all that are in heaven and on earth, and in this wondrous Revelation it hath, in very truth, been set forth in the Mother Book by the hand of God, the Exalted....	landas tungo sa kaniyang Panginoon. Sa katunayan ito ang tunay na Pananampalataya ng Diyos; at sapat na saksi ang Diyos at ang gayong mga pinagkalooban ng kaalaman sa Aklat. Tunay na ito ang walang kamatayang Katotohanan na ipinahayag ng Diyos, ang Napakatanda sa mga Araw, sa Kaniyang makapangyarihang Salita—Siyang itinaas mula sa gitna ng Nag-aapoy na Palumpong. Ito ang Hiwaga na natatago mula sa lahat ng nasa kalangitan at sa kalupaan, at sa kahanga-hangang Rebelasyon na ito, sa mismong katotohanan, ay inihayag sa Inang aklat ng kamay ng Diyos, ang Marangal....
O concourse of kings and of the sons of kings! Lay aside, one and all, your dominion which belongeth unto God....	O kalipunan ng mga hari at ng mga anak ng mga hari! Isa-isang tabi, nang nag-iisa at ng lahat, ang inyong kapangyarihan na pag-aari ng Diyos....
Let not thy sovereignty deceive thee, O <u>Sháh</u>, for “every soul shall taste of death,”¹⁷ and this, in very truth, hath been written down as a decree of God. <i>Chapter I.</i>	Huwag hayaang malinlang ka ng iyong kapangyarihan, O <u>Sháh</u>, sapagkat ‘bawat kaluluwa ay makatitikim ng kamatayan,’¹⁸ at ito, sa mismong katotohanan, ay naisulat na bilang isang utos ng Diyos. <i>Kabanata I.</i>
O King of Islám! Aid thou, with the truth, after having aided the Book, Him Who is Our Most Great Remembrance, for God hath, in very truth, destined for thee, and for such as circle round thee, on the Day of Judgment, a responsible position in His Path. I swear by God, O <u>Sháh</u>! If thou showest enmity unto Him Who is His Remembrance, God will, on the Day of Resurrection, condemn thee, before the kings, unto hellfire, and thou shalt not, in very truth, find on that Day any helper except God, the Exalted. Purge thou, O <u>Sháh</u>, the Sacred Land [Tíhrán] from such as have repudiated the Book, ere the day whereon the Remembrance of God cometh, terribly and of a sudden, with His potent Cause, by the leave of God, the Most High. God, verily, hath prescribed to thee to submit unto Him Who is His Remembrance, and unto His Cause, and to subdue, with the truth and by His leave, the countries, for in this world thou hast been mercifully invested with sovereignty, and wilt, in the next, dwell, nigh unto the Seat of Holiness, with the inmates of the Paradise of His good-pleasure....	O Hari ng Islám! Matapos tulungan ang Aklat, iyong tulungan Siya na Aming Pinakadakilang Alaala, sapagkat ang Diyos, sa mismong katotohanan, ay itinadhana para sa iyo, at para sa gayong mga umiikot sa iyong paligid, sa Araw ng Paghuhukom, ang isang may pananagutang katayuan sa Kaniyang Landas. Sumusumpa Ako sa Diyos, O <u>Sháh</u>! Kung magpapakita ka ng pagkapoot sa Kaniya na Kaniyang Alaala, sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ikaw ay isusumpa ng Diyos, sa harap ng mga hari, sa apoy ng impiyerno, at sa mismong katotohanan, ay wala kang matatagpuan sa Araw na iyon ng sinumang tutulong maliban ang Diyos, ang Marangal. Linisin mo, O <u>Sháh</u>, ang Banal na Lupain [Tíhrán] mula sa gayong nagtatatwa sa Aklat, bago ang araw ng pagdating ng Alaala ng Diyos, nang nakakatakot at nang biglaan, taglay ang Kaniyang makapangyarihang Kapakanan, sa kapahintulutan ng Diyos, ang Pinakamataas. Sa katunayan, ipinag-utos sa iyo ng Diyos na sumunod sa Kaniya na Kaniyang Alaala, at sa Kaniyang Kapakanan, at pasukuin, sa pamamagitan ng

¹⁷ Qur’án 3:182.

¹⁸ Qur’án 3:182

	Katotohanan at ng Kaniyang kapahintulutan, ang mga bansa, sapagkat sa daigdig na ito ikaw ay mahabaging pinagkalooban ng kapangyarihan, at mananahan, sa susunod, nang malapit sa Luklukan ng Kabanalan, kasama ang mga nananahan sa Paraiso ng Kaniyang mabuting-kaluguran....
By God! If ye do well, to your own behoof will ye do well; and if ye deny God and His signs, We, in very truth, having God, can well dispense with all creatures and all earthly dominion. <i>Chapter I.</i>	Saksi ang Diyos! Kung ikaw ay gagawa nang mahusay, sa iyong sariling kapakinabangan ikaw ay gagawa nang mabuti; at kung ikaw ay tumangging sumampalataya sa Diyos at sa Kaniyang mga palatandaan, sa mismong katotohanan, nasa Amin ang Diyos, ay makabubuting talikuran ang lahat ng nilikha at lahat ng makalupang kapangyarihan. <i>Kabanata I.</i>
Be thou content with the commandment of God, the True One, inasmuch as sovereignty, as recorded in the Mother Book by the hand of God, is surely invested in Him Who is His Remembrance....	Malugod ka sa kautusan ng Diyos, ang Siya na Tunay, yayamang ang kapangyarihan, tulad ng itinala ng kamay ng Diyos sa Inang Aklat, ay tiyak na ipinagkaloob sa Kaniya na Kaniyang Alaala....
O Minister of the <u>Sháh</u> ! Fear thou God, besides Whom there is none other God but Him, the Sovereign Truth, the Just, and lay aside thy dominion, for We, by the leave of God, the All-Wise, inherit the earth and all who are upon it, ¹⁹ and He shall rightfully be a witness unto thee and unto the <u>Sháh</u> . Were ye to obey the Remembrance of God with absolute sincerity, We guarantee, by the leave of God, that on the Day of Resurrection, a vast dominion shall be yours in His eternal Paradise.	O Ministro ng <u>Sháh</u> ! Matakot ka sa Diyos, bukod sa Kaniya ay walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang Makapangyarihan Katotohanan, ang Makatarungan, at isa-isang tabi ang iyong kaharian, sapagkat Kami, sa kapahintulutan ng Diyos, ang Lubos na Marunong, ang magmamana sa kalupaan at lahat noong naroroon, ²⁰ at Siya ang may karapatang maging saksi sa iyo at sa <u>Sháh</u> . Kung iyong susundin ang Alaala ng Diyos nang may lubos na katapatan, tinitiyak Namin, sa kapahintulutan ng Diyos, na sa Araw ng Muling Pagkabuhay, isang malawak na kapangyarihan ang mapapasa-iyong sa Kaniyang walang-kamatayang Paraiso.
Vain indeed is your dominion, for God hath set aside earthly possessions for such as have denied Him; for unto Him Who is your Lord shall be the most excellent abode, He Who is, in truth, the Ancient of Days....	Tunay na walang kabuluhan ang iyong kapangyarihan, sapagkat isina-isang tabi ng Diyos ang makalupang mga ari-arian para sa gayong mga tumanggi sa Kaniya; sapagkat sa Kaniya na iyong Panginoon ay ang pinakamagaling na tahanan, Siyang, sa katotohanan, ay ang Napakatanda sa mga Araw....
O concourse of kings! Deliver with truth and in all haste the verses sent down by Us to the peoples of	O kalipunan ng mga hari! Ibigay nang makatotohanan at nang buong bilis ang mga

¹⁹ cf. Qur'án 19:41.

²⁰ Ihambing sa Qur'án 19:41

Turkey and of India, and beyond them, with power and with truth, to lands in both the East and the West.... And know that if ye aid God, He will, on the Day of Resurrection, graciously aid you, upon the Bridge, through Him Who is His Most Great Remembrance....	bersikulo na ipinadala Namin sa mga tao ng Turkey at ng India, at sa ibayo ng mga iyon, nang makapangyarihan at nang makatotohanan, sa mga lupain kapuwa sa Silangan at sa Kanluran.... At alamin na kung iyong tutulungan ang Diyos, sa Araw ng Muling Pagkabuhay, Siya ay mapagpalang tutulungan kayo, sa ibabaw ng Tulay, sa pamamagitan Niya na Kaniyang Pinakadakilang Alaala....
O people of the earth! Whoso obeyeth the Remembrance of God and His Book hath in truth obeyed God and His chosen ones and he will, in the life to come, be reckoned in the presence of God among the inmates of the Paradise of His good-pleasure. <i>Chapter I.</i>	O mga tao ng kalupaan! Sinuman ang sumunod sa Alaala ng Diyos at sa Kaniyang Aklat sa katotohanan ay sumunod sa Diyos at sa Kaniyang mga hinirang at siya, sa buhay na darating, ay ituturing sa harap ng Diyos na kabilang sa mga nananahan sa Paraiso ng Kaniyang mabuting-kaluguran. <i>Kabanata I.</i>
Verily We made the revelation of verses to be a testimony for Our message unto you. Can ye produce a single letter to match these verses? Bring forth, then, your proofs, if ye be of those who can discern the one true God. I solemnly affirm before God, should all men and spirits combine to compose the like of one chapter of this Book, they would surely fail, even though they were to assist one another.²¹	Sa katunayan, ginawa Namin ang paghahayag ng mga bersikulo na maging isang katibayan sa Aming mensahe sa inyo. Makagagawa ba kayo ng isang liham na katulad ng mga bersikulong ito? Ibigay, kung gayon, ang mga katibayan, kung kayo ay kabilang doon sa mga nakauunawa sa iisang tunay na Diyos. Aking taimtim na pinagtitibay sa harap ng Diyos, na kung ang lahat ng tao at mga espiritu ay magsasama-sama upang lumikha ng katulad ng isang kabanata ng Aklat na ito, sila ay tiyak na mabibigo, kahiman magtulong-tulong sila.²²
O concourse of divines! Fear God from this day onwards in the views ye advance, for He Who is Our Remembrance in your midst, and Who cometh from Us, is, in very truth, the Judge and Witness. Turn away from that which ye lay hold of, and which the Book of God, the True One, hath not sanctioned, for on the Day of Resurrection ye shall, upon the Bridge, be, in very truth, held answerable for the position ye occupied.... And unto you We have sent down this Book which truly none can mistake....	O kalipunan ng mga teologo! Patuloy na matakot sa Diyos mula sa araw na ito sa mga pananaw na inyong itinataguyod, sapagkat Siya na Aming Alaala sa inyong gitna, at Siya na dumating mula sa Amin, sa mismong katotohanan, ay ang Hukom at Saksi. Layuan yaong inyong tinatanganan, at yaong hindi pinahihintulutan sa Aklat ng Diyos, Siyang Tunay, sapagkat sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kayo ay mananagot sa ibabaw ng Tulay, sa mismong katotohanan, dahilan sa katayuan na inyong hinahawakan.... At sa inyo ay Aming ipinadala ang Aklat na ito na tunay na hindi mapagkakamalian ng sinuman....
O concourse of the people of the Book! Fear ye God and pride not yourselves in your learning. Follow ye	O kalipunan ng mga tao ng Aklat! Matakot kayo sa Diyos at huwag ipagmalaki ang inyong mga sarili sa

²¹ cf. Qur'án 17:90.

²² Ihambing sa Qur'án 17:90

the Book which His Remembrance hath revealed in praise of God, the True One. He Who is the Eternal Truth beareth me witness, whoso followeth this Book hath indeed followed all the past Scriptures which have been sent down from heaven by God, the Sovereign Truth. Verily, He is well informed of what ye do.... Such as are the true followers of Islám would say: "O Lord our God! We have hearkened to the call of Thy Remembrance and obeyed Him. Forgive us our sins. Thou art, verily, the Eternal Truth, and unto Thee, our infallible Retreat, must we all return."²³ <i>Chapter II.</i>	inyong karunungan. Sumunod kayo sa Aklat na ipinahayag ng Kaniyang Alaala sa pagpuri sa Diyos, Siyang Tunay. Siya na Walang Kamatayang Katotohanan ay sumasaksi sa akin, sinuman ang sumusunod sa Aklat na ito ay tunay na sinunod ang lahat ng mga Banal na Kasulatan ng nakaraan na ipinadala mula sa kalangitan ng Diyos, ang Makapangyarihang Katotohanan. Sa katunayan, ganap na nababatid Niya ang ginagawa ninyo.... Gayon ang sasabihin ng tunay na mga tagasunod ng Islám: O Panginoon aming Diyos! Pinakinggan namin ang panawagan ng Iyong Alaala at sumunod sa Kaniya. Patawarin kami sa aming mga kasalanan. Sa katunayan, Ikaw ang Walang-Hanggang Katotohanan, at sa Iyo, ang aming hindi nagkakamaling Kanlungan, lahat kami ay babalik."²⁴ <i>Kabanata II</i>
As to those who deny Him Who is the Sublime Gate of God, for them We have prepared, as justly decreed by God, a sore torment. And He, God, is the Mighty, the Wise.	Tungkol doon sa mga hindi tumanggap sa Kaniya na Dakilang Pintuan ng Diyos, Kami ay naghanda para sa kanila, tulad nang makatarungang ipinag-utos ng Diyos, ng isang matinding paghihirap. At Siya, ang Diyos, ay ang Makapangyarihan, ang Marunong.
We have, of a truth, sent down this divinely inspired Book unto Our Servant.... Ask ye then Him Who is Our Remembrance of its interpretation, inasmuch as He, as divinely ordained and through the grace of God, is invested with the knowledge of its verses....	Sa katotohanan, Aming ipinadala ang banal na binigyang-sigla na Aklat na ito sa Aming Tagapaglingkod.... Inyong tanungin kung gayon Siya na Aming Alaala tungkol sa paliwanag nito, yayamang Siya, bilang banal na itinadhana at sa pamamagitan ng pagpapala ng Diyos, ay pinagkalooban ng kaalaman sa mga bersikulo nito....
O children of men! If ye believe in the one True God, follow Me, this Most Great Remembrance of God sent forth by your Lord, that He may graciously forgive you your sins. Verily He is forgiving and compassionate toward the concourse of the faithful. We, of a truth, choose the Messengers through the potency of Our Word, and We exalt Their offspring, some over others, through the Great Remembrance of God as decreed in the Book and concealed therein....	O mga anak ng tao! Kung kayo ay nananalig sa iisang Tunay na Diyos, sumunod sa Akin, ang Pinakadakilang Alaala ng Diyos na ito na ipinadala ng inyong Panginoon, upang mapagpalang patawarin nawa Niya kayo sa inyong mga kasalanan. Sa katunayan Siya ay mapagpatawad at madamayin sa kalipunan ng matatapat. Kami, sa katotohanan, ay pinipili ang mga Sugo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Aming Salita, at Aming dinadakila ang Kanilang mga anak, ang ilan ay nakahihigit sa iba, sa pamamagitan ng Dakilang

²³ cf. Qur'án 2:285.

²⁴ Ihambing sa Qur'án 2:285

	Alaala ng Diyos tulad ng ipinag-utos sa Aklat at natatago roon....
Some of the people of the city have declared: “We are the helpers of God,” but when this Remembrance came suddenly upon them, they turned aside from helping Us. Verily God is My Lord and your true Lord, therefore worship Him, while this Path ²⁵ in the estimation of your Lord. <i>Chapter III.</i>	Ilan sa mga tao ng lungsod ay nagpahayag: ‘Kami ay ang mga tumutulong sa Diyos’, subalit nang ang Alaala na ito ay biglang dumating sa kanila, sila ay humiwalay mula sa pagtulong sa Amin. Sa katunayan ang Diyos ay ang aking Panginoon at ang inyong tunay na Panginoon, kung gayon sambahin Siya, samantalang ang Landas na ito mula kay ‘Alí [Ang Báb] ay walang iba kundi ang tuwid na Landas ²⁶ sa pagtaya ng inyong Panginoon. <i>Kabanata III</i>
Unto every people We have sent down the Book in their own language. ²⁷ This Book We have, verily, revealed in the language of Our Remembrance and it is in truth a wondrous language. He is, verily, the eternal Truth come from God, and according to the divine judgment given in the Mother Book, He is the most distinguished among the writers of Arabic and most eloquent in His utterance. He is in truth the Supreme Talisman and is endowed with supernatural powers, as set forth in the Mother Book....	Sa lahat ng tao ay ipinadala Namin ang Aklat sa kanilang sariling wika. ²⁸ Ang Aklat na ito na Aming ipinahayag, sa katunayan, ay sa wika ng Aming Alaala at ito, sa katotohanan, ay isang kahanga-hangang wika. Siya, sa katunayan, ay ang walang kamatayang Katotohanan na nagmula sa Diyos, at sang-ayon sa banal na hatol na ibinigay sa Inang Aklat, Siya ay ang pinakanatatangi sa mga manunulat sa wikang Arabe at pinakamaganda ang pananalita sa Kaniyang pahayag. Siya sa katotohanan ang Kataas-taasang Talisman at pinagkalooban ng kahima-himalang mga lakas, tulad ng inihayag sa Inang Aklat....
O people of the city! Ye have disbelieved your Lord. If ye are truly faithful to Muḥammad, the Apostle of God and the Seal of the Prophets, and if ye follow His Book, the Qur’án, which is free from error, then here is the like of it—this Book, which We have, in truth and by the leave of God, sent down unto Our Servant. If ye fail to believe in Him, then your faith in Muḥammad and His Book which was revealed in the past will indeed be treated as false in the estimation of God. If ye deny Him, the fact of your having denied Muḥammad and His Book will, in very truth and with absolute certainty, become evident unto yourselves. <i>Chapter IV.</i>	O mga tao ng lunsod! Hindi kayo naniwala sa inyong Panginoon. Kung kayo ay tunay na tapat kay Muḥammad, ang Apostol ng Diyos at ang Selyo ng mga Propeta, at inyong susunurin ang Kaniyang Aklat, ang Qur’án, na malaya mula sa pagkakamali, kung gayon naririto ang katulad niyon — ang Aklat na ito, na, sa katotohanan at sa kapahintulutan ng Diyos, ay Aming ipinadala sa Aming Tagapaglingkod. Kung kayo ay nabigong paniwalaan Siya, kung gayon ang inyong pagsasampalataya kay Muḥammad at sa Kaniyang Aklat na ipinahayag nang nakaraan ay tunay na ipalalagay na walang katotohanan sa pagtaya ng Diyos. Kung hindi kayo naniwala sa Kaniya, ang katotohanan ng inyong pagtatakwil kay Muḥammad at sa Kaniyang Aklat, sa mismong katotohanan at

²⁵ cf. Qur’án 3:50.

²⁶ Ihambing sa Qur’án 3:50

²⁷ cf. Qur’án 14:4.

²⁸ Ihambing sa Qur’án 14:4

	nang may lubos na katiyakan, ay magiging maliwanag sa inyong mga sarili. <i>Kabanata IV.</i>
Fear ye God and breathe not a word concerning His Most Great Remembrance other than what hath been ordained by God, inasmuch as We have established a separate covenant regarding Him with every Prophet and His followers. Indeed, We have not sent any Messenger without this binding covenant and We do not, of a truth, pass judgment upon anything except after the covenant of Him Who is the Supreme Gate hath been established. Erelong the veil shall be lifted from your eyes at the appointed time. Ye shall then behold the sublime Remembrance of God, unclouded and vivid. <i>Chapter V.</i>	Matakot kayo sa Diyos at huwag ibulong kahit isang salita tungkol sa Kaniyang Pinakadakilang Alaala maliban doon sa itinadhana ng Diyos, yayamang naitatag na Namin ang isang bukod na kasunduan tungkol sa Kaniya sa bawat Propeta at ang mga tagasunod Niya. Tunay, hindi Kami nagpadala ng sinumang Sugo nang wala ang umiiral na kasunduang ito, at sa katotohanan, hindi Kami nagpapataw ng hatol sa anumang bagay maliban kung natapos nang maitatag ang kasunduan Niya na Kataas-taasang Pinto. Hindi magtatagal ang lambong ay aalisin mula sa inyong mga mata sa itinakdang panahon. Mamamasdan ninyo pagkatapos ang maringal na Alaala ng Diyos, nang hindi natatakpan ng ulap at malinaw. <i>Kabanata V.</i>
Do men imagine that We are far distant from the people of the world? Nay, the day We cause them to be assailed by the pangs of death ²⁹ they shall, upon the plain of Resurrection, behold how the Lord of Mercy and His Remembrance were near. Thereupon they shall exclaim: “Would that we had followed the path of the Báb! Would that we had sought refuge only with Him, and not with men of perversity and error! For verily the Remembrance of God appeared before us, ³⁰ behind us, and on all sides, yet we were, in very truth, shut out as by a veil from Him.” <i>Chapter VII.</i>	Naiisip ba ng mga tao na Kami ay lubhang malayo mula sa mga tao ng daigdig? Hindi, sa araw na ginawa Namin silang salakayin ng matitinding kirot ng kamatayan ³¹ mamamasdan nila, sa ibabaw ng kapatagan ng Muling Pagkabuhay, kung gaano kalapit ang Panginoon ng Habag at ng Kaniyang Alaala. Kaagad ibubulalas nila: ‘Kung sana ay sinunod namin ang landas ng Báb! Kung naghanap lamang kami ng kanlungan sa Kaniya, at hindi sa mga tao ng kasamaan at pagkakamali! Sapagkat kung ang Alaala ng Diyos ay nagpakita sa harap namin, ³² sa likuran namin, at sa lahat ng panig, subalit kami, sa mismong katotohanan, ay hinadlangan ng tulad ng isang lambong mula sa Kaniya.’ <i>Kabanata VII.</i>
Do not say, “How can He speak of God while in truth His age is no more than twenty-five?” Give ye ear unto Me. I swear by the Lord of the heavens and of the earth: I am verily a servant of God. I have been made the Bearer of irrefutable proofs from the presence of Him Who is the long-expected Remnant of God. Here is My Book before your eyes, as indeed inscribed in the presence of God in the Mother Book. God hath indeed made Me blessed,	Huwag sabihin, ‘Paano Niya magagawang ipaliwanag ang Diyos, samantalang sa katotohanan, ang Kaniyang gulang ay hindi pa hihigit sa dalawampu’t-lima?’ Makinig kayo sa Akin. Sumusumpa Ako sa Panginoon ng mga kalangitan at ng kalupaan: Ako sa katunayan ay isang tagapaglingkod ng Diyos. Ginawa akong Tagapagdala ng hindi mapag-aalinlanganang mga katibayan mula sa kinaroroonan Niya na Siyang

²⁹ cf. Qur’án 68:42.

³⁰ cf. Qur’án 7:63, 69.

³¹ Ihambing sa Qur’án 68:42

³² Ihambing sa Qur’án 7:63, 69

wheresoever I may be, and hath enjoined upon Me to observe prayer and fortitude so long as I shall live on earth amongst you. <i>Chapter IX.</i>	matagal nang inaasam na Labî ng Diyos. Naririto ang Aking Aklat sa harap ng inyong mga mata, na tunay na isinulat sa harapan ng Diyos sa Inang Aklat. Tunay na ginawa Ako ng Diyos na pinagpala, maging sinuman Ako, at iniutos sa Akin na tuparin ang pananalangin at katiningan ng loob hanggang nabubuhay Ako na kasama ninyo. <i>Kabanata IX.</i>
Glorified is He besides Whom there is none other God. In His grasp He holdeth the source of authority, and verily God is powerful over all things. We have decreed that every long life shall in truth suffer decline³³ and that every hardship shall be followed by ease,³⁴ that perchance men may recognize the Gate of God as He Who is the eternal Truth, and verily God shall stand as witness unto those that have believed. <i>Chapter XIII.</i>	Maluwalhati Siya na liban sa Kaniya ay walang ibang Diyos. Hawak Niya sa Kaniyang kamay ang pinagmumulan ng kapangyarihan, at sa katunayan ang Diyos ay makapangyarihan as lahat ng bagay. Ipinag-utos Namin na ang bawat mahabang buhay, sa katotohanan, ay dadanas ng panghihina³⁵ at ang bawat paghihirap ay susundan ng kaginhawahan³⁶, upang baka sakaling magawang makilala ng mga tao ang Pinto ng Diyos bilang Siya na walang-hanggang Katotohanan, at sa katunayan ang Diyos ay tatayo bilang saksi roon sa mga nanampalataya. <i>Kabanata XIII.</i>
O ye servants of God! Verily, be not grieved if a thing ye asked of Him remaineth unanswered, inasmuch as He hath been commanded by God to observe silence, a silence which is in truth praiseworthy. We have indeed enabled Thee to truly see in Thy dream a measure of Our Cause, but wert Thou to acquaint them with the hidden Mystery, they would dispute its truth among themselves. Verily Thy Lord, the God of truth, knoweth the very secrets of hearts.³⁷ ...	O kayong mga tagapaglingkod ng Diyos! Sa katunayan, huwag malumbay kung ang bagay na inyong hiningi sa Kaniya ay nananatiling hindi tinutugon, yamang Siya ay inatasan ng Diyos na manahimik, isang pananahimik na tunay na kapuri-puri. Tunay na ginawa Namin Ikaw na Iyong totoong makita sa Iyong pangarap ang isang sukat ng Aming Kapakanan, subalit kung Iyong ipababatid sa kanila ang natatagong Hiwaga, pagtatalunan nila mismo ang katotohanan nito Sa katunayan ang Iyong Panginoon, ang Diyos ng katotohanan, ay nababatid ang mga pinakalihim ng mga puso.³⁸ ...
O peoples of the world! Whatsoever ye have offered up in the way of the One True God, ye shall indeed find preserved by God, the Preserver, intact at God's Holy Gate. O peoples of the earth! Bear ye allegiance unto this resplendent light wherewith God hath graciously invested Me through the power	O mga tao ng daigdig! Anuman ang inyong inialay sa landas ng Iisang Tunay na Diyos, tunay na inyong matatagpuang pinangalagaan ito ng Diyos, ang Tagapangalaga, na hindi nababago sa Banal na Pintuan ng Diyos. O mga tao ng kalupaan! Mag-angkin kayo ng katapatan sa maningning na

³³ cf. Qur'án 36:68.

³⁴ cf. Qur'án 65:7; 94:5.

³⁵ Ihambing sa Qur'án 36:68

³⁶ Ihambing sa Qur'án 63:7; 94:5

³⁷ cf. Qur'án 8:45.

³⁸ Ihambing sa Qur'án 8:45

of infallible Truth, and walk not in the footsteps of the Evil One,³⁹ inasmuch as he prompteth you to disbelieve in God, your Lord, and verily God will not forgive disbelief in Himself, though He will forgive other sins to whomsoever He pleaseth.⁴⁰ Indeed His knowledge embraceth all things.... <i>Chapter XVII.</i>	liwanag na ito na mapagpalang ipinagkaloob Niya sa Akin, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng hindi nagkakamaling Katotohanan, at huwag lumakad sa mga bakas Niya na Masama,⁴¹ yayamang inuudyukan kayo na huwag maniwala sa Diyos, ang inyong Panginoon, at sa katunayan ay hindi patatawarin ng Diyos ang hindi naniniwala sa Kaniya Mismo, kahiman pinatatawad Niya ang ibang mga kasalanan ng sinumang ninanais Niya.⁴² Tunay ang Kaniyang kaalaman ay sumasaklaw sa lahat ng bagay.... <i>Kabanata XVII.</i>
O peoples of the East and the West! Be ye fearful of God concerning the Cause of the true Joseph and barter Him not for a paltry price⁴³ established by yourselves, or for a trifle of your earthly possessions, that ye may, in very truth, be praised by Him as those who are reckoned among the pious who stand nigh unto this Gate. Verily God hath deprived of His grace him who martyred Husayn, Our forefather, lonely and forsaken as He was upon the land of Taff [Karbilá]. Yazid, the son of Mu'ávíyih, out of corrupt desire, bartered away the head of the true Joseph to the fiendish people for a trifling price and a petty sum from his property. Verily they repudiated God by committing a grievous error. Erelong will God wreak His vengeance upon them, at the time of Our Return, and He hath, in very truth, prepared for them, in the world to come, a severe torment. <i>Chapter XXI.</i>	O mga tao ng Silangan at ng Kanluran! Matakot kayo sa Diyos kaugnay ng Kapakanan ng tunay na Joseph at huwag Siyang ipagpalit para sa maliit na halaga⁴⁴ na ginawa ninyo mismo, o para sa isang katiting ng inyong makalupang ari-arian, upang harinawang, sa mismong katotohanan, kayo ay purihin Niya bilang yaong ipinalagay na mga madasaling nakatayo malapit sa Pinto na ito. Sa katunayan ipinagkait ng Diyos ang Kaniyang pagpapala sa kaniya na pumatay kay Husayn, ang Aming ninuno, nag-iisa at nilayuan habang Siya ay nasa lupain ng Taff [Karbilá]. Si Yazid, ang anak na lalaki ng Mu'ávíyih, dahilan sa buktot na hangarin, ay ipinagpalit ang ulo ng tunay na Joseph sa napakasamang mga tao para sa isang katiting na halaga at maliit na halaga ng salapi mula sa kaniyang ari-arian. Sa katunayan, itinakwil nila ang Diyos sa paggawa ng isang malubhang pagkakamali. Hindi magtatagal ibubunton ng Diyos ang Kaniyang paghihiganti sa kanila, sa panahon ng Aming Pagbabalik, at Siya, sa mismong katotohanan, ay naghanda para sa kanila, sa darating na daigdig, ng isang matinding kaparusahan. <i>Kabanata XXI.</i>

³⁹ cf. Qur'án 2:204.

⁴⁰ cf. Qur'án 4:51.

⁴¹ Ihambing sa Qur'án 2:204

⁴² Ihambing sa Qur'án 4:51

⁴³ cf. Qur'án 12:20.

⁴⁴ Ihambing sa Qur'án 12:20

O Qurratu'l-'Ayn!⁴⁵ We have, verily, dilated Thine heart in this Revelation, which stands truly unique from all created things, and have exalted Thy name through the manifestation of the Báb, so that men may become aware of Our transcendent power, and recognize that God is immeasurably sanctified above the praise of all men. He is verily independent of the whole of creation. <i>Chapter XXIII.</i>	O Qurratu'l-'Ayn!⁴⁶ Sa katunayan, pinalaki Namin ang Iyong puso sa Rebelasyon na ito, na nananatiling tunay na walang katulad sa lahat ng nilikhang bagay, at dinakila ang Iyong pangalan sa pamamagitan ng kahayagan ng Báb, upang mamalayan nawa ng mga tao ang Aming nangingibabaw na kapangyarihan, at makikilala na ang Diyos ay di-matayang lubhang higit na banal sa papuri ng lahat ng mga tao. Siya sa katunayan ay malaya sa buong sangnilikha. <i>Kabanata XXIII.</i>
The angels and the spirits, arrayed rank upon rank, descend, by the leave of God, upon this Gate⁴⁷ and circle round this Focal Point in a far-stretching line. Greet them with salutations, O Qurratu'l-'Ayn, for the dawn hath indeed broken; then proclaim unto the concourse of the faithful: "Is not the rising of the Morn, foreshadowed in the Mother Book, to be near at hand?⁴⁸ ..."	Ang mga anghel at ang mga espiritu, ay hile-hilerang bumaba nang maayos, sa kapahintulutan ng Diyos, sa Pinto⁴⁹ at umikot sa paligid nitong Tampok na Pakay sa isang napaka-habang pila. Salubungin sila nang may pamimitagan, O Qurratu'l-'Ayn, sapagkat ang bukang-liwayaway ay tunay nang namitak; pagkatapos ay ipahayag sa kalipunan ng matatapat: "Hindi ba ang pagsikat ng Umaga, na inihula sa Inang Aklat, ay nalalapit na?⁵⁰ ..."
O Qurratu'l-'Ayn! Turn Thou eagerly unto God in Thy Cause, for the peoples of the world have risen in iniquity, and but for the outpouring of the grace of God and Thy mercy unto them, no one could purge even a single soul forevermore.⁵¹ O Qurratu'l-'Ayn! The life to come is indeed far more advantageous unto Thee and unto such as follow Thy Cause than this earthly life and its pleasures. This is what hath been foreordained according to the dispensations of Providence....	O Qurratu'l-'Ayn! Bumaling nang nananabik sa Diyos dahil sa Iyong Kapakanan, sapagkat ang mga tao ng daigdig ay nagbangon sa labis na kawalang-katarungan, at kung hindi sa pagbuhos sa kanila ng pagpapala ng Diyos at ng Iyong habag, walang sinuman ang makalilinis kahit sa isang kaluluwa nang walang hanggan.⁵² O Qurratu'l-'Ayn! Ang buhay na darating ay tunay na higit na makabubuti sa Iyo at doon sa mga sumusunod sa Iyong Kapakanan kaysa sa makalupang buhay na ito at sa mga kaluguran nito. Ito yaong naitadhana sang-ayon sa mga kapahintulutan ng Maykapal....
O Qurratu'l-'Ayn! Say: Verily I am the "Gate of God" and I give you to drink, by the leave of God,	O Qurratu'l-'Ayn! Sabihin: Sa katunayan Ako ang 'Pinto ng Diyos' at Aking ibinibigay sa iyo upang

⁴⁵ In these passages of the Qayyúmu'l-Asmá' the name Qurratu'l-'Ayn (Solace of the Eyes) refers to the Báb Himself.

⁴⁶ Sa mga sipi na ito ng Qayyúmu'l-Asmá' ang pangalang Qurratu'l-'Ayn (Aliw ng mga Mata) ay tumutukoy sa Báb Mismo.

⁴⁷ cf. Qur'án 78:38.

⁴⁸ cf. Qur'án 11:83.

⁴⁹ Ihambing sa Qur'án 78:38

⁵⁰ Ihambing sa Qur'án 11:83

⁵¹ cf. Qur'án 24:21.

⁵² Ihambing sa Qur'án 24:21

the sovereign Truth, of the crystal-pure waters of His Revelation which are gushing out from the incorruptible Fountain situate upon the Holy Mount. And those who earnestly strive after the One True God, let them then strive to attain this Gate.⁵³ Verily God is potent over all things....	inumin, sa kapahintulutan ng Diyos, ang makapangyarihang Katotohanan, ang dalisay tulad ng kristal na mga tubig ng Kaniyang Rebelasyon na bumubulwak mula sa hindi masisirang Bukal na naroroon sa Banal na Bundok. At yaong masigasig na nagsisikap para sa Iisang Tunay na Diyos, hayaan sila kung gayon na magsikap na makarating sa Pinto⁵⁴ na ito. Sa katunayan ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat ng bagay....
O peoples of the earth! Give ear unto God's holy Voice proclaimed by this Arabian Youth Whom the Almighty hath graciously chosen for His Own Self. He is indeed none other than the True One, Whom God hath entrusted with this Mission from the midst of the Burning Bush. O Qurratu'l-'Ayn! Unravel what Thou pleasest from the secrets of the All-Glorious, for the ocean is surging high⁵⁵ at the behest of the incomparable Lord. <i>Chapter XXIV.</i>	O mga tao ng kalupaan! Pakinggan ang banal na Tinig ng Diyos na ipinahayag nitong Kabataang Arabo na mapagpalang pinili ng Lubos na Makapangyarihan. Tunay na Siya ay walang iba kundi Siyang Totoo, na pinagkatiwalaan ng Diyos ng Misyong na ito mula sa gitna ng Nag-aapoy na Palumpong. O Qurratu'l-'Ayn! Isiwalat yaong Iyong ninanais mula sa mga lihim ng Lubos na Maluwalhati, sapagkat ang karagatan ay dumadaluyong nang mataas⁵⁶ sa utos ng walang katulad na Panginoon. <i>Kabanata XXIV</i>
Are ye wickedly scheming, according to your selfish fancies, an evil plot against Him Who is the Most Great Remembrance of God? By the righteousness of God, all who are in the heaven and on earth and whatsoever lieth between them are regarded in My sight even as a spider's web,⁵⁷ and verily God beareth witness unto all things. Indeed they will not lay plots but against themselves. God hath caused this Remembrance to be, in very truth, independent of all the dwellers of earth and heaven. <i>Chapter XXV.</i>	Kayo ba ay nagpapakana nang masama, ayon sa inyong makasariling mga hinagap, isang buktot na pakana laban sa Kaniya na Siyang Pinakadakilang Alaala ng Diyos? Sa pagkamakatarungan ng Diyos, lahat ng nasa kalangitan at sa kalupaan at anumang naroroon sa pagitan nila ay ipinalagay, sa Aking paningin, na katulad ng isang sapot ng gagamba,⁵⁸ at sa katunayan ang Diyos ay sumasaksi sa lahat ng bagay. Sa katunayan hindi sila gagawa ng mga pakana kundi laban sa kanilang mga sarili. Ginawa ng Diyos ang Alaala na ito, sa mismong katotohanan, na malaya sa lahat ng mga nananahan sa lupa at langit. <i>Kabanata XXV.</i>
O ye peoples of the earth! During the time of My absence I sent down the Gates unto you. However the believers, except for a handful, obeyed them not. Formerly I sent forth unto you Ahmad and more recently Kázim, but apart from the pure in heart amongst you no one followed them. What	O kayong mga tao ng kalupaan! Sa panahon ng Aking pagkawala Aking ipinadala ang mga Pinto sa inyo. Gayumpaman ang mga mananampalataya, liban sa ilan, ay hindi sila sinunod. Noong una Aking ipinadala sa inyo si Ahmad at kamakailan ay si Kázim, subalit bukod doon sa inyo na dalisay ang

⁵³ cf. Qur'án 83:25–26.

⁵⁴ Ihambing sa Qur'án 83:25-26

⁵⁵ Qur'án 52:6.

⁵⁶ Qur'án 52:6

⁵⁷ cf. Qur'án 29:40.

⁵⁸ Ihambing sa Qur'án 29:40

hath befallen you, O people of the Book? Will ye not fear the One true God, He Who is your Lord, the Ancient of Days?... O ye who profess belief in God! I adjure you by Him Who is the Eternal Truth, have ye discerned among the precepts of these Gates anything inconsistent with the commandments of God as set forth in this Book? Hath your learning deluded you by reason of your impiety? Take ye heed then, for verily your God, the Lord of Eternal Truth, is with you and in very truth is watchful over you.... <i>Chapter XXVII.</i>	puso wala sinumang sumunod sa kanila. Ano ang inyong sinapit, O mga tao ng Aklat? Hindi ba kayo natatakot sa Iisang tunay na Diyos, Siya na inyong Panginoon, ang Napakatanda sa mga Araw?... O kayo na nagpapahayag ng pananalig sa Diyos! Nakikiusap Ako sa inyo, sa pamamagitan Niya na Siyang Walang Kamatayang Katotohanan, may napagwari na ba kayo sa mga alituntunin nitong mga Pinto ng anumang hindi naaayon sa mga kautusan ng Diyos na ipinahayag sa Aklat na ito? Iniligaw ba kayo ng inyong karunungan dahilan sa inyong kawalang-galang sa Diyos? Makinig kayo kung gayon, sapagkat ang inyong Diyos, ang Panginoon ng Walang Kamatayang Katotohanan, ay kasama ninyo at sa mismong katotohanan ay pinangangalagaan kayo.... <i>Kabanata XXVII.</i>
O ye kinsmen of the Most Great Remembrance! This Tree of Holiness, dyed crimson with the oil of servitude, hath verily sprung forth out of your own soil in the midst of the Burning Bush, yet ye comprehend nothing whatever thereof, neither of His true, heavenly attributes, nor of the actual circumstances of His earthly life, nor of the evidences of His powerful and unblemished behavior. Actuated by your own fancies, you consider Him to be alien to the sovereign Truth, while in the estimation of God He is none other than the Promised One Himself, invested with the power of the sovereign Truth, and verily He is, as decreed in the Mother Book, held answerable in the midst of the Burning Bush....	O kayong mga kaanak ng Pinakadakilang Alaala! Ang Puno ng Kabanalan na ito, kinulayan ng krimson sa langis ng pagka-alipin, sa katunayan ay sumibol mula sa inyong sariling lupa sa gitna ng Nag-aapoy na Palumpung, subalit wala kayong anumang naunawaan doon, alinman sa Kaniyang tunay na makalangit na mga katangian, ni ng tunay na mga pangyayari sa Kaniyang makalupang buhay, ni ang mga katibayan ng Kaniyang makapangyarihan at hindi nadurungisang pagkatao. Naganyak ng inyong sariling mga kahumalingan, ipinalagay ninyo Siya na salungat sa makapangyarihang Katotohanan, samantalang sa palagay ng Diyos Siya ay walang iba kundi ang Siyang Ipinangako Mismo, pinagkalooban ng lakas ng makapangyarihang Katotohanan, at sa katunayan Siya, tulad ng itinadhana sa Inang Aklat, ay pinaniwalaang may pananagutan sa gitna ng Nag-aapoy na Palumpong....
O Qurratu'l-'Ayn! Deliver the summons of the most exalted Word unto the handmaids among Thy kindred, caution them against the Most Great Fire and announce unto them the joyful tidings that following this mighty covenant there shall be everlasting reunion with God in the Paradise of His good-pleasure, nigh unto the Seat of Holiness. Verily God, the Lord of creation, is potent over all things.	O Qurratu'l-'Ayn! Ibigay ang mga panawagan ng pinakadakilang Salita sa mga kawaksing-babae sa Iyong mga kaanak, pag-ingatin sila laban sa Pinakamalaking Apoy at ipahayag sa kanila ang masayang balita na, sa pagsunod dito sa makapangyarihang Banal na Kasunduan, ay magiging walang-hanggan ang muling pakikisama sa Diyos sa Paraiso ng Kaniyang mabuting-kaluguran, malapit sa Luklukan ng Kabanalan. Sa katunayan ang Diyos, ang Panginoon ng sangnilikha, ay makapangyarihan sa lahat ng bagay.

O Thou Mother of the Remembrance! May the peace and salutation of God rest upon thee. Indeed thou hast endured patiently in Him Who is the sublime Self of God. Recognize then the station of thy Son Who is none other than the mighty Word of God. He hath verily pledged Himself to be answerable for thee both in thy grave and on the Judgment Day, while thou hast, in the Preserved Tablet of God, been immortalized as the “Mother of the Faithful” by the Pen of His Remembrance. <i>Chapter XXVIII.</i>	O Ikaw na Ina ng Alaala! Harinawang ang kapayapaan at pagpupugay ng Diyos ay mapasa-iyong. Tunay na ikaw ay matiyagang nanatili sa Kaniya na Siyang dakilang Sarili ng Diyos. Tanggapin kung gayon ang katayuan ng iyong Anak na walang iba kundi ang makapangyarihang Salita ng Diyos. Sa katunayan isinumpa Niya ang Kaniyang Sarili na mananagot para sa iyo kapiwa sa iyong puntod at sa Araw ng Paghuhukom, samantalang ikaw, sa Iningatang Tableta ng Diyos, ay pinanatiling buhay bilang ang ‘Ina ng mga Matapat’ ng Panulat ng Kaniyang Alaala. <i>Kabanata XXVIII.</i>
O Qurratu’l-‘Ayn! Stretch not Thy hands wide open in the Cause, inasmuch as the people would find themselves in a state of stupor by reason of the Mystery, and I swear by the true, Almighty God that there is yet for Thee another turn after this Dispensation.	O Qurratu’l-‘Ayn! Huwag iunat nang maluwan ang Iyong mga kamay sa Kapakanan, yayamang matatagpuan ng mga tao ang kanilang mga sarili sa isang kalagayan ng pagkawala ng ulirat dahilan sa Hiwaga, at Ako ay sumusumpa sa tunay, sa Lubos na Makapangyarihang Diyos na mayroon pang isang pagkakataon matapos ang Dispensasyong ito.
And when the appointed hour hath struck, do Thou, by the leave of God, the All-Wise, reveal from the heights of the Most Lofty and Mystic Mount a faint, an infinitesimal glimmer of Thy impenetrable Mystery, that they who have recognized the radiance of the Sinaic Splendor may faint away and die as they catch a lightning glimpse of the fierce and crimson Light that envelops Thy Revelation. And God is, in very truth, Thine unfailing Protector. <i>Chapter XXVIII.</i>	At kapag ang itinakdang oras ay sumapit, Iyong ipahayag, sa kapahintulutan ng Diyos, ang Lubos na Marunong, mula sa mga kataasan ng Pinakamataas at Mahiwagang Bundok ang isang malabo, isang napakaliit na andap ng Iyong hindi malirip na Hiwaga, upang sila na tinanggap ang kaningningan ng Kaluwalhatian ng Sinai ay mawawalan ng malay at mamamatay habang nakikita nila ang kasimbilis ng kidlat na sulyap sa matindi at krimson na Liwanag na bumbabalot sa Iyong Rebelasyon. At ang Diyos, sa mismong katotohanan, ay ang Iyong walang maliw na Tagapagtanggol. <i>Kabanata XXVIII.</i>
O people of Persia! Are ye not satisfied with this glorious honor which the supreme Remembrance of God hath conferred upon you? Verily ye have been especially favored by God through this mighty Word. Then do not withdraw from the sanctuary of His presence, for, by the righteousness of the One true God, He is none other than the sovereign Truth from God; He is the most exalted One and the Source of all wisdom, as decreed in the Mother Book....	O mga tao ng Persia! Hindi ba kayo nasisiyahan dito sa maluwalhating karangalan na ipinagkaloob sa inyo ng kataas-taasang Alaala ng Diyos? Sa katunayan kayo ay natatanging tinangkilik ng Diyos sa pamamagitan nitong makapangyarihang Salita. Kung gayon huwag umalis sa santuwaryo ng Kaniyang kinaroroonan, sapagkat, saksi ang pagkamakatarungan ng Iisang tunay na Diyos, Siya ay walang iba kundi ang makapangyarihang Katotohanan mula sa Diyos, Siya yaong pinakamarangal at ang Bukal ng lahat ng karunungan, tulad ng itinadhana sa Inang Aklat....

O peoples of the earth! Cleave ye tenaciously to the Cord of the All-Highest God, which is but this Arabian Youth, Our Remembrance—He Who standeth concealed at the point of ice amidst the ocean of fire. <i>Chapter XXIX.</i>	O mga tao ng kalupaan! Mangapit kayo nang mahigpit sa Koldon ng Pinakamataas na Diyos, na walang iba liban sa Kabataang Arabo na ito, ang Aming Alaala—Siyang natatago sa dulo ng yelo sa gitna ng karagatan ng apoy. <i>Kabanata XXIX.</i>
O people of the earth! By the righteousness of the One true God, I am the Maid of Heaven begotten by the Spirit of Bahá, abiding within the Mansion hewn out of a mass of ruby, tender and vibrant; and in this mighty Paradise naught have I ever witnessed save that which proclaimeth the Remembrance of God by extolling the virtues of this Arabian Youth. Verily there is none other God but your Lord, the All-Merciful. Magnify ye, then, His station, for behold, He is poised in the midmost heart of the All-Highest Paradise as the embodiment of the praise of God in the Tabernacle wherein His glorification is intoned.	O mga tao ng kalupaan! Saksi ang pagkamakatarungan ng Iisang tunay na Diyos, Ako ang Dilag ng Kalangitan na nilikha ng Banal na Espiritu ni Bahá, naninirahan sa Mansiyon na ginawa mula sa isang bunton ng rubi, bata at masigla; at sa makapangyarihang Paraiso na ito, wala Akong nasaksihan liban doon sa ipinahayag ng Alaala ng Diyos, sa pamamagitan ng pagpupuri sa mga katangian ng Kabataang Arabo na ito. Sa katunayan, walang ibang Diyos liban sa inyong Panginoon, ang Lubos na Mahabagin. Dakilain ninyo, kung gayon ang Kaniyang katayuan, sapagkat masdan, Siya ay nakatayo sa kaibuturan ng puso ng Pinakamataas na Paraiso, bilang ang sagisag ng pagpupuri sa Diyos sa Tabernakulo kung saan sinasambit ang pagluwalhati sa Kaniya.
At one time I hear His Voice as He acclaimeth Him Who is the Ever-Living, the Ancient of Days, and at another time as He speaketh of the mystery of His most august Name. And when He intoneth the anthems of the greatness of God all Paradise wailleth in its longing to gaze on His Beauty, and when He chanteth words of praise and glorification of God all Paradise becomes motionless like unto ice locked in the heart of a frost-bound mountain. Methinks I visioned Him moving along a straight middle path wherein every paradise was His Own paradise, every heaven His Own heaven, while the whole earth and all that is therein appeared but as a ring upon the finger of His servants. Glorified be God, His Creator, the Lord of everlasting sovereignty. Verily He is none other but the servant of God, the Gate of the Remnant of God your Lord, the Sovereign Truth. <i>Chapter XXIX.</i>	Sa isang pagkakataon Aking narinig ang Kaniyang Tinig habang ipinagbubunyi Niya Siyang Laging Nabubuhay, ang Napakatanda sa mga Araw, at sa ibang pagkakataon, habang sinasabi Niya ang hiwaga ng Kaniyang kapita-pitagang Pangalan. At nang awitin Niya ang mga awit ng kadakilaan ng Diyos, ang buong Paraiso ay nanaghoy sa paghahangad nitong masilayan ang Kaniyang Kagandahan, at nang dalitin Niya ang mga salita ng pagpupuri at kaluwalhatian ng Diyos, ang buong Paraiso ay hindi kumikibo tulad ng yelo na nakapiit sa pusod ng isang nagyeyelong bundok. Aking naiisip na Akin Siyang nakita na lumalakad sa isang tuwid na landas, kung saan ang bawat paraiso ay Kaniyang Sariling paraiso, bawat kalangitan ay Kaniyang Sariling kalangitan, samantalang ang buong daigdig at ang lahat ng naroroon ay lumabas na parang isang singsing lamang sa daliri ng Kaniyang mga tagapaglingkod. Luwalhatiin ang Diyos, ang Naglalang sa Kaniya, ang Panginoon ng walang hanggang kapangyarihan. Sa katunayan, Siya ay walang iba kundi ang tagapaglingkod ng Diyos, ang Pinto ng Labí ng Diyos na inyong Panginoon, ang Makapangyarihang Katotohanan. <i>Kabanata XXIX.</i>

O Thou the Supreme Word of God! Fear not, nor be Thou grieved, for indeed unto such as have responded to Thy Call, whether men or women, We have assured forgiveness of sins, as known in the presence of the Best-Beloved and in conformity with what Thou desirest. Verily His knowledge embraceth all things. I adjure Thee by My life, set Thy face towards Me and be not apprehensive. Verily Thou art the Exalted One among the Celestial Concourse, and Thy hidden Mystery hath, of a truth, been recorded upon the Tablet of creation in the midst of the Burning Bush. Erelong God will bestow upon Thee rulership over all men, inasmuch as His rule transcendeth the whole of creation. <i>Chapter XXXI.</i>	O Ikaw na Kataas-taasang Salita ng Diyos! Huwag matakot, ni huwag Kang malungkot, sapagkat tunay na doon sa mga tumugon sa Iyong Panawagan, maging kalalakihan o kababaihan, tinitiyak Namin ang kapatawaran sa mga kasalanan, tulad ng nababatid sa kinaroroonan ng Pinakamamahal at nang naaayon sa anumang Iyong ninanais. Sa katunayan, ang Kaniyang kaalaman ay sumasakop sa lahat ng bagay. Sumasamo Ako sa Iyo, sa pamamagitan ng Aking buhay, na ibaling ang Iyong mukha sa Akin at huwag mangamba. Sa katunayan, Ikaw ang Siya na Dakila sa Makalangit na Kalipunan, at ang Iyong natatagong Hiwaga, sa katotohanan, ay naitala sa Tableta ng paglalalang sa gitna ng Nag-aapoy na Palumpong. Hindi magtatagal, ipagkakaloob ng Diyos sa Iyo ang pamumuno sa lahat ng tao, dahilan sa ang Kaniyang paghahari ay nangingibabaw sa buong sangnilikha. <i>Kabanata XXXI.</i>
O concourse of <u>Shí'íhs</u>! Fear ye God and Our Cause which concerneth Him Who is the Most Great Remembrance of God. For great is its fire, as decreed in the Mother Book. <i>Chapter XL.</i>	O Kalipunan ng mga <u>Shí'ih</u>! Matakot kayo sa Diyos at sa Aming Kapakanan na may kaugnayan sa Kaniya na Siyang Pinakadakilang Alaala ng Diyos. Sapagkat napakalaki ng apoy nito, tulad ng itinadhana sa Inang Aklat. <i>Kabanata XL.</i>
Recite ye as much as convenient from this Qur'án both at morn and at eventide, and chant the verses of this Book, by the leave of the eternal God, in the sweet accents of this Bird which warbleth its melody in the vault of heaven. <i>Chapter XLI.</i>	Bigkasin ninyo mula sa Qur'án na ito ang pinakamarami, hanggang makagiginhawa, sa umaga at sa gabi, at dalitin ang mga bersikulo ng Aklat na ito, sa kapahintulutan ng walang-kamatayang Diyos, sa malalamyos na punto nitong Ibon na inaawit ang melodiya nito sa kaha ng kalangitan. <i>Kabanata XLI.</i>
Issue forth from your cities, O peoples of the West and aid God ere the Day when the Lord of mercy shall come down unto you in the shadow of the clouds with the angels circling around Him,⁵⁹ exalting His praise and seeking forgiveness for such as have truly believed in Our signs. Verily His decree hath been issued, and the command of God, as given in the Mother Book, hath indeed been revealed....	Humayo mula sa inyong mga lungsod, o mga mamamayan ng Kanluran, at tulungan ang Diyos bago sumapit ang Araw ng pagdating sa inyo ng Panginoon ng habag sa lilim ng mga ulap, kasama ang mga anghel na nakapaligid sa Kaniya,⁶⁰ dinadakila ang pagpupuri sa Kaniya at naghahangad ng kapatawaran para doon sa mga tunay na nananalig sa Aking mga palatandaan. Sa katunayan, ang Kaniyang utos ay naibigay na, at ang utos ng Diyos, na ibinigay sa Inang Aklat, ay tunay na naihayag na....

⁵⁹ cf. Qur'án 2:206.

⁶⁰ Ihambing sa Qur'án 2:206

Become as true brethren in the one and indivisible religion of God, free from distinction, for verily God desireth that your hearts should become mirrors unto your brethren in the Faith, so that ye find yourselves reflected in them, and they in you. This is the true Path of God, the Almighty, and He is indeed watchful over your actions. <i>Chapter XLVI.</i>	Maging tunay na magkakapatid sa iisa at hindi mahahating relihiyon ng Diyos, malaya sa anumang pagtatangi, sapagkat tunay na hangad ng Diyos na ang inyong mga puso ay maging mga salamin sa inyong mga kapatid sa Pananampalataya, upang matagpuan ninyo ang inyong mga sarili na nakalarawan sa kanila, at sila sa inyo. Ito ang tunay na Landas ng Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, at Siya ay tunay na nagmamasid sa inyong kilos. <i>Kabanata XLVI.</i>
O ye peoples of the earth! Harken unto My call, ringing forth from the precincts of this sacred Tree—a Tree set ablaze by the pre-existent Fire: There is no God but Him; He is the Exalted, the All-Wise. O ye the servants of the Merciful One! Enter ye, one and all, through this Gate and follow not the steps of the Evil One, for he prompteth you to walk in the ways of impiety and wickedness; he is, in truth, your declared enemy.⁶¹ <i>Chapter LI.</i>	O kayong mga tao ng kalupaan! Pakinggan ang Aking panawagan, umaalingawngaw mula sa mga paligid nitong banal na Puno — isang Puno na pinagliyab ng Apoy na nabubuhay noon pa: Walang Diyos liban sa Kaniya, Siya ang Marangal, ang Lubos na Marunong. O kayong mga tagapaglingkod Niya na Mahabagin! Pumasok kayo, nang mag-isa at nang lahat, sa Pinto na ito at huwag sundan ang mga bakas Niya na Masama, sapagkat inuudyukan kayo na lumakad sa mga landas ng kalapastanganan sa Diyos at kabuhungan; siya sa katotohanan, ay ang inyong hayag na kalaban.⁶² <i>Kabanata LI.</i>
Be Thou patient, O Qurratu'l-'Ayn, for God hath indeed pledged to establish Thy sovereignty throughout all countries and over the people that dwell therein. He is God and verily He is powerful over all things. <i>Chapter LIII.</i>	Ikaw ay maging mapagtiis, O Qurratu'l-'Ayn, sapagkat ang Diyos ay tunay na nangako na itatag ang Iyong kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng mga bansa at sa mga tao na nananahan doon. Siya ang Diyos at, sa katunayan, Siya ay malakas sa lahat ng bagay. <i>Kabanata LIII.</i>
By My glory! I will make the infidels to taste, with the hands of My power, retributions unknown of anyone except Me, and will waft over the faithful those musk-scented breaths which I have nursed in the midmost heart of My throne; and verily the knowledge of God embraceth all things.	Saksi ang Aking luwalhati! Gagawin Ko ang mga hindi naniniwala sa Diyos na matikman, sa pamamagitan ng mga kamay ng Aking lakas, ang mga ganti na lingid sa kaninuman liban sa Akin, at ipasimoy sa matatapat yaong napabanguhan ng musk na mga hininga at Aking inalagaan sa kaibuturan ng puso ng Aking trono, at sa katunayan, ang kaalaman ng Diyos ay sumasaklaw sa lahat ng bagay.
O concourse of light! By the righteousness of God, We speak not according to selfish desire, nor hath a single letter of this Book been revealed save by the leave of God, the Sovereign Truth. Fear ye God and entertain no doubts regarding His Cause, for verily,	O kalipunan ng liwanag! Saksi ang pagkamakatarungan ng Diyos, hindi Kami nagsasalita sang-ayon sa makasariling hangarin, ni kahit isang titik ng Aklat na ito ay hindi ipinahayag liban sa kapahintulutan ng Diyos, ang

⁶¹ cf. Qur'án 2:163–164.

⁶² Ihambing sa Qur'án 2:163-164

the Mystery of this Gate is shrouded in the mystic utterances of His Writ and hath been written beyond the impenetrable veil of concealment by the hand of God, the Lord of the visible and the invisible.	Makapangyarihang Katotohanan. Matakot kayo sa Diyos at huwag isipin ang mga alinlangan tungkol sa Kaniyang Kapakanan, sapagkat sa katunayan, ang Hiwaga ng Pinto na ito ay nalalambungan ng mahiwagang mga pahayag ng Kaniyang Kasulatan at isinulat nang lampas sa hindi malalagusang lambong ng pagtatago ng kamay ng Diyos, ang Panginoon ng nakikita at di nakikita.
Indeed God hath created everywhere around this Gate oceans of divine elixir, tinged crimson with the essence of existence and vitalized through the animating power of the desired fruit; and for them God hath provided Arks of ruby, tender, crimson-colored, wherein none shall sail but the people of Bahá, by the leave of God, the Most Exalted; and verily He is the All-Glorious, the All-Wise. <i>Chapter LVII.</i>	Tunay na nilikha ng Diyos sa lahat ng dako ang mga karagatan ng banal na elixir sa paligid ng Pinto na ito, nagkulay krimson sa diwa ng buhay at binigyang-lakas sa pamamagitan ng nagpapasiglang lakas ng hinahangad na bunga; at para sa kanila ay naglaan ang Diyos ng mga Arko ng rubi, mura, kulay krimson, kung saan walang makapaglalayag kundi ang mga tao ng Bahá, sa kapahintulutan ng Diyos, ang Pinakamarangal; at sa katunayan, Siya ang Lubos na Maluwalhati, ang Lubos na Marunong. <i>Kabanata LVII.</i>
The Lord hath, in truth, inspired Me: Verily, verily, I am God, He besides Whom there is none other God, and I am indeed the Ancient of Days....	Ang Panginoon, sa katotohanan, ay binigyang-sigla Ako: Sa katunayan, sa katunayan, Ako ang Diyos, Siya liban sa Kaniya ay walang ibang Diyos, at tunay Ako ang Napakatanda sa mga Araw....
O people of the Kingdom! By the righteousness of the true God, if ye remain steadfast upon this line which standeth upright between the two lines, ye shall, in very truth, quaff the living waters from the Fountain of this wondrous Revelation as proffered by the hand of His Remembrance....	O mga tao ng Kaharian! Saksi ang pagkamakatarungan ng tunay na Diyos, kung kayo ay mananatiling matatag sa pamamaraang ito na makatwirang naninindigan sa pagitan ng dalawang pamamaraan, sa mismong katotohanan, kayo ay tutungga ng nakabubuhay na mga tubig mula sa Bukal ng kamangha-manghang Rebelasyong ito na inihandog ng kamay ng Kaniyang Alaala....
I swear by your true Lord, by Him Who is the Lord of the heavens and of the earth, that the divine Promise concerning His Remembrance is naught but the sovereign truth and, as decreed in the Mother Book, it shall come to pass....	Sumusumpa Ako sa inyong tunay na Panginoon, sa Kaniya na Siyang Panginoon ng mga kalangitan at ng kalupaan, na ang banal na Pangako tungkol sa Kaniyang Alaala ay wala maliban ang makapangyarihang katotohanan at, tulad ng itinadhana sa Inang Aklat, ito ay magaganap....
Say, O peoples of the earth! Were ye to assemble together in order to produce the like of a single	Sabihin, O mga tao ng kalupaan! Kung kayo ay magsasama-sama upang lumikha ng katulad ng kahit isang titik lamang sa Aking mga akda, hindi

letter of my works, ye would never be able to do so, ⁶³ and verily God is cognizant of all things....	ninyo kailanman magagawa iyon, ⁶⁴ at sa katunayan nababatid ng Diyos ang lahat....
O Qurratu'l-'Ayn! Say: Behold! Verily the Moon hath faded; verily the night hath retreated; verily the dawn hath brightened; ⁶⁵ verily the command of God, your true Lord, hath been accomplished....	O Qurratu'l-'Ayn! Sabihin: Masdan! Sa katunayan ang Buwan ay nawala; sa katunayan ang gabi ay umurong; sa katunayan ang buwang-liwayway ay nagliwanag; ⁶⁶ sa katunayan ang utos ng Diyos, ang iyong tunay na Panginoon, ay natupad na....
Out of utter nothingness, O great and omnipotent Master, Thou hast, through the celestial potency of Thy might, brought me forth and raised me up to proclaim this Revelation. I have made none other but Thee my trust; I have clung to no will but Thy Will. Thou art, in truth, the All-Sufficing and behind Thee standeth the true God, He Who overshadoweth all things. Indeed sufficient unto Me is God, the Exalted, the Powerful, the Sustainer. <i>Chapter LVIII.</i>	Mula sa ganap na kawalan, O dakila at makapangyarihang Pinuno, sa pamamagitan ng makalangit na bisa ng Iyong kapangyarihan, ako ay Iyong inilabas at itinaas upang ipahayag ang Rebelasyong ito. Wala akong ibang pinagtitiwalaan kundi Ikaw; hindi ako nangapit sa anumang naisin kundi sa Iyong Naisin. Ikaw, sa katotohanan, ay ang Nakasasapat sa lahat at sa Iyong likuran ay nakatayo ang tunay na Diyos, Siyang lumililim sa lahat ng bagay. Tunay na sapat sa Akin ang Diyos, ang Marangal, ang Makapangyarihan, ang Nagbibigay-Lakas. <i>Kabanata LVIII.</i>
O Thou Remnant of God! I have sacrificed myself wholly for Thee; I have accepted curses for Thy sake, and have yearned for naught but martyrdom in the path of Thy love. Sufficient witness unto me is God, the Exalted, the Protector, the Ancient of Days.	O Ikaw na Labî ng Diyos! Aking ipinagpakasakit ang sarili ko nang lubos para sa Iyo; Aking tinanggap ang mga pagsumpa alang-alang sa Iyo, at walang pinanabikan liban sa pagmamartir sa landas ng Iyong pagmamahal. Sapat na saksi sa akin ang Diyos, ang Tagapangalaga, ang Napakatanda sa mga Araw.
O Qurratu'l-'Ayn! The words Thou hast uttered in this momentous Call have grieved me bitterly. However, the irrevocable decision resteth with none but God and the decree proceedeth from none save Him alone. By my life, Thou art the Well-Beloved in the sight of God and His creation. Verily, there is no power except in God, and sufficient witness unto me is your Lord, Who is, in very truth, the Omnipotent Avenger. <i>Chapter LVIII.</i>	O Qurratu'l-'Ayn! Ang mga salita na Iyong sinambit dito sa napakadakilang Panawagan ay lubhang mapait na nakalumbay sa Akin. Gayumpaman, ang hindi mababagong pasiya ay hindi nakasalalay sa kaninuman kundi sa Diyos at ang utos ay hindi nagmumula kaninuman liban sa Kaniya lamang. Sa Aking buhay, Ikaw ang Pinakamamahal sa paningin ng Diyos at Kaniyang nilikha. Sa katunayan, walang kapangyarihan liban sa Diyos, at sapat na saksi sa Akin ang iyong Panginoon, Na, sa mismong katotohanan, ay ang Makapangyarihang Naghihiganti. <i>Kabanata LVIII.</i>

⁶³ cf. Qur'án 17:88.

⁶⁴ Ihambing sa Qur'án 17:88

⁶⁵ cf. Qur'án 74:35–37.

⁶⁶ Ihambing sa Qur'án 74:35-37

O peoples of the earth! By the righteousness of God, this Book hath, through the potency of the sovereign Truth, pervaded the earth and the heaven with the mighty Word of God concerning Him Who is the supreme Testimony, the Expected Qá'im, and verily God hath knowledge of all things. This divinely inspired Book hath firmly established His Proof for all those who are in the East and in the West, hence beware lest ye utter aught but the truth regarding God, for I swear by your Lord that this supreme Proof of Mine beareth witness unto all things....	O mga tao ng kalupaan! Sa pagkamakatarungan ng Diyos, ang Aklat na ito, sa pamamagitan ng lakas ng makapangyarihang Katotohanan, ay lumaganap sa kalupaan at sa kalangitan sa pamamagitan ng makapangyarihang Salita ng Diyos tungkol sa Kaniya na kataas-taasang Patotoo, ang Inaasahang Qá'im, at sa katunayan, nababatid ng Diyos ang lahat ng bagay. Ang banal na binigyang-sigla ng Aklat na ito ay matibay na pinatunayan ang Kaniyang Katibayan para sa lahat ng nasa Silangan at sa Kanluran, dahil dito mag-ingat na baka magsabi kayo ng anuman liban sa katotohanan tungkol sa Diyos, sapagkat sumusumpa Ako sa inyong Panginoon na itong kataas-taasang Katibayan Ko ay sumasaksi sa lahat ng bagay....
O servants of God! Be ye patient, for, God grant, He Who is the sovereign Truth will suddenly appear amongst you, invested with the power of the mighty Word, and ye shall then be confounded by the Truth itself, and ye shall have no power to ward it off;⁶⁷ and verily I am a witness over all mankind. <i>Chapter LIX.</i>	O mga tagapaglingkod ng Diyos! Maging matiyaga kayo, sapagkat, sa kaloob ng Diyos, Siya na makapangyarihang Katotohanan ay biglang magpapakita sa inyo, pinagkalooban ng lakas ng makapangyarihang Salita, at kayo pagkatapos ay matataranta sa Katotohanan mismo, at kayo ay mawawalan ng lakas upang iwasan ito;⁶⁸ at sa katunayan Ako ay isang saksi sa buong sangkatauhan. <i>Kabanata LIX.</i>
Verily such as ridicule the wondrous, divine Verses revealed through His Remembrance, are but making themselves the objects of ridicule, and We, in truth, aid them to wax in their iniquity.⁶⁹ Indeed God's knowledge transcendeth all created things....	Sa katunayan ang gayong panlilibak sa kahanga-hanga, banal na mga Bersikulo na ipinahayag sa pamamagitan ng Kaniyang Alaala, ay ginagawa lamang ang kanilang mga sarili na mga pakay ng panlilibak, at Kami, sa katotohanan, ay tinutulungan sila na maging hindi makatarungan.⁷⁰ Tunay na ang kaalaman ng Diyos ay nangingibabaw sa lahat ng nilikhang bagay....
The infidels, of a truth, seek to separate God from His Remembrance,⁷¹ but God hath determined to perfect His Light⁷² through His Remembrance, and indeed He is potent over all things....	Ang mga hindi naniniwala sa Diyos, sa katotohanan, ay hinahangad na ihiwalay ang Diyos sa Kaniyang Alaala,⁷³ subalit ipinasiya ng Diyos na gawing sukdulan ang Kaniyang Liwanag⁷⁴ sa

⁶⁷ cf. Qur'án 21:40.

⁶⁸ Ihambing sa Qur'án 21:40

⁶⁹ cf. Qur'án 2:14.

⁷⁰ Ihambing sa Qur'án 2:14

⁷¹ cf. Qur'án 4:149.

⁷² cf. Qur'án 9:32.

⁷³ Ihambing sa Qur'án 4:149

⁷⁴ Ihambing sa Qur'án 9:32

	pamamagitan ng Kaniyang Alaala, at tunay Siya ay malakas sa lahat ng bagay....
Verily, Christ is Our Word which We communicated unto Mary;⁷⁵ and let no one say what the Christians term as “the third of three,”⁷⁶ inasmuch as it would amount to slandering the Remembrance Who, as decreed in the Mother Book, is invested with supreme authority. Indeed God is but one God, and far be it from His glory that there should be aught else besides Him. All those who shall attain unto Him on the Day of Resurrection are but His servants, and God is, of a truth, a sufficient Protector. Verily I am none other but the servant of God and His Word, and none but the first one to bow down in supplication before God, the Most Exalted; and indeed God witnesseth all things. <i>Chapter LXI.</i>	Sa katunayan, si Kristo ay ang Aming Salita na Aming ipinabatid kay Maria,⁷⁷ at huwag hayaan ang sinuman na sabihin ang tinatawag ng mga Kristiyano na ‘ikatlo sa tatlo’,⁷⁸ yayamang ito ay magiging katumbas ng paninirang-puri sa Alaala Na, tulad ng itinadhana sa Inang Aklat, ay pinagkalooban ng kataas-taasang kapangyarihan. Tunay ang Diyos ay ang iisang Diyos lamang, at malayo ito mula sa Kaniyang kaluwalhatian na walang karapat-dapat liban sa Kaniya. Lahat noong mga makararating sa Kaniya sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay mga tagapaglingkod lamang Niya, at ang Diyos, sa katotohanan, ay isang sapat na Tagapagtanggol. Sa katunayan Ako ay walang iba kundi ang tagapaglingkod ng Diyos at ang Kaniyang Salita, at wala liban sa una ang yuyuko sa pagsamba sa harap ng Diyos, ang Pinakamarangal; at tunay na nasaksihan ng Diyos ang Lahat ng bagay. <i>Kabanata LXI</i>
O people of the Qur’án! Ye are as nothing unless ye submit unto the Remembrance of God and unto this Book. If ye follow the Cause of God, We will forgive you your sins, and if ye turn aside from Our command, We will, in truth, condemn your souls in Our Book, unto the Most Great Fire. We, verily, do not deal unjustly with men, even to the extent of a speck on a date-stone. <i>Chapter LXII.</i>	O mga tao ng Qur’án! Kayo ay magiging walang halaga hanggang hindi kayo sumusunod sa Alaala ng Diyos at sa Aklat na ito. Kung susunod kayo sa Kapakanan ng Diyos, Amin kayong patatawarin sa inyong mga kasalanan, at kung isasa-isantabi ninyo ang Aming kautusan, sa katotohanan, Aming isusumpa ang inyong mga kaluluwa, sa Aming Aklat, sa Pinakamatinding Apoy. Sa katunayan, hindi Namin pinakikitunguhan ang mga tao nang di makatarungan, kahit na kasinlaki ng isang katiting na batik sa isang buto ng datiles. <i>Kabanata LXII.</i>
O peoples of the earth! Verily the resplendent Light of God hath appeared in your midst, invested with this unerring Book, that ye may be guided aright to the ways of peace and, by the leave of God, step out of the darkness into the light and onto this far-extended Path of Truth.⁷⁹ ...	O mga tao ng kalupaan! Sa katunayan ang nagniningning na Liwanag ng Diyos ay nagpakita sa gitna ninyo, pinagkalooban ito ng hindi nagkakamaling Aklat, upang harinawang mapatnubayan kayo nang tumpak sa mga paraan ng kapayapaan at, sa kapahintulutan ng Diyos, ay lumabas mula sa karimlan tungo sa liwanag at

⁷⁵ cf. Qur’án 4:169.

⁷⁶ Qur’án 5:77.

⁷⁷ Ihambing sa Qur’án 4:169

⁷⁸ Qur’án 5:77

⁷⁹ cf. Qur’án 5:15–18.

	magtungo roon sa malayo ang abot nitong Landas ng Katotohanan ⁸⁰ ...
God hath, out of sheer nothingness and through the potency of His command, created the heavens and the earth and whatever lieth between them. He is single and peerless in His eternal unity with none to join partner with His holy Essence, nor is there any soul, except His Own Self, who can befittingly comprehend Him....	Mula sa ganap na kawalan at sa pamamagitan ng lakas ng bisa ng Kaniyang kautusan, nilikha ng Diyos ang mga kalangitan at ang kalupaan at anuman ang naroroon sa pagitan nila. Siya ay nag-iisa at walang kaparis sa Kaniyang walang kamatayang kaisahan nang walang sinuman ang makikisamang kasamahan sa Kaniyang banal na Diwa, ni walang sinumang ibang kaluluwa, liban sa Kaniyang Sarili, ang karapat-dapat na makaunawa sa Kaniya....
O peoples of the earth! Verily His Remembrance is come to you from God after an interval during which there were no Messengers, ⁸¹ that He may purge and purify you from uncleanness in anticipation of the Day of the One true God; therefore seek ye wholeheartedly divine blessings from Him, inasmuch as We have, in truth, chosen Him to be the Witness and the Source of wisdom unto all that dwell on earth....	O mga tao ng kalupaan! Sa katunayan ang Kaniyang Alaala ay dumating sa inyo mula sa Diyos matapos ang isang pagitan na walang mga Sugo, ⁸² upang Kaniyang malinis at gawing dalisay kayo mula sa kasamaan sa paghihintay sa Araw ng Iisang tunay na Diyos; kung gayon buong puso kayong magsikap na unawain ang mga pagpapala mula sa Kaniya, yayamang Aming pinili, sa katotohanan, Siya na maging Saksi at ang Bukal ng karunungan sa lahat ng nananahan sa kalupaan....
O Qurratu'l-'Ayn! Proclaim that which hath been sent down unto Thee as a token of the grace of the merciful Lord, for if Thou do it not, Our secret will never be made known to the people, ⁸³ while the purpose of God in creating man is but for him to know Him. Indeed God hath knowledge of all things and is self-sufficient above the need of all mankind. <i>Chapter LXII.</i>	O Qurratu'l-'Ayn! Ipahayag na yaong ipinadala sa Iyo bilang isang palatandaan ng biyaya ng mahabaging Panginoon, sapagkat kung hindi Mo gagawin, ang Aming lihim ay hindi kailanman mababatid ng mga tao, ⁸⁴ samantalang ang layunin ng Diyos sa paglikha sa tao ay upang makilala lamang niya Siya. Tunay na nababatid ng Diyos ang lahat ng bagay at nakasasapat sa sarili nang higit sa pangangailangan ng buong sangkatauhan. <i>Kabanata LXII.</i>
Whenever the faithful hear the verses of this Book being recited, their eyes will overflow with tears and their hearts will be deeply touched by Him Who is the Most Great Remembrance for the love they cherish for God, the All-Praised. He is God, the All-Knowing, the Eternal. They are indeed the inmates of the all-highest Paradise wherein they	Kailanman marinig ng matatapat na binibigkas ang mga bersikulo ng Aklat na ito, mga luha ay babalong sa kanilang mga mata, ang kanilang mga puso ay mapupukaw Niya na Pinakadakilang Alaala, dahilan sa pagmamahal na itinatangi nila para sa Diyos, ang Pinupuri ng Lahat. Siya ang Diyos, ang Nakababatid ng Lahat, ang

⁸⁰ Ihambing sa Qur'án 5:15-18

⁸¹ cf. Qur'án 5:22.

⁸² Ihambing sa Qur'án 5:22

⁸³ cf. Qur'án 5:71.

⁸⁴ Ihambing sa Qur'án 5:71

will abide forever. Verily they will see naught therein save that which hath proceeded from God, nothing that will lie beyond the compass of their understanding. There they will meet the believers in Paradise, who will address them with the words “Peace, Peace” lingering on their lips....	Walang-Hanggan. Tunay na sila ang mga nananahan sa Paraisong pinakamataas sa lahat, kung saan sila ay mamamalagi nang walang-hanggan. Sa katunayan, wala silang makikita liban doon sa nagmumula sa Diyos, walang naroroon na lalampas sa hindi maaabot ng kanilang pang-unawa. Doon ay makakatagpo nila ang mga nananalig sa Paraiso, na magsasalita sa kanila ng mga katagang “Kapayapaan, Kapayapaan” na laging namumutawi sa kanilang mga labi....
O concourse of the faithful! Incline your ears to My Voice, proclaimed by this Remembrance of God. Verily God hath revealed unto Me that the Path of the Remembrance which is set forth by Me is, in very truth, the straight Path of God, and that whoever professeth any religion other than this upright Faith, will, when called to account on the Day of Judgment, discover that as recorded in the Book no benefit hath he reaped out of God’s Religion....	O kalipunan ng matatapat! Pakinggan ninyo ang Aking Tinig, na ipinahayag nitong Alaala ng Diyos. Sa katunayan, ibinunyag ng Diyos sa Akin na ang Landas ng Alaala na itinadhana Ko, sa katunayan, ay ang tuwid na Landas ng Diyos, at sinumang mananampalataya na nagpahayag ng pananalig sa alinmang relihiyon liban sa tunay ng Pananampalatayang ito, ay matutuklasan, kapag tinawag upang mag-ulat sa Araw ng Paghuhukom, tulad ng nakatala sa Aklat, na wala siyang nakamtang pakinabang mula sa Relihiyon ng Diyos....
Fear ye God, O concourse of kings, lest ye remain afar from Him Who is His Remembrance [the Báb], after the Truth hath come unto you with a Book and signs from God, as spoken through the wondrous tongue of Him Who is His Remembrance. Seek ye grace from God, for God hath ordained for you, after ye have believed in Him, a Garden the vastness of which is as the vastness of the whole of Paradise. Therein ye shall find naught save the gifts and favors which the Almighty hath graciously bestowed by virtue of this momentous Cause, as decreed in the Mother Book. <i>Chapter LXIII.</i>	Matakot kayo sa Diyos, O kalipunan ng mga hari, na baka manatili kayong malayo sa Kaniya na Kaniyang Alaala [ang Báb], matapos na dumating sa inyo ang Katotohanan na may dalang isang Aklat at mga palatandaan mula sa Diyos, tulad ng sinabi sa pamamagitan ng kahanga-hangang dila Niya na Kaniyang Alaala. Humingi kayo ng pagpapala mula sa Diyos, sapagkat inilaan para sa inyo ng Diyos, matapos kayong manalig sa Kaniya, ang isang Hardin na ang lawak ay tulad ng kalawakan ng buong Paraiso. Wala kayong matatagpuan doon liban sa mga handog at pagtatangi na buong pagmamahal na ipinagkaloob ng Lubos na Makapangyarihan, dahilan sa katangi-tanging Kapakanang ito, tulad ng itinadhana sa Inang Aklat. <i>Kabanata LXIII.</i>
O Spirit of God! Call Thou to mind the bounty which I bestowed upon Thee when I conversed with Thee in the midmost heart of My Sanctuary and aided Thee through the potency of the Holy Spirit that Thou mightest, as the peerless Mouthpiece of God, proclaim unto men the commandments of God which lie enshrined within the divine Spirit.	O Espiritu ng Diyos! Iyong gunitain ang biyaya na Aking ipinagkaloob sa Iyo nang Ako ay nakipag-usap sa Iyo sa pinakagitna ng puso ng Aking Santuwaryo at tinulungan Ikaw sa pamamagitan ng lakas ng bisa ng Banal na Espiritu upang Iyong maipahayag sa mga tao, bilang ang walang kaparis na Tagapagsalita ng Diyos, ang mga

	utos ng Diyos na nakadambana sa loob ng banal na Espiritu.
Verily God hath inspired Thee with divine verses and wisdom while still a child and hath graciously deigned to bestow His favor upon the peoples of the world through the influence of Thy Most Great Name, for indeed men have not the least knowledge of the Book. <i>Chapter LXIII.</i>	Sa katunayan, Ikaw ang binigyang-sigla ng Diyos sa pamamagitan ng banal na mga bersikulo at karunungan samantalang isang bata pa lamang, at mapagpalang minarapat na ipagkaloob ang Kaniyang pagkalinga sa mga tao ng daigdig, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong Pinakadakilang Pangalan, sapagkat tunay na ang mga tao ay wala kahit bahagyang kaalaman sa Aklat. <i>Kabanata LXIII.</i>
O people of the earth! To attain the ultimate retreat in God, the True One, are we to seek a Gate other than this exalted Being?...	O mga tao ng kalupaan! Upang matamo ang pangwakas na kanlungan ng Diyos, Siya na Tunay, tayo ba ay hahanap ng Pinto bukod dito sa dakilang Katauhan?...
When God created the Remembrance He presented Him to the assemblage of all created beings upon the altar of His Will. Thereupon the concourse of the angels bowed low in adoration to God, the Peerless, the Incomparable; while Satan waxed proud, refusing to submit to His Remembrance; hence he is identified in the Book of God as the arrogant one and the accursed. ⁸⁵ <i>Chapter LXVII.</i>	Nang lalangin ng Diyos ang Alaala, iniharap Niya Siya sa kalipunan ng lahat ng nilikhang bagay sa altar ng Kaniyang Kalooban. Kapagdaka ang kalipunan ng mga anghel ay mababang yumuko sa pagsamba sa Diyos, ang Walang Kaparis, ang Walang Katulad, samantalang si Satanas ay lalong naging mapanghamak, tumatangging sumunod sa Kaniyang Alaala; dahil dito, siya ay ipinakilala sa Aklat ng Diyos bilang ang palalo at ang isinumpa. ⁸⁶ <i>Kabanata LXVII.</i>
God, besides Whom there is none other true God, saith: Indeed, whoso visiteth the Remembrance of God after His passing, it is as though he hath attained the presence of the Lord, seated upon His mighty Throne. Verily this is the Way of God, the Most Exalted, which hath been irrevocably decreed in the Mother Book....	Ang Diyos, na bukod sa Kaniya ay walang ibang tunay na Diyos, ay sinasabi: Tunay, sinuman ang dumalaw sa Alaala ng Diyos makalipas ang Kaniyang pagpanaw, iyon ay parang nakamtan rin niyang makarating sa harapan ng Panginoon, nakaupo sa Kaniyang makapangyarihang Trono. Sa katunayan ito ang Landas ng Diyos, ang Pinakamarangal, na hindi mababagong itinadhana sa Inang Aklat....
Say, O peoples of the world! Do ye dispute with Me about God by virtue of the names which ye and your fathers have adopted for Him at the promptings of the Evil One? ⁸⁷ God hath indeed sent	Sabihin, O mga tao ng daigdig! Makikipagtalo ba kayo sa Akin tungkol sa Diyos dahilan sa mga pangalan na ibinigay ninyo at ng inyong mga ama para sa Kaniya, dahil sa mga udyok Niya na

⁸⁵ cf. Qur'án 2:32; 38:74–78.

⁸⁶ Ihambing sa Qur'án 2:32; 38:74-78

⁸⁷ cf. Qur'án 7:69; 12:40.

down this Book unto Me with truth that ye may be enabled to recognize the true names of God, inasmuch as ye have strayed in error far from the Truth. Verily We have taken a covenant from every created thing upon its coming into being concerning the Remembrance of God, and there shall be none to avert the binding command of God for the purification of mankind, as ordained in the Book which is written by the hand of the Báb. <i>Chapter LXVIII.</i>	Masama?⁸⁸ Tunay ipinadala ng Diyos ang Aklat na ito sa Akin na taglay ang katotohanan upang harinawang magawa ninyong matanggap ang tunay na mga pangalan ng Diyos, yayamang kayo ay maling naligaw nang malayo sa Katotohanan. Sa katunayan gumawa Kami ng isang kasunduan sa bawat nilikhang bagay nang mabigyang-buhay ito kaugnay sa Alaala ng Diyos, at walang sinuman ang makaiiwas sa umiiral na utos ng Diyos para sa pagpapadalisa ng sangkatauhan, tulad ng itinadhana sa Aklat na isinulat ng kamay ng Báb. <i>Kabanata LXVIII.</i>
The people, during the absence of the Báb, re-enacted the episode of the Calf by setting up a blaring figure which embodied animal features in human form.⁸⁹ ...	Ang mga tao sa panahong wala ang Báb, ay muling ginawa ang pangyayari ng Guya sa pagtatayo ng isang malakas na nag-iingay na anyo na naglarawan ng mga katangian ng hayop sa anyo ng tao.⁹⁰ ...
Whenever the people ask Thee of the appointed Hour say: Verily the knowledge of it is only with My Lord,⁹¹ Who is the Knower of the unseen. There is none other God but Him—He Who hath created you from a single soul,⁹² and I have no control over what profiteth Me or harmeth Me, but as My Lord pleaseth.⁹³ Indeed God is Self-Sufficient and He, My Lord, standeth supreme over all things. <i>Chapter LXIX.</i>	Kailanman magtanong ang mga tao sa Iyo tungkol sa itinakdang Oras sabihin: Sa katunayan ang kaalaman tungkol dito ay nasa Aking Panginoon⁹⁴ lamang, Siyang Nakababatid ng di nakikita. Walang ibang Diyos liban sa Kaniya—Siyang lumikha sa iyo mula sa iisang kaluluwa,⁹⁵ at hindi Ko mapipigilan yaong makabubuti sa Akin o makapipinsala sa Akin, kundi yaong makalulugod sa Aking Panginoon.⁹⁶ Tunay ang Diyos ay Nakasasapat sa Sarili at Siya, ang Aking Panginoon, ay nakatayo nang napakataas sa lahat ng bagay. <i>Kabanata LXIX.</i>
Doth it seem strange to the people that We should have revealed the Book to a man from among themselves in order to purge them and give them the good tidings that they shall be rewarded with a sure stance in the presence of their Lord? He indeed beareth witness unto all things....	Hindi ba waring kataka-taka sa mga tao na Aming minarapat na ipahayag ang Aklat sa isang tao mula sa kanila mismo upang linisin sila at ibigay sa kanila ang magandang balita na dapat silang gantimpalaan ng isang tiyak na katayuan sa harapan ng kanilang Panginoon? Tunay na nasasaksihan Niya ang lahat ng bagay....

⁸⁸ Ihambing sa Qur'án 7:69; 12:40

⁸⁹ cf. Qur'án 7:146; 20:90.

⁹⁰ Ihambing sa Qur'án 7:146; 20:90

⁹¹ cf. Qur'án 7:186.

⁹² cf. Qur'án 4:1.

⁹³ cf. Qur'án 10:50.

⁹⁴ Ihambing sa Qur'án 7:186

⁹⁵ Ihambing sa Qur'án 4:1

⁹⁶ Ihambing sa Qur'án 10:50

When the verses of this Book are recited to the infidels they say: “Give us a book like the Qur’án and make changes in the verses.” Say: “God hath not given Me that I should change them at My pleasure.” I follow only what is revealed unto Me. Verily, I shall fear My Lord on the Day of Separation, whose advent He hath, in very truth, irrevocably ordained.⁹⁷ <i>Chapter LXXI.</i>	Nang ang mga bersikulo ng Aklat na ito ay binigkas sa mga hindi naniniwala sa Diyos, sinasabi nila: ‘Ibigay sa amin ang isang aklat na katulad ng Qur’án at gawin ang pagbabago sa mga bersikulo.’ Sabihin: Hindi nag-utos ang Diyos sa Akin na dapat Kong palitan ang mga iyon sa Aking kaisyahan.’ Sinusunod Ko lamang yaong ipinahayag sa Akin. Sa katunayan, matatakot Ako sa Aking Panginoon sa Araw ng Paghihiwalay, na ang pagsapit, sa mismong katotohanan, ay hindi mababagong itinadhana Niya.⁹⁸ <i>Kabanata LXXI.</i>
O peoples of the earth! Verily the true God calleth saying: He Who is the Remembrance is indeed the sovereign Truth from God, and naught remaineth beyond truth but error,⁹⁹ and naught is there beyond error save fire, irrevocably ordained....	O mga tao ng kalupaan! Sa katunayan ang tunay ng Diyos ay nanawagan, sinasabi: Siya na Alaala ay tunay na ang makapangyarihang Katotohanan mula sa Diyos, at walang nananatiling lampas sa katotohanan kundi pagkakamali,¹⁰⁰ at walang naroroong lampas sa pagkakamali maliban ang apoy, na hindi mababagong itinadhana....
O Qurratu’l-‘Ayn! Point to Thy truthful breast through the power of truth and exclaim: I swear by the One true God, herein lieth the vicegerency of God; I am indeed the One Who is regarded as the Best Reward¹⁰¹ and I am indeed He Who is the Most Excellent Abode. <i>Chapter LXXII.</i>	O Qurratu’l-‘Ayn! Ituro ang Iyong makatotohanang dibdib sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan at ibulalas: Sumusumpa Ako sa Iisang tunay na Diyos, dito ay nakalagak ang kinatawan ng Diyos; Ako, sa katunayan, ay Siyang ipinapalagay bilang ang Pinakamabuting Gantimpala¹⁰² at Ako sa katunayan ay Siyang Pinakamahusay na Tahanan. <i>Kabanata LXXII.</i>
O ye concourse of the believers! Utter not words of denial against Me once the Truth is made manifest, for indeed the mandate of the Báb hath befittingly been proclaimed unto you in the Qur’án aforetime. I swear by your Lord, this Book is verily the same Qur’án which was sent down in the past. <i>Chapter LXXXI.</i>	O kayong kalipunan ng mga mananampalataya! Huwag sambitin ang mga salita ng pagtatatwa laban sa Akin kagyat na ang Katotohanan ay ginawang mahayag, sapagkat tunay na ang utos ng Báb ay naaangkop sa ipinahayag sa inyo sa Qur’án noon pa. Sumusumpa Ako sa inyong Panginoon, ang Aklat na ito, sa katunayan, ay katulad ng Qur’án na ipinadala nang nakaraan. <i>Kabanata LXXXI.</i>
O Thou cherished Fruit of the heart! Give ear to the melodies of this mystic Bird warbling in the loftiest heights of heaven. The Lord hath, in truth, inspired Me to proclaim: Verily, verily, I am God, He besides	O Ikaw na itinatanging Bunga ng puso! Pakinggan ang mga melodiya nitong mahiwagang Ibon na umaawit sa pinakamatayog na mga kataasan ng kalangitan. Ang Panginoon, sa katotohanan, ay

⁹⁷ cf. Qur’án 10:16.

⁹⁸ Ihambing sa Qur’án 10:16

⁹⁹ cf. Qur’án 10:33.

¹⁰⁰ Ihambing sa Qur’án 10:33

¹⁰¹ cf. Qur’án 18:42.

¹⁰² Ihambing sa Qur’án 18:42

Whom there is none other God. He is the Almighty, the All-Wise.	binigyang-sigla Ako upang ipahayag: Sa katunayan, sa katunayan, Ako ang Diyos, Siya na bukod sa Kaniya ay walang ibang Diyos. Siya ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Marunong.
O My servants! Seek ye earnestly this highest reward, as I have indeed created for the Remembrance of God gardens which remain inscrutable to anyone save Myself, and naught therein hath been made lawful unto anyone except those whose lives have been sacrificed in His Path. Hence beseech ye God, the Most Exalted, that He may grant you this meritorious reward, and He is in truth the Most High, the Most Great. Had it been Our wish, We would have brought all men into one fold round Our Remembrance, yet they will not cease to differ,¹⁰³ unless God accomplish what He willeth through the power of truth. In the estimation of the Remembrance this commandment hath, in very truth, been irrevocably ordained....	O Aking mga tagapaglingkod! Magsikap kayong matamo ang pinakadakilang gantimpala na ito, sapagkat tunay na Aking nilikha kayo para sa Alaala ng Diyos na ang mga hardin ay nananatiling di malirip ng sinuman liban sa Aking Sarili, at walang nasa loob nito ay ginawang makatarungan sa kaninuman liban doon sa ang mga buhay ay ipinagpakasakit sa Kaniyang Landas. Sa kadahilanang ito, sumamo kayo sa Diyos, ang Pinakamarangal, na harinawang ipagkaloob Niya sa inyo ang karapat-dapat na gantimpalang ito, at Siya sa katotohanan ay ang Pinakamataas, ang Pinakadakila. Kung Aming ninais, Aming ginawa sana ang lahat ng tao na isang kawan sa paligid ng Aming Alaala, subalit hindi rin sila hihinto na hindi magkaunawaan,¹⁰⁴ hanggang hindi nagagawa ng Diyos yaong ninanais Niya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan. Sa paningin ng Alaala ang kautusang ito, sa mismong katotohanan, ay hindi mababagong itinadhana....
God hath indeed chosen Thee to warn the people, to guide the believers aright and to elucidate the secrets of the Book. <i>Chapter LXXXV.</i>	Tunay na Ikaw ay pinili ng Diyos upang balaan ang mga tao, upang patnubayan ang mga mananampalataya nang tumpak at ipaliwanag ang mga lihim ng Aklat. <i>Kabanata LXXXV</i>
Should it be Our wish, it is in Our power to compel, through the agency of but one letter of Our Revelation, the world and all that is therein to recognize, in less than the twinkling of an eye, the truth of Our Cause....	Kung Aming nanaisin, nasa kapangyarihan Namin na pilitin, sa pamamagitan ng paggamit sa isang titik lamang ng Aming Rebelasyon, ang daigdig, at lahat ng naroroon, na tanggapin, nang mabilis pa sa isang kisap-mata, ang katotohanan ng Aming Kapakanan....
Truly other apostles have been laughed to scorn before Thee,¹⁰⁵ and Thou art none other but the Servant of God, sustained by the power of Truth. Erelong We shall prolong the days of such as have rejected the Truth by reason of that which their	Tunay na ang ibang mga apostol ay inaaglahing pinagtawanan sa harapan Mo,¹⁰⁷ at Ikaw ay walang iba kundi ang Tagapaglingkod ng Diyos, tinutulungan ng kapangyarihan ng Katotohanan. Hindi maglalaon, pahahabain Namin ang mga araw

¹⁰³ cf. Qur'án 11:120.

¹⁰⁴ Ihambing sa Qur'án 11:120

¹⁰⁵ cf. Qur'án 6:10.

¹⁰⁷ Ihambing sa Qur'án 6:10

hands have wrought, ¹⁰⁶ and verily God will not deal unjustly with anyone, even to the extent of a speck on a date-stone. <i>Chapter LXXXVII.</i>	noong mga nagtatwa sa Katotohanan dahilan sa mga ginawa ng kanilang mga kamay, ¹⁰⁸ at tunay ang Diyos ay hindi pinakikitunguhan ang sinuman nang walang katarungan, kahit na kasinliit ng isang maliit na batik sa isang buto ng datiles. <i>Kabanata LXXXVII.</i>
O ye peoples of the earth! By the righteousness of God, the True One, the testimony shown forth by His Remembrance is like unto a sun which the hand of the merciful Lord hath raised high in the midmost heart of the heaven, wherefrom it shineth in the plenitude of its meridian splendor....	O kayong mga tao ng kalupaan! Sa kabanalan ng Diyos, Siya na Tunay, ang katibayan na ipinakita ng Kaniyang Alaala ay katulad ng isang araw na pinasikat sa kaitaasan, ng kamay ng mahabaging Panginoon doon, sa kalagitnaan ng puso ng kalangitan, na mula roon ito ay magniningning sa kataasan ng karingalan ng katanghalian nito....
With each and every Prophet Whom We have sent down in the past, We have established a separate Covenant concerning the Remembrance of God and His Day. Manifest, in the realm of glory and through the power of truth, are the Remembrance of God and His Day before the eyes of the angels that circle His mercy-seat. <i>Chapter XCI.</i>	Sa bawat isa at lahat ng Propeta na Aming ipinadala noong nakaraan, nagtatag Kami ng isang nabubukod na Banal na Kasunduan tungkol sa Alaala ng Diyos at sa Kaniyang Araw. Nahahayag, sa kaharian ng kaluwalhatian at sa pamamagitan ng lakas ng katotohanan, ang Alaala ng Diyos at ang Kaniyang Araw sa harap ng mga mata ng mga anghel na lumilibot sa Kaniyang luklukan ng habag. <i>Kabanata XCI.</i>
O hour of the Dawn! Ere the resplendent glory of the divine Luminary sheddeth its radiance from the Dayspring of this Gate, call thou to mind that the appointed Day of God will indeed be at hand in less than the twinkling of an eye. Thus hath the decree of God been issued in the Mother Book. <i>Chapter XCIV.</i>	O oras ng Bukang-Liwayway! Bago isabog ng maringal na luwalhati ang banal na makalangit na Liwanag ang ningning nito mula sa Pamimitak ng Pinto na ito, tandaan na ang itinakdang Araw ng Diyos ay tunay na malapit nang hindi kukulangin sa isang kisap ng mata. Sa gayon ang kautusan ng Diyos ay inihayag sa Inang Aklat. <i>Kabanata XCIV.</i>
O concourse of the faithful! Verily the object of each and every sign revealed by God in the Scriptures or in the world at large or in the hearts of men is but to make them fully realize that this Remembrance is indeed the True One from God. Verily God is cognizant of all things through the power of eternal Truth....	O Kalipunan ng matatapat! Sa katunayan ang pakay ng bawat isa at lahat ng palatandaang ipinahayag ng Diyos sa mga Banal na Kasulatan o sa buong daigdig o sa mga puso ng tao ay ang gawin lamang na maunawaan nang lubos na ang Alaala na ito ay ang totoong Siya na Tunay na mula sa Diyos. Sa katunayan nababatid ng Diyos ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng walang kamatayang Katotohanan....
O ye that circle the throne of glory! Harken unto My Call which is raised from the midst of the	O kayo na umiikot sa trono ng kaluwalhatian! Makinig sa Aking Panawagan na pinalakas mula sa

¹⁰⁶ cf. Qur'án 3:172.

¹⁰⁸ Ihambing sa Qur'án 3:172

Burning Bush, “Verily I am God and there is none other God but Me. Hence worship Me, and for the sake of Him Who is the Most Great Remembrance, offer ye prayers, purged from the insinuations of the people, for verily your Lord, the One true God, is none other than the Sovereign Truth. Indeed such as invoke others besides Him are deservedly numbered among the inmates of the fire, while He Who is the Remembrance of God verily abideth, firm and undeviating, on the Path of Truth amidst the Burning Bush....”	gitna ng Nag-aapoy ng Palumpong, “Sa katunayan Ako ang Diyos at walang ibang Diyos liban sa Akin. Sa gayon sambahin Ako, at alang-alang sa Kaniya na Pinakadakilang Alaala, ay mag-alay kayo ng mga panalangin, naging malinis mula sa mga pasaring ng tao, sapagkat sa katunayan ang inyong Panginoon, ang Iisang tunay na Diyos, ay walang iba kundi ang Pinakamakapangyarihang Katotohanan, Tunay na yaong mga tumatawag sa iba liban sa Kaniya ay karapat-dapat na ibilang sa mga nananahan sa apoy, samantalang Siyang Alaala ng Diyos sa katunayan ay nananahan, matatag at hindi lumilihis, sa Landas ng Katotohanan sa gitna ng Nag-aapoy na Palumpong....”
O peoples of the earth! Inflict not upon the Most Great Remembrance what the Umayyads cruelly inflicted upon Ḥusayn in the Holy Land. By the righteousness of God, the True One, He is indeed the Eternal Truth, and unto Him God, verily, is a witness. <i>Chapter XVII.</i>	O mga tao ng kalupaan! Huwag ipalaspas sa Pinakadakilang Alaala yaong malupit na ipinalaspas kay Husayn ng mga Umayyad sa Banal na Lupain. Saksi ang pagkamakatarungan ng Diyos, ang Siyang Tunay, tunay na Siya ang Walang Kamatayang Katotohanan, at sa Kaniya, sa katunayan, ay isang saksi ang Diyos. <i>Kabanata XVII.</i>
God had, in truth, proposed Our Mission unto the heavens and the earth and the mountains, but they refused to bear it and were afraid thereof. However, Man, this ‘Alí, Who is none other but the Great Remembrance of God, undertook to bear it. Hence God, the All-Encompassing, hath referred to Him in His Preserved Book as the “Wronged One,” and by reason of His being undistinguished before the eyes of men, He hath, according to the judgment of the Book, been entitled “the Unknown.”...¹⁰⁹	Ang Diyos, sa katotohanan, ay inialok ang Aming Misyong sa mga kalangitan at sa kalupaan at sa mga kabundukan, subalit tumanggi sila na itaguyod iyon at natakot doon. Subalit, ang Tao, ang ‘Alí na ito, na walang iba kundi ang Dakilang Alaala ng Diyos, ay tinanggap na itaguyod iyon. Kung kaya ang Diyos, ang Lubos na Sumasaklaw, ay tinukoy Siya sa Kaniyang Iniingatang Aklat bilang ‘Siya na Pinagkasalahan’, at dahilan sa Kaniyang pagiging hindi natatangi sa paningin ng mga tao, Siya, sang-ayon sa pasiya ng Aklat, ay tinawag na “ang Hindi Kilala.”...¹¹⁰
Erelong We will, in very truth, torment such as waged war against Ḥusayn [Imám Ḥusayn], in the Land of the Euphrates, with the most afflictive torment, and the most dire and exemplary punishment....	Hindi magtatagal, sa katotohanan mismo, Aming lubos na parurusahan yaong mga nagtaguyod ng digmaan laban kay Husayn [Imám Husayn], sa Lupain ng Euphrates, nang may sukdulang kahapis-hapis na kaparusahan, at ng lubos na kahila-hilakbot at pambabalang kaparusahan....
God knoweth well the heart of Ḥusayn, the heat of His burning thirst and His long-suffering for the	Lubos na nababatid ng Diyos ang puso ni Husayn, ang init ng Kaniyang nag-aapoy na uhaw at ang

¹⁰⁹ cf. Qur’án 33:72.

¹¹⁰ Ihambing sa Qur’án 33:72

sake of God, the Incomparable, the Ancient of Days; and unto Him God is verily a witness. <i>Chapter XII.</i>	Kaniyang matiyagang pagdurusa alang-alang sa Diyos, ang Walang Katulad, ang Napakatanda ng mga Araw; at sa Kaniya ang Diyos, sa katunayan, ay isang saksi. <i>Kabanata XII.</i>
Hearken unto the Voice of Thy Lord calling from Mount Sinai, “Verily there is no God but Him, and I am the Most Exalted One Who hath been veiled in the Mother Book according to the dispensations of Providence.” <i>Chapter XIX.</i>	Makinig sa Tinig ng Iyong Panginoon na nananawagan mula sa Bundok ng Sinai, ‘Sa katunayan walang Diyos liban sa Kaniya, at Ako ay ang Pinakamarangal na nalambungan sa Inang Aklat sang-ayon sa mga kapahintulutan ng Maykapal.’ <i>Kabanata XIX.</i>
This Book which We have sent down is indeed abounding in blessings ¹¹¹ and beareth witness to the Truth, so that the people may realize that the conclusive Proof of God in favor of His Remembrance is similar to the one wherewith Muḥammad, the Seal of the Prophets, was invested, and verily great is the Cause as ordained in the Mother Book. <i>Chapter LXVI.</i>	Ang Aklat na Aming ipinadala ay tunay na masagana sa mga biyaya ¹¹² at sumasaksi sa Katotohanan, upang maunawaan nawa ng tao na ang maliwanag na Katibayan ng Diyos sa pagtatangi sa Kaniyang Alaala ay katulad noong ipinagkaloob kay Muḥammad, ang Selyo ng mga Propeta, at sa katunayan ay dakila ang Kapakanan ayon sa itinadhana sa Inang Aklat. <i>Kabanata LXVI.</i>
This Remembrance is indeed the glorious Remnant of the Light of God, and He will be best for you, ¹¹³ if ye in very truth remain faithful to God, the Most Exalted....	Ang Alaala na ito ay tunay na ang maluwalhating Labi ng Liwanag ng Diyos, at Siya ay lubos na makabubuti para sa iyo, ¹¹⁴ kung kayo sa mismong katotohanan ay mananatiling tapat sa Diyos, ang Pinakamarangal....
We have in truth sent Thee forth unto all men, by the leave of God, invested with Our signs and reinforced by Our unsurpassed sovereignty. He is indeed the appointed Bearer of the Trust of God....	Sa katotohanan, ipinadala Namin Ikaw sa lahat ng tao, sa kapahintulutan ng Diyos, ipinagkaloob ang Aming mga palatandaan at pinalakas ng Aming hindi madadaig na kapangyarihan. Tunay na Siya ang hinirang na Tagapagdala ng Ipinagkatiwala ng Diyos....
O Qurratu’l-‘Ayn! Persevere steadfastly as Thou art bidden and let not the faithless amongst men nor their utterances grieve Thee, since Thy Lord shall, by the righteousness of God, the Most Great, pass judgment upon them on the Day of Resurrection, and surely God witnesseth all things. <i>Chapter LXXXIV.</i>	O Qurratu’l-‘Ayn! Matatag na magtiis tulad ng ipinag-utos sa Iyo at huwag hayaan ang hindi matapat sa mga tao ni ang kanilang mga sinasabi ay makalumbay sa Iyo, sapagkat ang Iyong Panginoon, sa pagkamakatarungan ng Diyos, ang Pinakadakila, ay magpapataw ng hatol sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at nang nakatitiyak, lahat ng bagay ay nasasaksihan ng Diyos. <i>Kabanata LXXXIV.</i>

¹¹¹ cf. Qur’án 6:93.

¹¹² Ihambing sa Qur’án 6:93

¹¹³ cf. Qur’án 11:87.

¹¹⁴ Ihambing sa Qur’án 11:87

This Religion is indeed, in the sight of God, the essence of the Faith of Muḥammad; haste ye then to attain the celestial Paradise and the all-highest Garden of His good-pleasure in the presence of the One True God, could ye but be patient and thankful before the evidences of the signs of God. <i>Chapter XLVIII.</i>	Ang Relihiyon na ito, sa paningin ng Diyos, ay tunay na ang diwa ng Pananampalataya ni Muḥammad; kung gayon, magmadali kayo upang makarating sa makalangit na Paraiso at sa pinakamataas sa lahat na Hardin ng Kaniyang mabuting kaluguran sa harapan ng Iisang Tunay na Diyos, kung kayo ay magiging matiyaga lamang at magiging mapagpasalamat sa harap ng mga katibayan ng mga palatandaan ng Diyos. <i>Kabanata XLVIII.</i>
O My servants! This is God's appointed Day which the merciful Lord hath promised you in His Book; wherefore, in very truth, glorify ye abundantly the name of God while treading the Path of the Most Great Remembrance....	O Aking mga tagapaglingkod! Ito ang itinakdang Araw ng Diyos na ipinangako sa inyo ng mahabaging Panginoon sa Kaniyang Aklat; dahil dito, sa mismong katotohanan, masaganang luwalhatiin ninyo ang pangalan ng Diyos samantalang tinatahak ang Landas ng Pinakamakapangyarihang Alaala....
Verily God hath granted leave to His Remembrance to say whatsoever He willeth in whatever manner He pleaseth. Indeed whatsoever He chooseth is none other than what is chosen by Us. The Lord, in truth, witnesseth all things. <i>Chapter LXXXVII.</i>	Sa katunayan ipinagkaloob ng Diyos ang pahintulot sa Kaniyang Alaala na sabihin ang anumang niloloob Niya sa anumang paraan na ninanais Niya. Tunay na anuman ang Kaniyang piliin ay walang iba kundi yaong pinili Namin. Ang Panginoon, sa katotohanan, ay nasasaksihan ang lahat ng bagay. <i>Kabanata LXXXVII.</i>
Indeed We conversed with Moses by the leave of God from the midst of the Burning Bush in the Sinai and revealed an infinitesimal glimmer of Thy Light upon the Mystic Mount and its dwellers, whereupon the Mount shook to its foundations and was crushed into dust....	Tunay na Kami ay nakipag-usap kay Moises sa kapahintulutan ng Diyos mula sa gitna ng Nag-aapoy na Palumpong sa Sinai at ipinahayag ang napakaliit na kislap ng Iyong Liwanag sa ibabaw ng Mahiwagang Bundok at mga nananahan dito, sa gayon ang Bundok ay nayanig sa mga saligan nito at nadurog hanggang sa maging alabok....
O peoples of the earth! I swear by your Lord! Ye shall act as former generations have acted. Warn ye, then, yourselves of the terrible, the most grievous vengeance of God. For God is, verily, potent over all things. <i>Chapter LIII.</i>	O mga tao ng kalupaan! Sumusumpa Ako sa inyong Panginoon! Kayo ay kikilos katulad ng ikinilos ng naunang mga salinlahi. Balaan ninyo, kung gayon, ang inyong mga sarili sa pinaka kahila-hilakbot, sa pinakamalubhang higanti ng Diyos. Sapagkat ang Diyos, sa katunayan, ay makapangyarihan sa lahat ng bagay. <i>Kabanata LIII.</i>
O Qurratu'l-'Ayn! I recognize in Thee none other except the "Great Announcement"—the Announcement voiced by the Concourse on high.	O Qurratu'l-'Ayn! Ako ay walang ibang nakikita sa Iyo liban sa ang 'Dakilang Pahayag' — ang Pahayag na sinabi ng Kalipunan sa itaas. Sa pangalang ito, Ako ay sumasaksi, sila na umiikot sa

By this name, I bear witness, they that circle the Throne of Glory have ever known Thee.	Trono ng kaluwalhatian na kailanman ay nakakikilala sa Iyo.
O concourse of the believers! Do ye harbor any doubt as to that whereunto the Remembrance of God doth summon you? By the righteousness of the One true God, He is none other than the sovereign Truth Who hath been made manifest through the power of Truth. Are ye in doubt concerning the Báb? Verily He is the One Who holdeth, by Our leave, the kingdoms of earth and heaven in His grasp, and the Lord is in truth fully aware of what ye are doing....	O kalipunan ng mga mananampalataya! Nagkikimkim ba kayo ng anumang alinlangan tungkol doon sa ipinananawagan sa inyo ng Alaala ng Diyos? Saksi ang pagkamakatarungan ng Iisang tunay na Diyos, Siya ay walang iba kundi ang pinakamakapangyarihang Katotohanan na ginawang mahayag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Katotohanan. Kayo ba ay nag-aalinlangan tungkol sa Báb? Sa katunayan Siya yaong may hawak, sa Aming kapahintulutan, ng mga kaharian ng kalupaan at kalangitan sa Kaniyang kamay, at ang Panginoon sa katotohanan ay ganap na nababatid ang inyong ginagawa....
Indeed I am but a man like unto you. However, God bestoweth upon Me whatever favors He willeth as He pleaseth, and that which your Lord hath decreed in the Mother Book is unbounded. <i>Chapter LXXXVIII.</i>	Tunay na Ako ay isang tao lamang tulad ninyo. Datapwat ipinagkaloob ng Diyos sa Akin ang anumang mga tangkilik na Kaniyang ninanais na loobin Niya, at yaong itinadhana ng inyong Panginoon sa Inang Aklat ay hindi natatakdaan. <i>Kabanata LXXXVIII.</i>
God, of a truth, revealed unto Me in the sacred house of the Ka‘bah, “Verily, I am God, no God is there but Me. I have singled Thee out for Myself and have chosen Thee as the Remembrance. Indeed, whosoever beareth allegiance unto Thee by walking in the way of the Báb, for him the recompense of the next world hath surely been prescribed....” It is ordained in the Book that upon the realization of the Cause of the Remembrance, the Most Great Event will have come to pass according to the dispensation of Providence, and God, truly, is potent over all things. <i>Chapter LXXIX.</i>	Sa katotohanan, ipinahayag sa Akin ng Diyos sa banal na tahanan ng Ka‘bah, ‘Sa katunayan, Ako ang Diyos, walang ibang Diyos liban sa Akin. Ikaw ay aking ibinukod para sa Aking Sarili at hinirang Ikaw bilang ang Alaala. Tunay, sinuman ang nagtataglay ng katapatan sa Iyo sa paglakad sa landas ng Báb, para sa kaniya, ang gantimpala ng susunod na daigdig ay tiyak nang ipinag-utos....’ Itinadhana sa Aklat na sa oras na matupad ang Kapakanan ng Alaala, ang Pinakadakilang Pangyayari ay magaganap na sang-ayon sa kapahintulutan ng Maykapal, at tunay ang Diyos ay malakas sa lahat ng bagay. <i>Kabanata LXXIX.</i>
O Qurratu’l-‘Ayn! Say: Verily I am the One Who is hailed in the Mother Book as the “Great Announcement.” Say: The people have grievously differed over Me, whereas in truth there is no difference between Me and the Báb; and God, the Eternal Truth, is sufficient witness. <i>Chapter LXXVII.</i>	O Qurratu’l-‘Ayn! Sa katunayan, Ako yaong ipinagbunyi sa Inang Aklat bilang ang ‘Dakilang Pahayag’. Sabihin: Ang mga tao ay lubhang hindi nagkasundo dahil sa Akin, samantalang sa katotohanan ay walang pagkakaiba sa pagitan Ko at ng Báb; at ang Diyos, ang Walang Kamatayang Katotohanan, ay sapat na saksi. <i>Kabanata LXXVII.</i>
I am the Mystic Fane which the Hand of Omnipotence hath reared. I am the Lamp which the	Ako ang Mahiwagang Templo na itinayo ng Kamay ng Walang Hanggang Kapangyarihan. Ako ang

Finger of God hath lit within its niche and caused to shine with deathless splendor. I am the Flame of that supernal Light that glowed upon Sinai in the gladsome Spot, and lay concealed in the midst of the Burning Bush. <i>Chapter XCIV.</i>	Lampara na sinindihan ng Daliri ng Diyos sa loob ng angkop na lugar at naging sanhi upang magningning sa walang kamatayang kaluwalhatian. Ako ang Ningas noong makalangit na Liwanag na nag-alab sa Sinai sa kalugod-lugod na Pook, at nakukubli sa gitna ng Nag-aalab na Palumpung. <i>Kabanata XCIV.</i>
As a token of pure justice, We have indeed sent tidings unto every Prophet concerning the Cause of Our Remembrance, and verily God is supreme over all the peoples of the world. <i>Chapter LXXXIII.</i>	Bilang kaloob ng dalisay na katarungan, tunay na nagpadala Kami ng mga balita sa bawat Propeta tungkol sa Kapakanan ng Aming Alaala, at tunay, ang Diyos ang pinakamataas sa lahat ng mga tao ng daigdig. <i>Kabanata LXXXIII.</i>
3	3
Excerpts from the Persian Bayán	Mga Halaw mula sa Bayán sa Wikang Persiyano
It is better to guide one soul than to possess all that is on earth, for as long as that guided soul is under the shadow of the Tree of Divine Unity, he and the one who hath guided him will both be recipients of God's tender mercy, whereas possession of earthly things will cease at the time of death. The path to guidance is one of love and compassion, not of force and coercion. This hath been God's method in the past, and shall continue to be in the future! He causeth him whom He pleaseth to enter the shadow of His Mercy. Verily, He is the Supreme Protector, the All-Generous.	Higit na mabuti na pumatnubay sa isang kaluluwa kaysa sa magmay-ari ng lahat ng nasa lupa, sapagkat hanggang ang pinatnubayang kaluluwang iyon ay nasa ilalim ng lilim ng Puno ng Banal na Pagkakaisa, siya at yaong kaniyang pinatnubayan ay kapuwa tatanggap ng mapagmahal na pagpapala ng Diyos, samantalang ang pagmamay-ari ng makamundong bagay ay hihinto sa oras ng kamatayan. Ang landas tungo sa pamamatnubay ay yaong pagmamahal at pakikiramay, hindi lakas at pamimilit. Ito ang naging paraan ng Diyos sa nakaraan, at patuloy na magiging paraan sa hinaharap! Ginagawa Niyang makapasok yaong Kaniyang ninanais sa lilim ng Kaniyang Habag. Sa katunayan, Siya ang Kataas-taasang Tagapagtanggol, ang Lubos na Magandang-Loob.
There is no paradise more wondrous for any soul than to be exposed to God's Manifestation in His Day, to hear His verses and believe in them, to attain His presence, which is naught but the presence of God, to sail upon the sea of the heavenly kingdom of His good-pleasure, and to partake of the choice fruits of the paradise of His divine Oneness. <i>II, 16.</i>¹¹⁵	Walang paraiso ang higit na kahanga-hanga pa para sa alinmang kaluluwa kaysa sa malaman ang tungkol sa Kahayagan ng Diyos sa Kaniyang Panahon, ang mapakinggan ang Kaniyang mga bersikulo, at manalig sa mga iyon, ang makarating sa Kaniyang kinaroroonan, na walang iba kundi ang kinaroroonan ng Diyos, ang makapaglayag sa karagatan ng makalangit na kaharian ng Kaniyang mabuting-kasiyahan, at ang matikman ang mga

¹¹⁵ The Bayán is divided into váhids and chapters, to which these numbers refer.

	piling prutas ng paraiso ng Kaniyang banal na Kaisahan. <i>II, 16.</i> ¹¹⁶
Worship thou God in such wise that if thy worship lead thee to the fire, no alteration in thine adoration would be produced, and so likewise if thy recompense should be paradise. Thus and thus alone should be the worship which becometh the one True God. Shouldst thou worship Him because of fear, this would be unseemly in the sanctified Court of His presence, and could not be regarded as an act by thee dedicated to the Oneness of His Being. Or if thy gaze should be on paradise, and thou shouldst worship Him while cherishing such a hope, thou wouldst make God's creation a partner with Him, notwithstanding the fact that paradise is desired by men.	Sambahin mo ang Diyos nang ganoon na kung aakayin ka ng iyong pagsamba sa apoy, walang mangyayaring pagbabago sa iyong pagmamahal, at gayundin, kung ang iyong gantimpala ay magiging paraiso. Sa ganoon at sa ganoon lamang nararapat ang pagsamba sa iisang Tunay na Diyos. Kung sasambahin mo Siya dahilan sa takot, ito ay hindi magiging karapat-dapat sa banal na Korte ng Kaniyang kinaroroonan, at hindi maaaring ipalagay bilang isa mong kilos na nauukol sa Kaisahan ng Kaniyang Katauhan. O kung ang iyong paningin ay nakatutok doon sa paraiso, at sasambahin mo Siya samantalang nagtatangi ng ganoong pag-asa, gagawin mo na ang nilalang ng Diyos ay kasamahan Niya, sa kabila ng katotohanang ang paraiso ay hinahangad ng mga tao.
Fire and paradise both bow down and prostrate themselves before God. That which is worthy of His Essence is to worship Him for His sake, without fear of fire, or hope of paradise.	Ang apoy at paraiso ay kapwa yumuyuko at nagpapatirapa ang kanilang sarili sa harap ng Diyos. Yaong nararapat sa Kaniyang Diwa ay ang sambahin Siya alang-alang sa Kaniya, nang walang takot sa apoy, o pag-asa sa paraiso.
Although when true worship is offered, the worshipper is delivered from the fire, and entereth the paradise of God's good-pleasure, yet such should not be the motive of his act. However, God's favor and grace ever flow in accordance with the exigencies of His inscrutable wisdom.	Kahiman kapag ang tunay na pagsamba ay inialay, ang sumasamba ay ililigtas mula sa apoy, at pumapasok sa paraiso ng mabuting-kasiyahan ng Diyos, subalit ang ganito ay hindi dapat maging layunin ng kaniyang kilos. Gayumpaman, ang pagmamahal at pagpapala ng Diyos ay palagiang dumadaloy sang-ayon sa mga pangangailangan ng Kaniyang hindi malirip na karunungan.
The most acceptable prayer is the one offered with the utmost spirituality and radiance; its prolongation hath not been and is not beloved by God. The more detached and the purer the prayer, the more acceptable is it in the presence of God. <i>VII, 19.</i>	Ang panalanging tinatanggap nang lubos ay yaong iniaalay nang may sukdulang kabanalan at kaliwanagan; ang pagpapahaba nito ay hindi inibig at hindi iibigin ng Diyos. Ang higit na malaya at dalisay na panalangin ay higit na tinatanggap sa piling ng Diyos. <i>VII, 19.</i>
The Day of Resurrection is a day on which the sun riseth and setteth like unto any other day. How oft hath the Day of Resurrection dawned, and the people of the land where it occurred did not learn of	Ang Araw ng Muling Pagkabuhay ay isang araw kung kailan ang araw ay sumisikat at lumulubog katulad ng ibang araw. Gaano kadalas na ang Araw ng Muling Pagkabuhay ay namitak, at ang mga tao

¹¹⁶ Ang Bayán ay nahahati sa mga váhid at mga kabanata, na tinutukoy ng mga numerong ito.

the event. Had they heard, they would not have believed, and thus they were not told!	ng lupain kung saan ito naganap ay hindi nabatid ang pangyayari. Kung narinig nila, hindi nila magagawang maniwala, at sa gayon sila ay hindi sinabihan!
When the Apostle of God [Muḥammad] appeared, He did not announce unto the unbelievers that the Resurrection had come, for they could not bear the news. That Day is indeed an infinitely mighty Day, for in it the Divine Tree proclaimeth from eternity unto eternity, “Verily, I am God. No God is there but Me.” Yet those who are veiled believe that He is one like unto them, and they refuse even to call Him a believer, although such a title in the realm of His heavenly Kingdom is conferred everlastingly upon the most insignificant follower of His previous Dispensation. Thus, had the people in the days of the Apostle of God regarded Him at least as a believer of their time how would they have debarred Him, for seven years while He was in the mountain, from access to His Holy House [Ka‘bah]? Likewise in this Dispensation of the Point of the Bayán, if the people had not refused to concede the name believer unto Him, how could they have incarcerated Him on this mountain, without realizing that the quintessence of belief oweth its existence to a word from Him? Their hearts are deprived of the power of true insight, and thus they cannot see, while those endowed with the eyes of the spirit circle like moths round the Light of Truth until they are consumed. It is for this reason that the Day of Resurrection is said to be the greatest of all days, yet it is like unto any other day. <i>VIII, 9.</i>	Nang ang Apostol ng Diyos [Muḥammad] ay dumating, hindi Niya ipinahayag sa mga hindi nananampalataya na ang Muling Pagkabuhay ay dumating na, sapagkat hindi nila mababata ang balita. Ang Araw na iyon ay tunay na walang-hanggang makapangyarihang Araw, sapagkat dito ang Banal na Puno ay ipinahayag mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, ‘Sa katunayan, Ako ang Diyos. Walang Diyos liban sa Akin.’ Subalit yaong mga nalambungan ay naniniwala na Siya ay isang katulad nila, at tumanggi silang tawagin Siya kahit na isang mananampalataya, kahiman ang gayong titulo ay walang-hanggang ipinagkaloob sa lubos na walang halagang tagasunod sa Kaniyang dating Dispensasyon. Samakatwid, kung ang mga tao sa mga araw ng Apostol ng Diyos ay ipinalagay Siya kahit na bilang isang mananampalataya ng kanilang panahon, paano nila Siya hinadlangan, sa loob ng pitong taon, samantalang Siya ay nasa bundok, na makapunta sa Kaniyang Banal na Tahanan [Ka‘bah]? Gayundin, dito sa Dispensasyon ng Tuldok ng Bayán, kung ang mga tao ay hindi tumangging tanggapin ang katawagang mananampalataya sa Kaniya, paano nila Siya ibinilanggo sa bundok na ito, nang hindi nauunawaan ang dalisay na kabuuran ng paniniwala ay utang ang buhay nito sa isang salita mula sa Kaniya? Ang kanilang mga puso ay pinagkaitan ng lakas ng tunay na pang-unawa, at sa gayon ay hindi sila makakita, samantalang yaong pinagkalooban ng mga mata ng espiritu ay umiikot katulad ng mga gamu-gamo sa palibot ng Liwanag ng Katotohanan hanggang sa sila ay natupok. Sa kadahilanang ito na ang Araw ng Muling Pagkabuhay ay nasabi na ang pinakadakila sa lahat ng mga araw, subalit ito ay katulad ng alinman sa ibang araw. <i>VIII, 9.</i>
There is no paradise, in the estimation of the believers in the Divine Unity, more exalted than to obey God’s commandments, and there is no fire in the eyes of those who have known God and His signs, fiercer than to transgress His laws and to oppress another soul, even to the extent of a	Walang paraiso, sa palagay ng mga mananampalataya sa Banal na Kaisahan, ang higit na dadakila pa kaysa sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, at walang apoy, sa mga mata noong nakakilala sa Diyos at sa Kaniyang mga palatandaan, ang higit na titindi pa kaysa roon sa

mustard seed. On the Day of Resurrection God will, in truth, judge all men, and we all verily plead for His grace. <i>V, 19.</i>	paglabag sa Kaniyang mga batas at pang-aapi sa ibang kaluluwa, kahit na kasing liit ng buto ng mustasa. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay, tunay na hahatulan ng Diyos ang lahat ng tao, at tunay na tayong lahat ay luluhog sa Kaniyang pagpapala. <i>V, 19</i>
God loveth those who are pure. Naught in the Bayán and in the sight of God is more loved than purity and immaculate cleanliness....	Minamahal ng Diyos yaong mga dalisay. Wala sa Bayán at sa paningin ng Diyos ang lalong minamahal kundi ang kadalisan at ang busilak na kalinisan....
God desireth not to see, in the Dispensation of the Bayán, any soul deprived of joy and radiance. He indeed desireth that under all conditions, all may be adorned with such purity, both inwardly and outwardly, that no repugnance may be caused even to themselves, how much less unto others. <i>V, 14.</i>	Hindi nais makita ng Diyos, sa Dispensasyon ng Bayán, na mapagkaitan ang sinumang kaluluwa ng kaligayahan at kaningningan. Tunay na nais Niya, sa ilalim ng lahat ng kalagayan na ang lahat ay harinawang mapalamutian ng gayong kadalisan, kapuwa sa panloob at panlabas, upang walang pagkarimarim ang mangyari kahit na sa kanilang sarili, paano pa sa iba. <i>V, 14.</i>
Likewise consider the manifestation of the Point of the Bayán. There are people who every night until morning busy themselves with the worship of God, and even at present when the Daystar of Truth is nearing its zenith in the heaven of its Revelation, they have not yet left their prayer rugs. If anyone of them ever heard the wondrous verses of God recited unto him, he would exclaim: "Why dost thou keep me back from offering my prayers?" O thou who art wrapt in veils! If thou makest mention of God, wherefore sufferest thou thyself to be shut out from Him Who hath kindled the light of worship in thy heart? If He had not previously revealed the injunction: "Verily, make ye mention of God," ¹¹⁷ what would have prompted thee to offer devotion unto God, and whereunto wouldst thou turn in prayer?	Gayundin isaalang-alang ang paghahayag ng Tuldok ng Bayán. May mga tao na gabi-gabi hanggang umaga ay abala ang kanilang mga sarili sa pagsamba sa Diyos, at kahit na sa kasalukuyan ang Araw-Bituin ng Katotohanan ay nalalapit sa tugatog nito sa kalangitan ng Rebelasyon nito, hindi pa nila iniwan ang kanilang mga alpombra ng dalanginan. Kung may isa sa kanila ang nakarinig na sa kamangha-manghang mga bersikulo ng Diyos na binigkas sa kaniya, ibubulalas niya: 'Bakit mo ako hinadlangan sa pag-aalay ng aking mga dalangin?' O ikaw na nababalot ng mga lambong! Kung iyong ginawang banggitin ang Diyos, sa anong dahilan mo pinapaghirap ang iyong sarili na mapahiwalay sa Kaniya na Siyang nagsindi ng liwanag ng pagsamba sa iyong puso? Kung hindi Niya ipinahayag noon ang atas: 'Sa katunayan, iyong banggitin ang Diyos' ¹¹⁸ , ano ang nakapag-udyok sa iyo upang mag-alay ng taimtim na panalangin sa Diyos, at saan ka babaling sa pananalangin?
Know thou of a certainty that whenever thou makest mention of Him Whom God shall make manifest, only then art thou making mention of God. In like	Iyong alamin nang tiyakan na kailanman iyong babanggitin Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, pagkatapos lamang niyon na iyong

¹¹⁷ Qur'án 8:47; 33:41; 62:10.

¹¹⁸ Qur'án 8:47; 33:41; 62:10

manner shouldst thou hearken unto the verses of the Bayán and acknowledge its truth, only then would the revealed verses of God profit thee. Otherwise what benefit canst thou derive therefrom? For wert thou to prostrate thyself in adoration from the beginning of life till the end and to spend thy days for the sake of God's remembrance, but disbelieve in the Exponent of His Revelation for the age, dost thou imagine that thy deeds would confer any benefit upon thee? On the other hand, if thou believest in Him and dost recognize Him with true understanding, and He saith: "I have accepted thine entire life spent in My adoration," then assuredly hast thou been worshiping Him most ardently. Thy purpose in performing thy deeds is that God may graciously accept them; and divine acceptance can in no wise be achieved except through the acceptance of Him Who is the Exponent of His Revelation. For instance, if the Apostle of God—may divine blessings rest upon Him—accepted a certain deed, in truth God accepted it; otherwise it hath remained within the selfish desires of the person who wrought it, and did not reach the presence of God. Likewise, any act which is accepted by the Point of the Bayán is accepted by God, inasmuch as the contingent world hath no other access unto the presence of the Ancient of Days. Whatever is sent down cometh through the Exponent of His Revelation, and whatever ascendeth, ascendeth unto the Exponent of His Revelation. <i>VIII, 19.</i>	magagawang banggitin ang Diyos. Sa ganoong gawi na iyong nararapat pakinggan ang mga bersikulo ng Bayán at tanggapin ang katotohanan nito, pagkatapos lamang niyon na ang ipinahayag na mga bersikulo ng Diyos ay makabubuti sa iyo. Kung hindi, anong kapakinabangan ang iyong makakamtan mula doon? Sapagkat kung ikaw mismo ay magpapatirapa sa pagsamba mula sa simula ng buhay hanggang sa wakas at gugugulin ang iyong mga araw alang-alang sa paggunita sa Diyos, subalit hindi pinaniniwalaan ang Tagapagtaguyod ng Kaniyang Rebelasyon para sa panahon, iyo bang naiisip na ang iyong mga gawa ay magbibigay ng anumang kapakinabangan para sa iyo? Sa kabilang dako, kung ikaw ay naniniwala sa Kaniya at tinatanggap Siya nang may tunay na pagkaunawa, at Siya ay nagsasabi: 'Aking tinanggap ang iyong buong buhay na ginugol sa pagsamba sa Akin', kung gayon nakatitiyak na ganap na maalab na iyong sinasamba Siya. Ang iyong layunin sa pagsasagawa ng iyong mga ginawa ay upang harinawang magiliw na tanggapin ng Diyos ang mga iyon, at ang banal na pagtanggap ay hindi matatamo liban sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kaniya na Siyang Tagapagtaguyod ng Kaniyang Rebelasyon. Halimbawa, kung ang Apostol ng Diyos — harinawang ang mga banal na biyaya ay mapasa-Kaniya — ay tinanggap ang isang gawa, sa katotohanan, ito ay tinanggap ng Diyos; kung hindi ito ay nananatiling napapaloob sa makasariling mga hangarin ng tao na gumawa nito, at hindi umabot sa harapan ng Diyos. Gayundin, anumang kilos na tinanggap ng Tuldok ng Bayán ay tinanggap ng Diyos, yayamang ang walang katiyakang daigdig ay walang ibang landas patungo sa kinaroroonan ng Napakatanda sa mga Araw. Anuman ang ipinadala ay mula sa pamamagitan ng Tagapagtaguyod ng Kaniyang Rebelasyon, at anuman ang umakyat, ay umakyat sa Tagapagtaguyod ng Kaniyang Rebelasyon. <i>VIII, 19.</i>
There is no doubt that the Almighty hath sent down these verses unto Him [the Báb], even as He sent down unto the Apostle of God. Indeed no less than a hundred thousand verses similar to these have already been disseminated among the people, not to mention His epistles, His prayers or His learned and philosophical treatises. He revealeth no less than a thousand verses within the space of five hours. He	Walang alinlangan na ang Lubos na Makapangyarihan ay ipinadala ang mga bersikulong ito sa Kaniya [ang Báb], tulad ng Kaniyang ipinadala sa Apostol ng Diyos. Tunay na hindi kukulangin sa isang-daang libong mga bersikulo na katulad ng mga ito ay naipamahagi na sa mga tao, huwag nang banggitin pa ang Kaniyang mga epistola, Kaniyang mga Dalangin o Kaniyang

reciteth verses at a speed consonant with the capacity of His amanuensis to set them down. Thus, it may well be considered that if from the inception of this Revelation until now He had been left unhindered, how vast then would have been the volume of writings disseminated from His pen.	dalubhasa at pang-pilosopiyang mga paliwanag. Nagpahayag Siya ng hindi kukulangin sa isang libong mga bersikulo sa loob ng limang oras. Bumigkas Siya ng mga bersikulo sa isang bilis na katugon ng kakayahan ng Kaniyang amanuensis na maisulat ang mga iyon. Sa gayon, maaaring mabuting ipalagay na kung mula sa simula ng Rebelasyong ito hanggang ngayon ay hinayaan Siyang hindi nagagambala, gaano kalawak kung gayon ang dami ng mga kasulatang lumaganap mula sa Kaniyang panulat.
If ye contend that these verses cannot, of themselves, be regarded as a proof, scan the pages of the Qur’án. If God hath established therein any evidence other than the revealed verses to demonstrate the validity of the prophethood of His Apostle—may the blessings of God rest upon Him—ye may then have your scruples about Him....	Kung iyong ikakatwiran na ang mga bersikulong ito, sa mga sarili nito, ay hindi dapat ipalagay bilang katibayan, suriing mabuti ang mga pahina ng Qur’án. Kung pinatunayan ng Diyos doon ang anumang katibayan liban sa ipinahayag na mga bersikulo upang ipakita ang katotohanan ng pagkapropeta ng Kaniyang Apostol—harinawang ang mga pagpapala ng Diyos ay mapasa-Kaniya—maaari ka nang magkaroon kung gayon ng iyong mga alinlangan tungkol sa Kaniya....
Concerning the sufficiency of the Book as a proof, God hath revealed: “Is it not enough for them that We have sent down unto Thee the Book to be recited to them? In this verily is a mercy and a warning to those who believe.”¹¹⁹ When God hath testified that the Book is a sufficient testimony, as is affirmed in the text, how can one dispute this truth by saying that the Book in itself is not a conclusive proof?... <i>II, 1.</i>	Tungkol sa pagiging sapat ng Aklat bilang isang katibayan, ipinahayag ng Diyos: ‘Hindi ba dapat sapat para sa kanila na ipinadala Namin sa Iyo ang Aklat na nararapat bigkasin sa kanila? Ito sa katunayan ay isang habag at isang babala doon sa mga naniniwala.’¹²⁰ Nang pinagtibay ng Diyos na ang Aklat ay isang nakasasapat na patunay, tulad ng pinagtibay sa teksto, paano makatututol ang isa sa katotohanang ito sa pagsasabi na ang Aklat mismo ay hindi isang maliwanag na katibayan?... <i>II, 1.</i>
Since that Day is a great Day it would be sorely trying for thee to identify thyself with the believers. For the believers of that Day are the inmates of Paradise, while the unbelievers are the inmates of the fire. And know thou of a certainty that by Paradise is meant recognition of and submission unto Him Whom God shall make manifest, and by the fire the company of such souls as would fail to submit unto Him or to be resigned to His good-pleasure. On that Day thou wouldst regard thyself as the inmate of Paradise and as a true	Dahilan sa ang Araw na iyon ay isang dakilang Araw, magiging lubhang mahirap para sa iyo na ipakilala ang iyong sarili na kabilang sa mga mananampalataya. Sapagkat ang mga mananampalataya ng Araw na iyon ay ang mga nananahan sa Paraiso, samantalang ang mga hindi mananampalataya ay ang mga nananahan sa apoy. At nang may katiyakan iyong alamin na ang kahulugan ng Paraiso ay ang pagkilala sa at pagpapasa-ilalim sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, at sa pamamagitan ng apoy ang

¹¹⁹ Qur’án 29:50.

¹²⁰ Qur’án 29:50

believer in Him, whereas in reality thou wouldst suffer thyself to be wrapt in veils and thy habitation would be the nethermost fire, though thou thyself wouldst not be cognizant thereof.	pangkat ng gayong mga kaluluwa na mabibigong magpasa-ilalim sa Kaniya o maging natatalaga sa Kaniyang mabuting kasiyahan. Sa Araw na iyon ipapalagay mo ang iyong sarili bilang nananahan sa Paraiso at bilang isang tunay na mananampalataya Niya, datapwat sa katotohanan, iyong hahayaan ang iyong sarili na mabalot ng mga lambong at ang iyong tahanan ay magiging ang pinakamalalim na apoy, kahiman hindi mo mismo nababatid iyon.
Compare His manifestation with that of the Point of the Qur'án. How vast the number of the Letters of the Gospel who eagerly expected Him, yet from the time of His declaration up to five years no one became an inmate of Paradise, except the Commander of the Faithful [Imám 'Alí], and those who secretly believed in Him. All the rest were accounted as inmates of the fire, though they considered themselves as dwellers in Paradise.	Ihalintulad ang Kaniyang paghahayag doon sa Tuldok ng Qur'án. Gaano napakalaki ang bilang ng mga Titik ng Ebanghelyo na sabik na inasahan Siya, subalit mula sa panahon ng Kaniyang pagpapahayag hanggang limang taon wala isa man ang naging nananahan sa Paraiso, liban sa Pinuno ng Matatapat [Imám 'Alí], at yaong mga lihim na nanalig sa Kaniya. Lahat ng iba ay ibinilang na mga nananahan sa apoy, kahiman ipinalagay nila ang kanilang mga sarili na mga nananahan sa Paraiso.
Likewise behold this Revelation. The essences of the people have, through divinely conceived designs, been set in motion and until the present day three hundred and thirteen disciples have been chosen. In the land of Sád [Isfáhán], which to outward seeming is a great city, in every corner of whose seminaries are vast numbers of people regarded as divines and doctors, yet when the time came for inmost essences to be drawn forth, only its sifter of wheat donned the robe of discipleship. This is the mystery of what was uttered by the kindred of the Prophet Muḥammad—upon them be the peace of God—concerning this Revelation, saying that the abased shall be exalted and the exalted shall be abased.	Gayundin, masdan ang Rebelasyon na ito. Ang mga diwa ng tao, sa pamamagitan ng banal na isinaisip na mga panukala, ay sinimulang pakilusin at hanggang sa kasalukuyang araw tatlong-daan at labing-tatlong mga disipulo ang pinili. Sa lupain ng Sád [Isfáhán], na sa panlabas ay waring isang malaking lungsod, sa bawat sulok ng mga seminaryo nito ay may malalaking bilang ng mga tao na itinuring na mga teologo at mga pantas, subalit nang ang oras ay dumating upang maakit ang pinakanaloloob na mga diwa, ang taga-bistay lamang ng trigo ang nagsuot ng kapa ng pagkadisipulo. Ito ang hiwaga noong binigkas ng kamag-anak ng Propeta Muḥammad — ang kapangyarihan ng Diyos ay mapasa-kanila kaugnay ng Rebelasyong ito, sinasabi na ang hamak ay dadakilain at ang dakila ay hahamakin.
Likewise is the Revelation of Him Whom God shall make manifest. Among those to whom it will never occur that they might merit the displeasure of God, and whose pious deeds will be exemplary unto everyone, there will be many who will become the personification of the nethermost fire itself, when they fail to embrace His Cause; while among the lowly servants whom no one would imagine to be of any merit, how great the number who will be honored with true faith and on whom the	Gayundin sa Rebelasyon Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. Kabilang doon sa mga kailanman ay hindi maaaring maging nararapat sa kawalang-kasiyahan ng Diyos, at yaong ang madasaling mga gawa ay magiging huwaran sa lahat, magkakaroon ng maraming magiging maliwanag na halimbawa sa pinakamalalim na apoy mismo, kapag nabigo silang tanggapin ang Kaniyang Kapakanan; samantalang kabilang sa mga mapagpakumbabang tagapaglingkod na wala

Fountainhead of generosity will bestow the robe of authority. For whatever is created in the Faith of God is created through the potency of His Word. <i>VIII, 14.</i>	sinumang mag-aakala na may anumang karapatan, gaano kalaki ang bilang na pararangalan ng tunay na pagsasampalataya at yaong pagkakalooban ng kapa ng kapangyarihan ng Ulong-bukal ng kabutihang-loob. Sapagkat anuman ang nilikha sa Pananampalataya ng Diyos ay nalikha sa pamamagitan ng lakas ng bisa ng Kaniyang Salita. <i>VIII, 14.</i>
In the manifestation of the Apostle of God all were eagerly awaiting Him, yet thou hast heard how He was treated at the time of His appearance, in spite of the fact that if ever they beheld Him in their dreams they would take pride in them.	Sa paghahayag ng Apostol ng Diyos ang lahat ay nananabik na naghihintay sa Kaniya, gayumpaman iyong narinig kung paano Siya pinakitunguhan sa panahon ng Kaniyang pagpapakita sa kabila ng katotohanan na kailanman mamasdan nila Siya sa kanilang mga pangarap, maipagmamalaki nila ang mga iyon.
Likewise in the manifestation of the Point of the Bayán, the people stood up at the mention of His Name and fervently implored His advent night and day, and if they dreamt of Him they gloried in their dreams; yet now that He hath revealed Himself, invested with the mightiest testimony, whereby their own religion is vindicated, and despite the incalculable number of people who yearningly anticipate His coming, they are resting comfortably in their homes, after having hearkened to His verses; while He at this moment is confined in the mountain of Máh-Kú, lonely and forsaken.	Gayundin sa paghahayag ng Tuldok ng Bayán, ang mga tao ay tumatayo kapag nababanggit ang Kaniyang Pangalan at maalab na lumuluhog sa Kaniyang pagsapit gabi at araw, at kung napangarap nila Siya, sila ay nagpupuri sa kanilang mga pangarap; subalit ngayon na ipinahayag Niya ang Kaniyang Sarili, pinagkalooban ng pinakamakapangyarihang patunay, upang ipagtanggol ang kanilang sariling relihiyon, at sa kabila ng hindi matayang bilang ng tao na buong pananabik na inaasam ang Kaniyang pagsapit, sila ay maginhawang namamahinga sa kanilang mga tahanan, matapos na mapakinggan ang Kaniyang mga bersikulo; samantalang Siya sa sandaling ito ay nakakulong sa bundok ng Mákú, nalulumbay at pinabayaan.
Take good heed of yourselves, O people of the Bayán, lest ye perform such deeds as to weep sore for His sake night and day, to stand up at the mention of His Name, yet on this Day of fruition—a Day whereon ye should not only arise at His Name, but seek a path unto Him Who personifies that Name—ye shut yourselves out from Him as by a veil. <i>VI, 15.</i>	Unawain nang mabuti ang inyong mga sarili, O mga tao ng Bayán, na baka gawin ninyo ang ganoong mga gawa upang mapait na lumuha alang-alang sa Kaniya gabi at araw, upang manindigan kapag binanggit ang Kaniyang Pangalan, subalit sa Araw na ito ng pamumunga—isang Araw na hindi lamang kayo magbabangon sa Kaniyang Pangalan, ngunit maghahangad ng isang landas patungo sa Kaniya na kumakatawan sa Pangalang iyon—subalit tinatakpan ang inyong mga sarili ng tulad ng isang lambong mula sa Kaniya. <i>VI, 15.</i>
At the time of the manifestation of Him Whom God shall make manifest everyone should be well	Sa panahon ng pagpapahayag Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, nararapat na

trained in the teachings of the Bayán, so that none of the followers may outwardly cling to the Bayán and thus forfeit their allegiance unto Him. If anyone does so, the verdict of “disbeliever in God” shall be passed upon him.	matutunang mabuti ng lahat ang mga turo ng Bayán, upang walang sinuman sa mga tagasunod ang maaaring panlabas na mangapit sa Bayán at sa gayon ay lalabagin ang kanilang katapatan sa Kaniya.
I swear by the holy Essence of God, were all in the Bayán to unite in helping Him Whom God shall make manifest in the days of His Revelation, not a single soul, nay, not a created thing would remain on earth that would not gain admittance into Paradise. Take good heed of yourselves, for the sum total of the religion of God is but to help Him, rather than to observe, in the time of His appearance, such deeds as are prescribed in the Bayán. Should anyone, however, ere He manifesteth Himself, transgress the ordinances, were it to the extent of a grain of barley, he would have transgressed His command.	Sumusumpa Ako sa banal na Diwa ng Diyos, kung ang lahat sa Bayán ay magkakaisang tulungan Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos sa mga araw ng Kaniyang Rebelasyon, wala kahit isang kaluluwa, hindi lamang iyon, kundi walang nilikhang bagay ang mananatili sa kalupaan nang hindi matatamong makapasok sa Paraiso. Makinig nang mabuti ang inyong mga sarili, sapagkat ang kabuuan ng relihiyon ng Diyos ay ang matulungan lamang Siya, sa halip na isagawa, sa panahon ng Kaniyang pagdating, ang gayong mga gawa na itinadhana sa Bayán. Datapwat, kung sinuman ang lumabag sa mga alituntunin, bago Niya ipahayag ang Kaniyang Sarili, kahit na ito ay kasinliit ng isang butil ng barley, kaniya nang nilabag ang Kaniyang utos.
Seek ye refuge in God from whatsoever might lead you astray from the Source of His Revelation and hold fast unto His Cord, for whoso holdeth fast unto His allegiance, he hath attained and will attain salvation in all the worlds.	Manganlong kayo sa Diyos mula sa anumang maaaring magbulid sa inyo sa pagkaligaw mula sa Bukal ng Kaniyang Rebelasyon at mangapit nang mahigpit sa Kaniyang Koldon, sapagkat sinuman ang mahigpit na mangapit sa katapatan sa Kaniya, ay kaniyang natamo at matatamo ang kaligtasan sa lahat ng mga daigdig.
“Such is the bounty of God; to whom He will, He giveth it, and God is the Lord of grace abounding.”¹²¹ <i>V</i>, 5.	‘Ganoon ang biyaya ng Diyos, sa kaniya na Kaniyang niloloob, ibinibigay Niya ito, at ang Diyos ay ang Panginoon ng masaganang pagpapala.’¹²² <i>V</i>, 5.
Ye perform your works for God from the beginning of your lives till the end thereof, yet not a single act is for the sake of Him Who is the Manifestation of God, to Whom every good deed reverteth. Had ye acted in such manner, ye would not have suffered so grievously on the Day of Resurrection.	Isinasagawa ninyo ang inyong mga gawain para sa Diyos mula sa inyong pagsilang hanggang sa wakas niyon, subalit wala kahit isang kilos ang para sa Kaniya na Kahayagan ng Diyos, na sa Kaniya ang bawat mabuting gawa ay babalik. Kung kumilos kayo sa gayong gawi hindi sana kayo malubhang nagdusa sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

¹²¹ Qur’án 57:21.

¹²² Qur’án 57:21

Behold how great is the Cause, and yet how the people are wrapt in veils. I swear by the sanctified Essence of God that every true praise and deed offered unto God is naught but praise and deed offered unto Him Whom God shall make manifest.	Masdan kung gaano kadakila ang Kapakanan, datapwat gaano nababalot ng mga lambong ang mga tao. Sumusumpa ako sa banal na Diwa ng Diyos na ang bawat tunay na papuri at gawa na inialay sa Diyos ay papuri at kilos lamang na inialay sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos.
Deceive not your own selves that you are being virtuous for the sake of God when you are not. For should ye truly do your works for God, ye would be performing them for Him Whom God shall make manifest and would be magnifying His Name. The dwellers of this mountain who are bereft of true understanding unceasingly utter the words, “No God is there but God”; but what benefit doth it yield them? Ponder awhile that ye may not be shut out as by a veil from Him Who is the Dayspring of Revelation. <i>VIII, 19.</i>	Huwag linlangin ang inyong mga sarili na kayo ay nagpapakabuti alang-alang sa Diyos samantalang hindi naman kayo ganoon. Sapagkat kung tunay na ginagawa ninyo ang inyong mga gawain alang-alang sa Diyos, gagawin ninyo ang mga iyon alang-alang sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, at pupurihin ninyo ang Kaniyang Pangalan. Ang mga nananahan sa bundok na ito na salat sa tunay na pagkaunawa ay patuloy na binibigkas ang mga salitang ito. ‘Walang Diyos liban sa Diyos’; ngunit anong kapakinabangan ang ibinibigay sa kanila? Saglit na maglimi upang hindi kayo matakpan ng kahit isang lambong sa Kaniya na Siyang Pamimitak ng Rebelasyon. <i>VIII, 19.</i>
God hath, at all times and under all conditions, been wholly independent of His creatures. He hath cherished and will ever cherish the desire that all men may attain His gardens of Paradise with utmost love, that no one should sadden another, not even for a moment, and that all should dwell within His cradle of protection and security until the Day of Resurrection which marketh the dayspring of the Revelation of Him Whom God will make manifest.	Sa lahat ng panahon at sa lahat ng kalagayan, ang Diyos ay ganap na malaya sa Kaniyang mga nilikha. Itinangi at palaging itatangi Niya ang hangaring marating ng lahat ng tao ang Kaniyang mga hardin sa Paraiso nang may sukdulang pagmamahal, nang walang sinuman ang makapagpapalungkot sa iba, kahit na sa isang saglit lamang, at nang lahat ay manahan sa kuna ng Kaniyang pagtatanggol at kaligtasan hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay na nagtatanda sa pamimitak ng Rebelasyon Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos.
The Lord of the universe hath never raised up a prophet nor hath He sent down a Book unless He hath established His covenant with all men, calling for their acceptance of the next Revelation and of the next Book; inasmuch as the outpourings of His bounty are ceaseless and without limit. <i>VI, 16.</i>	Ang Panginoon ng sansinukob ay hindi kailanman nagtaas ng isang propeta ni hindi rin Siya nagpadala ng isang Aklat hanggang hindi Niya naitatag ang isang Banal na Kasunduan sa lahat ng tao, nananawagan sa kanilang pagtanggap sa susunod na Rebelasyon at sa susunod na Aklat, dahilan sa ang pagdaloy ng Kaniyang biyaya ay walang patid at hindi natatakdaan. <i>VI, 16.</i>

How veiled are ye, O My creatures,¹²³ ... who, without any right, have consigned Him unto a mountain [Máh-Kú], not one of whose inhabitants is worthy of mention.... With Him, which is with Me, there is no one except him who is one of the Letters of the Living of My Book. In His presence, which is My Presence, there is not at night even a lighted lamp! And yet, in places [of worship] which in varying degrees reach out unto Him, unnumbered lamps are shining! All that is on earth hath been created for Him, and all partake with delight of His benefits, and yet they are so veiled from Him as to refuse Him even a lamp!	Gaano kayo nalalambungan, O Aking mga nilikha,¹²⁴ ... kayo, na, nang wala anumang karapatan, ay ipinadala Siya sa isang bundok [Mákú], na kahit isang naninirahan nito ay hindi karapat-dapat banggitin.... Kasama Siya, na Aking kasama, wala kahit isa liban sa kaniya na isa sa mga Titik ng Nabubuhay sa Aking Aklat. Sa Kaniyang kinaroroonan, na aking Kinaroroonan, wala kahit isang may sinding lampara sa gabi! At, gayumpaman, sa mga pook (ng pagsamba) na sa iba't-ibang antas ay nagtatangkang makaabot sa Kaniya, hindi mabilang na mga lampara ang nagliliwanag! Lahat ng nasa kalupaan ay nilikha para sa Kaniya, at lahat ay nakikibahagi nang nalulugod sa Kaniyang mga kabutihan, at magkagayon man, sila ay lubhang nalambungan mula sa Kaniya na kahit isang lampara ay ipinagkait sa Kaniya!
In this Day therefore I bear witness unto My creatures, for the witness of no one other than Myself hath been or shall ever be worthy of mention in My presence. I affirm that no Paradise is more sublime for My creatures than to stand before My face and to believe in My holy Words, while no fire hath been or will be fiercer for them than to be veiled from the Manifestation of My exalted Self and to disbelieve in My Words.	Sa Araw na ito, kung gayon, Ako ay sumasaksi sa Aking mga nilikha, sapagkat walang sinuman ang saksi liban sa Akin Mismo ang kailanman ay naging o magiging karapat-dapat na banggitin sa Aking harapan. Aking pinatutunayan na walang Paraiso ang higit pang dakila para sa Aking mga nilikha kaysa sa tumayo sa harapan ng Aking mukha at ang manalig sa Aking mga banal na Salita, samantalang walang apoy ang naging at magiging higit na matindi para sa kanila kaysa sa malambungan mula sa Kahayagan ng Aking dakilang Sarili at ang hindi manalig sa Aking mga Salita.
Ye may contend: “How doth He speak on our behalf?” Have ye not perused the unseemly words ye uttered in the past, as reflected in the text of My Book, and still ye feel not ashamed? Ye have now seen the truth of My Book conclusively established and today every one of you doth profess belief in Me through that Book. The day is not far distant when ye shall readily realize that your glory lieth in your belief in these holy verses. Today, however, when only belief in this Faith truly profiteth you, ye have debarred yourselves therefrom by reason of the things which are disadvantageous unto you and	Maaari kayong mangatuwiran: ‘Paano Siya makapagsasalita sa Aming ngalan?’ Hindi ba ninyo binasa ang mga salita na inyong sinabi noong nakaraan, tulad ng isinulat sa teksto ng Aking Aklat, at hindi pa rin kayo nakaramdam ng pagkapahiya? Nakita na ninyo ngayon na ang katotohanan ng Aking Aklat ay maliwanag nang napatunayan at ngayon ang bawat isa sa inyo ay nagpahayag ng pananalig sa Akin sa pamamagitan ng Aklat na iyon. Hindi nalalayo ang araw na inyong mauunawaan na ang inyong kaluwalhatian ay nakasalalay sa inyong paniniwala sa mga

¹²³ In *The Promised Day Is Come* in the paragraph beginning “How veiled are ye, O My creatures...” Shoghi Effendi affirms that this passage was revealed by the Báb speaking with the voice of God.

¹²⁴ Sa *The Promised Day si Come* sa pahina 7 pinagtitiyag ni Shoghi Effendi na ang sipi na ito ay ipinahayag ng Báb na nagsasalita sa tinig ng Diyos.

will inflict harm upon you, whereas He Who is the Manifestation of My Self hath been and shall ever remain immune from any harm whatever, and any loss that hath appeared or will appear shall eventually revert unto yourselves. <i>II, 1.</i>	bersikulong ito. Subalit, ngayon, nang ang pananalig lamang sa Pananampalataya na ito ang makabubuti sa inyo, hinadlangan ninyo ang inyong mga sarili doon dahilan sa mga bagay na hindi nakabubuti sa inyo at makapipinsala sa inyo. Samantalang Siyang Kahayagan ng Aking Sarili ay naging at kailanman ay mananatiling ligtas sa anumang kapinsalaan, at anumang kawalan na sumapit at sasapit, sa katapusan ay babalik sa inyong mga sarili. <i>II, 1.</i>
How vast the number of people who are well versed in every science, yet it is their adherence to the holy Word of God which will determine their faith, inasmuch as the fruit of every science is none other than the knowledge of divine precepts and submission unto His good-pleasure. <i>II, 1.</i>	Napakalaki ang bilang ng mga tao na napakahusay sa bawat agham, ngunit ang kanilang paniniwala sa banal na Salita ng Diyos ay ang pagbabatayan ng kanilang pananalig, dahilan sa ang bunga ng bawat agham ay walang iba kundi ang kaalaman sa banal na mga simulain at sa pagsunod sa Kaniyang mabuting-kasiyahan. <i>II, 1.</i>
No created thing shall ever attain its paradise unless it appeareth in its highest prescribed degree of perfection. For instance, this crystal representeth the paradise of the stone whereof its substance is composed. Likewise there are various stages in the paradise for the crystal itself.... So long as it was stone it was worthless, but if it attaineth the excellence of ruby—a potentiality which is latent in it—how much a carat will it be worth? Consider likewise every created thing.	Walang nilikhang bagay ang kailanman ay makakamtan ang paraiso nito hanggang hindi ito sumasapit sa pinakamataas na antas ng kasakdalan nito. Halimbawa, kinakatawan ng kristal ang paraiso ng bato kung saan nabuo ang sangkap nito. Gayundin may iba't ibang antas sa paraiso ng kristal mismo.... Hanggang ito ay bato, ito ay walang halaga, subalit kapag nakamtan nito ang kataasan ng uri ng rubi—isang maaaring mangyari na natatago rito—gaano ang magiging halaga ng isang <i>carat</i> nito. Pag-isiplan gayundin ang bawat nilikhang bagay.
Man's highest station, however, is attained through faith in God in every Dispensation and by acceptance of what hath been revealed by Him, and not through learning; inasmuch as in every nation there are learned men who are versed in divers sciences. Nor is it attainable through wealth; for it is similarly evident that among the various classes in every nation there are those possessed of riches. Likewise are other transitory things.	Ang pinakamataas na katayuan ng tao, gayon pa man, ay nakakamtan sa pamamagitan ng katapatan sa Diyos sa bawat Dispensasyon at sa pagtanggap sa ipinahayag Niya, at hindi sa pamamagitan ng napag-aralan, yayamang sa bawat bansa ay mayroong marurunong na tao na mga dalubhasa sa iba't ibang mga agham. Ni hindi ito matatamo sa pamamagitan ng kayamanan; sapagkat maliwanag gayundin na sa iba't-ibang mga antas sa bawat bansa ay may mga nagmamay-ari ng mga kayamanan. Gayundin sa ibang mga pansamantalang bagay.
True knowledge, therefore, is the knowledge of God, and this is none other than the recognition of His Manifestation in each Dispensation. Nor is there	Ang tunay na kaalaman, kung gayon ay ang kaalaman sa Diyos, at ito ay walang iba kundi ang pagtanggap ng Kaniyang Kahayagan sa bawat

any wealth save in poverty in all save God and sanctity from aught else but Him—a state that can be realized only when demonstrated towards Him Who is the Dayspring of His Revelation. This doth not mean, however, that one ought not to yield praise unto former Revelations. On no account is this acceptable, inasmuch as it behooveth man, upon reaching the age of nineteen, to render thanksgiving for the day of his conception as an embryo. For had the embryo not existed, how could he have reached his present state? Likewise had the religion taught by Adam not existed, this Faith would not have attained its present stage. Thus consider thou the development of God’s Faith until the end that hath no end. <i>V, 4.</i>	Dispensasyon. Ni walang anumang kayamanan liban sa karukhaan sa lahat liban sa Diyos at kabanalan mula sa ibang bagay liban sa Kaniya—isang kalagayan na maaari lamang maunawaan kapag ipinakita sa Kaniya na Siyang Pamimitak ng Kaniyang Rebelasyon. Gayunman, hindi ito nangangahulugan na ang isa ay hindi nararapat magbigay ng papuri sa dating mga Rebelasyon. Hindi ito katanggap-tanggap sa anumang kadahilanan, yayamang tungkulin ng tao, sa pagsapit sa gulang na labing-siyam, na magpasalamat sa araw ng paglililihi sa kaniya bilang isang similya. Sapagkat kung ang similya ay hindi nabuhay, paano siya nakaabot sa kaniyang kasalukuyang kalagayan? Gayundin kung ang relihiyon na itinuro ni Adan ay hindi nanatili, hindi nakamtan ng Pananampalatayang ito ang kasalukuyang katayuan nito. Sa gayon, iyong isaalang-alang ang pag-unlad ng Pananampalataya ng Diyos hanggang sa wakas na walang wakas. <i>V, 4.</i>
Twelve hundred and seventy years have elapsed since the declaration of Muḥammad, and each year unnumbered people have circumambulated the House of God [Mecca]. In the concluding year of this period He Who is Himself the Founder of the House went on pilgrimage. Great God! There was a vast concourse of pilgrims from every sect. Yet not one recognized Him, though He recognized every one of them—souls tightly held in the grasp of His former commandment. The only person who recognized Him and performed pilgrimage with Him is the one round whom revolve eight Vāḥids,¹²⁵ in whom God hath gloried before the Concourse on high by virtue of his absolute detachment and for his being wholly devoted to the Will of God. This doth not mean that he was made the object of a special favor, nay, this is a favor which God hath vouchsafed unto all men, yet they have suffered themselves to be veiled from it. The Commentary on the Súrih of Joseph had, in the first year of this Revelation, been widely distributed. Nevertheless, when the people realized that fellow supporters	Labing-dalawang daan at pitumpong mga taon ang nakalipas mula sa pagpapahayag ni Muḥammad, at bawat taon ay hindi mabilang na mga tao ang umikot sa Tahanan ng Diyos [Mecca]. Sa pagtatapos ng taon nang panahon iyon, Siya na ang Mismong Tagapagtatag ng Tahanan ay nagsagawa ng peregrinasyon. Mayroong napakalaking kalipunan ng mga peregrino mula sa lahat ng sekta. Subalit wala ni isang nakakilala sa Kaniya, kahiman nakilala Niya ang bawat isa sa kanila — mga kaluluwang mahigpit na hawak ng kamay ang dating kautusan Niya. Ang tanging tao na nakakilala sa Kaniya at nagsagawa ng peregrinasyon kasama Niya ay yaong sa paligid niya ay umiikot ang walong mga Vahid,¹²⁶ siya na niluwalhati ng Diyos sa harap ng Kalipunan sa itaas, dahilan sa kaniyang sukdulang pagkawalay sa kaniyang lubos na pagkawalay at ganap na katapatan sa Kalooban ng Diyos. Ito ay hindi nangangahulugan na siya ay ginawa ng Diyos na pakay ng isang natatanging pagmamahal, hindi, kundi ito ay isang pagmamahal na minarapat ng Diyos sa lahat ng tao, subalit

¹²⁵ This is a reference to Quddús, “whom the Persian Bayán extolled as that fellow-pilgrim round whom mirrors to the number of eight Vāḥids revolve.” (*God Passes By*, Chapter IV, paragraph beginning “The pillars of His infant Faith had...”).

¹²⁶ Ito ay tumutukoy kay Quddus, ‘na dinakila sa Bayán sa Wikang Persiyano bilang ang kapwa-peregrino na sa paligid nito ay inilalarawan ang bilang ng walong Vahid na umiikot’. (*God Passes By*, p. 49).

were not forthcoming they hesitated to accept it; while it never occurred to them that the very Qur'án whereunto unnumbered souls bear fealty today, was revealed in the midmost heart of the Arab world, yet to outward seeming for no less than seven years no one acknowledged its truth except the Commander of the Faithful [Imám 'Alí]—may the peace of God rest upon him—who, in response to the conclusive proofs advanced by God's supreme Testimony, recognized the Truth and did not fix his eyes on others. Thus on the Day of Resurrection God will ask everyone of his understanding and not of his following in the footsteps of others. How often a person, having inclined his ears to the holy verses, would bow down in humility and would embrace the Truth, while his leader would not do so. Thus every individual must bear his own responsibility, rather than someone else bearing it for him. At the time of the appearance of Him Whom God will make manifest the most distinguished among the learned and the lowliest of men shall both be judged alike. How often the most insignificant of men have acknowledged the truth, while the most learned have remained wrapt in veils. Thus in every Dispensation a number of souls enter the fire by reason of their following in the footsteps of others. <i>IV, 18.</i>	hinayaan nila ang kanilang mga sarili na malambungan mula dito. Ang paliwanag sa Surih ni Joseph, sa unang taon ng Rebelasyong ito, ay malawak na pinalaganap. Datapuwat nang maunawaan ng mga tao na ang mga kapwa-tagapagtaguyod ay hindi darating sila ay nag-atubiling tanggapin ito; samantalang hindi nila naisip na ang Qur'án mismo, na kung saan hindi mabilang na mga kaluluwa ang ngayon ay nag-uukol ng katapatan, ay ipinahayag sa kaloob-loobang puso ng sandaigdigang Arabo, subalit sa panlabas ay waring hindi kukulangin sa pitong taon na wala ni isang kumilala sa katotohanan nito liban sa Pinuno ng Matatapat [Imám 'Alí]—harinawang ang kapayapaan ng Diyos ay mapasa-kaniya—na, bilang tugon sa maliwanag na mga katibayan na itinaguyod ng pinakadakilang Pagpapatunay, ay tinanggap ang Katotohanan at hindi itinutok ang kaniyang mga mata sa iba. Sa gayon, sa Araw ng Muling Pagkabuhay tatanungin ng Diyos ang lahat tungkol sa kaniyang pagkaunawa at hindi ang kaniyang pagsunod sa mga bakas ng iba. Gaano kadalas na ang isang tao, dahilan sa ikiniling niya ang kaniyang mga tainga sa mga banal na bersikulo, ay yuyuko nang mapagpakumbaba at tatanggapin ang Katotohanan, samantalang ang kaniyang pinuno ay hindi gagawin iyon. Samakatwid bawat indibiduwal ay dapat batahin ang kaniyang sariling pananagutan, sa halip na ibang tao ang magbata nito para sa kaniya. Sa panahon ng pagpapakita Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ang lubos na katangi-tangi sa mga marunong at sa pinakahamak na mga tao ay kapuwa hahatulan. Gaano kadalas na ang lubos na walang halaga sa mga tao ay tinatanggap ang katotohanan, samantalang ang pinakamarunong ay nananatiling nababalot ng mga lambong. Sa gayon sa bawat Dispensasyon, isang bilang ng mga kaluluwa ang pumapasok sa apoy dahilan sa kanilang pagsunod sa mga bakas ng iba. <i>IV, 18.</i>
Better is it for a person to write down but one of His verses than to transcribe the whole of the Bayán and all the books which have been written in the Dispensation of the Bayán. For everything shall be set aside except His Writings, which will endure until the following Revelation. And should anyone inscribe with true faith but one letter of that	Higit na mabuti para sa isang tao na isalin na lamang sa ibang papel ang isa sa Kaniyang mga bersikulo kaysa sa isalin ang buong Bayán at lahat ng mga aklat na naisulat sa Dispensasyon ng Bayán. Sapagkat lahat ng bagay isasa-isantabi liban sa Kaniyang mga Kasulatan, na mananatili hanggang sa susunod na Rebelasyon. At kung sinuman ang

Revelation, his recompense would be greater than for inscribing all the heavenly Writings of the past and all that has been written during previous Dispensations. Likewise continue thou to ascend through one Revelation after another, knowing that thy progress in the Knowledge of God shall never come to an end, even as it can have no beginning. <i>VII, 13.</i>	makapagkikintal nang may tunay na katapatan kahit isang titik ng Rebelasyong iyon, ang kaniyang gantimpala ay higit na malaki kaysa sa pagtatala ng lahat ng makalangit na mga Kasulatan ng nakaraan at lahat ng naisulat sa panahon ng naunang mga Dispensasyon. Gayundin, ikaw ay nagpapatuloy na umunlad mula sa isang Rebelasyon matapos ang isa pa, nababatid na ang iyong pag-unlad sa Kaalaman ng Diyos ay hindi kailanman magwawakas, kahit na ito ay hindi magkakaroon ng simula. <i>VII, 13.</i>
O people of the Bayán! Be on your guard; for on the Day of Resurrection no one shall find a place to flee to. He will shine forth suddenly, and will pronounce judgment as He pleaseth. If it be His wish He will cause the abased to be exalted, and the exalted to be abased, even as He did in the Bayán, couldst thou but understand. And no one but Him is equal unto this. Whatever He ordaineth will be fulfilled, and nothing will remain unfulfilled. <i>VII, 9.</i>	O mga tao ng Bayán! Maging mapagbantay kayo; sapagkat sa Araw ng Muling Pagkabuhay walang sinuman ang makatatagpo ng pook na mapanganganlungan. Siya ay biglang magliliwanag, at igagawad ang hatol sang-ayon sa Kaniyang kagustuhan. Kung nanaisin Niya, gagawin Niya ang hamak na maging dakila, at ang dakila ay maging hamak, kahit na tulad ng ginawa Niya sa Bayán, kung iyong mauunawaan. At wala liban sa Kaniya ang makagagawa nito. Anuman ang itadhana Niya ay matutupad, at walang mananatiling hindi matutupad. <i>VII, 9.</i>
Since all men have issued forth from the shadow of the signs of His Divinity and Lordship, they always tend to take a path, lofty and high. And because they are bereft of a discerning eye to recognize their Beloved, they fall short of their duty to manifest meekness and humility towards Him. Nevertheless, from the beginning of their lives till the end thereof, in conformity with the laws established in the previous religion, they worship God, piously adore Him, bow themselves before His divine Reality and show submissiveness toward His exalted Essence. At the hour of His manifestation, however, they all turn their gaze toward their own selves and are thus shut out from Him, inasmuch as they fancifully regard Him as one like unto themselves. Far from the glory of God is such a comparison. Indeed that august Being resembleth the physical sun, His verses are like its rays, and all believers, should they truly believe in Him, are as mirrors wherein the sun is reflected. Their light is thus a mere reflection. <i>VII, 15.</i>	Dahilan sa ang lahat ng tao ay nanggaling mula sa lilim ng mga palatandaan ng Kaniyang Kabanalan at Pagiging Panginoon, lagi silang nagaganyak na tahakin ang isang landas, napakataas at matayog. At dahilan sa sila ay salat sa isang nakakaunawang paningin upang makilala ang kanilang Minamahal, sila ay nagkulang na ipakita ang kanilang tungkulin na magpakita ng kababaang-loob at pagpapakumbaba sa Kaniya. Gayumpaman, mula sa simula ng kanilang buhay hanggang sa wakas niyon, nang naaayon sa mga batas na ipinag-utos sa naunang relihiyon, sinamba nila ang Diyos, buong kabanalan na minahal Siya, yumuko ang kanilang mga sarili sa harap ng Kaniyang banal na Realidad at nagpakita ng pagsuko sa Kaniyang dakilang Diwa. Sa oras ng Kaniyang paghahayag, gayumpaman, lahat sila ay nagbaling ng kanilang paningin sa kanilang mga sarili at sa gayon ay napalayo sa Kaniya, dahilan sa walang saysay nilang ipinalagay na Siya ay tulad ng kanilang mga sarili. Ang gayong paghahalintulad ay napakalayo sa kaluwalhatian ng Diyos. Tunay na ang dakilang Katauhan na iyon ay tulad ng isang pisikal na araw, ang Kaniyang mga bersikulo ay tulad ng mga silahis niyon, at lahat ng mananampalataya, kung sila ay

	tunay na nananalig sa Kaniya, ay tulad ng mga salamin kung saan nalalarawan ang araw. Ang kanilang liwanag kung gayon ay isa lamang panganganinag. <i>VII, 15.</i>
O people of the Bayán! If ye believe in Him Whom God shall make manifest, to your own behoof do ye believe. He hath been and ever will remain independent of all men. For instance, were ye to place unnumbered mirrors before the sun, they would all reflect the sun and produce impressions thereof, whereas the sun is in itself wholly independent of the existence of the mirrors and of the suns which they reproduce. Such are the bounds of the contingent beings in their relation to the manifestation of the Eternal Being....	O mga tao ng Bayán! Kung kayo ay naniniwala sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, sa inyong sariling kapakinabang kayo ay maniniwala. Siya ay naging at kailanman ay mananatiling malaya sa lahat ng tao. Halimbawa, kung inyong ilalagay ang hindi mabilang na mga salamin sa harap ng araw, lahat ng mga iyon ay ilalarawan ang araw at lilikha ng mga marka roon, samantalang ang araw mismo ay ganap na malaya sa pagkakaroon ng mga salamin at ng mga araw na nililikha nila. Gayon ang mga hangganan ng mga walang katiyakang buhay sa kanilang kaugnayan sa kahayagan ng Walang Kamatayang Buhay....
In this day no less than seventy thousand people make pilgrimage every year to the holy House of God in compliance with the bidding of the Apostle of God; while He Himself Who ordained this ordinance took refuge for seven years in the mountains of Mecca. And this notwithstanding that the One Who enjoined this commandment is far greater than the commandment itself. Hence all this people who at this time go on pilgrimage do not do so with true understanding, otherwise in this Day of His Return which is mightier than His former Dispensation, they would have followed His commandment. But now behold what hath happened. People who profess belief in His former religion, who in the daytime and in the night season bow down in worship in His Name, have assigned Him to a dwelling place in a mountain, while each one of them would regard attaining recognition of Him as an honor. <i>VII, 15.</i>	Sa araw na ito hindi kukulangin sa pitumpung-libong mga tao ang nagsasagawa ng peregrinasyon taon-taon sa banal na Tahanan ng Diyos bilang pagsunod sa utos ng Apostol ng Diyos; samantalang Siya no Mismong nagtadhana sa alintuntuning ito ay nanganlong ng pitong taon sa mga kabundukan ng Mecca. At ito sa kabila ng Siyang nagtagubilin ng kautusang ito ay higit na napaka-dakila kaysa sa utos mismo. Dahil dito lahat ng tao na sa panahong ito ay ginagawa ang banal na paglalakbay ay ginagawa iyon nang walang tunay na pagkaunawa, kung hindi, sa Araw na ito ng Kaniyang Pagbabalik na higit na makapangyarihan kaysa sa Kaniyang naunang Dispensasyon, nasunod sana nila ang Kaniyang utos. Subalit ngayon masdan kung ano ang nangyari. Ang mga tao na nagpahayag ng kanilang pananalig sa Kaniyang dating relihiyon, na sa araw at sa gabi ay yumuyuko sa pagsamba sa Kaniyang Pangalan, ay itinalaga Siya sa isang tirahan sa isang bundok, samantalang bawat isa sa kanila ay ipinapalagay na ang pagtatamo na makilala Siya ay isang karangalan. <i>VII, 15.</i>
The reason why privacy hath been enjoined in moments of devotion is this, that thou mayest give thy best attention to the remembrance of God, that thy heart may at all times be animated with His Spirit, and not be shut out as by a veil from thy Best-Beloved. Let not thy tongue pay lip service in	Ang dahilan kung bakit iniatas ang pag-iisa sa mga sandali ng pananalangin ay ito, upang maibigay ang iyong buong pansin sa paggunita sa Diyos, upang ang iyong puso sa lahat ng sandali ay mapasigla ng Kaniyang Espiritu, at huwag mailayo ng kahit na isang lambong mula sa iyong Pinakamamahal.

praise of God while thy heart be not attuned to the exalted Summit of Glory, and the Focal Point of communion. Thus if haply thou dost live in the Day of Resurrection, the mirror of thy heart will be set towards Him Who is the Daystar of Truth; and no sooner will His light shine forth than the splendor thereof shall forthwith be reflected in thy heart. For He is the Source of all goodness, and unto Him revert all things. But if He appeareth while thou hast turned unto thyself in meditation, this shall not profit thee, unless thou shalt mention His Name by words He hath revealed. For in the forthcoming Revelation it is He Who is the Remembrance of God, whereas the devotions which thou art offering at present have been prescribed by the Point of the Bayán, while He Who will shine resplendent in the Day of Resurrection is the Revelation of the inner reality enshrined in the Point of the Bayán—a Revelation more potent, immeasurably more potent, than the one which hath preceded it. <i>IX, 4.</i>	Huwag hayaan ang iyong dila lamang ang sumambit ng papuri sa Diyos samantalang ang iyong puso ay hindi nakatutok sa dakilang Tugatog ng Kaluwalhatian, at Tampulan ng pakikipagpagng. Kung gayon, kung sakaling nabubuhay ka sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ang salamin ng iyong puso ay magtutungo sa Kaniya na Araw-Bituin ng Katotohanan, sa sandaling ang Kaniyang liwanag ay magniningning sa karingalan nito, kaagad ito ay manganganinag sa iyong puso. Sapagkat Siya ang Bukal ng lahat ng kabutihan, at sa Kaniya ang lahat ng bagay ay babalik. Ngunit kapag siya ay dumating samantalang bumabaling ka sa iyong sarili habang nagninilay-nilay, ito ay hindi makabubuti sa iyo, hangga't hindi mo sinasambit ang Pangalan Niya sa pamamagitan ng mga salitang inihayag Niya. Sapagkat sa darating na Rebelasyon, Siya ay ang Alaala ng Diyos, samantalang ang mga panalangin na iyong iniaalay sa kasalukuyan ay iniatas ng Tuldok ng Bayán, samantalang Siyang maringal na nagniningning sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay ang Rebelasyon ng naloloob na realidad na nakadambana sa Tuldok ng Bayán—isang Pagpapahayag na higit na makapangyarihan, hindi matatayang higit na makapangyarihan kaysa sa roon sa nauna rito. <i>IX, 4.</i>
It is seemly that the servant should, after each prayer, supplicate God to bestow mercy and forgiveness upon his parents. Thereupon God's call will be raised: "Thousand upon thousand of what thou hast asked for thy parents shall be thy recompense!" Blessed is he who remembereth his parents when communing with God. There is, verily, no God but Him, the Mighty, the Well-Beloved. <i>VIII, 16.</i>	Nararapat na ang tagapaglingkod, matapos ang bawat panalangin, ay sumamo sa Diyos na ipagkaloob ang kahabagan at kapatawaran sa kaniyang mga magulang. At doon ang panawagan ng Diyos ay palalakasin: 'Kung ano ang hiniling mo para sa iyong mga magulang, libu-libo nito ang magiging gantimpala!' Pinagpala siya na naalaala ang kaniyang mga magulang kapag nakikipagpagng sa Diyos. Sa katunayan, walang Diyos liban sa Kaniya, ang Makapangyarihan, ang Lubos na Minamahal. <i>VIII, 16.</i>
As this physical frame is the throne of the inner temple, whatever occurs to the former is felt by the latter. In reality that which takes delight in joy or is saddened by pain is the inner temple of the body, not the body itself. Since this physical body is the throne whereon the inner temple is established, God hath ordained that the body be preserved to the extent possible, so that nothing that causeth repugnance may be experienced. The inner temple beholdeth its physical frame, which is its throne.	Sapagkat ang pisikal na anyo na ito ay ang trono ng naloloob na templo, anuman ang mangyari sa una ay mararamdaman ng huli. Sa katunayan, yaong nasisiyahan sa kagalakan, nalulungkot sa sakit ay ang naloloob na templo ng katawan, hindi ang katawan mismo. Sapagkat ang pisikal na katawan ay ang trono kung saan ang naloloob na templo ay nakatatag, itinadhana ng Diyos na pangalagaan ang katawan hanggang maaari, upang walang anumang makasasama ang maranasan. Namamasdan ng

Thus, if the latter is accorded respect, it is as if the former is the recipient. The converse is likewise true.	naloloob na templo ang pisikal na anyo nito, iyon ay ang kaniyang trono. Kung gayon, kung ang huli ay binibigyan ng galang, katulad rin iyon na ang una ang tumatanggap. Ang kabaligtaran nito ay totoo gayundin.
Therefore, it hath been ordained that the dead body should be treated with the utmost honor and respect. <i>V, 12.</i>	Kung gayon, itinadhana na ang patay na katawan ay dapat na tratuhin nang may sukdulang karangalan at paggalang. <i>V, 12.</i>
At the time of the appearance of Him Whom God shall make manifest, wert thou to perform thy deeds for the sake of the Point of the Bayán, they would be regarded as performed for one other than God, inasmuch as on that Day the Point of the Bayán is none other than Him Whom God shall make manifest....	Sa panahon ng pagsapit Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, kung iyong gagawin ang iyong mga gawa alang-alang sa Tuldok ng Bayán, ang mga iyon ay ituturing bilang isinagawa para sa walang iba kundi sa Diyos, yayamang sa Araw na iyon ang Tuldok ng Bayán ay walang iba kundi Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos....
It is for this reason that at the beginning of every Dispensation a vast multitude, who fondly imagine that their deeds are for God, become drowned and ungodly, and perceive this not, except such as He guideth at His behest.	Sa kadahilanang ito, na sa pagsisismula ng bawat Dispensasyon, isang napakalaking bilang ng mga tao, na mapag-mithing inisip na ang kanilang mga gawa ay para sa Diyos, ay nilunod at naging hindi makadiyos, at hindi ito naunawaan, liban doon sa niloob Niya na Kaniyang patnubayan.
It is better for a man to guide a soul than to possess all that lies between East and West. Likewise better is guidance for him who is guided than all the things that exist on earth, for by reason of this guidance he will, after his death, gain admittance into Paradise, whereas by reason of the things of the world below, he will, after his death, receive his deserts. Hence God desireth that all men should be guided aright through the potency of the Words of Him Whom God shall make manifest. However, such as are conceited will not suffer themselves to be guided. They will be debarred from the Truth, some by reason of their learning, others on account of their glory and power, and still others due to reasons of their own, none of which shall be of any avail at the hour of death.	Higit na mabuti para sa isang tao na patnubayan ang isang kaluluwa kaysa sa magmay-ari ng lahat ng naroroon sa pagitan ng Silangan at Kanluran. Gayundin, higit na mabuti para sa kaniya na pinatnubayan kaysa sa lahat ng bagay na naroroon sa kalupaan, dahilan sa ang patnubay na ito, pagkamatay niya, ay makapapasok sa Paraiso, samantalang dahilan sa mga bagay sa daigdig sa ibaba, siya, pagkamatay niya, ay tatanggapin ang mga nararapat sa kaniya. Dahil dito, hinahangad ng Diyos na ang lahat ng tao ay dapat mapatnubayan nang wasto sa pamamagitan ng kapangyarihan ng mga salita Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. gayumpaman, ang gayong mga mapagmagaling ay hindi papayag na mapatnubayan ang kanilang mga sarili. Sila ay hahadlangan mula sa Katotohanan, ang ilan dahilan sa kanilang karunungan, at ang iba dahilan sa kanilang kaluwalhatian at kapangyarihan, at ang iba pa sa mga kadahilanan ng kanilang sarili, na walang anuman ang maaaring pakinabangan sa oras ng kamatayan.

Take thou good heed that ye may all, under the leadership of Him Who is the Source of Divine Guidance, be enabled to direct thy steps aright upon the Bridge, which is sharper than the sword and finer than a hair, so that perchance the things which from the beginning of thy life till the end thou hast performed for the love of God, may not, all at once and unrealized by thyself, be turned to acts not acceptable in the sight of God. Verily God guideth whom He will into the path of absolute certitude. <i>VII, 2.</i>	Makinig kayong mabuti upang harinawang kayong lahat, sa ilalim ng pamumuno Niya na Siyang Bukal ng Banal na Patnubay, ay magawang idako ang inyong hakbang nang wasto sa Tulay na higit na matalim kaysa sa espada at higit na pino kaysa sa isang buhok, upang baka sakaling inyong maisagawa alang-alang sa pagmamahal sa Diyos, ang mga bagay na mula sa simula ng inyong buhay hanggang sa katapusan, nang minsanan, at hindi natupad ng inyong sarili, ay maging mga kilos na hindi katanggap-tanggap sa paningin ng Diyos. Sa katunayan pinapatnubayan ng Diyos yaong Kaniyang ninanais sa landas ng ganap ng katiyakan. <i>VII, 2.</i>
Everyone is eagerly awaiting His appearance, yet since their inner eyes are not directed towards Him sorrow must needs befall Him. In the case of the Apostle of God—may the blessings of God rest upon Him—before the revelation of the Qur’án everyone bore witness to His piety and noble virtues. Behold Him then after the revelation of the Qur’án. What outrageous insults were leveled against Him, as indeed the pen is ashamed to recount. Likewise behold the Point of the Bayán. His behavior prior to the declaration of His mission is clearly evident unto those who knew Him. Now, following His manifestation, although He hath, up to the present, revealed no less than five hundred thousand verses on different subjects, behold what calumnies are uttered, so unseemly that the pen is stricken with shame at the mention of them. But if all men were to observe the ordinances of God no sadness would befall that heavenly Tree. <i>VI, 11.</i>	Bawat isa ay naghihintay nang nananabik sa Kaniyang pagsapit, subalit dahilan sa ang kanilang panloob na mata ay hindi nakatutok sa Kaniya, dalamhati ang kinakailangang sapitin Niya. Sa kalagayan ng Apostol ng Diyos—harinawang ang mga pagpapala ng Diyos ay mapasa-Kaniya—bago ang pagpapahayag ng Qur’án, lahat ay sumaksi sa Kaniyang kabanalan at marangal na mga katangian. Masdan Siya sa gayon matapos ang rebelasyon ng Qur’án. Anong napakasamang mga paghamak ang ibinunton laban sa Kaniya, na tunay na nahihiyang isalaysay ng panulat. Gayundin, masdan ang Tuldok ng Bayán. Ang Kaniyang ugali bago ang pagpapahayag ng Kaniyang Misyon ay malinaw na nakikita noong mga nakakikilala sa Kaniya. Ngayon, kasunod ng Kaniyang paghahayag, kahiman Siya, hanggang sa kasalukuyan, ay nagpahayag na ng hindi kukulangin sa limang-daang-libong mga bersikulo tungkol sa iba’t ibang mga paksa, masdan kung anong mga paninirang-puri ang sinabi, lubhang hindi marapat, na ang panulat ay nahapis sa kahihyan sa pagbanggit sa mga iyon. Subalit kung pag-aaralan ng lahat ng tao ang mga alituntunin ng Diyos, walang kalungkutan ang sasapit sa makalangit na Puno na iyon. <i>VI, 11.</i>
The acts of Him Whom God shall make manifest are like unto the sun, while the works of men, provided they conform to the good-pleasure of God, resemble the stars or the moon.... Thus, should the followers of the Bayán observe the precepts of Him Whom God shall make manifest at the time of His appearance, and regard themselves and their own	Ang mga kilos Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay katulad ng araw, samantalang ang mga gawa ng tao, kung ang mga iyon ay naaayon sa mabuting-kasiyahan ng Diyos, ay nakakahawig ng mga bituin o ng buwan.... Sa gayon, kung ang mga tagasunod ng Bayán ay isasagawa ang mga alituntunin Niya na Siyang gagawing mahayag ng

works as stars exposed to the light of the sun, then they will have gathered the fruits of their existence; otherwise the title of “starship” will not apply to them. Rather it will apply to such as truly believe in Him, to those who pale into insignificance in the daytime and gleam forth with light in the night season.	Diyos sa panahon ng Kaniyang pagsapit, at ipapalagay ang kanilang mga sarili at ang sarili nilang mga gawa bilang mga bituin na nalantad sa liwanag ng araw, sa gayon, matitipon na nila ang mga bunga ng kanilang buhay; kung hindi, ang titulo ng ‘pagkabituin’ ay hindi maiuukol sa kanila. Sa halip ito ay iuukol sa gayong tunay na nananalig sa Kaniya, yaong mga lumalabo sa kawalang-halaga kapag araw at nangingislap sa liwanag kapag gabi.
Such indeed is the fruit of this precept, should anyone observe it on the Day of Resurrection. This is the essence of all learning and of all righteous deeds, should anyone but attain unto it. Had the peoples of the world fixed their gaze upon this principle, no Exponent of divine Revelation would ever have, at the inception of any Dispensation, regarded them as things of naught. However, the fact is that during the night season everyone perceiveth the light which he himself, according to his own capacity, giveth out, oblivious that at the break of day this light shall fade away and be reduced to utter nothingness before the dazzling splendor of the sun.	Tunay na gayon ang bunga ng alituntuning ito, kung susundin ito ng sinuman sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Ito ang diwa ng lahat ng karunungan at lahat ng makatwirang mga gawa, kung matatamo lamang ito ng sinuman. Kung itinutok ng mga tao ng daigdig ang kanilang paningin sa simulaing ito, walang Tagapagtaguyod ng banal na Rebelasyon, sa simula ng alinmang Dispensasyon, ang kailanman ay ituturing sila bilang mga bagay na walang halaga. Datapwat, ang katotohanan ay yaong kapag gabi, nahihiwatigan ng bawat isa ang liwanag na ibinibigay niya mismo, sang-ayon sa kaniyang sariling kakayahan, hindi alintana na sa pamimitak ng araw ang liwanag na ito ay mapapawi at magbabago hanggang sa ganap na kawalan sa harap ng nakasisilaw na kaningningan ng araw.
The light of the people of the world is their knowledge and utterance; while the splendors shed from the glorious acts of Him Whom God shall make manifest are His Words, through whose potency He rolleth up the whole world of existence, sets it under His Own authority by relating it unto Himself, then as the Mouthpiece of God, the Source of His divine light—exalted and glorified be He—proclaimeth: “Verily, verily, I am God, no God is there but Me; in truth all others except Me are My creatures. Say, O My creatures! Me alone, therefore, should ye fear.” <i>VIII, 1.</i>	Ang liwanag ng mga tao ng daigdig ay ang kanilang kaalaman at pananalita; samantalang ang mga kaningningan na isinabog mula sa maluwalhating mga kilos Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay ang Kaniyang mga Salita, na sa pamamagitan ng lakas ng bisa nito ay pinagugulong ang buong daigdig ng buhay, inilalagay ito sa ilalim ng Kaniyang Sariling kapangyarihan sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa Kaniyang sarili, bukod sa pagiging Tagapagsalita ng Diyos, ang Bukal ng Kaniyang banal na liwanag—dakila at maluwalhati Siya—ay nagpahayag: ‘Sa katunayan, sa katunayan, Ako ang Diyos, walang ibang Diyos liban sa Akin; sa katotohanan, lahat ng iba liban sa Akin ay Aking mga nilikha. Sabihin, O Aking mga nilikha! Ako lamang, samakatwid, ang dapat ninyong pangambahan.’ <i>VIII, 1.</i>
Know thou that in the Bayán purification is regarded as the most acceptable means for attaining nearness unto God and as the most meritorious of all deeds. Thus purge thou thine ear that thou	Iyong alamin na sa Bayán ang pagpapadalisay ay ipinapalagay bilang ang lubos na katanggap-tanggap na paraan para makamtan ang pagkalapit sa Diyos at bilang lubos na karapat-dapat

mayest hear no mention besides God, and purge thine eye that it behold naught except God, and thy conscience that it perceive naught other than God, and thy tongue that it proclaim nothing but God, and thy hand to write naught but the words of God, and thy knowledge that it comprehend naught except God, and thy heart that it entertain no wish save God, and in like manner purge all thine acts and thy pursuits that thou mayest be nurtured in the paradise of pure love, and perchance mayest attain the presence of Him Whom God shall make manifest, adorned with a purity which He highly cherisheth, and be sanctified from whosoever hath turned away from Him and doth not support Him. Thus shalt thou manifest a purity that shall profit thee.	sa lahat ng mga gawa. Kung gayon, linisin ang iyong pandinig nang ikaw ay walang mapakinggan liban sa Diyos, at linisin ang iyong paningin nang wala itong mamasdan liban sa Diyos, at ang iyong budhi nang wala itong mahiwatigang iba liban sa Diyos, at ang iyong dila nang wala itong ipahayag liban sa Diyos, at ang iyong kamay nang wala itong isulat liban sa mga salita ng Diyos, at ang iyong kaalaman nang wala itong maunawaan maliban ang Diyos, at ang iyong puso nang wala itong isiping ibang hangarin liban sa Diyos, at sa katulad na gawi ay linisin ang lahat ng mga kilos at mga hangarin nang ikaw ay maalagaan sa paraiso ng dalisay na pagmamahal, at nang baka sakali ay makarating ka sa kinaroroonan Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, napapalamutihan ng isang kadalisayan na Kaniyang lubos na itinatangi, at maging banal mula sa sinumang tumalikod mula sa Kaniya at hindi nagtaguyod sa Kaniya. Sa gayon, iyong maipakikita ang isang kadalisayan na makabubuti sa iyo.
Know thou that every ear which hearkeneth unto His Words with true faith shall be immune from the fire. Thus the believer, through his recognition of Him will appreciate the transcendent character of His heavenly Words, will wholeheartedly choose Him over others, and will refuse to incline his affections towards those who disbelieve in Him. Whatever one gaineth in the life to come is but the fruit of this faith. Indeed any man whose eye gazeth upon His Words with true faith well deserveth Paradise; and one whose conscience beareth witness unto His Words with true faith shall abide in Paradise and attain the presence of God; and one whose tongue giveth utterance to His Words with true faith shall have his abode in Paradise, wherein he will be seized with ecstasy in praise and glorification of God, the Ever-Abiding, Whose revelations of glory never end and the reviving breaths of Whose holiness never fail. Every hand which setteth down His Words with true faith shall be filled by God, both in this world and in the next, with things that are highly prized; and every breast which committeth His Words to memory, God shall cause, if it were that of a believer, to be filled with His love; and every heart which cherisheth the love of His Words and manifesteth in itself the signs of true faith when His Name is mentioned, and exemplifieth the words, "their hearts are thrilled	Iyong alamin na bawat pandinig na nakikinig sa Kaniyang mga Salita nang may tunay na katapatan ay maliligtas sa apoy. Kung kaya ang mananampalataya, sa pamamagitan ng pagkilala niya sa Kaniya, ay pahahalagahan ang nangingibabaw na katangian ng Kaniyang makalangit na mga Salita, buong pusong pipiliin Siya kaysa sa iba, at tatanggi na ikiling ang mga pagmamahal doon sa mga hindi naniniwala sa Kaniya. Anuman ang makamtan ng isa sa darating na buhay ay bunga lamang ng pananalig na ito. Tunay na sinumang tao na ang mga mata ay tumitig nang mabuti sa Kaniyang mga Salita, nang may tunay na katapatan, ay lubos na karapat-dapat sa Paraiso, at yaong ang budhi ay sumasaksi sa Kaniyang mga Salita nang may tunay na katapatan ay magkakaroon ng kaniyang tahanan sa Paraiso, kung saan siya ay masasakmal ng sukdulang kaligayahan sa pagpupuri at pagluwalhati sa Diyos, ang Walang-Maliw, na ang Kaniyang mga paghahayag ng kaluwalhatian ay hindi kailanman nagwawakas at ang muling-nakabubuhay na mga hininga Niya na ang kabanalan ay hindi kailanman manghihina. Bawat kamay na itinatag ang Kaniyang mga Salita nang may tunay na katapatan ay pupuspusin ng Diyos, kapuwa sa daigdig na ito at sa susunod, ng mga bagay na lubhang pinahahalagahan; at bawat dibdib na isinaulo ang

with awe at the mention of God,¹²⁷ that heart will become the object of the glances of divine favor and on the Day of Resurrection will be highly praised by God. <i>IX, 10.</i>	Kaniyang mga Salita, ay gagawin ng Diyos, kung ito ay yaong sa isang mananampalataya, na mapuspos ng Kaniyang pagmamahal; at bawat puso na pinakatatangi ang pagmamahal sa Kaniyang mga Salita, at ipinakikita ng sarili nito ang mga palatandaan ng tunay na pananalig kapag ang Kaniyang Pangalan ay binabanggit, at ipinakikita ang halimbawa ng mga salita, ‘ang kanilang mga puso ay nanginginig sa pagpipitagan kapag binanggit ang Diyos,’¹²⁸ ang pusong iyon ay magiging pakay ng mga sulyap ng banal na pagtatangi at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay lubhang pupurihin ng Diyos. <i>IX, 10.</i>
If at the time of the appearance of Him Whom God will make manifest all the dwellers of the earth were to bear witness unto a thing whereunto He beareth witness differently, His testimony would be like unto the sun, while theirs would be even as a false image produced in a mirror which is not facing the sun. For had it been otherwise their testimony would have proved a faithful reflection of His testimony.	Kung sa panahon ng pagsapit Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, ang lahat ng mga nananahan sa kalupaan ay magiging saksi sa isang bagay na kung saan iba ang Kaniyang sinasaksihan, ang Kaniyang pagpapatunay ay magiging katulad sa araw, samantalang ang sa kanila ay magiging katulad ng isang huwad na larawan na nilikha sa isang salamin na hindi nakaharap sa araw. Sapagkat kung iyon ay naging iba, ang kanilang pagpapatunay ay mapagtitibay na isang tapat na paglalarawan ng Kaniyang patunay.
I swear by the most sacred Essence of God that but one line of the Words uttered by Him is more sublime than the words uttered by all that dwell on earth. Nay, I beg forgiveness for making this comparison. How could the reflections of the sun in the mirror compare with the wondrous rays of the sun in the visible heaven? The station of one is that of nothingness, while the station of the other, by the righteousness of God—hallowed and magnified be His Name—is that of the Reality of things....	Sumusumpa Ako sa pinakabanal na Diwa ng Diyos na sa isang talata lamang ng mga Salitang sinambit Niya ay higit na maringal kaysa sa mga salita na sinambit ng lahat ng naninirahan sa kalupaan. Hindi, lumuluhog Ako ng kapatawaran na ginawa ang ganitong paghahambing. Paanong ang mga paglalarawan ng araw sa salamin ay maihahambing sa kamangha-manghang mga silahis ng araw sa nakikitang kalangitan? Ang katayuan ng isa ay yaong kawalan, samantalang ang katayuan noong isa, saksi ang pagkamakatarungan ng Diyos—sambahin at luwalhatiin ang Kaniyang Pangalan—ay yaong Realidad ng mga bagay....
If in the Day of His manifestation a king were to make mention of his own sovereignty, this would be like unto a mirror challenging the sun, saying: “The light is in me.” It would be likewise, if a man of learning in His Day were to claim to be an exponent of knowledge, or if he who is possessed of riches	Kung sa Araw ng Kaniyang paghahayag isang hari ang babanggit sa kaniyang sariling kapangyarihan, ito ay magiging katulad ng isang salamin na humahamon sa araw, sinasabi: ‘Ang liwanag ay nasa sa akin’. Ito ay magiging katulad rin ng, kung isang marunong na tao sa Kaniyang Araw ay

¹²⁷ Qur’án 8:2.

¹²⁸ Qur’án 8:2.

were to display his affluence, or if a man wielding power were to assert his own authority, or if one invested with grandeur were to show forth his glory. Nay, such men would become the object of the derision of their peers, and how would they be judged by Him Who is the Sun of Truth! <i>III, 12.</i>	nagpahayag na isang tagapagtaguyod ng kaalaman, o kung siya na nagmamay-ari ng mga kayamanan ay ipakikita ang kaniyang yaman, o kung isang tao na humahawak ng kapangyarihan ay igigiit ang kaniyang sariling kapangyarihan, o kung isang tao na pinagkalooban ng karingalan ay ipinagparangya ang kaniyang kaluwalhatian. Hindi lamang iyon, kundi, ang gayong mga tao ay magiging pakay ng pang-uuyam ng kanilang mga kauri, at paano sila hahatulan Niya na Siyang Araw ng Katotohanan! <i>III, 12.</i>
It is not permissible to ask questions from Him Whom God will make manifest, except that which well beseemeth Him. For His station is that of the Essence of divine Revelation.... Whatever evidence of bounty is witnessed in the world, is but an image of His bounty; and every thing owes its existence to His Being.... The Bayán is, from beginning to end, the repository of all of His attributes, and the treasury of both His fire and His light. Should anyone desire to ask questions, he is allowed to do so only in writing, that he may derive ample understanding from His written reply and that it may serve as a sign from his Beloved. However, let no one ask aught that may prove unworthy of His lofty station. For instance, were a person to inquire the price of straw from a merchant of rubies, how ignorant would he be and how unacceptable. Similarly unacceptable would be the questions of the highest-ranking people of the world in His presence, except such words as He Himself would utter about Himself in the Day of His manifestation.	Hindi pinahihintulutan na tanungin Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, liban yaong naaangkop sa Kaniya. Sapagkat ang Kaniyang katayuan ay yaong Diwa ng banal na Rebelasyon.... Anuman ang katibayan ng biyaya ang nasaksihan sa daigdig, ay isang larawan lamang ng Kaniyang biyaya; at bawat bagay ay utang ang pananatili nito sa Kaniyang Pag-iral.... Ang Bayán, mula sa simula hanggang sa wakas, ay ang repositoryo ng lahat ng Kaniyang mga katangian, at ang ingatang-yaman ng Kaniyang apoy at Kaniyang liwanag. Kung sinuman ang maghahangad na magtanong, siya ay pinahihintulutang gawin iyon nang nasusulat lamang, upang makakuha siya ng sapat na pagkaunawa mula sa Kaniyang nasusulat na tugon at upang ito ay magsilbi bilang isang palatandaan mula sa kaniyang Minamahal. Datapwat, hindi hinahayaan ang isa na magbigay ng katanungan na napapatunayang hindi karapat-dapat sa Kaniyang mataas na katayuan. Halimbawa, kung itatanong ng isang tao ang halaga ng dayami sa isang mangangalakal ng mga rubi, gaano ang kaniyang kamangmangan at gaano hindi katanggap-tanggap. Katulad din na magiging hindi katanggap-tanggap ang mga katanungan ng pinakamatataas ang katayuan ng mga tao ng daigdig sa Kaniyang harapan, liban sa gayong mga salita na Siya Mismo ang nagpahayag tungkol sa Kaniyang Sarili sa Araw ng Kaniyang paghahayag.
Methinks I visualize those who would, prompted by their own deluded conceptions, write to Him and ask Him questions about that which hath been revealed in the Bayán, and He would answer them with words not of His Own, but divinely inspired, saying: “Verily, verily, I am God; no God is there but Me. I have called into being all the created	Aking naiisip na nakikita Ko yaong mga naudyukan ng kanilang sariling nalinlang na mga pagka-unawa, ang susulat sa Kaniya at tatanungin Siya tungkol doon sa naipahayag sa Bayán, at Siya ay tutugon sa kanila sa mga pananalitang hindi sa Kaniyang Sarili, subalit banal na binigyang-sigla, sinasabi: ‘Sa katunayan, sa katunayan Ako ang Diyos; walang

things, I have raised up divine Messengers in the past and have sent down Books unto Them. Take heed not to worship anyone but God, He Who is My Lord and your Lord. This indeed is the undoubted truth. However, alike shall it be to Me; if ye believe in Me, ye will provide good for your own souls, and if ye believe not in Me, nor in that which God hath revealed unto Me, ye will suffer yourselves to be shut out as by a veil. For verily I have been independent of you heretofore, and shall remain independent hereafter. Therefore it behooveth you, O creatures of God, to help your own selves and to believe in the Verses revealed by Me....” <i>III, 13.</i>	ibang Diyos liban sa Akin. Aking ginawa ang lahat ng nilikhang bagay na mabuhay, Aking itinaas ang mga banal na Sugo sa nakaraan at ipinadala ang mga Aklat sa Kanila. Makinig upang hindi sambahin ang sinuman liban sa Diyos, Siya na Aking Panginoon at inyong Panginoon. Tunay na ito ang hindi mapag-aalinlanganang Katotohanan. Gayumpaman, ito ay magiging ganoon din sa Akin; kung kayo ay nananalig sa Akin, magbibigay kayo ng kabutihan para sa inyong sariling mga kaluluwa, at kung hindi kayo nananalig sa Akin, ni doon sa ipinahayag ng Diyos sa Akin, hahayaan ninyo ang inyong mga sarili na mahadlangan ng isang lambong. Sapagkat, tunay, Ako ay malaya sa inyo noon, at mananatiling malaya sa hinaharap. Kung gayon, tungkulin ninyo, O mga nilikha ng Diyos, na tulungan ang inyong mga sarili at manalig sa mga Bersikulo na Aking ipinahayag.... <i>III, 13.</i>
The Bayán shall constitute God’s unerring balance till the Day of Resurrection which is the Day of Him Whom God will make manifest. Whoso acteth in conformity with that which is revealed therein will abide in Paradise, under the shadow of His affirmation and reckoned among the most sublime Letters in the presence of God; while whoso deviateth, were it even so much as the tip of a grain of barley, will be consigned to the fire and will be assembled neath the shadow of negation. This truth hath likewise been laid bare in the Qur’án where in numerous instances God hath set down that whoever should pass judgment contrary to the bounds fixed by Him, would be deemed an infidel....	Ang Bayán ang bumubuo sa hindi nagkakamaling timbangan ng Diyos hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay na ang Araw Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. Sinuman ang kumilos nang naaayon sa ipinahayag doon ay mananahan sa Paraiso, sa ilalim ng lilim ng Kaniyang pagpapatibay at itinuring na kabilang sa pinakadakilang mga Titik sa harapan ng Diyos; samantalang sinuman ang lumihis, kahit na kasing laki ng dulo ng isang butil ng barley, ay itatalaga sa apoy at titipunin sa ilalim ng lilim ng kawalan. Ang katotohanang ito ay inilantad, gayundin, sa Qur’án kung saan sa napakaraming mga pagkakataon itinadhana ng Diyos na sinuman ang magpapataw ng hatol na taliwas sa mga hangganan na itinakda Niya, ay ipalalagay na isang hindi naniniwala sa Diyos....
In these days how few are those who abide by the standard laid down in the Qur’án. Nay, nowhere are they to be found, except such as God hath willed. Should there be, however, such a person, his righteous deeds would prove of no avail unto him, if he hath failed to follow the standard revealed in the Bayán; even as the pious deeds of the Christian monks profited them not, inasmuch as at the time of the manifestation of the Apostle of God—may the blessings of God rest upon Him—they contented themselves with the standard set forth in the Gospel.	Sa mga araw na ito gaano kadalang yaong mga sumusunod sa pamantayan na itinadhana sa Qur’án. Hindi lamang iyon, kundi, kahit saan ay hindi matatagpuan ang mga iyon, liban sa ganoong niloob ng Diyos. Gayumpaman, kung mayroong ganoong tao, ang kaniyang makatwirang mga gawa ay mapapatunayang hindi magiging kapaki-pakinabang sa kaniya, kung nabigo siyang sundin ang pamantayang ipinahayag sa Bayán; kahit bilang isang madasaling mga gawa ng mga Kristiyanong monghe na hindi nila napakinabangan, dahilan sa nang panahon ng paghahayag ng Apostol ng

	Diyos—harinawang ang mga biyaya ng Diyos ay mapasa-Kaniya—naglaban-laban sila tungkol sa pamantayan na inihayag sa Ebanghelyo.
Had the divine standard laid down in the Qur’án been truly observed, adverse judgments would not have been pronounced against Him Who is the Tree of divine Truth. As it hath been revealed: “Almost might the heavens be rent and the earth be cleft asunder and the mountains fall down in fragments.” ¹²⁹ And yet how much harder than these mountains their hearts must be to have remained unmoved! Indeed no paradise is more glorious in the sight of God than attainment unto His good-pleasure. <i>II, 6.</i>	Kung ang banal na pamantayan na itinadhana sa Qur’án ay tunay na sinunod, ang masamang mga paghatol ay hindi sana ipinahayag laban sa Kaniya na Puno ng banal na Katotohanan. Tulad nang naipahayag: ‘Halos ang mga kalangitan ay giniyagis at ang kalupaan ay nalansag at ang mga bundok ay bumagsak nang durog-durog.’ ¹³⁰ At gayumpaman, gaanong higit na mahirap kaysa sa mga kabundukang ito na manatili ang kanilang mga puso nang hindi natitinag! Tunay na walang paraiso ang higit na maluwalhati sa paningin ng Diyos kaysa sa pagtatamo ng Iyong mabuting-kasiyahan. <i>II, 6.</i>
The One true God may be compared unto the sun and the believer unto a mirror. No sooner is the mirror placed before the sun than it reflects its light. The unbeliever may be likened unto a stone. No matter how long it is exposed to the sunshine, it cannot reflect the sun. Thus the former layeth down his life as a sacrifice, while the latter doeth against God what he committeth. Indeed, if God willeth, He is potent to turn the stone into a mirror, but the person himself remaineth reconciled to his state. Had he wished to become a crystal, God would have made him to assume crystal form. For on that Day whatever cause prompteth the believer to believe in Him, the same will also be available to the unbeliever. But when the latter suffereth himself to be wrapt in veils, the same cause shutteth him out as by a veil. Thus, as is clearly evident today, those who have set their faces toward God, the True One, have believed in Him because of the Bayán, while such as are veiled have been deprived because of it. <i>VI, 4.</i>	Ang lisang tunay na Diyos ay maaaring ihalintulad sa araw at ang mananampalataya ay sa salamin. Sa sandaling iharap ang salamin sa araw, ilalarawan nito ang liwanag niyon. Ang hindi nananalig ay maitutulad sa isang bato. Gaanuman katagal na ilantad ito sa liwanag ng araw, hindi nito mailalarawan ang araw. Kung gayon, inihahain ng una ang kaniyang buhay bilang isang alay, samantlang ang huli ay gumagawa nang laban sa Diyos. Tunay, kung lolobin ng Diyos, makapangyarihan Siya upang gawing isang salamin ang bato; ngunit ang tao mismo ay mananatiling nakatalaga sa kaniyang kalagayan. Kung ninais niyang maging kristal, ginawa sana siya ng Diyos sa anyo ng kristal. Sapagkat sa Araw na iyon, anuman ang dahilan na nag-udyok sa mananampalataya na manalig sa Kaniya, ang katulad nito ang maaaring mangyari rin sa hindi nananalig. Subalit kapag pinahintulutan ng huli na mabalot ng mga lambong ang kaniyang sarili, ang lambong ding iyon ang maglalayo sa kaniya. Kung gayon, tulad ng malinaw na naunawaan na ngayon, yaong mga ibinaling ang kanilang mukha sa Diyos, Siya na Tunay, ay nananalig sa Kaniya dahilan sa Bayán, samantalang ang ganoong nalalambungan ay pinagkaitan dahilan doon. <i>VI, 4.</i>
I swear by the most holy Essence of God—exalted and glorified be He—that in the Day of the	Sumusumpa Ako sa pinakabanal na Diwa ng Diyos—dakila at maluwalhati Siya—na sa Araw ng

¹²⁹ Qur’án 19:92.

¹³⁰ Qur’án 19:92

appearance of Him Whom God shall make manifest a thousand perusals of the Bayán cannot equal the perusal of a single verse to be revealed by Him Whom God shall make manifest.	pagsapit Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, ang isang libong mga pagbasa ng Bayán ay hindi makakatumbas ng kahit isang bersikulo na ipahahayag Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos.
Ponder awhile and observe that everything in Islám hath its ultimate and eventual beginning in the Book of God. Consider likewise the Day of the Revelation of Him Whom God shall make manifest, He in Whose grasp lieth the source of proofs, and let not erroneous considerations shut thee out from Him, for He is immeasurably exalted above them, inasmuch as every proof proceedeth from the Book of God which is itself the supreme testimony, as all men are powerless to produce its like. Should myriads of men of learning, versed in logic, in the science of grammar, in law, in jurisprudence and the like, turn away from the Book of God, they would still be pronounced unbelievers. Thus the fruit is within the supreme testimony itself, not in the things derived therefrom. And know thou of a certainty that every letter revealed in the Bayán is solely intended to evoke submission unto Him Whom God shall make manifest, for it is He Who hath revealed the Bayán prior to His Own manifestation. <i>V, 8.</i>	Sandaling bulay-bulayin at pag-aralan na ang pangwakas at maaaring simula ng lahat ng bagay sa Islám ay nasa Aklat ng Diyos. Isalang-alang, gayundin, ang Araw ng Rebelasyon Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, Siya na nakalagay sa Kaniyang kamay ang bukal ng mga katibayan, at hindi hinahayaan ang maling mga pagsasaalang-alang na mahadlangan ka mula sa Kaniya, sapagkat Siya ay di matayang higit na dakila sa kanila, yayamang ang bawat katibayan ay nagmula sa Aklat ng Diyos na mismong ang kataas-taasang pagpapatibay, dahilan sa lahat ng tao ay walang lakas na lumikha ng katulad nito. Kung ang napakaraming tao na marurunong, dalubhasa sa lohika, sa agham ng gramatika, sa batas, sa siyensiya ng paghuhukom at ang katulad, ay bumaling palayo sa Aklat ng Diyos, sila ay ipahahayag pa rin na hindi nananalig. Sa gayon ang bunga ay nasa loob ng kataas-taasang pagpapatibay mismo, hindi sa mga bagay na nagmula roon. At iyong alamin nang nakatitiyak na bawat titik na ipinahayag sa Bayán ay naglayon lamang upang pumukaw sa pagpapasa-ilalim sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, sapagkat Siya yaong nagpahayag ng Bayán bago pa sa Kaniyang Sariling paghahayag. <i>V, 8.</i>
In this Revelation the Lord of the universe hath deigned to bestow His mighty utterances and resplendent signs upon the Point of the Bayán, and hath ordained them as His matchless testimony for all created things. Were all the people that dwell on earth to assemble together, they would be unable to produce a single verse like unto the ones which God hath caused to stream forth from the tongue of the Point of the Bayán. Indeed, if any living creature were to pause to meditate he would undoubtedly realize that these verses are not the work of man, but are solely to be ascribed unto God, the One, the Peerless, Who causeth them to flow forth from the tongue of whomsoever He willeth, and hath not revealed nor will He reveal them save through the Focal Point of God's Primal Will. He it is, through	Sa Rebelasyon na ito ang Panginoon ng sansinukob ay minarapat na ipagkaloob ang Kaniyang makapangyarihang mga pananalita at maringal na mga palatandaan sa Tuldok ng Bayán, at itinadhana ang mga iyon bilang ang Kaniyang walang katulad na patunay para sa lahat ng nilikhang bagay. Kung ang lahat ng tao na nananahan sa kalupaan ay magtitipon-tipon, hindi sila makalilikha ng kahit isang bersikulo tulad noong ginawa ng Diyos na dumaloy mula sa dila ng Tuldok ng Bayan. Tunay, kung alinman sa nabubuhay na nilikha ang sandaling hihinto upang magnilay-nilay, walang alinlangang mauunawaan niya na ang mga bersikulong ito ay hindi gawa ng tao, kundi ipalalagay na ang gumawa ay ang Diyos lamang, ang Nag-iisa, ang Walang Kaparis, na ginagawang

Whose dispensations divine Messengers are raised up and heavenly Books are sent down. Had human beings been able to accomplish this deed surely someone would have brought forth at least one verse during the period of twelve hundred and seventy years which hath elapsed since the revelation of the Qur'án until that of the Bayán. However, all men have proved themselves impotent and have utterly failed to do so, although they endeavored, with their vehement might, to quench the flame of the Word of God. <i>II, 1.</i>	dumaloy mula sa dila ng sinumang pinipita Niya, at hindi ipinahayag ni Kaniyang ipahahayag ang mga iyon liban sa pamamagitan ng Tampok na Pakay ng Pinakamahalagang Hangarin ng Diyos. Siya yaong, sa pamamagitan ng Kaniyang mga kapahintulutan ang mga banal na Sugo ay itinaas at ang makalangit na mga Aklat ay ipinadala. Kung nagawa ng mga tao na matupad ang gawa na ito tiyak na may isang taong nakalikha ng kahit isang bersikulo sa panahon ng labindalawang-daan at pitumpung mga taon ang nakalipas mula sa pagpapahayag ng Qur'án hanggang doon sa Bayán. Gayumpaman, lahat ng tao ay pinatunayan ang kanilang mga sarili na walang lakas at ganap na nabigong magakagawa noon, kahiman sila ay nagsikap, sa kanilang marubdob na kapangyarihan, na apulain ang lagablab ng Salita ng Diyos. <i>II, 1.</i>
Thou beholdest how vast is the number of people who go to Mecca each year on pilgrimage and engage in circumambulation, while He, through the potency of Whose Word the Ka'bah [the sanctuary in Mecca] hath become the object of adoration, is forsaken in this mountain. He is none other but the Apostle of God Himself, inasmuch as the Revelation of God may be likened to the sun. No matter how innumerable its risings, there is but one sun, and upon it depends the life of all things. It is clear and evident that the object of all preceding Dispensations hath been to pave the way for the advent of Muḥammad, the Apostle of God. These, including the Muḥammadan Dispensation, have had, in their turn, as their objective the Revelation proclaimed by the Qá'im. The purpose underlying this Revelation, as well as those that preceded it, has, in like manner, been to announce the advent of the Faith of Him Whom God will make manifest. And this Faith—the Faith of Him Whom God will make manifest—in its turn, together with all the Revelations gone before it, have as their object the Manifestation destined to succeed it. And the latter, no less than all the Revelations preceding it, prepare the way for the Revelation which is yet to follow. The process of the rise and setting of the Sun of Truth will thus indefinitely continue—a process that hath had no beginning and will have no end.	Iyong namamasdan kung gaano napakalaki ang bilang ng mga tao na nagpupunta sa Mecca taon-taon para sa peregrinasyon at abala sa pag-ikot nang lakad, samantalang Siya, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Salita Niya ang Ka'bah [ang santuwaryo sa Mecca] ay naging pakay ng pagsamba, ay nilimot sa bundok na ito. Siya ay walang iba kundi ang Apostol ng Diyos Mismo, dahilan sa ang Rebelasyon ng Diyos ay maaaring ihalintulad sa araw. Gaanuman di-mabilang ang mga pagsikat nito, iisa lamang ang araw, at dito ay nakasalalay ang buhay ng lahat ng bagay. Malinaw at maliwanag na ang pakay ng lahat ng naunang mga Dispensasyon ay ang ihanda ang landas para sa pagsapit ni Muḥammad, ang Apostol ng Diyos. Ang mga ito, kasama ang Dispensasyon ni Muḥammad, sa kanilang pagkakataon, ay ginawang maging pakay nila ang Rebelasyon na ipinahayag ng Qá'im. Ang layunin na saligan ng Rebelasyon na ito, gayundin yaong mga nauna rito, sa gayunding gawi, ay ang ipatalastas ang pagsapit ng Pananampalataya Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. At ang Pananampalataya na ito—ang Pananampalataya Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos—sa pagkakataon nito, kasama ang lahat ng mga Rebelasyon na nauna rito, ay ang ihanda ang landas para sa Rebelasyon na susunod pa rito. Ang paraan ng pagsikat at paglubog ng Araw ng Katotohanan sa gayon ay walang hanggang magpapatuloy—isang paraan na hindi nagkaroon ng simula at hindi magkakaron ng katapusan.

Well is it with him who in every Dispensation recognizeth the Purpose of God for that Dispensation, and is not deprived therefrom by turning his gaze towards the things of the past. <i>IV, 12.</i>	Mabuti para sa kaniya na sa bawat Dispensasyon ay nauunawaan ang Layunin ng Diyos para sa Dispensasyong iyon, at hindi pinagkaitan mula rito dahilan sa ibinabaling ang kaniyang paningin sa mga bagay ng nakaraan. <i>IV, 12.</i>
The substance of this chapter is this, that what is intended by the Day of Resurrection is the Day of the appearance of the Tree of divine Reality, but it is not seen that anyone of the followers of <u>Shí'ih</u> Islám hath understood the meaning of the Day of Resurrection; rather have they fancifully imagined a thing which with God hath no reality. In the estimation of God and according to the usage of such as are initiated into divine mysteries, what is meant by the Day of Resurrection is this, that from the time of the appearance of Him Who is the Tree of divine Reality, at whatever period and under whatever name, until the moment of His disappearance, is the Day of Resurrection.	Ang buod ng kabanatang ito ay ito, na yaong nilalayon ng Araw ng Muling Pagkabuhay ay ang Araw ng pagsapit ng Puno ng banal na Realidad, subalit hindi nakita na sinuman sa mga tagasunod ng <u>Shí'ih</u> Islám ang nakaunawa sa kahulugan ng Araw ng Muling Pagkabuhay; sa halip ay haling na ipinalagay ang isang bagay na yaong nasa Diyos ay walang kaganapan. Sa pagtaya ng Diyos, at sang-ayon sa paggamit ng ganoon tulad ng sinimulan sa mga banal na kahiwagaan, ang kahulugan ng Araw ng Muling Pagkabuhay ay ito, na mula sa panahon ng pagsapit Niya na Siyang Puno ng banal na Realidad, sa anumang panahon at sa ilalim ng anumang pangalan, hanggang sa sandali ng Kaniyang pagkawala, ay ang Araw ng Muling Pagkabuhay.
For example, from the inception of the mission of Jesus—may peace be upon Him—till the day of His ascension was the Resurrection of Moses. For during that period the Revelation of God shone forth through the appearance of that divine Reality, Who rewarded by His Word everyone who believed in Moses, and punished by His Word everyone who did not believe; inasmuch as God's Testimony for that Day was that which He had solemnly affirmed in the Gospel. And from the inception of the Revelation of the Apostle of God—may the blessings of God be upon Him—till the day of His ascension was the Resurrection of Jesus—peace be upon Him—wherein the Tree of divine Reality appeared in the person of Muḥammad, rewarding by His Word everyone who was a believer in Jesus, and punishing by His Word everyone who was not a believer in Him. And from the moment when the Tree of the Bayán appeared until it disappeareth is the Resurrection of the Apostle of God, as is divinely foretold in the Qur'án; the beginning of which was when two hours and eleven minutes had passed on the eve of the fifth of Jamádiyu'l-Avval, 1260 A.H.,¹³¹ which is the year 1270 of the	Halimbawa, mula sa simula ng Misyong ni Jesus—harinawang mapasa-Kaniya ang kapayapaan—hanggang sa araw ng Kaniyang pag-akyat sa langit ay ang Muling Pagkabuhay ni Moises. Sapagkat nang panahong iyon ang Rebelasyon ng Diyos ay sumikat sa pamamagitan ng pagsapit ng banal na Realidad na iyon, na ginantimpalaan Niya sa pamamagitan ng Kaniyang Salita ang bawat isang nanalig kay Moises, at pinarusahan ng Kaniyang Salita ang bawat isa na hindi nanalig; dahilan sa ang Pagpapatunay ng Diyos para sa Araw na iyon ay yaong Kaniyang taimtim na pinagtibay sa Ebanghelyo. At mula sa simula ng Rebelasyon ng Apostol ng Diyos—harinawang ang mga pagpapala ng Diyos ay mapasa-Kaniya—hanggang sa araw ng Kaniyang pag-akyat sa langit ay ang Muling Pagkabuhay ni Jesus—mapasa-Kaniya ang kapayapaan—na kung saan ang Puno ng banal na Realidad ay nakita sa katauhan ni Muḥammad, ginagantimpalaan ng Kaniyang Salita ang bawat isa na nanalig kay Jesus, at pinarusahan ng Kaniyang Salita ang bawat isa na hindi nanalig sa Kaniya. At mula sa sandali na ang Puno ng Bayán ay sumapit hanggang sa ito ay

¹³¹ 22 May 1844.

Declaration of the Mission of Muḥammad. This was the beginning of the Day of Resurrection of the Qur'án, and until the disappearance of the Tree of divine Reality is the Resurrection of the Qur'án. The stage of perfection of everything is reached when its resurrection occurreth. The perfection of the religion of Islám was consummated at the beginning of this Revelation; and from the rise of this Revelation until its setting, the fruits of the Tree of Islám, whatever they are, will become apparent. The Resurrection of the Bayán will occur at the time of the appearance of Him Whom God shall make manifest. For today the Bayán is in the stage of seed; at the beginning of the manifestation of Him Whom God shall make manifest its ultimate perfection will become apparent. He is made manifest in order to gather the fruits of the trees He hath planted; even as the Revelation of the Qá'im [He Who ariseth], a descendant of Muḥammad—may the blessings of God rest upon Him—is exactly like unto the Revelation of the Apostle of God Himself [Muḥammad]. He appeareth not, save for the purpose of gathering the fruits of Islám from the Qur'anic verses which He [Muḥammad] hath sown in the hearts of men. The fruits of Islám cannot be gathered except through allegiance unto Him [the Qá'im] and by believing in Him. At the present time, however, only adverse effects have resulted; for although He hath appeared in the midmost heart of Islám, and all people profess it by reason of their relationship to Him [the Qá'im], yet unjustly have they consigned Him to the Mountain of Máh-Kú, and this notwithstanding that in the Qur'án the advent of the Day of Resurrection hath been promised unto all by God. For on that Day all men will be brought before God and will attain His Presence; which meaneth appearance before Him Who is the Tree of divine Reality and attainment unto His presence; inasmuch as it is not possible to appear before the Most Holy Essence of God, nor is it conceivable to seek reunion with Him. That which is feasible in the matter of appearance before Him and of meeting Him is attainment unto the Primal Tree. *II, 7.*

mawala ay ang Muling Pagkabuhay ng Apostol ng Diyos, ayon sa banal na ipinangako sa Qur'án; na ang simula niyon ay dalawang oras at labing-isang minuto makalipas sa gabi ng ikalima ng Jamádiyu'l-Avval, 1260 A.H.,¹³² na iyon ay ang taong 1270 ng Pagpapahayag ng Misyon ni Muḥammad. Ito ang simula ng Araw ng Muling Pagkabuhay ng Qur'án, at hanggang sa pagkawala ng Puno ng banal na Realidad ay ang Muling Pagkabuhay ng Qur'án. Ang yugto ng kasakdalan ng lahat ng bagay ay natatamo kapag naganap ang muling pagkabuhay nito. Ang kasakdalan ng relihiyong Islám ay naganap sa simula ng Rebelasyong ito; at mula sa pagsikat ng Rebelasyong ito hanggang sa paglubog nito, ang mga bunga ng Puno ng Islám, anuman ang mga iyon, ay magiging maliwanag. Ang Muling Pagkabuhay ng Bayán ay magaganap sa panahon ng pagsapit Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. Sapagkat ngayon ang Bayán ay nasa yugto ng pagkabinhi; sa simula ng paghahayag Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ang lubos na kasakdalan nito ay magiging maliwanag. Siya ay ginagawang mahayag upang pitasin ang mga bunga ng mga puno na Kaniyang itinanim; tulad din ng Rebelasyon ng Qá'im [Siyang magbabangon], isang inapo ni Muḥammad—harinawang ang mga pagpapala ng Diyos ay mapasa-Kaniya—ay ganoong-ganoon tulad ng Rebelasyon ng Apostol ng Diyos Mismo [Muḥammad]. Siya ay hindi sasapit, maliban lamang sa layuning matipon ang mga bunga ng Islám mula sa bersikulo ng Qur'án na inihatik Niya [Muḥammad] sa mga puso ng tao. Ang mga bunga ng Islám ay hindi maaaring mapitas liban sa pamamagitan ng katapatan sa Kaniya [ang Qá'im] at sa pananalig sa Kaniya. Datapwat, sa kasalukuyan, masamang mga kinalabasan lamang ang naging bunga; sapagkat kahiman Siya ay lumitaw sa kaibuturan ng puso ng Islám, at lahat ng tao ay naniniwala dito dahil sa kanilang kaugnayan sa Kaniya [ang Qá'im], subalit hindi makatarungang itinalaga Siya sa Bundok ng Máh-Kú, at ito sa kabila ng ipinangako ng Diyos sa Qur'án ang pagsapit sa lahat ng Araw ng Muling Pagkabuhay. Sapagkat sa Araw na iyon, lahat ng tao ay dadalhin sa harap ng Diyos at makararating sa Kaniyang Harapan; na nangangahulugan ng paghaharap sa Kaniya na Siyang Puno ng banal na

¹³² 22 May 1844

	Realidad at ang makarating sa Kaniyang kinaroroonan; yayamang hindi maaaring humarap sa Pinakabanal na Diwa ng Diyos, ni hindi maiisip na hangarin ang pakikisamang-muli sa Kaniya. Yaong maaaring maganap sa paksa ng pagpapakita sa harapan Niya at ang pakikipagkita sa Kaniya ay ang makarating sa Pinakamahalagang Puno. <i>II, 7.</i>
The evidence set forth by God can never be compared with the evidences produced by anyone of the peoples and kindreds of the earth; and beyond a shadow of doubt no evidence is set forth by God save through the One Who is appointed as His supreme Testimony. Moreover, the proof of revealed verses doth, alone and of itself, conclusively demonstrate the utter impotence of all created things on earth, for this is a proof which hath proceeded from God and shall endure until the Day of Resurrection.	Ang katibayan ng inilahad ng Diyos ay hindi kailanman maihahambing sa mga katibayan na nilikha ng sinuman sa mga tao at mga kaanak sa kalupaan; at nang walang bahid ng alinlangan walang katibayang ibinigay ang Diyos liban sa pamamagitan Niya na hinirang bilang Kaniyang kataas-taasang Patunay. Bukod doon, ang katibayan ng ipinahayag na mga bersikulo, nang mag-isa lamang at sa sarili nito, ay maipapakita nang maliwanag ang ganap na kawalang-lakas ng lahat ng nilikhang bagay sa kalupaan, sapagkat ito ay isang katibayan na nagmula sa Diyos at mananatili hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.
And if anyone should reflect on the appearance of this Tree, he will undoubtedly testify to the loftiness of the Cause of God. For if one from whose life only twenty-four years have passed, and who is devoid of those sciences wherein all are learned, now reciteth verses after such fashion without thought or hesitation, writes a thousand verses of prayer in the course of five hours without pause of the pen, and produceth commentaries and learned treatises on such lofty themes as the true understanding of God and of the oneness of His Being, in a manner which doctors and philosophers confess surpasseth their power of understanding, then there is no doubt that all that hath been manifested is divinely inspired. Notwithstanding their life-long diligent study, what pains do these divines take when writing a single line in Arabic! Yet after such efforts the result is but words which are unworthy of mention. All these things are for a proof unto the people; otherwise the religion of God is too mighty and glorious for anyone to comprehend through aught but itself; rather by it all else is understood. <i>II, 1.</i>	At kung sinuman ang magninilay-nilay sa pagsapit ng Puno na ito, walang alinlangang patutunayan niya ang kataasan ng Kapakanan ng Diyos. Sapagkat kung ang isa na ang buhay ay dalawampu't apat lamang ang nakalipas, at salat sa mga agham kung saan ang lahat ng marurunong, ang ngayon ay sinasambit ang mga bersikulo sa gayong gawi nang hindi iniisip o walang atubili, sumusulat ng isang libong mga bersikulo ng mga dalangin sa loob ng limang oras nang hindi humihinto kahit sandali ang panulat, at lumikha ng mga komentaryo at dalubhasang mga paliwanag tungkol sa gayong matataas na paksa tulad ng tunay na pagkaunawa sa Diyos at sa Kaisahan ng Kaniyang Buhay, sa isang gawi na ang mga dalubhasa at mga pilosopo ay inaming nakahihigit sa kapangyarihan ng kanilang pang-unawa, kung gayon, ay walang alinlangan na lahat ng naipahayag ay banal na binigyang-sigla. Sa kabila ng kanilang masikhay na pag-aaral nang buong buhay, anong hirap ang dinanas ng mga teologong ito kapag sumusulat ng isang tableta sa wikang Arabe! Subalit matapos ang gayong mga pagsisikap, ang bunga ay mga salita lamang na hindi karapat-dapat banggitin. Ang lahat ng mga bagay na ito ay para magpatunay sa mga tao; kung hindi, ang relihiyon ng Diyos ay lubhang makapangyarihan at maluwalhati para

	maunawaan ng sinuman sa pamamagitan lamang ng sarili nito; sa halip ng sa pamamagitan nito lahat ng iba ay nauunawaan. <i>II, 1.</i>
Praise be to God that He hath enabled us to become cognizant of Him Whom God shall make manifest in the Day of Resurrection, so that we may derive benefit from the fruit of our existence and be not deprived of attaining the presence of God. For indeed this is the object of our creation and the sole purpose underlying every virtuous deed we may perform. Such is the bounty which God hath conferred upon us; verily He is the All-Bountiful, the Gracious. Know thou, that thou wilt succeed in doing so if thou believest with undoubting faith. However, since thou canst not attain the state of undoubting faith, due to the intervening veils of thy selfish desires, therefore thou wilt tarry in the fire, though realizing it not. On the Day of His manifestation, unless thou truly believest in Him, naught can save thee from the fire, even if thou dost perform every righteous deed. If thou embracest the Truth, everything good and seemly shall be set down for thee in the Book of God, and by virtue of this thou wilt rejoice in the all-highest Paradise until the following Resurrection.	Purihin ang Diyos na ginawa Niya tayong magkaroon ng kamalayan sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos sa Araw ng Muling Pagkabuhay, upang makakuha tayo ng kabutihan mula sa bunga ng ating buhay at hindi mapagkaitan na makarating sa kinaroroonan ng Diyos. Sapagkat ito ang tunay na layunin ng paglalalang sa atin at ang tanging adhikain na napapaloob sa bawat mabuting gawa na ating maaaring gawin. Gayon ang pagpapala na ipinagkaloob sa atin ng Diyos; sa katunayan, Siya ang Lubos na Mapagpala, ang Mapagmahal. Alamin mo na magtatagumpay ka kung mananalig ka nang may walang alinlangang pananalig. Subalit, dahilan sa hindi mo matatamo ang katayuan ng walang alinlangang pananalig, dahilan sa mga nakahahadlang na lambong ng iyong makasariling mga hangarin, samakatwid, magtatagal ka sa apoy, kahiman hindi ito namamalayan. Sa Araw ng Kaniyang paghahayag, kung hindi ka tunay na nananalig sa Kaniya, walang makasasagip sa iyo sa apoy, kahit na gawin ang bawat mabuting gawa. Kung tatanggapin mo ang Katotohanan, lahat ng mabuti at karapat-dapat ay ihahanda sa iyo sa Aklat ng Diyos, at dahilan dito, ikaw ay magsasaya sa Paraisong pinakamataas sa lahat hanggang sa susunod na Muling Pagkabuhay.
Consider with due attention, for the path is very strait, even while it is more spacious than the heavens and the earth and what is between them. For instance, if all those who were expecting the fulfillment of the promise of Jesus had been assured of the manifestation of Muḥammad, the Apostle of God, not one would have turned aside from the sayings of Jesus. So likewise in the Revelation of the Point of the Bayán, if all should be assured that this is that same Promised Mihdí [One Who is guided] whom the Apostle of God foretold, not one of the believers in the Qur’án would turn aside from the sayings of the Apostle of God. So likewise in the Revelation of Him Whom God shall make manifest, behold the same thing; for should all be assured that He is that same “He Whom God shall make manifest” whom the Point of the Bayán hath foretold, not one would turn aside. <i>IX, 3.</i>	Isaalang-alang nang may ganap na paglilimi, sapagkat ang landas ay makipot, kahit na ito ay higit pang malawak kaysa sa mga kalangitan at kalupaan at anuman ang nasa pagitan nila. Halimbawa, kung ang lahat noong mga naghihintay sa katuparan ng pangako ni Jesus ay binigyang katiyakan ng paghahayag ni Muḥammad, ang Apostol ng Diyos, wala kahit isa ang lalayo sa mga pananalita ni Jesus. Kaya, gayundin, sa Rebelasyon ng Tuldok ng Bayán, kung ang lahat ay bibigyan ng katiyakan na ito rin yaong Ipinangakong Mihdí [Siyang pinatubayan] na inihula ng Apostol ng Diyos, wala isa man sa mga nananalig sa Qur’án ang tatalikod sa mga pananalita ng Apostol ng Diyos. Kaya gayundin sa Rebelasyon Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos; masdan ang katulad na pangyayari; sapagkat kung ang lahat ay bibigyan ng katiyakan na Siya rin yaong ‘Siya na Siyang

	gagawing mahayag ng Diyos' na inihula ng Tuldok ng Bayán, wala isa man ang lalayo. <i>IX, 3.</i>
In the Name of God, the Most Exalted, the Most Holy. All praise and glory befiteth the sacred and glorious court of the sovereign Lord, Who from everlasting hath dwelt, and unto everlasting will continue to dwell within the mystery of His Own divine Essence, Who from time immemorial hath abided and will forever continue to abide within His transcendent eternity, exalted above the reach and ken of all created beings. The sign of His matchless Revelation as created by Him and imprinted upon the realities of all beings, is none other but their powerlessness to know Him. The light He hath shed upon all things is none but the splendor of His Own Self. He Himself hath at all times been immeasurably exalted above any association with His creatures. He hath fashioned the entire creation in such wise that all beings may, by virtue of their innate powers, bear witness before God on the Day of Resurrection that He hath no peer or equal and is sanctified from any likeness, similitude or comparison. He hath been and will ever be one and incomparable in the transcendent glory of His divine being and He hath ever been indescribably mighty in the sublimity of His sovereign Lordship. No one hath ever been able befittingly to recognize Him nor will any man succeed at any time in comprehending Him as is truly meet and seemly, for any reality to which the term "being" is applicable hath been created by the sovereign Will of the Almighty, Who hath shed upon it the radiance of His Own Self, shining forth from His most august station. He hath moreover deposited within the realities of all created things the emblem of His recognition, that everyone may know of a certainty that He is the Beginning and the End, the Manifest and the Hidden, the Maker and the Sustainer, the Omnipotent and the All-Knowing, the One Who heareth and perceiveth all things, He Who is invincible in His power and standeth supreme in His Own identity, He Who quickeneth and causeth to die, the All-Powerful, the Inaccessible, the Most Exalted, the Most High. Every revelation of His divine Essence betokens the sublimity of His glory, the loftiness of His sanctity, the inaccessible height of His oneness and the exaltation of His majesty and power. His beginning hath had no beginning	Sa Ngalan ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakabanal. Lahat ng papuri at luwalhati ay naaangkop sa banal at maluwalhating korte ng makapangyarihang Panginoon, Siyang mula sa kawalang-hanggan ay nanahan, at sa walang-hanggan ay magpapatuloy na manahan sa loob ng hiwaga ng Kaniyang Sariling banal na Diwa, Siyang mula sa panahong di-magunita ay nanatili at walang hanggang patuloy na mananatili sa loob ng Kaniyang nangingibabaw na kawalang-maliw, higit na dakila kaysa sa kakayahan at kaalaman ng lahat ng mga nilalang na tao. Ang palatandaan ng Kaniyang walang katulad na Rebelasyon na nilikha Niya at nakakintal sa kaganapan ng lahat ng tao ay walang iba kundi ang kanilang kawalan ng lakas na makilala Siya. Ang liwanag na isinabog Niya sa lahat ng bagay ay walang iba kundi ang kaningningan ng Kaniyang Sarili Mismo. Siya Mismo sa lahat ng mga panahon ay hindi mataya ang kadakilaan sa ibabaw ng alinmang nauugnay sa Kaniyang mga nilikha. Inayos Niya ang buong sangnilikha sa gayong paraan na lahat ng mga nabubuhay, dahilan sa kanilang likas na mga kapangyarihan, ay magagawang sumaksi sa harap ng Diyos sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na Siya ay walang kaparis o katulad at ginawang banal mula sa anumang pagkakahawig, pagkakatulad o pagkakawangis. Siya ay naging at kailanman ay magiging mag-isa at walang katulad sa nangingibabaw na kaluwalhatian ng Kaniyang banal na sarili, at kailanman Siya ay hindi mailalarawan na makapangyarihan sa kataasan ng Kaniyang naghaharing Pagka-Panginoon. Walang sinuman ang may kakayahang makilala Siya nang naaangkop ni alinmang tao ang magtatagumpay sa anumang panahon na maunawaan Siya nang tunay na nararapat at naaangkop, sapagkat ang anumang realidad na magagamit ang katawagang 'umiiral' ay nilikha ng makapangyarihang kalooban ng Lubos na Makapangyarihan, Siyang nagsabog dito ng kaningningan ng Kaniyang Sarili Mismo, nagliliwanag mula sa Kaniyang pinakadakilang katayuan. Bukod roon, inilagay Niya sa loob ng mga kaganapan ng lahat ng nilikhang bagay ang sagisag ng pagkilala sa Kaniya, upang mabatid ng

other than His Own firstness and His end knoweth no end save His Own lastness. <i>I, I.</i>	bawat isa nang nakatitiyak na Siya ang Simula at ang Katapusan, ang Hayag at ang Natatago, ang Gumagawa at ang Nagbibigay-Lakas, Lubos na Makapangyarihan at ang Nakababatid ng Lahat, Siyang nakikinig at nakababatid sa lahat ng bagay, Siyang hindi magagapi ang Kaniyang lakas at nakatayo nang sukdulan sa Kaniyang Sariling pagkakakilanlan, Siyang nagbibigay-buhay at sanhi ng kamatayan, ang Lubos na Malakas, ang Hindi maaabot, ang Pinakamarangal, ang Pinakamataas. Bawat paghahayag ng Kaniyang banal na Diwa ay nangangahulugan ng kadakilaan ng Kaniyang kaluwalhatian, ng kataasan ng Kaniyang kabanalan, ang hindi maaabot na kataasan ng Kaniyang kaisahan at ang karangalan ng Kaniyang kamaharlikaan at lakas. Ang Kaniyang simula ay walang simula liban sa Kaniyang Sariling pagiging-una at ang Kaniyang katapusan ay hindi nakababatid ng katapusan liban sa Kaniyang Sariling pagiging-huli. <i>I, I.</i>
The revelation of the Divine Reality hath everlastingly been identical with its concealment and its concealment identical with its revelation. That which is intended by “Revelation of God” is the Tree of divine Truth that betokeneth none but Him, and it is this divine Tree that hath raised and will raise up Messengers, and hath revealed and will ever reveal Scriptures. From eternity unto eternity this Tree of divine Truth hath served and will ever serve as the throne of the revelation and concealment of God among His creatures, and in every age is made manifest through whomsoever He pleaseth. At the time of the revelation of the Qur’án He asserted His transcendent power through the advent of Muḥammad, and on the occasion of the revelation of the Bayán He demonstrated His sovereign might through the appearance of the Point of the Bayán, and when He Whom God shall make manifest will shine forth, it will be through Him that He will vindicate the truth of His Faith, as He pleaseth, with whatsoever He pleaseth and for whatsoever He pleaseth. He is with all things, yet nothing is with Him. He is not within a thing nor above it nor beside it. Any reference to His being established upon the throne implieth that the Exponent of His Revelation is established upon the seat of transcendent authority....	Ang paghahayag ng Banal na Realidad ay walang katapusang naging katulad ng pangungubli nito at ang pangungubli nito ay katulad ng rebelasyon nito. Yaong nilalayan ng ‘Rebelasyon ng Diyos’ ay ang Puno ng banal na Katotohanan na walang ipinahihawatig kundi Siya, at ang banal na Puno na ito ang lumikha at lilikha sa mga Sugo, at nagpahayag at kailanman ay magpapahayag ng mga Banal Kasulatan. Mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan ang Puno ng banal na Katotohanan ay nagsilbi at kailanman ay magsisilbi bilang ang trono ng rebelasyon at pangungubli ng Diyos sa gitna ng Kaniyang mga nilikha, at sa bawat panahon ay ginawang mahayag sa pamamagitan ng sinumang Kaniyang ninanais. Nang panahon ng rebelasyon ng Qur’án, ipinahayag Niya ang Kaniyang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagsapit ni Muḥammad, at sa panahon ng rebelasyon ng Bayán ipinakita Niya ang Kaniyang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagpapakita sa Tuldok ng Bayán, at kapag Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay sisikat, iyon ay magiging sa pamamagitan Niya na ang katotohanan ay Kaniyang patutunayan ang Pananampalataya Niya, sa anumang ikasisiya Niya at para sa anumang Kaniyang ikasisiya. Siya ay nasa lahat ng bagay, subalit walang nasa sa Kaniya. Siya ay wala sa loob ng isang bagay ni nasa ibabaw nito ni nasa

	tabi nito. Anumang pagtukoy sa Kaniyang pagiging nakatatag sa trono ay nangangahulugan na ang Tagapagtaguyod ng Kaniyang Rebelasyon ay naitatag sa luklukan ng nangingibabaw na kapangyarihan....
He hath everlastingly existed and will everlastingly continue to exist. He hath been and will ever remain inscrutable unto all men, inasmuch as all else besides Him have been and shall ever be created through the potency of His command. He is exalted above every mention or praise and is sanctified beyond every word of commendation or every comparison. No created thing comprehendeth Him, while He in truth comprehendeth all things. Even when it is said “no created thing comprehendeth Him,” this refers to the Mirror of His Revelation, that is Him Whom God shall make manifest. Indeed too high and exalted is He for anyone to allude unto Him. <i>II, 8.</i>	Siya ay umiral sa kawalang-hanggan at sa kawalang-hanggan ay patuloy na iiral. Siya ay nanatili at kailanman ay mananatiling mahiwaga sa lahat ng tao, dahilan sa ang lahat liban sa Kaniya ay naging at kailanman ay magiging nilikha sa pamamagitan ng lakas ng bisa ng Kaniyang utos. Siya ay higit na dakila sa pagbanggit o papuri at sukdulang banal kaysa sa bawat salita ng parangal o bawat paghahambing. Walang nilikhang bagay ang nakauunawa sa Kaniya, samantalang Siya, sa katotohanan, ay nauunawaan ang lahat ng bagay. Kahit na kapag sinabi ang ‘walang nilikhang bagay ang nakauunawa sa Kaniya’, ito ay tumutukoy sa Salamin ng Kaniyang Rebelasyon, iyon ay Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. Tunay na lubhang mataas at dakila Siya upang ang sinuman ay makapagpahiwatig sa Kaniya. <i>II, 8</i>
4	4
Excerpts from the Dalá’íl-i-Sab‘ih	Mga Halaw mula sa Dalá’íl-i-Sab‘ih
(The Seven Proofs)	(<i>Ang Pitong mga Katibayan</i>)
Thou hast asked concerning the fundamentals of religion and its ordinances: Know thou that first and foremost in religion is the knowledge of God. This attaineth its consummation in the recognition of His divine unity, which in turn reacheth its fulfillment in acclaiming that His hallowed and exalted Sanctuary, the Seat of His transcendent majesty, is sanctified from all attributes. And know thou that in this world of being the knowledge of God can never be attained save through the knowledge of Him Who is the Dayspring of divine Reality.	Iyong itinanong ang tungkol sa mga simulain ng relihiyon at ang mga alituntunin nito: Iyong alamin na ang una at pangunahin sa relihiyon ay ang kaalaman sa Diyos. Nararating ang ruok nito sa pagkilala sa Kaniyang banal na kaisahan, na mararating naman ang katuparan nito sa paghahayag na ang Kaniyang banal at dakilang Santuwaryo, ang Luklukan ng Kaniyang nangingibabaw na kamaharlikaan, ay ginawang banal mula sa lahat ng mga katangian. At iyong alamin na sa daigdig na ito ng buhay ang pagkilala sa Diyos ay hindi kailanman matatamo liban sa pamamagitan ng pagkilala sa Kaniya na Siyang Pamimitak ng banal na Realidad.

Gracious God! Within the domains of Islám there are at present seven powerful sovereigns ruling the world. None of them hath been informed of His [the Báb's] Manifestation, and if informed, none hath believed in Him. Who knoweth, they may leave this world below full of desire, and without having realized that the thing for which they were waiting had come to pass. This is what happened to the monarchs that held fast unto the Gospel. They awaited the coming of the Prophet of God [Muḥammad], and when He did appear, they failed to recognize Him. Behold how great are the sums which these sovereigns expend without even the slightest thought of appointing an official charged with the task of acquainting them in their own realms with the Manifestation of God! They would thereby have fulfilled the purpose for which they have been created. All their desires have been and are still fixed upon leaving behind them traces of their names.	Mapagpalang Diyos! Sa loob ng mga kaharian ng Islám mayroon ngayong pitong mga makapangyarihang hari na naghahari sa daigdig. Wala isa man sa kanila ang nakabatid tungkol sa Pagpapahayag Niya (ang Báb), at kung nabatid man, walang naniwala sa Kaniya. Sinuman ang nakaalam, maaari nilang lisanin ang nakabababang daigdig na ito na lipos ng hangarin, at nang hindi namamalayan na ang bagay na kanilang hinihintay ay dumating na. Ito ang nangyari sa mga hari na mahigpit na nangapit sa Ebanghelyo. Hinintay nila ang pagdating ng Propeta ng Diyos [Muḥammad], at nang Siya ay dumating, nabigo silang kilalanin Siya. Masdan kung gaano kalaki ang halaga na ginugol ng mga hari na hindi man lamang naisipan nang kahit bahagya na humirang ng isang pinuno na may tungkuling ipaalam sa kanila, sa sarili nilang mga kaharian, ang Kahayagan ng Diyos! Sa ganoon matutupad nila ang layunin ng pagkalikha sa kanila. Lahat ng kanilang mga hangarin ay natutok at nakatutok pa rin sa pag-iiwan ng mga bakas nila sa kanilang mga pangalan.
Ponder likewise the Dispensation of the Apostle of God which lasted twelve hundred and seventy years¹³³ till the dawn of the manifestation of the Bayán. He directed everyone to await the advent of the Promised Qá'im. All deeds which in the Islamic Dispensation began with Muḥammad should find their consummation through the appearance of the Qá'im. God hath made Him manifest invested with the proof wherewith the Apostle of God was invested, so that none of the believers in the Qur'án might entertain doubts about the validity of His Cause, for it is set down in the Qur'án that none but God is capable of revealing verses. During the period of 1270 years no one among the followers of the Qur'án ever witnessed a person appearing with conclusive proofs. Now the Ever-Living Lord hath made manifest and invested with supreme testimony this long-awaited Promised One from a place no one could imagine and from a person whose knowledge was deemed of no account. His age is no more than twenty-five years, yet His glory is such	Nilay-nilayin gayundin ang Dispensasyon ng Apostol ng Diyos na tumagal ng labindalawang-daan at pitumpung mga taon¹³⁵ hangang sa pagsikat ng pagpapahayag ng Bayán. Iniatas Niya sa lahat na hintayin ang pagsapit ng Ipinangakong Qá'im. Lahat ng mga gawa na sinimulan ni Muḥammad sa Dispensasyong Islám ay matatagpuan ang katuparan nito sa pamamagitan ng pagpapakita ng Qá'im. Ginawa ng Diyos na mahayag Siya na pinagkalooban ng katibayan na iyon ring ipinagkaloob sa Apostol ng Diyos, upang wala isa man sa mga nananalig sa Qur'án ang maaaring mag-isip ng alinlangan tungkol sa katotohanan ng Kaniyang Kapakanan, sapagkat ito ay nakalagay sa Qur'án na wala liban sa Diyos ang may kakayahang magpahayag ng mga bersikulo. Sa panahon ng 1270 mga taon wala isa man sa mga tagasunod ng Qur'án ang nakasaksi sa isang tao na nagpakita nang may maliwanag na mga katibayan. Ngayon ang Magpakailanman na Nabubuhay na Panginoon ay ginawang mahayag at pinagkalooban

¹³³ From the Declaration of Muḥammad; this occurred ten years before the Hijrah which marks the starting point of the Muslim calendar.

¹³⁵ Mula sa Rebelasyon ni Muhammad; ito ay naganap sampung taon bago ang Hijrah na nagtatanda sa simula ng kalendaryong Muslim.

as none of the learned among the people of Islám can rival; inasmuch as man's glory lieth in his knowledge. Behold the learned who are honored by virtue of their ability to understand the Holy Writings, and God hath exalted them to such a degree that in referring to them He saith: "None knoweth the meaning thereof except God and them that are well-grounded in knowledge."¹³⁴ How strange then that this twenty-five-year-old untutored one should be singled out to reveal His verses in so astounding a manner. If the Muslim divines have cause for pride in understanding the meaning of the Holy Writings, His glory is in revealing the Writings, that none of them may hesitate to believe in His Words. So great is the celestial might and power which God hath revealed in Him that if it were His will and no break should intervene He could, within the space of five days and nights, reveal the equivalent of the Qur'án which was sent down in twenty-three years. Ponder thou and reflect. Hath anyone like unto Him ever appeared in former times, or is this characteristic strictly confined unto Him?	ng pinakadakilang patunay itong matagal nang hinihintay na Siyang Ipinangako mula sa isang pook na wala sinuman ang makaiisip at mula sa isang tao na ang kaalaman ay ipinalagay na walang-kabuluhan. Ang Kaniyang gulang ay hindi hihigit sa dalawampu't limang taon, datapwat ang Kaniyang kaluwalhatian ay ganoon na walang sinuman sa marurunong sa Islám ang makapapantay; dahilan sa ang kaluwalhatian ng tao ay naroroon sa kaniyang kaalaman. Masdan ang marurunong na tao na pinarangalan dahilan sa kanilang kakayahan na maunawaan ang mga Banal na Kasulatan, at dinakila sila ng Diyos sa gayong antas na sa pagtukoy sa kanila ay Kaniyang sinasabi: 'Walang tao ang nakaaalam sa kahulugan nito liban sa Diyos at sila na ganap na nag-aral at nasanay sa kaalaman.'¹³⁶ Gaano nakapagtataka kung gayon na itong dalawampu't limang taong gulang na isang hindi nakapag-aral na tao ay minarapat na pinili upang ipahayag ang Kaniyang mga bersikulo sa isang lubhang kamangha-manghang gawi. Kung ang mga Muslim na teologo ay may dahilan na magmalaki sa pagkaunawa sa kahulugan ng mga Banal na Kasulatan, ang Kaniyang kaluwalhatian ay nasa pagpapahayag ng mga Kasulatan, upang wala sa kanila ang mag-aatubili na maniwala sa Kaniyang mga Salita. Lubhang dakila ang makalangit na kapangyarihan at lakas ang ipinahayag ng Diyos sa Kaniya na kung gugustuhin Niya at nang walang makagagambalang patlang, magagawa Niya, sa loob ng limang araw at gabi, na makapagpahayag ng katumbas ng Qur'án na ipinadala nang dalawampu't tatlong taon. Iyong isip-isipin at nilay-nilayin. Mayroon bang kahit isang katulad Niya ang dumating nang nakaraang panahon, o ang katangian bang ito ay nauukol lamang sa Kaniya?
Consider the manifold favors vouchsafed by the Promised One, and the effusions of His bounty which have pervaded the concourse of the followers of Islám to enable them to attain unto salvation. Indeed observe how He Who representeth the origin of creation, He Who is the Exponent of the verse, "I, in very truth, am God," identified Himself as the Gate [Báb] for the advent of the promised Qá'im, a	Isaalang-alang ang napakaraming mga kagandahang-loob na minarapat Niya na Siyang Ipinangako, at ang mga biyaya na lumaganap sa kalipunan ng mga tagasunod ng Islám upang magawa nilang makamtan ang kaligtasan. Tunay na pag-aralan kung paano Siyang kumakatawan sa simula ng sangnilikha, Siyang Tagapagtaguyod ng bersikulo, 'Ako, sa mismong katotohanan, ay ang

¹³⁴ Qur'án 3:5.

¹³⁶ Qur'án 3:5.

descendant of Muḥammad, and in His first Book enjoined the observance of the laws of the Qur’án, so that the people might not be seized with perturbation by reason of a new Book and a new Revelation and might regard His Faith as similar to their own, perchance they would not turn away from the Truth and ignore the thing for which they had been called into being.	Diyos.’, ipiinakilala ang Kaniyang Sarili bilang ang Pinto [Báb] para sa pagsapit ng ipinangakong Qá’im, isang inapo ni Muḥammad, at sa Kaniyang unang Aklat ay ipinag-utos ang pagsunod sa mga batas ng Qur’án, upang ang mga tao ay hindi sakmalin ng ligalig dahilan sa isang bagong Aklat at isang bagong Rebelasyon at maaaring ipalagay ang Kaniyang Pananampalataya na katulad ng sa kanila, upang baka sakali ay hindi nila talikuran ang Katotohanan at ipagwalang-bahala ang bagay na dahilan ng pagbibigay ng buhay sa kanila.
Let Me set forth some rational arguments for thee. If someone desireth to embrace the Faith of Islám today, would the testimony of God prove conclusive for him? If thou dost contend that it would not, then how is it that God will chastise him after death, and that, while he lives, the verdict of “nonbeliever” is passed upon him? If thou affirmest that the testimony is conclusive, how wouldst thou prove this? If thy assertion is based on hearsay, then mere words are unacceptable as a binding testimony; but if thou deemest the Qur’án as the testimony, this would be a weighty and evident proof.	Hayaang Aking ilahad ang ilang makatwirang mga pagtalakay para sa iyo. Kung may isang naghahangad na tanggapin ang Pananampalataya ng Islám ngayon, ang pagpapatunay ba ng Diyos ay magiging kapani-paniwala sa kaniya? Kung mangangatwiran ka na hindi, kung gayon, bakit siya parurusahan ng Diyos pagkamatay niya, at iyon, samantalang nabubuhay pa siya, ay iginagawad sa kaniya ang hatol ng pagiging ‘hindi mananampalataya’? Kung sumasang-ayon na ang patunay ay maliwanag, paano mo ito patutunayan? Kung ang iginigiit ay nababatay sa sabi-sabi, kung gayon, ang mga salita lamang ay hindi matatanggap bilang isang umiiral na pagpapatunay; ngunit kung iyong minamarapat ang Qur’án bilang ang patunay, ito ay magiging isang mahalaga at malinaw na katibayan.
Now consider the Revelation of the Bayán. If the followers of the Qur’án had applied to themselves proofs similar to those which they advance for the nonbelievers in Islám, not a single soul would have remained deprived of the Truth, and on the Day of Resurrection everyone would have attained salvation.	Ngayon limiin ang Rebelasyon ng Bayán. Kung ang mga tagasunod ng Qur’án ay isinagawa sa kanilang mga sarili ang mga katibayan nang tulad doon sa kanilang itinaguyod para sa mga hindi nananalig sa Islám, ni isang kaluluwa ay hindi mananatiling pinagkaitan ng Katotohanan, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay bawat isa ay makapagtatamo ng kaligtasan.
Should a Christian contend, “How can I deem the Qur’án a testimony while I am unable to understand it?” such a contention would not be acceptable. Likewise the people of the Qur’án disdainfully observe, “We are unable to comprehend the eloquence of the verses in the Bayán, how can we regard it as a testimony?” Whoever uttereth such words, say unto him, “O thou untutored one! By what proof hast thou embraced the Religion of Islám? Is it the Prophet on whom thou hast never set	Kung mangangatuwiran ang isang Kristiyano, ‘Paano ko iisipin na ang Qur’án ay isang pagpapatunay, samantalang hindi ko magawang maunawaan ito?’ ang gayong katuwiran ay hindi matatanggap. Gayundin, mapanghamak na sinabi ng mga tao ng Qur’án, ‘Hindi namin maunawaan ang mga pananalita sa mga bersikulo ng Bayán, paano namin maipapalagay ito bilang isang katibayan?’ Sa sinumang magsalita ng ganoong mga pananalita, sabihin sa kaniya, ‘O ikaw na hindi nakapag-aral!

eyes? Is it the miracles which thou hast never witnessed? If thou hast accepted Islám unwittingly, wherefore hast thou done so? But if thou hast embraced the Faith by recognizing the Qur’án as the testimony, because thou hast heard the learned and the faithful express their powerlessness before it, or if thou hast, upon hearing the divine verses and by virtue of thy spontaneous love for the True Word of God, responded in a spirit of utter humility and lowliness—a spirit which is one of the mightiest signs of true love and understanding—then such proofs have been and will ever be regarded as sound.”	Sa anong katibayan mo tinanggap ang Pananampalataya ng Islám? Dahilan ba iyon sa Propeta na hindi mo pa kailanman nakita? Dahilan ba sa mga milagro na hindi mo kailanman nasaksihan? Kung iyong tinanggap ang Islám nang hindi kinukusa, sa anong dahilan mo ginawa iyon? Subalit kung tinanggap ang Pananampalataya sa pamamagitan ng pagtanggap sa Qur’án bilang patunay, dahilan sa narinig mo ang marurunong at ang matatapat na ipahayag ang kanilang kawalan ng lakas sa harap nito, o kung sa pagkarinig sa banal na mga bersikulo at dahilan sa iyong bukal na pagmamahal sa Tunay na Salita ng Diyos, ikaw ay tumugon sa isang espiritu ng ganap na pagpapakumbaba at kababaang-loob—isang espiritu na isa sa pinakamakapangyarihang palatandaan ng tunay na pagmamahal at pang-unawa—samakatwid ang gayong mga katibayan ay naging at walang hanggang ipapalagay na makatwiran.
The recognition of Him Who is the Bearer of divine Truth is none other than the recognition of God, and loving Him is none other than loving God. However, I swear by the sublime Essence of God—exalted and glorified be He—that I did not wish My identity to be known by men, and gave instructions that My name should be concealed, because I was fully aware of the incapacity of this people, who are none other than those who have, in reference to no less a person than the Apostle of God—incomparable as He hath ever been—remarked, “He is certainly a lunatic.”¹³⁷ If they now claim to be other than those people, their deeds bear witness to the falsity of their assertions. That which God testifieth is none other than what His supreme Testimony testifieth. Were all the peoples of the world to testify unto a thing and were He to testify unto another, His testimony will be regarded as God’s testimony, while aught else but Him hath been and will ever be as naught; for it is through His might that a thing assumeth existence.	Ang pagkilala sa Kaniya na Tagapagdala ng banal Katotohanan ay walang iba kundi ang pagkilala sa Diyos, at ang pagmamahal sa Kaniya ay walang iba kundi ang pagmamahal sa Diyos. Gayumpaman, Ako ay sumasaksi sa maringal na Diwa ng Diyos—dakila at maluwalhati Siya—na hindi Ko ninanais na mabatid ng mga tao ang pagkakakilanlan sa akin, at nagbigay ng mga utos na ang Aking pangalan ay dapat ilihim, dahilan sa Aking ganap na nalalaman ang kawalang-kakayahan ng mga taong ito, na walang iba kundi yaong, sa pagtukoy ng isang tao na hindi kukulangin sa Apostol ng Diyos—kailanman ay wala Siyang katulad—ay sinabi, ‘Siya ay tiyak na isang baliw’.¹³⁸ Kung ngayon ay sasabihin na sila ay walang iba kundi ang mga taong iyon, ang kanilang mga gawa ay sumasaksi sa kasinungalingan ng kanilang mga iginigiit. Yaong pinatutunayan ng Diyos ay walang iba kundi yaong pinatutunayan ng Kaniyang Kataas-taasang Patibay. Kung ang lahat ng mga tao ng daigdig ay magpapatunay sa isang bagay at kung pagtitibayin Niya ang iba, ang Kaniyang pagpapatibay ay ituturing na katibayan ng Diyos, samantalang lahat ng iba, liban sa Kaniya, ay naging at magiging walang halaga magpakailanman; sapagkat sa pamamagitan ng

¹³⁷ Qur’án 68:51.

¹³⁸ Qur’án 68:51.

	Kaniyang kapangyarihan na ang isang bagay ay nagsisimulang mabuhay.
Consider the extent of the adherence of these people to matters of faith. When dealing with their own affairs they are well content with the testimony of two just witnesses, and yet despite the testimony of so many righteous men they hesitate to believe in Him Who is the Bearer of the divine Truth.	Isaalang-alang ang sidhi ng pangangapit ng mga taong ito sa mga bagay ng pananampalataya. Kapag nauugnay sa kanilang sariling mga gawain, sila ay nasisiyahan sa patunay ng dalawang makatarungang mga saksi, at gayumpaman, sa kabila ng napakaraming makatwirang mga tao sila ay nag-aatubiling maniwalala sa Kaniya na Tagapagdala ng banal na Katotohanan.
The evidences which the people demanded from the Apostle of God through their idle fancy have mostly been rejected in the Qur'án, even as in the Súrih of the Children of Israel [Súrih 17] it hath been revealed: "And they say, by no means will we believe on thee till thou cause a fountain to gush forth for us from the earth; or till thou have a garden of palm trees and vines, and thou cause rivers to spring forth from the midst thereof in abundance; or thou cause the heaven to fall down upon us, as thou hast given out, in pieces; or thou bring God and the angels to vouch for thee; or thou have a house of gold; or thou ascend to heaven nor will we believe in thine ascension, till thou send down to us a book which we may read. Say, Praise be to my Lord! Am I more than a man, an apostle?"	Ang mga katibayan na hiningi ng mga tao mula sa Apostol ng Diyos dahilan sa kanilang walang kabuluhang hinagap kalimitan ay hindi tinanggap sa Qur'án, kahit na ito ay ipinahayag sa Súrih ng mga Anak ng Israel [Súrih 17]: 'At kanilang sinasabi, sa anumang paraan kami ay hindi maniniwala sa iyo hanggang hindi ginagawa ang isang bukal na bumulwak para sa amin mula sa lupa; o hanggang magkaroon ka ng taniman ng mga puno at ng palma at mga baging, at ginawa mo ang mga ilog na dumaloy nang masagana mula sa gitna noon; o ginawa mo ang kalangitan na bumagsak sa amin, tulad ng iyong naipamigay, nang pira-piraso; o iyong dalhin ang Diyos at ang mga anghel upang managot para sa iyo; magkaroon ng isang tahanang ginto; o umakyat ka sa langit na ni hindi namin paniniwalaan ang iyong pag-akyat, hanggang hindi ka nagpapadala sa amin ng isang aklat na aming mababasa. Sabihin, ang Pagpupuri ay mapasa-Panginoon ko! Ako ba ay higit pa sa isang tao, isang apostol?'
Now be fair! The Arabs uttered such words, and now, prompted by thy desire, thou dost demand yet other things? What is the difference between thee and them? If thou dost ponder awhile, it will be evident that it is incumbent upon a lowly servant to acquiesce to whatever proof God hath appointed, and not to follow his own idle fancy. If the wishes of the people were to be gratified not a single disbeliever would remain on earth. For once the Apostle of God had fulfilled the wishes of the people they would unhesitatingly have embraced His Faith. May God save thee, shouldst thou seek any evidence according to thy selfish desire; rather it behooveth thee to uphold the unfailing proof which God hath appointed. The object of thy belief	Ngayon maging makatwiran! Nasabi ng mga Arabo ang gayong mga salita, at ngayon, naudyukan ng iyong hangarin, pilit ka pang humihingi na mga ibang bagay? Ano ang kaibahan sa pagitan mo at sa kanila? Kung ikaw ay mag-iisip sandali, magiging maliwanag na tungkulin ng isang hamak na tagapaglingkod na sumang-ayon sa anumang katibayan na pinili ng Diyos, at hindi sumunod sa iyong sariling walang-saysay na hinagap. Kung ang mga hangarin ng mga tao ay pagbibigyan wala kahit isang nananalig ang matitira sa kalupaan. Kaagad na matupad ng Apostol ng Diyos ang mga hangarin ng mga tao, walang atubiling tatanggapin nila ang Kaniyang Pananampalataya. Harinawang iligtas ka ng Diyos, kung ikaw ay maghahangad pa ng

in God is but to secure His good-pleasure. How then dost thou seek as a proof of thy faith a thing which hath been and is contrary to His good-pleasure?	anumang katibayan ayon sa iyong makasariling hangarin; sa halip nararapat sa iyo na sang-ayunan ang hindi nagkakamaling katibayan na pinili ng Diyos. Ang pakay ng iyong pananalig sa Diyos ay ang makamtan lamang ang Kaniyang mabuting-kasiyahan. Paano ka makapaghahangad bilang isang katibayan ng iyong pananalig ang isang bagay na naging at sumasalungat sa Kaniyang mabuting-kasiyahan.
Rid thou thyself of all attachments to aught except God, enrich thyself in God by dispensing with all else besides Him, and recite this prayer:	Alisin mo sa iyong sarili ang lahat ng mga kinagigiliwan liban sa Diyos, payamanin ang sarili mo sa Diyos sa pamamagitan ng paglayo sa lahat ng bagay liban sa Kaniya, at bigkasin ang panalanging ito:
Say: God sufficeth all things above all things, and nothing in the heavens or in the earth or in whatever lieth between them but God, thy Lord, sufficeth. Verily, He is in Himself the Knower, the Sustainer, the Omnipotent.	Sabihin: Ang Diyos ay sapat sa lahat ng bagay nang higit sa anumang bagay, at walang anumang bagay sa langit o sa lupa o sa anumang nasa pagitan nito ang makasasapat liban sa Diyos, ang iyong Panginoon. Tunay na Siya sa Kaniyang Sarili ang Nakababatid, ang Tumutustos, ang Pinakamakapangyarihan.
Regard not the all-sufficing power of God as an idle fancy. It is that genuine faith which thou cherishest for the Manifestation of God in every Dispensation. It is such faith which sufficeth above all the things that exist on the earth, whereas no created thing on earth besides faith would suffice thee. If thou art not a believer, the Tree of divine Truth would condemn thee to extinction. If thou art a believer, thy faith shall be sufficient for thee above all things that exist on earth, even though thou possess nothing.	Huwag ipalagay na ang nakasasapat sa lahat na kapangyarihan ng Diyos ay isang walang saysay na hinagap. Iyon ay ang tunay na pananalig na iyong itinatangi para sa Kahayagan ng Diyos sa bawat Dispensasyon. Ang ganoong pananalig ang nakasasapat nang higit pa sa lahat ng bagay na naroroon sa lupa, samantalang walang nilalang na bagay sa lupa liban sa pananalig ang makasasapat sa iyo. Kung ikaw ay hindi nananalig, isusumpa ka ng Puno ng banal na Katotohanan sa kamatayan. Kung ikaw ay isang mananampalataya, ang iyong pananalig ay magiging sapat para sa iyo sa kabila ng lahat ng bagay na naririto sa daigdig, kahiman hindi ka nagmamay-ari ng kahit ano.
It is recorded in a tradition that of the entire concourse of the Christians no more than seventy people embraced the Faith of the Apostle of God. The blame falleth upon their doctors, for if these had believed, they would have been followed by the mass of their countrymen. Behold, then, that which hath come to pass! The learned men of Christendom are held to be learned by virtue of their safeguarding the teaching of Christ, and yet	Nakatala sa isang tradisyon na ang buong kalipunan ng mga Kristiyano na hindi hihigit sa pitumpung-tao ang tumanggap sa Pananampalataya ng Apostol ng Diyos. Ang sisi ay ibinibigay sa kanilang mga teologo, sapagkat kung ang mga ito ay naniwala, sumunod sana sa kanila ang karamihan ng kanilang mga kababayan. Masdan, kung gayon, yaong naganap! Ang marurunong na tao ng Kristiyanismo ay tinitingala bilang marurunong

consider how they themselves have been the cause of men's failure to accept the Faith and attain unto salvation! Is it still thy wish to follow in their footsteps? The followers of Jesus submitted to their clerics to be saved on the Day of Resurrection, and as a result of this obedience they eventually entered into the fire, and on the Day when the Apostle of God appeared they shut themselves out from the recognition of His exalted Person. Dost thou desire to follow such divines?	dahilan sa kanilang pangangalaga sa turo ni Kristo, subalit, isipin kung paanong ang kanilang mga sarili ang naging sanhi ng kabiguan ng mga tao na matanggap ang Pananampalataya at matamo ang kaligtasan! Nais mo pa rin bang sundan ang kanilang mga yapak? Ang mga sumasampalataya kay Kristo ay sumunod sa kanilang mga pari upang makaligtas sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at ang naging bunga ng pagsunod na ito ay ang kanilang pagtungo, sa katapusan, sa apoy, at sa Araw ng pagdating ng Apostol ng Diyos, inilayo nila ang kanilang mga sarili upang makilala ang Kaniyang dakilang Katauhan. Iyo bang nais na sundan ang gayong mga teologo?
Nay, by God, be thou neither a divine without discernment nor a follower without discernment, for both of these shall perish on the Day of Resurrection. Rather it behooveth thee to be a discerning divine, or to walk with insight in the way of God by obeying a true leader of religion.	Hindi, saksi ang Diyos, ni huwag maging isang teologo na walang pang-unawa, ni isang tagasunod na walang pang-unawa, sapagkat sila kapuwa ay malilipol sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Sa halip nararapat sa iyo na maging isang nakakaunawang teologo, o lumakad nang may maliwanag na pagkaunawa sa landas ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa isang tunay na pinuno ng relihiyon.
In every nation thou beholdest unnumbered spiritual leaders who are bereft of true discernment, and among every people thou dost encounter myriads of adherents who are devoid of the same characteristic. Ponder for a while in thy heart, have pity on thyself and turn not aside thine attention from proofs and evidences. However, seek not proofs and evidences after thine idle fancy; but rather base thy proofs upon what God hath appointed. Moreover, know thou that neither being a man of learning nor being a follower is in itself a source of glory. If thou art a man of learning, thy knowledge becometh an honor, and if thou art a follower, thine adherence unto leadership becometh an honor, only when these conform to the good-pleasure of God. And beware lest thou regard as an idle fancy the good-pleasure of God; it is the same as the good-pleasure of His Messenger. Consider the followers of Jesus. They were eagerly seeking the good-pleasure of God, yet none of them attained the good-pleasure of His Apostle which is identical with God's good-pleasure, except such as embraced His Faith.	Sa bawat bansa iyong namamasdan ang hindi mabilang na mga pinuno ng relihiyon na salat sa tunay na pagkaunawa, at sa bawat bansa ay makatatagpo ka ng hindi mabilang na mga tagasunod na salat rin sa gayong katangian. Nilay-nilayin sandali sa iyong puso, maawa sa iyong sarili at huwag ilayo ang iyong pansin sa mga katibayan at pagpapatunay. Subalit, huwag hanapin ang mga katibayan at pagpapatunay doon sa iyong walang saysay na hinagap, sa halip ibatay ang iyong mga katibayan doon sa sinabi ng Diyos. Bukod dito, alamin mo na ni ang pagiging marunong na tao o ang pagiging isang tagasunod ay ang pinagmumulan mismo ng kaluwalhatian. Kung ikaw ay isang taong marunong, ang iyong kaalaman ay magiging isang karangalan, at kung ikaw ay isang tagasunod, ang iyong pangangapit sa pamumuno ay isang karangalan, kapag ang mga ito ay naaayon sa mabuting kasiyahan ng Diyos. At mag-ingat na baka iyong ipalagay ang isang walang saysay na hinagap ay mabuting-kasiyahan; ito ay tulad ng kasiyahan ng Kaniyang Sugo. Isipin ang mga tagasunod ni Jesus. Nananabik silang makamtan ang mabuting-kasiyahan ng Diyos, subalit wala ni isa sa kanila ang nakapagtamo ng

	mabuting-kasiyahan ng Kaniyang Apostol na katulad rin ng mabuting-kasiyahan ng Diyos, liban doon sa tumanggap sa Kaniyang Pananampalataya.
Thy letter hath been perused. Were the truth of this Revelation to be fully demonstrated with elaborate proofs, all the scrolls that exist in the heaven and on the earth would be insufficient to contain them.	Ang iyong liham ay nabasa na. Kung ang Katotohanan ng Rebelasyong ito ay lubos na ipahahayag nang may madetalyeng mga katibayan, lahat ng mga balumbon ng papel na naroroon sa kalangitan at sa kalupaan ay hindi makasasapat upang mailaman ang mga iyon.
However, the substance and essence of the subject is this, that there can be no doubt that from everlasting God hath been invested with the independent sovereignty of His exalted Being, and unto everlasting He will remain inaccessible in the transcendent majesty of His holy Essence. No creature hath ever recognized Him as befitteth His recognition, nor hath any created being ever praised Him as is worthy of His praise. He is exalted above every name, and is sanctified from every comparison. Through Him all things are made known, while too lofty is His reality to be known through anyone but Him. The process of His creation hath had no beginning and can have no end, otherwise it would necessitate the cessation of His celestial grace. God hath raised up Prophets and revealed Books as numerous as the creatures of the world, and will continue to do so to everlasting.	Gayunman, ang buod at diwa ng paksa ay ito, na hindi maaaring mag-alinlangan na mula sa walang-hanggan ang Diyos ay pinagkalooban sa pamamagitan ng malayang kapangyarihan Kaniyang dakilang Katauhan, at sa kawalang-hanggan Siya ay mananatiling hindi mararating sa nangingibabaw na kamaharlikaan ng Kaniyang banal na Buod. Walang nilalang ang kailanman ay nakakilala sa Kaniya nang naaangkop na pagkilala sa Kaniya, ni sinumang nilikhang tao ang kailanman ay nagbigay-puri sa Kaniya nang karapat-dapat sa Kaniyang papuri. Siya ay higit na dakila kaysa sa bawat pangalan, at banal na pinadalisay mula sa bawat paghahambing. Sa pamamagitan Niya lahat ng bagay ay ginawang mabatid, samantalang lubhang mataas ang Kaniyang realidad upang malaman sa pamamagitan ng sinuman liban sa Kaniya. Ang pamamaraan ng Kaniyang paglikha ay walang simula at hindi magkaron ng wakas, kung hindi, kakailanganin nitong ihinto ang Kaniyang makalangit na pagpapala. Nilikha ng Diyos ang mga Propeta at nagpahayag ng mga Aklat na kasindami ng mga nilalang sa daigdig, at magpapatuloy na gagawin iyon hanggang sa kawalang-hanggan.
If thou art sailing upon the sea of God's Names, which are reflected in all things, know thou that He is exalted and sanctified from being known through His creatures, or being described by His servants. Everything thou beholdest hath been called into being through the operation of His Will. How can such a created thing, therefore, be indicative of His essential oneness? God's existence in itself testifieth to His Own oneness, while every created thing, by its very nature, beareth evidence that it hath been fashioned by God. Such is the proof of consummate	Kung ikaw ay naglalayag sa karagatan ng mga Pangalan ng Diyos, na naaaninag sa lahat ng bagay, alamin mo na Siya ay dakila at ginawang banal mula sa pagkakakilanlan sa pamamagitan ng Kaniyang mga nilalang, o mailalarawan ng Kaniyang mga tagapaglingkod. Lahat ng bagay na iyong namamasdan ay ginawang mabuhay sa pamamagitan ng pagkilos ng Kaniyang Kalooban. Samakatwid, paanong ang gayong isang nilikhang bagay ay makapagpapakilala sa Kaniyang pangunahing Kaisahan? Ang pananatili mismo ng Diyos ay nagpapatunay sa Kaniyang Sariling

wisdom in the estimation of those who sail the ocean of divine Truth.	Kaisahan, samantalang ang bawat nilikhang bagay, sa pinakalikas na katangian nito, ay taglay ang katibayan na ito ay nilikha ng Diyos. Ganoon ang katibayan ng lubos na karunungan sa pagtaya noong naglalayag sa karagatan ng banal na Katotohanan.
If, however, thou art sailing upon the sea of creation, know thou that the First Remembrance, which is the Primal Will of God, may be likened unto the sun. God hath created Him through the potency of His might, and He hath, from the beginning that hath no beginning, caused Him to be manifested in every Dispensation through the compelling power of His behest, and God will, to the end that knoweth no end, continue to manifest Him according to the good-pleasure of His invincible Purpose.	Subalit, kung ikaw ay naglalayag sa karagatan ng sangnilikha, alamin mo na ang Unang Alaala, na ang Pangunahing Kalooban ng Diyos, ay maihahalintulad sa araw. Nilikha Siya ng Diyos sa pamamagitan ng lakas ng bisa ng Kaniyang kapangyarihan, at Siya, sa simula na walang simula, ay ginawang mahayag sa bawat Dispensasyon sa pamamagitan ng nananaig na lakas ng Kaniyang utos, at ang Diyos, hanggang sa wakas na walang nababatid na wakas, ay patuloy na ipahahayag Siya sang-ayon sa mabuting-kasiyahan ng Kaniyang hindi magagaping Layunin.
And know thou that He indeed resembleth the sun. Were the risings of the sun to continue till the end that hath no end, yet there hath not been nor ever will be more than one sun; and were its settings to endure forevermore, still there hath not been nor ever will be more than one sun. It is this Primal Will which appeareth resplendent in every Prophet and speaketh forth in every revealed Book. It knoweth no beginning, inasmuch as the First deriveth its firstness from It; and knoweth no end, for the Last oweth its lastness unto It.	At iyong alamin na Siya ay tunay na nakakawangis ng araw. Kung ang mga pagsikat ng araw ay magpapatuloy hanggang sa wakas na walang wakas, subalit hindi pa rin nagkaroon ni kailanman ay magkakaroon ng higit pa sa isang araw; at kung ang mga paglubog nito ay tatagal nang walang-hanggan, hindi pa rin nagkaroon ni kailanman ay magkakaroon ng higit sa isang araw. Ito ay ang Pangunahing Kalooban na maringal na nakikita sa bawat Propeta at nagsasalita sa bawat ipinahayag na Aklat. Wala itong nalalamang simula, dahilan sa kinukuha ng Una ang pagiging una nito mula Doon; at walang nalalamang katapusan, sapagkat utang ng Huli ang pagiging huli nito Doon.
In the time of the First Manifestation the Primal Will appeared in Adam; in the day of Noah It became known in Noah; in the day of Abraham in Him; and so in the day of Moses; the day of Jesus; the day of Muḥammad, the Apostle of God; the day of the “Point of the Bayán”; the day of Him Whom God shall make manifest; and the day of the One Who will appear after Him Whom God shall make manifest. Hence the inner meaning of the words uttered by the Apostle of God, “I am all the Prophets,” inasmuch as what shineth resplendent in each one of Them hath been and will ever remain the one and the same sun.	Sa panahon ng Unang Kahayagan ang Pangunahing Kalooban ay nakita kay Adan; sa araw ni Noah, Ito ay nakilala kay Noah; sa araw ni Abraham sa Kaniya; at kaya sa araw ni Moises; sa araw ni Jesus, sa araw ni Muḥammad, ang Apostol ng Diyos; ang araw ng Tuldok ng Bayán; ang araw Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos; at ang araw Niya na Siyang darating pagkatapos Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. Sa gayon, ang naloloob na kahulugan ng mga salita na binigkas ng Apostol ng Diyos, ‘Ako ay ang lahat ng mga Propeta’, yayamang yaong maringal na nagniningning sa bawat isa sa Kanila ay naging at kailanman ang mananatiling ang isa at gayunding araw.

5	5
Excerpts from the Kitáb-i-Asmá'	Mga Halaw mula sa Kitáb-i-Asmá
(The Book of Names)	(Ang Aklat ng mga Pangalan)
O ye that are invested with the Bayán! Denounce ye not one another, ere the Daystar of ancient eternity shineth forth above the horizon of His sublimity. We have created you from one tree and have caused you to be as the leaves and fruit of the same tree, that haply ye may become a source of comfort to one another. Regard ye not others save as ye regard your own selves, that no feeling of aversion may prevail amongst you so as to shut you out from Him Whom God shall make manifest on the Day of Resurrection. It behooveth you all to be one indivisible people; thus should ye return unto Him Whom God shall make manifest.	O kayo na pinagkalooban ng Bayán! Huwag ninyong tuligsain ang isa't isa, bago sumikat ang Araw-Bituin ng napakatandang kawalang-hanggan sa ibabaw ng guhit-tagpuan ng Kaniyang kamaharlikaan. Nilikha Namin kayo mula sa isang puno at ginawa kayong maging mga dahon at bunga ng iisang puno, upang harinawang kayo ay maging pinagmumulan ng kaginhawahan sa isa't isa. Pahalagahan ninyo ang iba tulad ng inyong pagpapahalaga sa inyong mga sarili, upang walang damdamin ng pagkasuklam ang mamayani sa inyo na dahilan ng paglayo ninyo sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Nararapat sa inyong lahat na maging hindi nahahating mga tao; sa gayon, kayo ay makababalik sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos.
Those who have deprived themselves of this Resurrection by reason of their mutual hatreds or by regarding themselves to be in the right and others in the wrong, were chastised on the Day of Resurrection by reason of such hatreds evinced during their night. ¹³⁹ Thus they deprived themselves of beholding the countenance of God, and this for no other reason than mutual denunciations.	Sila na pinagkaitan ang kanilang mga sarili ng Muling Pagkabuhay na ito dahilan sa kanilang pagkapoot sa isa't isa o sa pagpapalagay na ang kanilang mga sarili ay tama at ang iba ay mali, ay pinarusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay dahilan sa gayong mga pagkapoot na ipinakita noong kanilang gabi. ¹⁴⁰ Sa gayon, ipinagkait nila sa kanilang mga sarili na mamasdan ang anyo ng Diyos, at ito ay walang ibang dahilan liban sa mga pagtuligsa sa isa't isa.
O ye that are invested with the Bayán! Ye should perform such deeds as would please God, your Lord, earning thereby the good-pleasure of Him Whom God shall make manifest. Turn not your	O kayo na pinagkalooban ng Bayán! Nararapat sa inyo na gumawa ng gayong mga gawa na makalulugod sa Diyos, ang inyong Panginoon, nakakamtan sa gayon ang mabuting-kasiyahan Niya

¹³⁹ By "night" is meant the period between two divine Revelations when the Sun of Truth is not manifest among men. In the Persian Bayán, II, 7, the Báb says, "O people of the Bayán! Act not as the people of the Qur'án have acted, for if you do so the fruits of your night will come to naught."

¹⁴⁰ Ang 'gabi' ay nangangahulugan ng panahon sa pagitan ng dalawang banal na mga Rebelasyon nang ang Araw ng Katotohanan ay hindi nahahayag sa mga tao. Sa Bayán sa Wikang Persiyano, II.7, sinasabi ng Báb, "O mga tao ng Bayán! Huwag kumilos katulad ng ikinilos ng mga tao ng Qur'án, sapagkat kung kikilos kayo nang ganoon ang mga bunga ng inyong gabi ay mawawalan ng saysay'.

religion into a means of material gain, spending your life on vanities, and inheriting thereby on the Day of Resurrection that which would displease Him Whom God shall make manifest, while ye deem that what ye do is right. If, however, ye observe piety in your Faith, God will surely nourish you from the treasures of His heavenly grace.	na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. Huwag gawin ang inyong relihiyon na maging paraan sa materyal na kapakinabangan, ginugugol ang inyong buhay sa mga kayabangan, at sa gayon ay minamana sa Araw ng Muling Pagkabuhay yaong hindi makalulugod sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, samantalang ipinapalagay ninyo na ang inyong ginawa ay tumpak. Gayumpaman, kung isasagawa ninyo ang pagiging banal sa inyong Pananampalataya, makatitiyak na bubuhayin kayo ng Diyos mula sa mga ingatang-yaman ng Kaniyang makalangit na pagpapala.
Be ye sincere in your allegiance to Him Whom God shall make manifest, for the sake of God, your Lord, that perchance ye may, through devotion to His Faith, be redeemed on the Day of Resurrection. Beware lest ye suffer one another to be wrapt in veils by reason of the disputes which may, during your night, arise among you as a result of the problems ye encounter or in consideration of such matters as your loftiness or lowliness, your nearness or remoteness.	Maging dalisay kayo sa inyong katapatan sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, alang-alang sa Diyos, ang inyong Panginoon, upang baka sakaling kayo ay maligtas, sa pamamagitan ng inyong pagtitika sa Kaniyang Pananampalataya, sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Mag-ingat na baka pagdusahin ninyo ang isa't isa na mabalot ng mga lambong dahilan sa mga alitan na maaaring mangyari sa inyo, sa panahon ng inyong gabi, bunga ng mga suliranin na inyong makakaharap o sa pagsasaalang-alang sa gayong mga bagay tulad ng inyong kataasan o kababaan, ang inyong pagiging malapit o pagiging malayo.
Thus have We firmly exhorted you—a befitting exhortation indeed—that haply ye may cleave tenaciously unto it and attain thereby salvation on the Day of Resurrection. The time is approaching when ye will be at peace with yourselves in your homes, and lo, Him Whom God shall make manifest will have appeared, and God wisheth you to return unto Him, even as God called you into being through the Primal Point. However, all of you will seek guidance while pursuing the promptings of your own desires. Some of you are filled with pride by reason of your religion, others because of your learning. Ye will, one and all, cling unto some part of the Bayán as a means of self-glorification. <i>XVI, 19.</i>¹⁴¹	Kung gayon, Amin kayong matigas na pinapayuhan—tunay na isang karapat-dapat na payo—upang baka sakaling mangapit kayo nang mahigpit dito at nang sa gayon ay matamo ang kaligtasan sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Nalalapit na ang oras na magiging mapayapa kayo sa inyong mga sarili sa inyong mga tahanan, at masdan, Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay makikita na, at ninanais ng Diyos na bumalik kayo sa Kaniya, katulad nang binigyan kayo ng buhay ng Diyos sa pamamagitan ng Panimulang Tuldok. Gayumpaman, kayong lahat ay maghahangad ng patnubay samantalang ipinagpapatuloy na gawin ang mga udyok ng inyong sariling mga hangarin. Ang ilan sa inyo ay puspos ng kapalaluan dahilan sa inyong relihiyon, ang iba ay dahilan sa inyong karunungan. Kayo, bawat isa at lahat, ay mangangapit sa ilang bahagi

¹⁴¹ The Kitáb-i-Asmá' is divided into váhids and chapters, to which these numbers refer.

	ng Bayán bilang isang paraan ng pagpuri sa sarili. <i>XVI, 19.</i> ¹⁴²
God is sanctified from His servants and no direct relationship ever existeth between Him and any created thing, while ye have all arisen at His bidding. Verily He is your Lord and your God, your Master and your King. He ordaineth your movements at His behest throughout the daytime and in the night season.	Ang Diyos ay ginawang banal at dalisay mula sa Kaniyang mga tagapaglingkod at walang tuwirang kaugnayan ang kailanman ay umiral sa pagitan Niya at ng anumang nilikhang bagay, samantalang kayong lahat ay nagbangon sa Kaniyang utos. Sa katunayan Siya ang inyong Panginoon at ang inyong Diyos, ang inyong Pinuno at inyong Hari. Itinatadhana Niya ang inyong mga kilos sa Kaniyang utos sa buong panahon ng araw at ng gabi.
Say, He Whom God shall make manifest is indeed the Primal Veil of God. Above this Veil ye can find nothing other than God, while beneath it ye can discern all things emanating from God. He is the Unseen, the Inaccessible, the Most Exalted, the Best-Beloved.	Sabihin, Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay tunay na ang Pangunahing Lambong ng Diyos. Wala kayong makikita sa ibabaw ng Lambong na ito, samantalang sa ilalim nito ay mahihiwatigan ninyo na lahat ng bagay ay nagmumula sa Diyos. Siya ang Di Nakikita, ang Di Maaabot, ang Pinakadakila, ang Pinakamamahal.
If ye seek God, it behooveth you to seek Him Whom God shall make manifest, and if ye cherish the desire to dwell in the Ark of Names, ye will be distinguished as the guides to Him Whom God shall make manifest, did ye but believe in Him. Verily then make your hearts the daysprings of His exalted Names as recorded in the Book, and ye shall, even as mirrors placed before the sun, be able to receive enlightenment. <i>XVI, 17.</i>	Kung hinahanap ninyo ang Diyos, tungkulin ninyong hanapin Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, at kung itinatangi ninyo ang hangarin na manahan sa Arko ng mga Pangalan, magiging katangi-tangi kayo bilang mga patnubay Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, kung kayo lamang ay nanalig sa Kaniya. Sa katunayan gawin ninyo kung gayon ang inyong mga puso na mga pamimitak ng Kaniyang dakilang mga Pangalan tulad ng nakatala sa Aklat, at kayo, katulad ng mga salamin na inilagay sa harap ng araw, ay magagawang tumanggap ng kaliwanagan. <i>XVI, 17.</i>
Should a person lay claim to a cause and produce his proofs, then those who seek to repudiate him are required to produce proofs like unto his. If they succeed in doing so, his words will prove vain and they will prevail; otherwise neither his words will cease nor the proofs he hath set forth will become void. I admonish you, O ye who are invested with the Bayán, if ye would fain assert your ascendancy, confront not any soul unless ye give proofs similar to that which he hath adduced; for Truth shall be firmly established, while aught else besides it is sure to perish.	Kung may isang tao na aangkin sa isang layunin at magbibigay ng kaniyang mga katibayan, dapat lamang na yaong mga magsisikap na itatwa siya ay kinakailangang magbigay ng mga katibayan katulad noong sa kaniya. Kung sila ay magtagumpay sa paggawa niyon, ang kaniyang mga salita ay mapapatunayang walang kapararakan at sila ay mananaig; kung hindi, ang kaniyang mga salita ay hihinto o ang mga katibayan na kaniyang ibinigay ay mawawalan ng halaga. Binabalaan Ko kayo, O kayo na pinagkalooban ng Bayán, na kung mapaghangad ninyong igigiit ang inyong

¹⁴² Ang Kitab-i-Ásmá ay nahahati sa mga váhid at mga kabanata, na tinutukoy ng mga numerong ito.

	pangingibabaw, huwag harapin ang sinumang kaluluwa hanggang hindi kayo makapagbibigay ng mga katibayan nang katulad noong kaniyang ikinatwiran; sapagkat ang Katotohanan ay matibay na maitatatag, samantalang ang lahat ng iba liban dito ay tiyak na mapupukso.
How numerous the people who engaged in contests with Muḥammad, the Apostle of God, and were eventually reduced to naught, inasmuch as they were powerless to bring forth proofs similar to that which God had sent down unto Him. Had they been abashed and modest, and had they realized the nature of the proofs wherewith He was invested, they would never have challenged Him. But they regarded themselves as champions of their own religion. Therefore God laid hold on them according to their deserts and vindicated the Truth through the power of Truth. This is what ye clearly perceive today in the Muḥammadan Revelation.	Gaano karami ang mga tao na naging abala sa pakikipagtunggali kay Muḥammad, ang Apostol ng Diyos, at sa dakong huli ay nawasak, dahilan sa sila ay walang lakas na magbigay ng mga katibayang tulad noong ibinigay ng Diyos sa Kaniya. Kung sila ay napahiya at nalito at naging mapagpakumbaba sana, at kung naunawaan nila ang likas na katangian ng mga katibayan na ipinagkaloob sa Kaniya, hindi nila kailanman hinamon Siya. Subalit ipinalagay nila ang kanilang sarili bilang mga tagapagtaguyod ng kanilang sariling mga relihiyon. Samakatwid, pinanagot sila ng Diyos ayon sa nararapat sa kanila at ipinagtanggol ang Katotohanan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Katotohanan. Ito ang inyong maliwanag na mahihiwatigan ngayon sa Rebelasyon ni Muḥammad.
Who is the man amongst you who can challenge the exalted Thrones of Reality in every Dispensation, while all existence is wholly dependent upon Them? Indeed, God hath wiped out all those who have opposed Them from the beginning that hath no beginning until the present day and hath conclusively demonstrated the Truth through the power of Truth. Verily, He is the Almighty, the Omnipotent, the All-Powerful. <i>XVII, 11.</i>	Sino sa inyo ang lalaki na hahamon sa dakilang mga Trono ng Realidad sa bawat Dispensasyon, samantalang ang lahat ng nabubuhay ay umaasa sa Kaniya? Tunay na pinukso ng Diyos ang lahat noong kumalaban sa Kanila mula sa simula na walang simula hanggang sa araw na ito at maliwanag na ipinakita ang katotohanan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Katotohanan. Sa katunayan, Siya ang Lubos na Makapangyarihan, ang Diyos, ang Lubos na Malakas. <i>XVII, 11.</i>
O ye who are invested with the Bayán! Be ye watchful on the Day of Resurrection, for on that Day ye will firmly believe in the Váhid of the Bayán, though this, even as your past religion which proved of no avail, can in no wise benefit you, unless ye embrace the Cause of Him Whom God shall make manifest and believe in that which He ordaineth. Therefore take ye good heed lest ye shut yourselves out from Him Who is the Fountainhead of all Messengers and Scriptures, while ye hold fast to parts of the teachings which have emanated from these sources. <i>XVII, 15.</i>	O kayo na pinagkalooban ng Bayán! Maging mapagbantay kayo sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sapagkat sa Araw na iyon kayo ay matatag na mananalig sa Váhid ng Bayán, kahiman ito, tulad ng inyong nakaraang relihiyon na napatunayang hindi nakatulong, ay hindi rin makabubuti sa inyo, kung hindi ninyo tatanggapin ang Kapakanan Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos at mananalig doon sa Kaniyang itatadhana. Samakatwid, makinig kayong mabuti na baka ilayo ninyo ang inyong mga sarili sa Kaniya na Siyang Punong-bukal ng lahat ng mga sugo at mga Banal na Kasulatan, samantalang kayo ay mahigpit na nangangapit sa mga bahagi ng

	mga turo na nagmula sa mga pinagmumulaang ito. <i>XVII, 15.</i>
Consider how at the time of the appearance of every Revelation, those who open their hearts to the Author of that Revelation recognize the Truth, while the hearts of those who fail to apprehend the Truth are straitened by reason of their shutting themselves out from Him. However, openness of heart is bestowed by God upon both parties alike. God desireth not to straiten the heart of anyone, be it even an ant, how much less the heart of a superior creature, except when he suffereth himself to be wrapt in veils, for God is the Creator of all things.	Nilay-nilayin kung paanong sa panahon ng pagdating ng bawat Rebelasyon, yaong mga binuksan ang kanilang mga puso sa May-Akda ng Rebelasyong iyon ay nakilala ang Katotohanan, samantalang ang mga puso noong mga nabigong maunawaan ang Katotohanan ay nalagay sa kagipitan dahilan sa inilayo nila ang kanilang mga sarili sa Kaniya. Gayumpaman, ang pagiging bukas ang puso ay ipinagkakaloob ng Diyos sa kapuwa panig. Hindi ninanais ng Diyos na mahirapan ang puso ninuman, kahit na ito ay maging isang langgam, gaano pa ang puso ng isang higit na nakatataas na nilikha, liban doon sa tutulutan niya ang kaniyang sarili na mabalot ng mga lambong, dahilan sa ang Diyos ay ang Manlilikha ng lahat ng bagay.
Wert thou to open the heart of a single soul by helping him to embrace the Cause of Him Whom God shall make manifest, thine inmost being would be filled with the inspirations of that august Name. It devolveth upon you, therefore, to perform this task in the Days of Resurrection, inasmuch as most people are helpless, and wert thou to open their hearts and dispel their doubts, they would gain admittance into the Faith of God. Therefore, manifest thou this attribute to the utmost of thine ability in the days of Him Whom God shall make manifest. For indeed if thou dost open the heart of a person for His sake, better will it be for thee than every virtuous deed; since deeds are secondary to faith in Him and certitude in His Reality. <i>XVII, 15.</i>	Kung iyong bubuksan ang puso ng isang kaluluwa sa pamamagitan ng pagtulong sa kaniya na tanggapin ang Kapakanan Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, ang pinakabuod ng iyong buhay ay malilipos ng mga inspirasyon ng dakilang Pangalan na iyon. Ibinigay sa iyo, kung gayon, na isagawa ang tungkuling ito sa mga Araw ng Muling Pagkabuhay, dahilan sa karamihan sa mga tao ay walang pag-asa, at kung bubuksan mo ang kanilang mga puso at papawiin ang kanilang mga alinlangan, sila ay matatanggap sa Pananampalataya ng Diyos. Samakatwid, ipakita mo ang katangiang ito sa sukdulan ng iyong kakayahan sa mga araw Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. Sapagkat, tunay na kung bubuksan mo ang puso ng isang tao alang-alang sa Kaniya, higit na mabuti ito para sa iyo kaysa sa bawat mabuting gawa, sapagkat ang mga gawa ay pangalawa sa pananalig sa Kaniya at katiyakan sa Kaniyang Realidad. <i>XVII, 15.</i>
Take heed to carefully consider the words of every soul, then hold fast to the proofs which attest the truth. If ye fail to discover truth in a person's words, make them not the object of contention, inasmuch as ye have been forbidden in the Bayán to enter into idle disputation and controversy, that perchance on the Day of Resurrection ye may not engage in argumentation, and dispute with Him Whom God shall make manifest. <i>XVII, 16.</i>	Makinig upang maingat na isaalang-alang ang mga salita ng bawat kaluluwa, pagkatapos ay mahigpit na mangapit sa mga katibayan na nagpapatunay sa katotohanan. Kapag nabigo kayong matuklasan ang katotohanan sa mga salita ng isang tao, huwag gawin ang mga iyon na paksa ng pagtatalo, dahilan sa pinagbabawalan kayo sa Bayán na makilahok sa walang kabuluhang pagtatalo at alitan, upang baka sakaling sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay hindi

	kayo maging abala sa pangangatuwiran, at makipagtalo sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. <i>XVII, 16.</i>
On the Day of Resurrection when He Whom God will make manifest cometh unto you, invested with conclusive proofs, ye shall hold His Cause as being devoid of truth, whereas God hath apprised you in the Bayán that no similarity existeth between the Cause of Him Whom God will make manifest and the cause of others. How can anyone besides God reveal a verse such as to overwhelm all mankind? Say, great is God! Who else but Him Whom God will make manifest can spontaneously recite verses which proceed from His Lord—a feat that no mortal man can ever hope to accomplish?	Sa Araw ng Muling Pagkabuhay kapag dumating sa inyo Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, na pinagkalooban ng maliwanag na mga katibayan, inyong ituturing ang Kaniyang Kapakanan bilang hubad sa katotohanan, samantalang ipinaalam ng Diyos sa inyo sa Bayán na walang pagkakatulad ang umiiral sa Kapakanan Niya at ng kapakanan ng iba. Paano makapagpapahayag ang sinuman, liban sa Diyos, ng isang bersikulo na makapupuspos sa buong sangkatauhan? Sabihin, ang Diyos ay dakila! Sino liban sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ang maaaring bumigkas nang walang paghahanda ang mga bersikulo na nagmumula sa Kaniyang Panginoon — isang kahanga-hangang gawa na walang mortal na tao ang makaaasang makagawa?
Truth can in no wise be confounded with aught else except itself; would that ye might ponder His proof. Nor can error be confused with Truth, if ye do but reflect upon the testimony of God, the True One.	Ang katotohanan, gayundin, ay hindi makatataranta sa anuman liban sa sarili nito; kung inyong lilimiin ang Kaniyang patunay. Ni hindi maaaring ipagkamali ang kamalian sa Katotohanan, kung inyong ninilay-nilayin lamang ang katibayan ng Diyos, Siya na Tunay.
How great hath been the number of those who have falsely laid claim to a cause within Islám, and ye followed in their footsteps without having witnessed a single proof. What evidence can ye then produce in the presence of your Lord, if ye do but meditate awhile?	Gaano kalaki ang bilang noong mga mapanlinlang na umangkin sa isang layunin na napapaloob sa Islám, at inyong sinundan ang kanilang mga bakas nang walang nasasaksihan kahit isang katibayan. Anong katibayan, kung gayon, ang inyong magagawa sa harap ng inyong Panginoon, kung kayo lamang ay magninilay-nilay sandali?
Take ye good heed in your night ¹⁴³ lest ye be a cause of sadness to any soul, whether ye be able to discover proofs in him or not, that haply on the Day of Resurrection ye may not grieve Him within Whose grasp lieth every proof. And when ye do not	Unawain ninyo nang mabuti ang inyong gabi ¹⁴⁴ na baka kayo ay maging sanhi ng kalungkutan sa sinumang kaluluwa, kahiman inyong nagawang matuklasan ang mga katibayan sa kaniya o hindi, upang harinawang sa Araw ng Muling Pagkabuhay

¹⁴³ By “night” is meant the period between two divine Revelations when the Sun of Truth is not manifest among men. In the Persian Bayán, II, 7, the Báb says, “O people of the Bayán! Act not as the people of the Qur’án have acted, for if you do so the fruits of your night will come to naught.”

¹⁴⁴ Ang ‘gabi’ ay nangangahulugan ng panahon sa pagitan ng dalawang banal na mga Rebelasyon nang ang Araw ng Katotohanan ay hindi nahahayag sa mga tao. Sa Bayán sa Wikang Persiyano, II.7, sinasabi ng Báb, “O mga tao ng Bayán! Huwag kumilos katulad ng ikinilos ng mga tao ng Qur’án, sapagkat kung kikilos kayo nang ganoon ang mga bunga ng inyong gabi ay mawawalan ng saysay’.

discern God's testimony in a person, he will verily fail in manifesting the power of Truth; and God is sufficient to deal with him. Indeed on no account should ye sadden any person; surely God will put him to the proof and bring him to account. It behooveth you to cling to the testimony of your own Faith and to observe the ordinances laid down in the Bayán.	ay hindi ninyo mabigyan ng dalamhati Siya na tangan Niya ang bawat katibayan. At kapag wala kayong nakitang katibayan ng Diyos sa isang tao, makatitiyak na siya ay mabibigo sa paghahayag ng kapangyarihan ng Katotohanan; at makasasapat ang Diyos na pakitunguhan siya. Tunay na hindi nararapat na inyong palungkutin ang sinumang tao sa anumang kadahilanan; tiyak na susubukin siya ng Diyos at pananagutin siya. Nararapat sa inyo na mangapit sa patunay ng iyong sariling Pananampalataya at sundin ang mga alituntunin na inihayag sa Bayán.
You are like unto the man who layeth out an orchard and planteth all kinds of fruit trees therein. When the time is at hand for him, the lord, to come, ye will have taken possession of the orchard in his name, and when he doth come in person, ye will shut him out from it.	Katulad ninyo ang tao na naghanda ng isang taniman at nagtanim ng lahat ng uri ng mga namumunang puno doon. Nang napapanahon na para sa kaniya, ang panginoon, na dumating, kayo na ang nagmamay-ari ng taniman sa ngalan niya, at nang dumating siya mismo, pagsasarhan ninyo siya roon.
Verily We planted the Tree of the Qur'án and provided its Orchard with all kinds of fruit, whereof ye all have been partaking. Then when We came to take over that which We had planted, ye pretended not to know Him Who is the Lord thereof.	Sa katunayan Aming itanim ang Puno ng Qur'án at nagbigay sa Tanimang ito ng lahat ng uri ng bungang-kahoy, na kinakain ninyong lahat. Subalit nang Kami ay dumating upang kunin yaong Aming itanim, nagkunwari kayong hindi nakikilala Siya na Panginoon noon.
Be ye not a cause of grief unto Us, nor withhold Us from this Orchard which belongeth unto Us, though independent are We of all that ye possess. Moreover, unto none of you shall We make this property lawful, were it even to the extent of a mustard seed. Verily, the Reckoner are We.	Huwag kayong maging sanhi ng Aming dalamhati, ni ipagkait sa Amin ang Tanimang ito na Aming pag-aari; kahiman malaya Kami sa lahat ng inyong taglay. Bukod doon, wala sa inyo ang gagawin Naming may karapatan sa tanimang ito, kahit na kasinlaki ng isang binhi ng mustasa. Sa katunayan, Kami ang Nagtutuos.
We have planted the Garden of the Bayán in the name of Him Whom God will make manifest, and have granted you permission to live therein until the time of His manifestation; then from the moment the Cause of Him Whom God will make manifest is inaugurated, We forbid you all the things ye hold as your own, unless ye may, by the leave of your Lord, be able to regain possession thereof. <i>XVIII, 3.</i>	Nagtanim Kami sa Hardin ng Bayán sa ngalan Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, at pinagkalooban kayo ng pahintulot na mamuhay roon hanggang sa panahon ng Kaniyang paghahayag; pagkatapos, mula sa sandali na ang Kapakanan Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay sinimulan, Aming ipinagbabawal sa inyo ang lahat ng bagay na ipinalalagay ninyong sa inyo, hanggang, sa kapahintulutan ng inyong Panginoon, ay magagawa ninyong mabawi ang pagiging may-ari noon. <i>XVIII, 3.</i>

O ye unto whom the Bayán is given! Be ye vigilant lest in the days of Him Whom God shall make manifest, while ye consider yourselves as seeking God's pleasure, in reality ye persist in that which would only displease Him, even as did those who lived in the days of the Primal Point, to whom it never occurred that they were seeking things which ran counter to that which God had purposed. They shut themselves out as by a veil from God and failed to observe that which He had desired for them to perform as true believers. They pondered not upon such people as lived in the days of Muḥammad, who believed likewise that they were seeking the good-pleasure of God, while they had actually cut themselves off therefrom, once they had failed to secure the good-pleasure of Muḥammad. Nevertheless they comprehended not.	O kayo na ang Bayán ay ibinigay! Maging mapagbantay kayo na baka sa mga araw Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, samantalang itinuturing ninyo ang inyong mga sarili na hinahangad ang kasiyahan ng Diyos, sa katotohanan, kayo ay nagpupumilit lamang doon sa hindi makalulugod sa Kaniya, katulad ng ginawa ng mga nabuhay noong mga araw ng Panimulang Tuldok, sa kanila na hindi kailanman naisip na naghahangad sila ng mga bagay na salungat doon sa nilayon ng Diyos. Tinakpan nila ang kanilang mga sarili mula sa Diyos ng isang lambong at nabigong isagawa yaong hinangad Niya para sa kanila na gawin bilang tunay na mga mananampalataya. Hindi nila naisip ang gayong mga tao na nabuhay sa mga araw ni Muḥammad, na mga naniwala, gayundin, na hinahangad nila ang mabuting-kasiyahan ng Diyos, samantalang sa katunayan ay inilayo nila ang kanilang mga sarili mula roon, kaagad na nabigo silang makamtan ang mabuting-kasiyahan ni Muḥammad. Gayumpaman hindi sila nakaunawa.
O ye who are invested with the Bayán! Regard not yourselves as being like unto the people to whom the Qur'án or the Gospel or other Scriptures of old were given, since at the time of His manifestation ye shall stray farther from God than did they. If ye happen to shut yourselves out it would never cross your minds that ye were shut out from Him. It behooveth you to consider how the people unto whom the Qur'án was given were debarred from the Truth, for indeed ye will act in a like manner, thinking that ye are doers of good. If ye perceive the degree of your deprivation of God, ye will wish to have perished from the face of the earth and to have sunk into oblivion. The day will come when ye will earnestly desire to know that which would meet with the good-pleasure of God but, alas, ye shall find no path unto Him. Ye, even as camels that wander aimlessly, will not find a pasture wherein ye may gather and unite upon a Cause in which ye can assuredly believe. At that time God shall cause the Sun of Truth to shine forth and the oceans of His bounty and grace to surge, while ye will have chosen droplets of water as the object of your desire, and will have deprived yourselves of the plenteous waters in His oceans.	O kayo na pinagkalooban ng Bayán! Huwag ituring ang inyong mga sarili na katulad ng mga taong binigyan ng Qur'án o ng Ebanghelyo o ibang mga Banal na Kasulatan ng nakaraan, sapagkat sa panahon ng Kaniyang paghahayag kayo ay higit na mapapalayo sa Diyos kaysa sa kanila. Kung nagkataong inilayo ninyo ang inyong mga sarili, hindi ninyo ito maiisip kailanman na kayo ay humiwalay sa Kaniya. Nararapat sa inyo na pag-isipan kung paanong ang mga tao na binigyan ng Qur'án ay hinadlangan sa Katotohanan, sapagkat tunay na kayo ay kikilos sa gayunding gawi, iniisip na kayo ay mga gumagawa ng kabutihan. Kung inyong mauunawaan ang sidhi ng inyong kawalan ng Diyos, hahangarin ninyong mapawi sa balat ng lupa at malubog sa limot. Ang araw ay darating na masidhi ninyong hahangarin na malaman yaong makasasapat sa mabuting-kasiyahan ng Diyos, ngunit, sa aba, walang kayong matatagpuang landas patungo sa Kaniya. Kayo, katulad ng mga kamelyo na pagala-gala nang walang patutunguhan, ay hindi makatatagpo ng pastulan kung saan makapagtitipon kayo at magkakaisa sa isang Kapakanan na inyong tiyak na paniniwalaan. Sa panahong iyon, gagawin ng Diyos na magliwanag ang Araw ng Katotohanan at ang mga karagatan ng Kaniyang biyaya at

	pagpapala na dumaluyong, samantalang inyong pipiliin ang mga patak ng tubig bilang ang pakay ng inyong hangarin, at mapagkakaitan ang inyong mga sarili ng masaganang mga tubig sa Kaniyang mga karagatan.
If ye entertain any doubts in this matter consider the people unto whom the Gospel was given. Having no access to the apostles of Jesus, they sought the pleasure of the Lord in their churches, hoping to learn that which would be acceptable unto God, but they found therein no path unto Him. Then when God manifested Muḥammad as His Messenger and as the Repository of His good-pleasure, they neglected to quicken their souls from the Fountain of living waters which streamed forth from the presence of their Lord and continued to rove distraught upon the earth seeking a mere droplet of water and believing that they were doing righteous deeds. They behaved as the people unto whom the Qur'án was given are now behaving.	Kung mag-iisip kayo ng anumang mga alinlangan sa bagay na ito, pag-aralan ang mga tao na binigyan ng Ebanghelyo. Dahilan sa hindi makalapit sa mga apostol ni Jesus, hinangad nilang matagpuan ang kasiyahan ng Diyos sa kanilang mga simbahan, umaasa na matutunan yaong magiging katanggap-tanggap sa Diyos, ngunit wala silang natagpuang landas doon patungo sa Kaniya. Pagkatapos, nang ipahayag ng Diyos si Muḥammad bilang Kaniyang Sugo at bilang ang Repositoryo ng Kaniyang mabuting-kasiyahan, pinabayaang nilang mabigyang-buhay ang kanilang mga kaluluwa, mula sa Bukal ng nakabubuhay na mga tubig na dumaloy mula sa kinaroroonan ng kanilang Panginoon, at nagpatuloy na gumala-gala nang nalulumbay sa lupa, naghahanap ng kahit isang maliit na patak ng tubig, at naniniwalang sila ay gumagawa ng makatarungang mga gawa. Sila ay kumilos tulad ng ikinikilos ngayon ng mga tao na binigyan ng Qur'án.
O ye who are invested with the Bayán! Ye can act similarly. Take ye heed, therefore, lest ye deprive yourselves of attaining the presence of Him Who is the Manifestation of God, notwithstanding that ye have been day and night praying to behold His countenance; and be ye careful lest ye be deterred from attaining unto the ocean of His good-pleasure, when perplexed and to no avail ye roam the earth in search of a drop of water.	O kayo na mga pinagkalooban ng Bayán! Kayo ay maaaring kumilos nang katulad noon. Makinig kayo, kung gayon, na baka pagkaitan ninyo ang inyong mga sarili na makarating sa kinaroroonan Niya na Siyang Kahayagan ng Diyos, sa kabila ng inyong pagdarasal araw at gabi, upang mamasdan ang Kaniyang anyo; at kayo ay maging maingat na baka kayo mahadlangan na makarating sa karagatan ng Kaniyang mabuting-kasiyahan, kapag nalilito at nang walang pakinabang ay nagpapagala-gala sa inyong paghahanap ng isang patak ng tubig.
Say, the testimony of God hath been fulfilled in the Bayán, and through its revelation the grace of God hath attained its highest consummation for all mankind. Let no one among you say that God hath withheld the outpouring of His bounty unto you, for assuredly God's mercy unto those to whom the Bayán is given hath been fulfilled and completed until the Day of Resurrection. Would that ye might believe in the signs of God. <i>XVI, 13.</i>	Sabihin, ang katibayan ng Diyos ay natupad na sa Bayán, at sa pamamagitan ng paghahayag nito, ang pagpapala ng Diyos ay natamo ang pinakamataas na katuparan nito para sa buong sangkatauhan. Huwag hayaan ang sinuman sa inyo ang magsabi na pinigil ng Diyos ang pagdaloy ng Kaniyang biyaya sa inyo, sapagkat nakatitiyak na ang habag ng Diyos doon sa mga binigyan ng Bayán ay natupad na, at nahusto hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

	Harinawang paniwalaan ninyo ang mga palatandaan ng Diyos. <i>XVI, 13.</i>
Verily God hath caused the people of the Bayán to be called into being through the power of Him unto Whom the Bayán was revealed, in preparation for the Day when they will return to their Lord.	Sa katunayan ginawa ng Diyos na mabuhay ang mga tao ng Bayán sa pamamagitan ng lakas Niya na sa Kaniya ang Bayán ay ipinahayag, bilang paghahanda sa araw ng kanilang pagbabalik sa kanilang Panginoon.
Indeed those who will bear allegiance unto Him Whom God shall make manifest are the ones who have grasped the meaning of that which hath been revealed in the Bayán; they are indeed the sincere ones, while those who turn away from Him at the time of His appearance will have utterly failed to comprehend a single letter of the Bayán, even though they profess belief and assurance in whatever is revealed in it or observe its precepts.	Tunay na ang mga magtataglay ng katapatan sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay yaong mga nakaunawa sa kahulugan noong naipahayag na sa Bayán; sila ang tunay na matatapat, samantalang ang mga lumayo sa Kaniya, sa panahon ng Kaniyang pagpapakita ay ganap na mabibigong maunawaan kahit isang titik ng Bayán, kahiman ipinahahayag nila ang paniniwala at pagtitiwala sa anumang ipinahayag dito o sinunod ang mga alituntunin nito.
Say, every favorable and praiseworthy designation in the Bayán is but an allusion to those who recognize Him Whom God shall make manifest, and who believe with certainty in God and in His holy Writings, while every unfavorable designation therein is meant to refer to such as repudiate Him Whom God shall make manifest, though they may act uprightly within the bounds laid down in the Bayán. Say, if ye embrace the truth on the Day of Resurrection, God will assuredly pardon you for your night ¹⁴⁵ and will grant you forgiveness.	Sabihin, bawat mabuti at kapuri-puring pangalan sa Bayán ay isang pahiwatig lamang doon sa mga kumilala sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, at sa mga nananalig nang may katiyakan sa Diyos at sa Kaniyang banal na mga Kasulatan, samantalang ang bawat hindi mabuting pangalan doon ay sinadyang pagtukoy sa gayong nagtatwa sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, kahiman sila ay makatwirang kumikilos sa loob ng mga hangganan na itinakda sa Bayán. Sabihin, kung inyong tatanggapin ang katotohanan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, makatitiyak na patatawarin kayo ng Diyos sa inyong gabi ¹⁴⁶ at ipagkakaloob sa inyo ang kapatawaran.
As to those who have faithfully observed the ordinances in the Bayán from the inception of its revelation until the Day when Him Whom God shall make manifest will appear, these are indeed the companions of the paradise of His good-pleasure who will be glorified in the presence of God and	Tungkol doon sa mga tapat na sumunod sa mga alituntunin ng Bayán, mula sa simula ng paghahayag nito hanggang sa Araw ng pagdating Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, ang mga ito ay tunay na mga kasamahan sa paraiso ng Kaniyang mabuting-kasiyahan na luluwalhatiin sa

¹⁴⁵ By “night” is meant the period between two divine Revelations when the Sun of Truth is not manifest among men. In the Persian Bayán, *II, 7*, the Báb says, “O people of the Bayán! Act not as the people of the Qur’án have acted, for if you do so the fruits of your night will come to naught.”

¹⁴⁶ Ang ‘gabi’ ay nangangahulugan ng panahon sa pagitan ng dalawang banal na mga Rebelasyon nang ang Araw ng Katotohanan ay hindi nahahayag sa mga tao. Sa Bayán na Persiyano, *II.7*, sinasabi ng Báb, “O mga tao ng Bayán! Huwag kumilos katulad ng ikinilos ng mga tao ng Qur’án, sapagkat kung kikilos kayo nang ganoon ang mga bunga ng inyong gabi ay mawawalan ng saysay’.

will dwell in the pavilions of His celestial Garden. Yet, within less than a tiny fraction of an instant from the moment God will have revealed Him Who is the Manifestation of His Own Self, the entire company of the followers of the Bayán shall be put to proof. <i>XVII, 1.</i>	harapan ng Diyos, at mananahan sa mga bulwagan ng Kaniyang makalangit na Hardin. Subalit sa loob ng hindi kukulangin sa isang maliit na bahagi ng isang saglit mula sa sandali na ipahayag ng Diyos Siyang Kahayagan ng Kaniyang Sarili Mismo, ang buong pangkat ng mga tagasunod ng Bayán ay susubukin na. <i>XVII, 1.</i>
Since thou hast faithfully obeyed the true religion of God in the past, it behooveth thee to follow His true religion hereafter, inasmuch as every religion proceedeth from God, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	Dahil sa iyong sinunod nang tapat ang tunay na relihiyon ng Diyos sa nakaraan, nararapat sa iyo na sundin ang Kaniyang tunay na relihiyon na sumunod, yayamang ang bawat relihiyon ay nagmumula sa Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
He Who hath revealed the Qur'án unto Muḥammad, the Apostle of God, ordaining in the Faith of Islám that which was pleasing unto Him, hath likewise revealed the Bayán, in the manner ye have been promised, unto Him Who is your Qá'im, ¹⁴⁷ your Guide, your Mihdí, ¹⁴⁸ your Lord, Him Whom ye acclaim as the manifestation of God's most excellent titles. Verily the equivalent of that which God revealed unto Muḥammad during twenty-three years, hath been revealed unto Me within the space of two days and two nights. However, as ordained by God, no distinction is to be drawn between the two. He, in truth, hath power over all things.	Siya na nagpahayag ng Qur'án kay Muḥammad, ang Apostol ng Diyos, ay itinadhana sa Pananampalataya ng Islám na yaong kasiya-siya sa Kaniya, gayundin, ay ang nagpahayag sa Bayán, sa paraan na ipinangako sa inyo, sa Kaniya na inyong Qá'im, ¹⁴⁹ ang inyong Patnubay, ang inyong Mihdí, ¹⁵⁰ ang inyong Panginoon, Siya na inyong ipinagbubunyi bilang ang kahayagan ng pinakamagaling na mga pangalan ng Diyos. Sa katunayan ang katumbas noong ipinahayag ng Diyos kay Muḥammad sa loob ng dalawampu't tatlong taon, ay isiniwalat sa Akin sa loob ng dalawang araw at dalawang gabi. Datapwat, tulad ng itinadhana ng Diyos, walang pagkakaiba ang dapat gawin sa pagitan ng dalawa. Siya, sa katotohanan, ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.
I swear by the life of Him Whom God shall make manifest! My Revelation is indeed far more bewildering than that of Muḥammad, the Apostle of God, if thou dost but pause to reflect upon the days of God. Behold, how strange that a person brought up amongst the people of Persia should be empowered by God to proclaim such irrefutable	Sumusumpa Ako sa buhay Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos! Ang Aking Rebelasyon ay tunay na higit na nakatataranta kaysa sa yaong kay Muḥammad, ang Apostol ng Diyos, kung ikaw ay hihinto sandali upang nilay-nilayin ang mga araw ng Diyos. Masdan, gaano nakapagtataka na ang isang tao na pinalaki sa gitna

¹⁴⁷ He Who ariseth (*God Passes By*, Chapter IV, paragraph beginning "The Báb, acclaimed by Bahá'u'lláh as the 'Essence of Essences'...").

¹⁴⁸ One Who is guided (*God Passes By*, Chapter IV, paragraph beginning "The Báb, acclaimed by Bahá'u'lláh as the 'Essence of Essences'...").

¹⁴⁹ Siyang magbabangon (*Nagdaraan ang Diyos*, Kabanata IV, sa parapong nagsisimula sa "Ang Báb, ipinagbunyi ni Bahá'u'llá bilang ang 'Diwa ng mga Diwa'...").

¹⁵⁰ Siyang pinatnubayan (*Nagdaraan ang Diyos*, Kabanata IV, sa parapong nagsisimula sa "Ang Báb, ipinagbunyi ni Bahá'u'llá bilang ang 'Diwa ng mga Diwa'...").

utterances as to silence every man of learning, and be enabled to spontaneously reveal verses far more rapidly than anyone could possibly set down in writing. Verily, no God is there but Him, the Help in Peril, the Self-Subsisting. <i>XVI, 18.</i>	ng mga tao ng Persia ay nararapat na bigyan ng kapangyarihan ng Diyos upang ipahayag ang gayong hindi mapabubulaanang mga pananalita, na pinatahimik ang bawat marunong na tao, nagawang ipahayag nang walang paghahanda ang mga bersikulo nang higit na mabilis kaysa sa sinumang magagawang isulat ito. Sa katunayan, walang Diyos liban sa Kaniya, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap. <i>XVI, 18.</i>
As to those who have debarred themselves from the Revelation of God, they have indeed failed to understand the significance of a single letter of the Qur'án, nor have they obtained the slightest notion of the Faith of Islám, otherwise they would not have turned away from God, Who hath brought them into being, Who hath nurtured them, hath caused them to die and hath proffered life unto them, by clinging to parts of their religion, thinking that they are doing righteous work for the sake of God.	Tungkol sa yaong mga hinadlangan ang kanilang mga sarili mula sa Rebelasyon ng Diyos, sila ay tunay na nabigong maunawaan ang kahulugan ng isang titik ng Qur'án, ni hindi sila nakapagtamo ng kahit bahagyang pagkaunawa sa Pananampalatayang Islám, kung hindi, sila ay hindi sana lumayo sa Diyos, na Siyang nagbigay ng buhay sa kanila, na Siyang nag-alaga sa kanila, na ginawa silang mamatay at naghandog ng buhay sa kanila, dahil sa pangangapit sa mga bahagi ng kanilang relihiyon, iniisip na gumagawa sila ng makatarungang gawa alang-alang sa Diyos.
How numerous the verses which have been revealed concerning the grievous tests ye shall experience on the Day of Judgment, yet it appeareth that ye have never perused them; and how vast the number of revealed traditions regarding the trials which will overtake you on the Day of Our Return, and yet ye seem never to have set your eyes upon them.	Napakarami ang mga bersikulo na naipahayag kaugnay ng mabibigat na pagsubok na inyong mararanasan sa Araw ng Paghuhukom, subalit waring hindi ninyo kailanman nabasa ang mga iyon; at gaano napakalaki ang bilang ng naipahayag na mga tradisyon tungkol sa mga pagdurusa na aabot sa inyo sa Araw ng Muling Pagkabuhay, subalit waring hindi ninyo pinansin ang mga iyon.
Ye spend all your days contriving forms and rules for the principles of your Faith, while that which profiteth you in all this is to comprehend the good-pleasure of your Lord and unitedly to become well-acquainted with His supreme Purpose.	Ginugol ninyo ang inyong mga araw sa pagbalangkas ng mga uri at mga patakaran para sa mga simulain ng inyong Pananampalataya, samantalang yaong inyong pakikinabangan sa lahat ng mga ito ay ang unawain ang mabuting-kasiyahan ng inyong Panginoon, at nang nagkakaisa ay maging lubos na nababatid ang Kaniyang dakilang Layunin.
God hath made His Own Self known unto you, but ye have failed to recognize Him; and the thing which will, on the Day of Judgment, turn you aside from God is the specious character of your deeds. Throughout your lives ye follow your religion in order to attract the good-pleasure of God, yet on the Last Day ye shut yourselves out from God and turn	Ginawa ng Diyos na makilala ang Kaniyang Sarili Mismo, subalit nabigo kayong makilala Siya, at ang bagay na magpapalayo sa inyo sa Diyos, sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ay ang paimbabaw na katangian ng inyong mga gawa. Sa buong buhay ninyo sinunod ninyo ang inyong relihiyon upang maka-akit sa mabuting-kasiyahan ng Diyos, subalit

away from Him Who is your Promised One. <i>XVII, 2.</i>	sa Huling Araw, isinara ninyo ang inyong mga sarili mula sa Diyos at lumayo sa Kaniya na Siyang Ipinangako sa inyo. <i>XVII, 2.</i>
O ye who are invested with the Bayán! Ye shall be put to proof, even as those unto whom the Qur'án was given. Have pity on yourselves, for ye shall witness the Day when God will have revealed Him Who is the Manifestation of His Own Self, invested with clear and irrefutable proofs, while ye will cling tenaciously to the words the Witnesses of the Bayán have uttered. On that Day ye will continue to rove distraught, even as camels, seeking a drop of the water of life. God will cause oceans of living water to stream forth from the presence of Him Whom God shall make manifest, while ye will refuse to quench your thirst therefrom, notwithstanding that ye regard yourselves as the God-fearing witnesses of your Faith. Nay, and yet again, nay! Ye will go astray far beyond the peoples unto whom the Gospel, or the Qur'án or any other Scripture was given. Take good heed to yourselves, inasmuch as the Cause of God will come upon you at a time when you will all be entreating and tearfully imploring God for the advent of the Day of His Manifestation; yet when He cometh ye will tarry and will fail to be of those who are well-assured in His Faith.	O kayo na pinagkalooban ng Bayán! Kayo ay malalagay sa pagsubok, katulad noong mga binigyan ng Qur'án. Mahabag sa inyong mga sarili, sapagkat masasaksihan ninyo ang Araw na ipahahayag ng Diyos Siya na Kahayagan ng Kaniyang Sarili Mismo, pinagkalooban ng malinaw at hindi mapag-aalinlanganang mga katibayan, samantalang kayo ay nangangapit pa nang mahigipit sa mga salita na sinambit ng mga Saksi ng Bayán. Sa Araw na iyon kayo ay magpapatuloy na magpagala-gala nang naliligalig, tulad ng mga kamelyo, sa paghahanap ng isang patak ng tubig ng buhay. Gagawin ng Diyos na dumaloy ang mga karagatan ng nakabubuhay na tubig mula sa kinaroroonan Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, samantalang tatanggihan ninyong pawiin ang inyong pagka-uhaw roon, bagaman inyong ipinapalagay ang iyong mga sarili bilang mga may takot sa Diyos na mga saksi ng inyong Pananampalataya. Hindi, at muli pa ay hindi! Kayo ay maliligaw nang higit pa sa mga tao na binigyan ng Ebanghelyo, o ng Qur'án o anupamang ibang Banal na Kasulatan. Unawaing mabuti sa inyong mga sarili, dahilan sa ang Kapakanan ng Diyos ay darating sa inyo sa isang panahon na kayong lahat ay luluhog at nang lumuluha ay sasamo sa Diyos para sa pagsapit ng Araw ng Kaniyang Kahayagan; subalit kapag dumating Siya, kayo ay mababalam at mabibigo na maging yaong mga nabigyan nang ganap na katiyakan sa Kaniyang Pananampalataya.
Beware lest ye grieve Him Who is the Supreme Manifestation of your Lord; verily, He can well afford to dispense with your allegiance unto Him. Be ye careful and bring not despondency upon any soul, for surely ye shall be put to proof. <i>XVII, 2.</i>	Mag-ingat na baka ipagdalamhati ninyo Siya na Kataas-taasang Kahayagan ng inyong Panginoon; sa katunayan, ganap na makakayang talikuran Niya ang inyong katapatan sa Kaniya. Maging maingat kayo at huwag magbigay ng kawalang-pag-asa sa sinumang kaluluwa, sapagkat nakatitiyak na kayo ay malalagay sa pagsubok. <i>XVII, 2.</i>
Say, He Whom God shall make manifest will surely redeem the rights of those who truly believe in God and in His signs, for they are the ones who merit reward from His presence. Say, it is far from the glory of Him Whom God shall make manifest that anyone should in this wise make mention of His	Sabihin, Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay tiyak na tutubusin ang mga karapatan noong mga tunay na nananalig sa Diyos at sa Kaniyang mga palatandaan, sapagkat sila yaong mga karapat-dapat sa gantimpala mula sa Kaniyang kinaroroonan. Sabihin, malayo mula sa

name, if ye ponder the Cause of God in your hearts. Say, He shall vindicate the Cause through the potency of His command and shall bring to naught all perversion of truth by virtue of His behest. Verily God is potent over all things.	kaluwalhatian Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, na ang sinuman sa kahulugang ito, ang nararapat bumanggit sa Kaniyang pangalan, kung inyong lilimiin ang Kapakanan ng Diyos sa inyong mga puso. Sabihin, ipagtatanggol Niya ang Kapakanan sa pamamagitan ng lakas ng bisa ng Kaniyang utos at dadalhin sa kawalan ang lahat ng pagpapasama sa katotohanan sa pamamagitan ng Kaniyang kautusan. Sa katunayan ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat ng bagay.
If ye wish to distinguish truth from error, consider those who believe in Him Whom God shall make manifest and those who disbelieve Him at the time of His appearance. The former represent the essence of truth, as attested in the Book of God, while the latter the essence of error, as attested in that same Book. Fear ye God that ye may not identify yourselves with aught but the truth, inasmuch as ye have been exalted in the Bayán for being recognized as the bearers of the name of Him Who is the eternal Truth.	Kung nais ninyong makilala ang katotohanan mula sa kamalian, isipin yaong mga nananalig sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos at yaong mga hindi nanalig sa Kaniya sa panahon ng Kaniyang pagdating. Sinasagisag ng una ang diwa ng katotohanan, tulad ng pinagtibay sa Aklat ng Diyos, samantalang ang huli ay ang diwa ng kamalian, tulad ng pinatunayan sa Aklat ding iyon. Matakot kayo sa Diyos upang harinawang hindi ipakilala ng inyong sarili ang anuman liban sa katotohanan, yayamang kayo ay yaong dinakila sa Bayán dahil sa pagiging nakilala bilang mga tagapagdala ng pangalan Niya na Siyang walang-hanggang Katotohanan.
Say, were He Whom God shall make manifest to pronounce a pious and truthful follower of the Bayán as false, it is incumbent upon you to submit to His decree, as this hath been affirmed by God in the Bayán; verily God is able to convert light into fire whenever He pleaseth; surely He is potent over all things. And were He to declare a person whom ye regard alien to the truth as being akin thereto, err not by questioning His decision in your fancies, for He Who is the Sovereign Truth createth things through the power of His behest. Verily God transmuteth fire into light as He willeth, and indeed potent is He over all things. Consider ye how the truth shone forth as truth in the First Day and how error became manifest as error; so likewise shall ye distinguish them from each other on the Day of Resurrection. <i>XVII, 4.</i>	Sabihin, kung Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay ipahahayag na ang isang madasalin at makatotohanang tagasunod ng Bayán ay isang huwad, tungkulin ninyong sumunod sa Kaniyang utos, sapagkat ito ay pinagtibay na ng Diyos sa Bayán; sa katunayan nagagawa ng Diyos ang liwanag na maging apoy kailanman Niya naisin; walang alinlangang Siya ay makapangyarihan sa lahat ng bagay. At kung ipahahayag Niya ang isang tao na iyong ipinalagay na sumasalungat sa katotohanan bilang katulad noon, huwag magkamaling mag-alinlangan sa Kaniyang pasiya sa inyong mga guniguni, sapagkat Siya na Makapangyarihang Katotohanan ay nilikha ang mga bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang kautusan. Sa katunayan pinagbabagong-anyo ng Diyos ang apoy na maging liwanag kung loloobin Niya, at tunay na makapangyarihan Siya sa lahat ng bagay. Inyong isaalang-alang kung paanong ang katotohanan ay nagliwanag bilang katotohanan sa Unang Araw at kung paanong ang kamalian ay nakita bilang kamalian; kung kaya makikilala ninyo gayundin sila

	mula sa isa't isa sa Araw ng Muling Pagkabuhay. <i>XVII, 4.</i>
Ponder upon the people unto whom the Gospel was given. Their religious leaders were considered as the true Guides of the Gospel, yet when they shut themselves out from Muḥammad, the Apostle of God, they turned into guides of error, notwithstanding that all their lives they had faithfully observed the precepts of their religion in order to attain unto Paradise; then when God made Paradise known unto them, they would not enter therein. Those unto whom the Qur'án is given have wrought likewise. They performed their acts of devotion for the sake of God, hoping that He might enable them to join the righteous in Paradise. However, when the gates of Paradise were flung open to their faces, they declined to enter. They suffered themselves to enter into the fire, though they had been seeking refuge therefrom in God.	Limiin ang mga tao na binigyan ng Ebanghelyo. Ang kanilang espirital na mga pinuno ay ipinalagay bilang tunay na mga Patnubay ng Ebanghelyo, subalit nang ilayo nila ang kanilang sarili kay Muḥammad, ang Apostol ng Diyos, sila ay naging patnubay ng kamalian, sa kabila ng matapat na pagsunod nila, nang buong buhay, sa mga utos ng kanilang relihiyon upang marating nila ang Paraiso; at pagkatapos, nang ipaalam sa kanila ng Diyos ang Paraiso, ayaw nilang pumasok doon. Gayundin ang nangyari doon sa mga binigyan ng Qur'án. Ginawa nila ang kanilang mga gawa ng pagsamba alang-alang sa Diyos, umaasang magawa Niyang makasama sila sa mga makatarungan sa Paraiso. Gayumpaman, nang ang mga pinto ng Paraiso ay maluwang na binuksan sa harap nila, pinahintulutan ang kanilang mga sarili na pumunta sa apoy, kahiman naghahanap sila ng kanlungan doon mula sa Diyos.
Say, verily, the criterion by which truth is distinguished from error shall not appear until the Day of Resurrection. This ye will know, if ye be of them that love the Truth. And ere the advent of the Day of Resurrection ye shall distinguish truth from aught else besides it according to that which hath been revealed in the Bayán.	Sabihin, sa katunayan, ang batayan kung saan nakikilala ang Katotohanan sa kamalian ay hindi makikita hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Ito ay malalaman ninyo, kung kayo ay yaong mga nagmamahal sa Katotohanan. At bago sumapit ang Araw ng Muling Pagkabuhay makikilala ninyo ang katotohanan sa lahat ng bagay mula rito sang-ayon doon sa ipinahayag sa Bayán.
How vast the number of people who will, on the Day of Resurrection, regard themselves to be in the right, while they shall be accounted as false through the dispensation of Providence, inasmuch as they will shut themselves out as by a veil from Him Whom God shall make manifest and refuse to bow down in adoration before Him Who, as divinely ordained in the Book, is the Object of their creation. <i>XVII, 4.</i>	Gaano karami ang bilang ng mga tao, na sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ay ituturing ang kanilang mga sarili na tama, samantalang sila ay nabibilang doon sa mga huwad sa kapasiyahan ng Maykapal, dahilan sa ilalayo nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng isang lambong, doon sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos at tatangging yumuko sa pagsamba sa harapan Niya na Siyang pakay ng paglikha sa kanila, sang-ayon sa banal na pagkakatatadhana sa Aklat. <i>XVII, 4.</i>
Say, ye will be unable to recognize the One True God or to discern clearly the words of divine guidance, inasmuch as ye seek and tread a path other than His. Whenever ye learn that a new Cause hath appeared, ye must seek the presence of its	Sabihin, hindi ninyo magagawang makilala ang Iisang Tunay na Diyos o malinaw na maunawaan ang mga salita ng banal na patnubay, yayamang hinahangad at tinatahak ninyo ang ibang landas kaysa sa noong sa Kaniya. Kailanmang malaman

author and must delve into his writings that haply ye may not be debarred from attaining unto Him Whom God shall make manifest at the hour of His manifestation. Wert thou to walk in the way of truth as handed down by them that are endowed with the knowledge of the inmost reality, God, thy Lord, will surely redeem thee on the Day of Resurrection. Verily He is potent over all things.	ninyo na isang bagong Kapakanan ang dumating, dapat ninyong hangaring makaharap ang may-akda nito at dapat magsaliksik sa kaniyang mga kasulatan, upang harinawang hindi kayo mahadlangan na makarating sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos sa oras ng Kaniyang paghahayag. Kung ikaw ay lalakad sa landas ng katotohanan na ipinamana nila na pinagkalooban ng kaalaman sa kaibuturan ng realidad, ang Diyos, ang iyong Panginoon, ay tiyak na iaadya ka sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Sa katunayan Siya ay higit na malakas sa lahat ng bagay.
In the Bayán God hath forbidden everyone to pronounce judgment against any soul, lest he may pass sentence upon God, his Lord, while regarding himself to be of the righteous, inasmuch as no one knoweth how the Cause of God will begin or end.	Sa Bayán ipinagbawal ng Diyos sa lahat na maggawad ng hatol laban sa sinumang kaluluwa, upang hindi niya mahatulan ang Diyos, ang Kaniyang Panginoon, samantalang ipinapalagay ang kaniyang sarili na makatarungan, yayamang walang sinuman ang nakaaalam kung paano magsisimula o magwawakas ang Kapakanan ng Diyos.
O ye who are invested with the Bayán! Should ye be apprised of a person laying claim to a Cause and revealing verses which to outward seeming are unlikely to have been revealed by anyone else save God, the Help in Peril, the Self-Subsisting, do not pass sentence against him, lest ye may inadvertently pass sentence against Him Whom God shall make manifest. Say, He Whom God shall make manifest is but one of you; He will make Himself known unto you on the Day of Resurrection. Ye shall know God when the Manifestation of His Own Self is made known unto you, that perchance ye may not stray far from His Path.	O kayo na mga pinagkalooban ng Bayán! Kung ipagbibigay-alam sa inyo ang isang tao na inaaangkin ang isang Kapakanan at nagpapahayag ng mga bersikulo na sa malas ay waring hindi maaaring maipahayag ng sinuman liban sa Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap, huwag maggawad ng hatol laban sa kaniya, upang hindi makapaggawad ng hatol nang hindi sinasadya laban sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. Sabihin, Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay isang kabilang lamang ninyo, ipakikilala Niya sa inyo ang Kaniyang Sarili sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Makikilala ninyo ang Diyos kapag ang Kahayagan ng Kaniyang Sarili Mismo ay ginawang ipakilala sa inyo, upang baka sakaling kayo ay hindi maligaw nang malayo sa Kaniyang Landas.
Verily God will raise up Him Whom God shall make manifest, and after Him Whomsoever He willeth, even as He hath raised up prophets before the Point of the Bayán. He in truth hath power over all things. <i>XVII, 4.</i>	Sa katunayan, ipakikilala ng Diyos Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, at pagkatapos Niya ay ang Sinuman na Kaniyang Niloloob, katulad ng pagpapakilala Niya sa mga propeta bago sa Tuldok ng Bayán. Siya sa katunayan ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay. <i>XVII, 4.</i>
Verily, on the First Day We flung open the gates of Paradise unto all the peoples of the world, and	Sa katunayan, sa Unang Araw, Aming binuksan nang maluwang ang mga pasukan sa Paraiso para sa

exclaimed: “O all ye created things! Strive to gain admittance into Paradise, since ye have, during all your lives, held fast unto virtuous deeds in order to attain unto it.” Surely all men yearn to enter therein, but alas, they are unable to do so by reason of that which their hands have wrought. Shouldst thou, however, gain a true understanding of God in thine heart of hearts, ere He hath manifested Himself, thou wouldst be able to recognize Him, visible and resplendent, when He unveileth Himself before the eyes of all men. <i>XVII, 11.</i>	lahat ng mga tao ng daigdig, at ibinulalas; O kayong lahat na nilikhang bagay! Magsikap na matamong makapasok sa Paraiso, dahil sa nangapit kayo nang mahigpit, sa buong buhay ninyo, sa kapuri-puring mga gawa upang makamtan ito. ‘Tiyak na lahat ng tao ay nananabik na makapasok doon, subalit sa aba, hindi nila magagawa dahil sa ginawa ng kanilang mga kamay. Gayumpaman, kung iyong makakamtan ang tunay na pagkaunawa sa Diyos sa mga kaibuturan ng iyong puso, bago Niya ipahayag ang Kaniyang Sarili, iyong magagawang makilala Siya, nakikita at maringal, kapag ibinunyag Niya ang Kaniyang Sarili sa harap ng mga mata ng lahat ng tao. <i>XVII, 11.</i>
Say, by reason of your remembering Him Whom God shall make manifest and by extolling His name, God will cause your hearts to be dilated with joy, and do ye not wish your hearts to be in such a blissful state? Indeed the hearts of them that truly believe in Him Whom God shall make manifest are vaster than the expanse of heaven and earth and whatever is between them. God hath left no hindrance in their hearts, were it but the size of a mustard seed. He will cheer their hearts, their spirits, their souls and their bodies and their days of prosperity or adversity, through the exaltation of the name of Him Who is the supreme Testimony of God and the promotion of the Word of Him Who is the Dayspring of the glory of their Creator.	Sabihin, dahilan sa inyong paggunita sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos at sa pagpupuri sa Kaniyang pangalan, gagawin ng Diyos na palakihin ang inyong mga puso sa kagalakan, at hindi ba kayo nagnanais na ang inyong mga puso ay nasa kalagayan ng gayong lubos ng kaligayahan? Tunay na ang mga puso nila na tunay na nananalig sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay higit na malawak kaysa sa lawak ng kalangitan at kalupaan at ng anumang nasa pagitan nito. Hindi nag-iwan ang Diyos ng anumang balakid sa kanilang mga puso, kahiman kasinlaki ito ng isang binhi ng mustasa. Pasasayahin Niya ang kanilang mga puso, kanilang mga espiritu, kanilang mga kaluluwa at kanilang mga katawan, at kanilang mga araw ng kasaganaan o paghihirap, sa pamamagitan ng pagdakila sa pangalan Niya na Siyang kataas-taasang Pagpapatibay ng Diyos at sa pagtataguyod ng Salita Niya na Siyang Pamimitak ng kaluwalhatian ng kanilang Manlilikha.
Verily, these are souls who take delight in the remembrance of God, Who dilates their hearts through the effulgence of the light of knowledge and wisdom. They seek naught but God and are oft engaged in giving praise unto Him. They desire naught except whatever He desireth and stand ready to do His bidding. Their hearts are mirrors reflecting whatsoever He Whom God shall make manifest willeth. Thus God will cheer the hearts of those who truly believe in Him and in His signs and who are well assured of the life to come. Say, the life to come is none other than the days associated	Sa katunayan, ito ay mga kaluluwa na lubhang nagagalak sa paggunita sa Diyos, na pinalalaki Niya ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng ningning ng liwanag ng kaalaman at karunungan. Wala silang hinahanap kundi ang Diyos at madalas na abala sa pagbibigay ng papuri sa Kaniya. Wala silang hinahangad kundi ang anumang hinahangad Niya at nahahandang isagawa ang Kaniyang ipinag-uutos. Ang kanilang mga puso ay mga salamin na naglalarawan sa anumang niloloob Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. Sa gayon pasasayahin ng Diyos ang mga puso noong mga tunay na nananalig sa Kaniya at sa Kaniyang mga

with the coming of Him Whom God will make manifest.	palatandaan at mga ganap na nakatitiyak sa buhay na darating. Sabihin, ang buhay na darating ay walang iba kundi ang mga araw na kaugnay sa pagdating Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos.
Reduce not the ordinances of God to fanciful imaginations of your own; rather observe all the things which God hath created at His behest with the eye of the spirit, even as ye see things with the eyes of your bodies. <i>XVII, 15.</i>	Huwag ibaba ang mga alituntunin ng Diyos sa inyong walang kabuluhang mga hinagap; sa halip ay pag-aralan ang lahat ng bagay na nilikha ng Diyos na Kaniyang ipinag-utos sa pamamagitan ng mata ng espiritu, katulad ng pagtingin ng mga mata ng inyong mga katawan. <i>XVII, 15.</i>
The divine Revelation associated with the advent of Him Who is your promised Mihdí hath proved far more wondrous than the Revelation wherewith Muḥammad, the Apostle of God, was invested. Would that ye might ponder. Verily, God raised up Muḥammad, the Apostle of God, from among the people of Arabia after he had reached forty years of age—a fact which every one of you affirmeth and upholdeth—while your Redeemer was raised up by God at the age of twenty-four amidst people none of whom can speak or understand a single word of Arabic. Thus God layeth bare the glory of His Cause and demonstrateth the Truth through the potency of His revealed Word. He is indeed the Powerful, the Omnipotent, the Help in Peril, the Best-Beloved. <i>XVII, 4.</i>	Ang banal na Rebelasyon na nauugnay sa pagsapit Niya na inyong ipinangakong Mihdí ay napatunayang malayong higit na kahanga-hanga kaysa sa Rebelasyon na ipinagkaloob kay Muḥammad, ang Apostol ng Diyos. Kung inyong mapagnilay-nilay iyon. Sa katunayan, itinatag ng Diyos si Muḥammad, ang Apostol ng Diyos, sa mga tao ng Arabia, matapos na maabot Niya ang gulang na apatnapu — isang tunay na pangyayari na pinagtibay at pinanindigan ng bawat isa sa inyo — samantalang ang inyong Tagapagligtas ay itinatag ng Diyos sa gulang na dalawampu't apat sa gitna ng mga taong hindi nakapagsasalita o nakauunawa ng kahit isang salita ng Arabe. Sa ganoon inilahad nang lantaran ng Diyos ang kaluwalhatian ng Kaniyang Kapakanan at ipinakita ang Katotohanan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang ipinahayag na Salita. Siya, tunay, ay ang Malakas, ang Makapangyarihan, ang Tulong sa Panganib, ang Pinakamamahal. <i>XVII, 4.</i>
Say, verily God hath caused all created things to enter beneath the shade of the tree of affirmation, except those who are endowed with the faculty of understanding. Theirs is the choice either to believe in God their Lord, and put their whole trust in Him, or to shut themselves out from Him and refuse to believe with certitude in His signs. These two groups sail upon two seas: the sea of affirmation and the sea of negation.	Sabihin, sa katunayan ay ginawa ng Diyos na makapasok ang lahat ng nilikhang bagay sa ilalim ng lilim ng puno ng pagpapatunay, liban doon sa mga pinagkalooban ng kakayahan ng pang-unawa. Nasa kanila ang pagpili alinman sa manalig sa Diyos, ang kanilang Panginoon, at ilagay ang kanilang pagtitiwala sa Kaniya, o ang ilayo ang kanilang mga sarili mula sa Kaniya at huwag manalig sa katiyakan ng Kaniyang mga palatandaan. Ang dalawang pangkat na ito ay naglalayag sa dalawang mga karagatan: ang karagatan ng pagpapatibay at ang karagatan ng pagtangi.

They that truly believe in God and in His signs, and who in every Dispensation faithfully obey that which hath been revealed in the Book—such are indeed the ones whom God hath created from the fruits of the Paradise of His good-pleasure, and who are of the blissful. But they who turn away from God and His signs in each Dispensation, those are the ones who sail upon the sea of negation.	Sila na tunay na nananalig sa Diyos at sa Kaniyang mga palatandaan, yaong sa bawat Dispensasyon ay matapat na sumunod doon sa ipinahayag sa Aklat—tunay na ganoon yaong mga nilikha ng Diyos mula sa mga bunga ng Paraiso ng Kaniyang mabuting-kasiyahan, at yaong mga maligayang-maligaya. Subalit sila na mga tumalikod sa Diyos at sa Kaniyang mga palatandaan sa bawat Dispensasyon, sila yaong mga naglalayag sa karagatan ng pagtangga.
God hath, through the potency of His behest, ordained for Himself the task of ensuring the ascendancy of the sea of affirmation and of bringing to naught the sea of negation through the power of His might. He is in truth potent over all things.	Ang Diyos, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang kautusan, ay itinadhana sa Kaniyang Sarili ang tungkulin na tiyakin ang pangingibabaw ng karagatan ng pagpapatibay at ang dalhin sa kawalan ang karagatan ng pagtangga sa pamamagitan ng lakas ng Kaniyang kapangyarihan. Siya sa katotohanan ay ang malakas sa lahat ng bagay.
Verily it is incumbent upon you to recognize your Lord at the time of His manifestation, that haply ye may not enter into negation, and that, ere a prophet is raised by God, ye may find yourselves securely established upon the sea of affirmation. For if a prophet cometh to you from God and ye fail to walk in His Way, God will, thereupon, transform your light into fire. Take heed then that perchance ye may, through the grace of God and His signs, be enabled to redeem your souls. <i>XVIII, 13.</i>	Sa katunayan, tungkulin ninyo na kilalanin ang inyong Panginoon sa panahon ng Kaniyang paghahayag, na harinawang hindi kayo mabilang sa mga tumangga, at na, bago itatag ng Diyos ang isang propeta, matagpuan nawa ninyo ang inyong mga sarili na matibay na naitatag sa karagatan ng pagpapatunay. Sapagkat kung ang isang propeta mula sa Diyos ay dumating sa inyo at kayo ay nabigong lumakad sa Kaniyang landas, kapagdaka, babaguhin ng Diyos ang inyong liwanag na maging apoy. Makinig kayo, kung gayon, na baka sakaling kayo, sa pamamagitan ng pagpapala ng Diyos at ng Kaniyang mga palatandaan, ay magawa ninyong iadya ang inyong mga kaluluwa. <i>XVIII, 13.</i>
Say, God shall of a truth cause your hearts to be given to perversity if ye fail to recognize Him Whom God shall make manifest; but if ye do recognize Him God shall banish perversity from your hearts....	Sabihin, sa katotohanan, gagawin ng Diyos ang inyong mga puso na magumon sa kasamaan kung mabibigo kayong kilalanin Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, subalit kung kikilalanin ninyo Siya papawiin ng Diyos ang kasamaan mula sa inyong mga puso....
That day whereon ye were, by God's Will, initiated into the Bayán, did any of you know who were the Letters of the Living, or the Witnesses, or the Testimonies, or what were the names of the believers? Likewise doth God wish you to recognize Him Whom God shall make manifest on	Sa araw na iyon kung kailan mababatid ninyo, sa Kalooban ng Diyos, ang Bayán, nakilala ba ng sinuman sa inyo kung sino ang mga Titik ng Nabubuhay o ang mga Saksi o mga Pagpapatibay o kung ano ang mga pangalan ng mga mananampalataya? Gayundin, hangad ng Diyos, na

the Day of Resurrection. Beware lest ye shut yourselves out as by a veil from Him Who hath created you, by reason of your regard for those who were called into being at the bidding of the Point of the Bayán for the exaltation of His Word. Did ye possess, ere the Point of the Bayán had called you into existence, any trace of identity, how much less a writ or authority? Disregard then your beginnings, perchance ye may be saved on the day of your return. Indeed had it not been for the exaltation of the name of the Primal Point, God would not have ordained for you the Letters of the Living, nor those who are the Testimonies of His Truth, nor the Witnesses of His Justice; could ye but heed a little. All this is to glorify the Cause of Him Whom God shall make manifest at the time of His manifestation; would that ye might ponder awhile.	inyong kilalanin Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Mag-ingat na baka takpan ninyo ang inyong mga sarili ng lambong mula sa Kaniya na Siyang lumikha sa inyo, dahilan sa inyong pagpapalagay doon sa mga binigyan ngbuhay sa kautusan ng Tuldok ng Bayán upang dakilain ang Kaniyang Salita. Nagtataglay ba kayo, bago kayo binigyan ng buhay ng Tuldok ng Bayán, ng anumang tanda ng pagkakakilanlan, gaano pa ng isang kasulatan o kapangyarihan? Huwag pansinin kung gayon ang inyong mga pinagmulan, upang harinawang kayo ay maligtas sa araw ng inyong pagbabalik. Tunay kung hindi sa pagdakila sa pangalan ng Panimulang Tuldok, hindi naitadhana ng Diyos para sa inyo ang mga Titik ng Nabubuhay, yaong mga Katibayan ng Kaniyang Katotohanan, ni ang mga Saksi ng Kaniyang Katarungan; kung inyong pakikilingan kahit bahagya. Lahat ng ito ay upang luwalhatiin ang Kapakanan Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos sa panahon ng Kaniyang paghahayag; kung magninilay-nilay kayo sandali.
Therefore it behooveth you to return unto God even as ye were brought forth into existence, and to utter not such words as why or nay, if ye wish your creation to yield fruit at the time of your return. For none of you who have been born in the Bayán shall gain the fruit of your beginning unless ye return unto Him Whom God shall make manifest. He it is Who caused your beginning to proceed from God, and your return to be unto Him, did ye but know. <i>XVI, 15.</i>	Kung gayon, nararapat sa inyo na bumalik sa Diyos tulad ng pagbibigay ng buhay sa inyo, at huwag sambitin ang gayong mga salita tulad ng bakit o hindi, kung hangad ninyong magbunga ang pagkalikha sa inyo sa panahon ng inyong pagbabalik. Sapagkat wala sinuman sa inyo na isinilang sa Bayán ang magtatamo ng bunga ng inyong pinagmulan hanggang hindi kayo babalik sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. Siya yaong naging dahilan ng inyong simula na nanggaling mula sa Diyos, at ang inyong pagbabalik sa Kaniya, kung nababatid lamang ninyo. <i>XVI, 15.</i>
How great the number of people who deck themselves with robes of silk all their lives, while clad in the garb of fire, inasmuch as they have divested themselves of the raiment of divine guidance and righteousness; and how numerous are those who wear clothes made of cotton or coarse wool throughout their lives, and yet by reason of their being endowed with the vesture of divine guidance and righteousness, are truly attired with the raiment of Paradise and take delight in the good-pleasure of God. Indeed it would be better in the sight of God were ye to combine the two, adorning yourselves with the raiment of divine	Gaano kalaki ang bilang ng mga tao na sa buong buhay nila ay pinalamutihan ang kanilang mga sarili ng mga pananamit na sutla, samantalang nakasuot ng damit ng apoy, dahilan sa inalisan nila ang kanilang mga sarili ng kasuotan ng banal na patnubay at pagkamakatarungan; at gaano karami yaong sa buong buhay nila ay mga nakasuot ng pananamit na yari sa bulak o magaspang na lana, subalit dahilan sa kanilang pagiging napagkalooban ng kasuotan ng banal na patnubay at pagkamakatarungan, ay tunay na nangakasuot ng pananamit ng Paraiso at nagagalak sa mabuting-kasiyahan ng Diyos. Tunay na ito ay higit

guidance and righteousness and wearing exquisite silk, if ye can afford to do so. If not, at least act ye not unrighteously, but rather observe piety and virtue....	na mabuti sa paningin ng Diyos kung pagsasamahin mo ang dalawa, pinapalamutihan ang inyong sarili ng kasuotan ng banal na patnubay at pagkamakatarungan at nagsusuot ng marikit na sutla, kung magagawa ninyo ito. Kung hindi, kahit man lamang huwag kayong kumilos nang hindi makatarungan, at maging madasalin at magkaroon ng mabuting katangian....
But for the sole reason of His being present amongst this people, We would have neither prescribed any law nor laid down any prohibition. It is only for the glorification of His Name and the exaltation of His Cause that We have enunciated certain laws at Our behest, or forbidden the acts to which We are averse, so that at the hour of His manifestation ye may attain through Him the good-pleasure of God and abstain from the things that are abhorrent unto Him.	Kung hindi sa tanging layunin ng Kaniyang pagiging nasa piling ng mga taong ito, hindi Kami kailanman magbibigay ng anumang batas ni mag-uutos ng anumang pagbabawal. Dahilan lamang sa pagluwalhati sa Kaniyang Pangalan at sa pagdakila sa Kaniyang Kapakanan na nagpahayag Kami ng ilang mga batas sa Aming utos, o ipinagbawal ang mga gawa na Aming tinututulan, upang sa oras ng Kaniyang paghahayag ay matamo ninyo sa pamamagitan Niya ang mabuting-kasiyahan ng Diyos at layuan ang mga bagay na kinasusuklaman Niya.
Say, verily, the good-pleasure of Him Whom God shall make manifest is the good-pleasure of God, while the displeasure of Him Whom God shall make manifest is none other than the displeasure of God. Avoid ye His displeasure, and flee for refuge unto His good-pleasure. Say, the living guides to His good-pleasure are such as truly believe in Him and are well assured in their faith, while the living testimonies of His displeasure are those who, when they hear the verses of God sent forth from His presence, or read the divine words revealed by Him, do not instantly embrace the Faith and attain unto certitude. <i>XVI, 14.</i>	Sabihin, sa katunayan, ang mabuting-kasiyahan Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay ang mabuting-kasiyahan ng Diyos, samantalang ang hindi kasiya-siya sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay walang iba kundi ang hindi rin kasiya-siya sa Diyos. Iwasan ninyo na maging hindi kasiya-siya sa Kaniya, at sikaping manganlong sa Kaniyang mabuting-kasiyahan. Sabihin, ang nabubuhay na mga patnubay patungo sa Kaniyang mabuting-kasiyahan ay yaong mga tunay na nananalig sa Kaniya at ganap na nakatitiyak sa kanilang pananalig, samantalang ang nabubuhay na mga katibayan ng hindi kanais-nais sa Kaniya ay yaong, kapag narinig nila ang mga bersikulo ng Diyos na ipinadala mula sa Kaniyang kinaroroonan, o babasahin ang banal na mga salita na ipinahayag Niya, ay hindi kaagad na tinanggap ang Pananampalataya at hindi nakarating sa katiyakan. <i>XVI, 14.</i>
6	6
Excerpts from Various Writings	Mga Halaw mula sa Iba't ibang mga Kasulatan

Say, God is the Lord and all are worshippers unto Him.	Sabihin, ang Diyos ang Panginoon at lahat ay sumasamba sa Kaniya.
Say, God is the True One and all pay homage unto Him.	Sabihin, ang Diyos ay Siya na Tunay, at lahat ay nagpupugay sa Kaniya.
This is God, your Lord, and unto Him shall ye return.	Ito ang Diyos, ang inyong Panginoon, at sa Kaniya ang lahat ay babalik.
Is there any doubt concerning God? He hath created you and all things. The Lord of all worlds is He.	Mayroon bang anumang alinlangan tungkol sa Diyos? Nilikha Niya kayo at lahat ng bagay. Ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig ay Siya.
Say, verily any one follower of this Faith can, by the leave of God, prevail over all who dwell in heaven and earth and in whatever lieth between them; for indeed this is, beyond the shadow of a doubt, the one true Faith. Therefore fear ye not, neither be ye grieved.	Sabihin, sa katunayan, kahit isang tagasunod ng Pananampalatayang ito, sa kapahintulutan ng Diyos, ay maaaring manaig sa lahat ng nananahan sa kalangitan at kalupaan at sa anumang naroroon sa pagitan nila; sapagkat tunay na ito, nang wala kahit bahid ng alinlangan, ay ang tunay na Pananampalataya. Kung gayon, huwag kayong mangamba, ni magdalamhati kayo.
Say, God hath, according to that which is revealed in the Book, taken upon Himself the task of ensuring the ascendancy of anyone of the followers of the Truth, over and above one hundred other souls, and the supremacy of one hundred believers over one thousand nonbelievers and the domination of one thousand of the faithful over all the peoples and kindreds of the earth; inasmuch as God calleth into being whatsoever He willeth by virtue of His behest. Verily He is potent over all things.	Sabihin, sang-ayon doon sa ipinahayag sa Aklat, inako ng Diyos para sa Kaniyang Sarili ang tungkulin na tiyakin ang pananaig ng isa sa sinuman sa mga tagasunod ng Katotohanan, nang higit sa lahat sa isang-daang ibang mga kaluluwa, at ang pangingibabaw ng isang-daang mananampalataya sa isang-libong hindi nananalig at ang paghahari ng isang-libong matatapat sa lahat ng mga tao at mga kaanak ng kalupaan; dahilan sa ginawang pairalin ng Diyos ang anumang ninanais Niya sa bisa ng Kaniyang kautusan. Tunay Siya ay makapangyarihan sa lahat ng bagay.
Say, the power of God is in the hearts of those who believe in the unity of God and bear witness that no God is there but Him, while the hearts of them that associate partners with God are impotent, devoid of life on this earth, for assuredly they are dead.	Sabihin, ang kapangyarihan ng Diyos ay nasa mga puso noong mga nananalig sa kaisahan ng Diyos at sumasaksi na walang Diyos liban sa Kaniya, samantalang ang mga puso nila na iniuugnay na mga kasama ng Diyos ay walang kapangyarihan, walang buhay sa daigdig na ito, sapagkat nakatitiyak na sila ay patay.
The Day is approaching when God will render the hosts of Truth victorious, and He will purge the whole earth in such wise that within the compass of His knowledge not a single soul shall remain unless he truly believeth in God, worshippeth none other	Nalalapit ang Araw na gagawin ng Diyos ang mga hukbo ng Katotohanan na matagumpay, at Kaniyang lilinis ang buong kalupaan nang ganoon na sa loob ng hangganan ng Kaniyang kaalaman ay wala kahit isang kaluluwa ang mananatili hanggang sa

God but Him, boweth down by day and by night in His adoration, and is reckoned among such as are well assured.	tunay siyang manalig sa Diyos, walang ibang sinasambang Diyos liban sa Kaniya, yumuyuko araw at gabi sa pagsamba sa Kaniya, at ipinapalagay na kabilang sa mga lubos na nakatitiyak.
Say, God indeed is the Sovereign Truth, Who is manifestly Supreme over His servants; He is the Help in Peril, the Self-Subsisting.	Sabihin, tunay na ang Diyos ang Pinakamakapangyarihang Katotohanan, na maliwanag na Siya ay Pinakamataas sa Kaniyang mga tagapaglingkod; Siya ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
God testifieth that there is none other God but Him. His are the kingdoms in the heavens and on the earth and all that is between them. He is exalted above the comprehension of all things, and is inscrutable to the mind of every created being; none shall be able to fathom the oneness of His Being or to unravel the nature of His Existence. No peer or likeness, no similitude or equal can ever be joined with Him. Yield ye praise then unto Him and glorify Him and bear ye witness to the sanctity and oneness of His Being and magnify His might and majesty with wondrous glorification. This will enable you to gain admittance into the all-highest Paradise. Would that ye had firm faith in the revelation of the signs of God.	Nagpapatunay ang Diyos na walang ibang Diyos liban sa Kaniya. Sa Kaniya ang mga kaharian sa mga kalangitan at sa kalupaan at lahat na naroroon sa pagitan nila. Higit Siyang mataas kaysa sa pang-unawa ng lahat ng bagay, at di-malirip ng isipan ng lahat ng nilikhang bagay; walang may kakayahang tarukin ang kaisahan ng Kaniyang Katauhan o lutasin ang likas na katangian ng Kaniyang Buhay. Walang kaparis o kawangis, walang pagkakatulad o pagkakapantay ang maaaring iugnay sa Kaniya. Kung gayon, magbigay-puri kayo sa Kaniya at luwalhatiin Siya at sumaksi kayo sa kabanalan at kaisahan ng Kaniyang Katauhan at dakilain ang Kaniyang kapangyarihan at kamaharlikaan nang may kamangha-manghang pagluwalhati. Ito ay magagawa ninyo upang makamtan ang karapatang makapasook sa pinakamataas sa lahat na Paraiso. Magkaroon nawa kayo ng matatag na pananalig sa paghahayag ng mga palatandaan ng Diyos.
This is the divinely inscribed Book. This is the outspread Tablet. Say, this indeed is the Frequented Fane, the sweet-scented Leaf, the Tree of divine Revelation, the surging Ocean, the Utterance which lay concealed, the Light above every light.... Indeed every light is generated by God through the power of His behest. He of a truth is the Light in the kingdom of heaven and earth and whatever is between them. Through the radiance of His light God imparteth illumination to your hearts and maketh firm your steps, that perchance ye may yield praise unto Him.	Ito ang banal na inukit na Aklat. Ito ang nakabukas na Tableta. Sabihin, tunay na ito ang Namamalaging Bandila, ang mahalimuyak na Dahon, ang Puno ng banal na Rebelasyon, ang dumadaluyong na Karagatan, ang natatagong Pananalita, ang Liwanag na higit sa bawat liwanag.... Tunay ang bawat liwanag ay nilikha ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang utos. Siya sa katunayan ay ang Liwanag ng kaharian sa kalangitan at kalupaan at anumang nasa pagitan nila. Sa pamamagitan ng ningning ng Kaniyang liwanag ang Diyos ay nagkakaloob ng kaliwanagan sa inyong mga puso at ginagawang matatag ang inyong mga hakbang, upang harinawang makapagbigay kayo ng papuri sa Kaniya.

Say, this of a certainty is the Garden of Repose, the loftiest Point of adoration, the Tree beyond which there is no passing, the blessed Lote-Tree, the Most Mighty Sign, the most beauteous Countenance and the most comely Face.	Sabihin, ito nang nakatitiyak ay ang Hardin ng Pamamahinga, ang pinakamataas na Pook ng pagsamba, ang Puno na sa ibayo ay walang makalalampaas, ang pinagpalang Puno ng Lote, ang Pinakamakapangyarihang Palatandaan, ang pinakamagandang Anyo at lubos na kaakit-akit na Mukha.
From the beginning that hath no beginning all men have bowed in adoration before Him Whom God shall make manifest and will continue to do so until the end that hath no end. How strange then that at the time of His appearance ye should pay homage by day and night unto that which the Point of the Bayán hath enjoined upon you and yet fail to worship Him Whom God shall make manifest.	Mula sa simula na walang simula, lahat ng tao ay yumuyuko sa pagsamba sa harapan Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos at magpapatuloy na gagawin iyon hanggang sa katapusan na walang katapusan. Gaano kataka-taka kung gayon na sa panahon ng Kaniyang pagdating kayo ay nag-uukol ng pamimitagan sa araw at gabi doon sa iniatas sa inyo ng Tuldok ng Bayán at nabigo pang sambahin Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos.
Consecrate Thou, O my God, the whole of this Tree unto Him, that from it may be revealed all the fruits created by God within it for Him through Whom God hath willed to reveal all that He pleaseth. By Thy glory! I have not wished that this Tree should ever bear any branch, leaf, or fruit that would fail to bow down before Him, on the day of His Revelation, or refuse to laud Thee through Him, as beseemeth the glory of His all-glorious Revelation, and the sublimity of His most sublime Concealment. And shouldst Thou behold, O my God, any branch, leaf, or fruit upon Me that hath failed to bow down before Him, on the day of His Revelation, cut it off, O My God, from that Tree, for it is not of Me, nor shall it return unto Me.	Iyong gawing banal, O aking Diyos, ang kabuuan ng Puno na ito para sa Kaniya, upang mula rito ay maipahayag ang lahat ng mga bunga na nilikha ng Diyos sa loob nito para sa Kaniya na sa pamamagitan Niya ay niloob ng Diyos na ipahayag ang lahat ng ninanais Niya. Sa Iyong kaluwalhatian! Hindi Ko ninais na kailanman ay magkaroon ang Puno na ito ng anumang sanga, dahon, o bunga na mabibigong yumuko sa Iyong harapan, sa araw ng Kaniyang Rebelasyon, o tumangging Ikaw ay purihin sa pamamagitan Niya, nang naaangkop sa kaluwalhatian ng Kaniyang maluwalhati sa lahat na Rebelasyon; at ang kataasan ng Kaniyang pinakadakilang Pangungubli. At kung Iyong mamasdan, O Aking Diyos, ang anumang sanga, dahon, o bunga na nasa Akin ay nabigong yumuko sa Kaniya, sa araw ng Kaniyang Rebelasyon, putulin ito, O Aking Diyos, mula sa Puno na iyon, sapagkat hindi iyon sa Akin, ni hindi iyon makababalik sa Akin.
He—glorified be His mention—resembleth the sun. Were unnumbered mirrors to be placed before it, each would, according to its capacity, reflect the splendor of that sun, and were none to be placed before it, it would still continue to rise and set, and the mirrors alone would be veiled from its light. I, verily, have not fallen short of My duty to admonish that people, and to devise means whereby they may turn towards God, their Lord, and believe in God, their Creator. If, on the day of His Revelation, all	Siya—maging maluwalhati ang pagbanggit sa Kaniya—ay nakakatulad ng araw. Kung ihaharap dito ang di-mabilang na mga salamin, bawat isa, ayon sa kakayahan nito, ay ilalarawan ang karingalan ng araw na iyon, at kung walang ilalagay sa harap nito, ito ay magpapatuloy pa ring sumikat at lumubog, at ang mga salamin lamang ang matatakpan mula sa liwanag nito. Ako, sa katunayan, ay hindi nagkulang sa Aking tungkuling paalalahanan ang mga tao na iyon, at gumawa ng

that are on earth bear Him allegiance, Mine inmost being will rejoice, inasmuch as all will have attained the summit of their existence, and will have been brought face to face with their Beloved, and will have recognized, to the fullest extent attainable in the world of being, the splendor of Him Who is the Desire of their hearts. If not, My soul will indeed be saddened. I truly have nurtured all things for this purpose. How, then, can anyone be veiled from Him? For this have I called upon God, and will continue to call upon Him. He, verily, is nigh, ready to answer.	mga paraan upang sila ay bumaling sa Diyos, ang kanilang Panginoon, at manalig sa Diyos, ang Kanilang Manlilikha. Kung, sa araw ng Kaniyang Rebelasyon, lahat ng nasa lupa ay magtataglay ng katapatan sa Kaniya, ang kaibuturan ng Aking buhay ay magagalak, dahil sa matatamo ng lahat ang ruok ng kanilang pagkabuhay, at madadala nang harapan sa kanilang Minamahal, at makikilala, sa sukdulang magagawa sa daigdig ng tao, ang karingalan Niya na Siyang Hangarin ng kanilang mga puso. Kung hindi, tunay, ang Aking kaluluwa ay malulungkot. Tunay na Aking inalagaan ang lahat ng bagay para sa layuning ito. Paano kung gayon malalambungan ang sinuman mula sa Kaniya? Dahil dito Ako ay nananawagan sa Diyos, at patuloy na mananawagan sa Kaniya. Siya, sa katunayan, ay malapit, handang sumagot.
The glory of Him Whom God shall make manifest is immeasurably above every other glory, and His majesty is far above every other majesty. His beauty excelleth every other embodiment of beauty, and His grandeur immensely exceedeth every other manifestation of grandeur. Every light paleth before the radiance of His light, and every other exponent of mercy falleth short before the tokens of His mercy. Every other perfection is as naught in face of His consummate perfection, and every other display of might is as nothing before His absolute might. His names are superior to all other names. His good-pleasure taketh precedence over any other expression of good-pleasure. His preeminent exaltation is far above the reach of every other symbol of exaltation. The splendor of His appearance far surpasseth that of any other appearance. His divine concealment is far more profound than any other concealment. His loftiness is immeasurably above every other loftiness. His gracious favor is unequaled by any other evidence of favor. His power transcendeth every power. His sovereignty is invincible in the face of every other sovereignty. His celestial dominion is exalted far above every other dominion. His knowledge pervadeth all created things, and His consummate power extendeth over all beings.	Ang luwalhati Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos ay di-masukat na mataas kaysa sa lahat ng ibang luwalhati, at ang Kaniyang kamahalan ay higit na mataas sa lahat ng ibang kamahalan. Ang Kaniyang kagandahan ay higit pa sa lahat ng ibang kinatawan ng kagandahan, at ang Kaniyang karingalan ay labis na napakalaki nang higit sa alinmang ibang kahayagan ng karingalan. Ang bawat liwanag ay lumalabo sa harap ng ningning ng Kaniyang liwanag, at bawat ibang tangkilik ng habag ay nagkukulang sa harap ng mga tanda ng Kaniyang habag. Ang bawat ibang kaganapan ay kawalan lamang sa harap ng Kaniyang lubusang kaganapan, at ang bawat ibang paghahayag ng lakas ay tulad ng wala sa harap ng Kaniyang ganap na lakas. Ang Kaniyang mga pangalan ay higit na mahusay sa lahat ng ibang mga pangalan. Ang Kaniyang mabuting kaluguran ay higit na inuuna kaysa sa alinmang ibang paghahayag ng mabuting kaluguran. Ang Kaniyang pinakamahusay na kadakilaan ay higit na mataas kaysa sa maaabot ng bawat ibang sagisag ng kadakilaan. Ang karingalan ng Kaniyang anyo ay lubhang nakahihigit sa alinmang ibang anyo. Ang Kaniyang banal na pagkalihim ay higit na malalim kaysa alinmang ibang pagkalihim. Ang Kaniyang kataasan ay di-masukat na mataas kaysa sa bawat ibang kataasan. Ang Kaniyang magiliw na pagpapala ay hindi matutumbasan ng alinmang ibang katunayan ng pagpapala. Ang Kaniyang kapangyarihan ay nakahihigit sa bawat kapangyarihan. Ang Kaniyang

	paghahari ay di-magagapi sa harap ng bawat ibang paghahari. Ang Kaniyang makalangit na kinasasakupan ay higit na dakila kaysa sa lahat ng ibang kinasasakupan. Ang Kaniyang kaalaman ay nanunuot sa lahat ng nilikhang bagay, at ang Kaniyang sukdulang kapangyarihan ay umiiral sa lahat ng bagay.
All men have proceeded from God and unto Him shall all return. All shall appear before Him for judgment. He is the Lord of the Day of Resurrection, of Regeneration and of Reckoning, and His revealed Word is the Balance.	Lahat ng tao ay nagmula sa Diyos at sa Kaniya ang lahat ay babalik. Lahat ay haharap sa Kaniya upang hatulan. Siya ang Panginoon ng Araw ng Muling Pagkabuhay, ng Muling Pagbabago at ng Pagtutuos, at ang Kaniyang nabunyag na Salita ay ang Timbangan.
True death is realized when a person dieth to himself at the time of His Revelation in such wise that he seeketh naught except Him.	Ang tunay na kamatayan ay nagaganap kapag ang isang tao ay namatay sa kaniyang sarili sa panahon ng Kaniyang Rebelasyon, sa ganoong gawi na wala siyang hahangarin liban sa Kaniya.
True resurrection from the sepulchers means to be quickened in conformity with His Will, through the power of His utterance.	Ang tunay na muling pagkabuhay mula sa mga libingan ay nangangahulugan ng nabigyan ng panibagong buhay sang-ayon sa Kaniyang Kalooan, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang pananalita.
Paradise is attainment of His good-pleasure and everlasting hellfire His judgment through justice.	Ang Paraiso ay ang pagtatamo ng Kaniyang mabuting-kasiyahan at ang walang hanggang apoy ng impiyerno ay ang Kaniyang paghuhukom sa pamamagitan ng katarungan.
The Day He revealeth Himself is Resurrection Day which shall last as long as He ordaineth.	Ang Araw na ipinahayag Niya ang Kaniyang Sarili ay ang Araw ng Muling Pagkabuhay na tatagal sang-ayon sa Kaniyang itinadhana.
Everything belongeth unto Him and is fashioned by Him. All besides Him are His creatures.	Lahat ng bagay ay pag-aari Niya at ginawa Niya. Lahat, liban sa Kaniya, ay Kaniyang nilikha.
<i>In the Name of God, the Most Exalted, the Most High.</i>	<i>Sa Ngalan ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas.</i>
Verily I am God, no God is there but Me, and aught except Me is but My creation. Say, worship Me then, O ye, My creatures.	Sa katunayan Ako ang Diyos, walang Diyos liban sa Akin, at anumang liban sa Akin ay Aking nilikha lamang. Sabihin, sambahin Ako kung gayon, O kayong Aking mga nilikha.

I have called Thee into being, have nurtured Thee, protected Thee, loved Thee, raised Thee up and have graciously chosen Thee to be the manifestation of Mine Own Self, that Thou mayest recite My verses as ordained by Me, and may summon whomsoever I have created unto My Religion which is none other than this glorious and exalted Path.	Binigyan Ko Ikaw ng buhay, pinangalagaan Ka, ipinagtanggol Ka, minahal Ka, itinaas Ka at mapagpalang hinirang Ka upang maging kahayagan Ka ng Aking Sarili, upang Iyong mabigkas ang Aking mga bersikulo na itinadhana Ko, at upang tawagin ang sinuman sa Aking nilalang tungo sa Aking Pananampalataya na walang iba kundi ang maluwalhati at dakilang Landas na ito.
I have fashioned all created things for Thy sake, and I have, by virtue of My Will, set Thee sovereign Ruler over all mankind. Moreover, I have decreed that whoso embraceth My religion shall believe in My unity, and I have linked this belief with remembrance of Thee, and after Thee the remembrance of such as Thou hast, by My leave, caused to be the “Letters of the Living,” and of whatever hath been revealed from My religion in the Bayán. This, indeed, is what will enable the sincere among My servants to gain admittance into the celestial Paradise.	Aking ginawa ang lahat ng nilikhang bagay alang-alang sa Iyo, at dahilan sa Aking Kagustuhan, Ikaw ay Aking ginawa na pinakamakapangyarihang Pinuno sa buong sangkatauhan. Bukod dito, Aking iniatas na sinuman ang yumakap sa Aking Pananampalataya ay dapat manalig sa Aking kaisahan, at Aking iniugnay ang pananalig na ito sa paggunita sa Iyo, at pagkatapos Mo ay ang paggunita doon sa Iyong ginawa, sa Aking kapahintulutan, na maging mga ‘Titik ng Nabubuhay’, at sa anumang naipahayag mula sa Aking relihiyon sa Bayán. Tunay, ito yaong magagawa ng matatapat sa Aking mga tagapaglingkod upang matamong makapasok sa makalangit na Paraiso.
Verily, the sun is but a token from My presence so that the true believers among My servants may discern in its rising the dawning of every Dispensation.	Sa katunayan, ang araw ay isang palatandaan lamang mula sa Aking pagiging kapiling ninyo upang maunawaan ng tunay na mga nananalig sa Aking mga tagapaglingkod, sa pagsikat nito, ang pagbubukang-liwayway ng bawat Dispensasyon.
In truth I have created Thee through Thyself, then at My Own behest I have fashioned all things through the creative power of Thy Word. We are All-Powerful. I have appointed Thee to be the Beginning and the End, the Seen and the Hidden. Verily We are the All-Knowing.	Sa katotohanan, nilikha Ko Ikaw sa pamamagitan ng Iyong Sarili, pagkatapos, sa Aking Sariling kagustuhan, ay Aking ginawa ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng mapanlikhang kapangyarihan ng Iyong Salita. Kami ang Lubos na Malakas. Aking hinirang Ikaw na maging Simula at ang Katapusan, ang Nakikita at ang Natatago. Tunay na Kami ang Nakaaalam ng Lahat.
No one hath been or will ever be invested with prophethood other than Thee, nor hath any sacred Book been or will be revealed unto anyone except Thee. Such is the decree ordained by Him Who is the All-Encompassing, the Best-Beloved.	Wala isa man ang pinagkalooban o kailanman ay maaaring pagkalooban ng katayuan ng pagkapropeta liban sa Iyo, ni alinmang Banal na Aklat ang nahayag o kailanman ay mahahayag sa sinuman liban sa Iyo. Ganyan ang utos na itinadhana Niya na Lubos na Nakasasakop, ang Pinakamamahal.

The Bayán is in truth Our conclusive proof for all created things, and all the peoples of the world are powerless before the revelation of its verses. It enshrineth the sum total of all the Scriptures, whether of the past or of the future, even as Thou art the Repository of all Our proofs in this Day. We cause whomsoever We desire to be admitted into the gardens of our most holy, most sublime Paradise. Thus is divine revelation inaugurated in each Dispensation at Our behest. We are truly the supreme Ruler. Indeed no religion shall We ever inaugurate unless it be renewed in the days to come. This is a promise We solemnly have made. Verily We are supreme over all things....	Ang Bayán, sa katunayan, ay ang Aming maliwanag na katibayan para sa lahat ng nilikhang bagay, at lahat ng mga tao ng daigdig ay walang lakas sa harap ng paghahayag ng mga bersikulo nito. Idinambana nito ang kabuuan ng lahat ng mga Banal na Kasulatan, maging ng nakaraan o ng hinaharap, kahit na Ikaw ang Inatang-Yaman ng lahat ng Aming mga katibayan sa Araw na ito. Ginagawa Namin ang sinumang Aming naisin na tanggapin sa mga halamanan sa Aming pinakabanal, pinakadakilang Paraiso. Samakatwid, ang banal na paghahayag ay pinasinayaan sa bawat Dispensasyon sa Aming kagustuhan. Kami ang tunay na kataas-taasang Pinuno. Tunay na walang relihiyon ang kailanman ay Aming pasisinayaan hanggang hindi ito nababago sa mga araw na darating. Ito ay isang pangako na ginawa Namin nang taimtim. Sa katunayan, Kami ang pinakamataas sa lahat ng bagay....
<i>He is God, the Sovereign Lord, the All-Glorious.</i>	<i>Siya ang Diyos, ang Makapangyarihang Panginoon, ang Lubos na Mahuwalhati.</i>
Say: Praise be to God Who graciously enableth whomsoever He willeth to adore Him. Verily no God is there but Him. His are the most excellent titles; it is He Who causeth His Word to be fulfilled as He pleaseth and it is He Who leadeth those who have received illumination and seek the way of righteousness.	Sabihin: Purihin ang Diyos na mapagpalang ginawa ang sinumang ninais Niya na sumamba sa Kaniya. Sa katunayan, walang Diyos liban sa Kaniya. Nasa Kaniya ang pinakamagaling na mga pangalan; Siya yaong ginawang matupad ang Kaniyang Salita sang-ayon sa Kaniyang naisin at Siya yaong namatnubay roon sa mga tumanggap ng liwanag at naghanap ng kabanalan.
Fear thou God, thy Lord, and make mention of His Name in the daytime and at eventide. Follow not the promptings of the faithless, lest thou be reckoned among the exponents of idle fancies. Faithfully obey the Primal Point Who is the Lord Himself, and be of the righteous. Let nothing cause thee to be sore shaken, neither let the things which have been destined to take place in this Cause disturb thee. Strive earnestly for the sake of God and walk in the path of righteousness. Shouldst thou encounter the unbelievers, place thy whole trust in God, thy Lord, saying, Sufficient is God unto me in the kingdoms of both this world and the next.	Matakot ka sa Diyos, ang iyong Panginoon, at bigkasin ang Kaniyang Pangalan sa araw at sa gabi. Huwag sundin ang mga udyok ng mga walang pananalig, kung hindi, baka ipalagay na kasama ka noong mga nagtataguyod sa mga walang kapararakang hinagap. Buong katapatang sundin ang Panimulang Tuldok, na Siya ang Panginoon Mismo, at maging yaong mga makatarungan. Huwag hayaan ang anuman na maging dahilan ng makayayanig sa iyo, ni huwag pahintulutang makaligalig sa iyo ang mga bagay na natatadhanang maganap sa Kapakanang ito. Masigasig na magpunyagi alang-alang sa Diyos at tahakin ang landas ng pagkamakatarungan. Kung makakatagpo ka ng mga hindi nananalig, ilagak ang iyong lubos na pagtitiwala sa Diyos, ang iyong Panginoon,

	nagsasabi ng: Sapat ang Diyos sa akin sa mga kaharian kapuwa sa daigdig na ito at sa susunod.
The Day is approaching when God shall bring the faithful together. In truth no God is there other than Him.	Ang Araw ay nalalapit na titipunin ng Diyos ang matatapat. Sa katotohanan, walang ibang Diyos liban sa Kaniya.
May the peace of God be with those who have been guided aright through the power of divine guidance.	Harinawang ang kapayapaan ng Diyos ay mapasa-kanila na mga napatnubayan nang tumpak sa pamamagitan ng banal na patnubay.
<i>He is God, the Supreme Ruler, the Sovereign Truth, He Whose help is implored by all.</i>	<i>Siya ang Diyos, ang Kataas-taasang Pinuno, ang Pinakamakapangyarihang Katotohanan, Siya na ang Kaniyang tulong ay isinasamo ng lahat.</i>
Glorified is He to Whom pertaineth the dominion of the heavens and of the earth, in Whose hand lieth the kingdom of all created things and unto Whom shall all return. It is He Who setteth the measure assigned to each and every thing and revealeth His goodly gifts and blessings in His sacred Book for the benefit of those who offer gratitude for His Cause.	Luwalhatiin Siya na Siyang pinag-uukulan ng kaharian ng mga kalangitan at ng kalupaan, na sa Kaniyang mga kamay ay nakasalalay ang kaharian ng lahat ng mga nilalang na bagay at sa Kaniya ang lahat ay babalik. Siya yaong nagtatakda ng antas na itinalaga sa bawat isa at sa lahat ng bagay, at ipinahahayag ang Kaniyang magagandang handog at mga pagpapala sa Kaniyang banal na Aklat, para sa kabutihan noong mga nag-aalay ng pasasalamat sa Kaniyang Kapakanan.
Say, this earthly life shall come to an end, and everyone shall expire and return unto my Lord God Who will reward with the choicest gifts the deeds of those who endure with patience. Verily thy God assigneth the measure of all created things as He willeth, by virtue of His behest; and those who conform to the good-pleasure of your Lord, they are indeed among the blissful.	Sabihin, ang makalupang buhay na ito ay magwawakas, at lahat ay mamamatay at babalik sa aking Panginoong Diyos na gagantimpalaan Niya ng pinakapiling mga handog ang mga gawa noong matitiyagang nagtiis. Sa katunayan, itinakda ng inyong Diyos ang bahagi ng lahat ng nilalang na bagay, sang-ayon sa Kaniyang kalooban, dahilan sa Kaniyang utos; at doon sa mga sumusunod sa mabuting-kasiyahan ng inyong Panginoon, sila ay yaong tunay na mga nagagalak.
Thy Lord hath never raised up a prophet in the past who failed to summon the people to His Lord, and today is truly similar to the times of old, were ye to ponder over the verses revealed by God.	Siya na inyong Panginoon ay hindi kailanman nagpadala ng isang propeta na nabigong tawagin ang mga tao sa Kaniyang Panginoon, at ngayon ay tunay na katulad noong mga nakaraang panahon, kung pagninilayan ninyo ang mga bersikulo na inihayag ng Diyos.
When God sent forth His Prophet Muḥammad, on that day the termination of the prophetic cycle was foreordained in the knowledge of God. Yea, that promise hath indeed come true and the decree of	Nang ipadala ng Diyos ang Kaniyang Propetang si Muḥammad, sa panahong iyon ang wakas ng pag-inog ng panahon ng paghuhula ay naitadhana na sa kaalaman ng Diyos. Oo, ang pangakong iyon

God hath been accomplished as He hath ordained. Assuredly we are today living in the Days of God. These are the glorious days on the like of which the sun hath never risen in the past. These are the days which the people in bygone times eagerly expected. What hath then befallen you that ye are fast asleep? These are the days wherein God hath caused the Daystar of Truth to shine resplendent. What hath then caused you to keep your silence? These are the appointed days which ye have been yearningly awaiting in the past—the days of the advent of divine justice. Render ye thanks unto God, O ye concourse of believers.	ay tunay na naging katotohanan at ang utos ng Diyos ay natupad tulad ng Kaniyang itinadhana. Nakatitiyak na tayo ay nabubuhay ngayon sa mga Araw ng Diyos. Ito ang maluwalhating panahon na kailanman ang araw ay hindi sumikat nang katulad nito noong nakaraan. Ito ang mga araw na buong pananabik na hinihintay ng mga tao noong nakaraan. Ano ang nangyari sa inyo na kayo ay mahimbing na natutulog? Ito ang mga araw kung kailan ginawa ng Diyos na ang Araw-Bituin ng Katotohanan ay maringal na magniningning. Ano ang naging dahilan na kayo ay nananahimik? Ito ang mga itinakdang araw na buong pananabik ninyong hinihintay sa nakaraan—ang mga araw ng pagsapit ng banal na katarungan. Magpasalamat kayo sa Diyos, O kayong kalipunan ng mga mananampalataya.
Let not the deeds of those who reject the Truth shut you out as by a veil. Such people have warrant over your bodies only, and God hath not reposed in them power over your spirits, your souls and your hearts. Fear ye God that haply it may be well with you. All things have been created for your sakes, and for the sake of naught else hath your creation been ordained. Fear ye God and take heed lest forms and apparels debar you from recognizing Him. Render ye thanksgiving unto God that perchance He may deal mercifully with you.	Huwag tulutang ilayo kayo ng mga gawa, tulad ng lambong, noong mga tumanggi sa Katotohanan. Ang ganoong mga tao ay may karapatan sa mga katawan lamang ninyo, hindi ibinigay sa kanila ng Diyos ang kapangyarihan sa inyong mga espiritu, sa inyong mga kaluluwa at sa inyong mga puso. Matakot kayo sa Diyos upang makabuti nawa ito sa inyo. Lahat ng bagay ay nilalang para sa inyong mga kapakanan, at hindi alang-alang sa anupaman kundi roon sa itinatadhana ng pagkakalalang sa inyo. Matakot kayo sa Diyos at mag-ingat na baka mahadlangan kayo ng mga anyo at pananamit upang makilala Siya. Magpasalamat kayo sa Diyos na pakitunguhan nawa Niya kayo nang mahabagin.
This mortal life is sure to perish; its pleasures are bound to fade away and erelong ye shall return unto God, distressed with pangs of remorse, for presently ye shall be roused from your slumber, and ye shall soon find yourselves in the presence of God and will be asked of your doings.	Ang mortal na buhay na ito ay tiyak na mamamatay; ang mga kasiyahan nito ay tiyak na mawawala at hindi magtatagal kayo ay babalik sa Diyos, naghihirap sa matinding kirot ng pagsisisi, sapagkat ngayon kayo ay magigising mula sa inyong pagkakahimbing, at hindi magluluwat, matatagpuan ninyo ang inyong mga sarili sa harapan ng Diyos at tatanungin ang inyong mga ginawa.
Say, how dare ye flagrantly deny the verses sent down from the heaven of justice, yet ye read the Books of God revealed in the past? How do ye repudiate the meeting with your Lord which was appointed with you aforetime, and fail in this Day to heed His warning? Indeed, by adhering to forms	Sabihin, anong pangangahas na lantaran ninyong itinatuwa ang mga bersikulo na ipinadala mula sa kalangitan ng katarungan, ngunit binabasa ninyo ang mga Aklat ng Diyos na inihayag noong nakaraan? Paano ninyo matatanggihan ang pakikipagkita sa inyong Panginoon na itinakda sa

and by following the promptings of your selfish desires, ye have deprived yourselves of the good-pleasure of your Lord, except those whom their Lord hath endowed with knowledge and who in this Day render thanks unto Him for the bounty of being identified with the true Faith of God. Therefore announce ye the Message unto those who manifest virtue and teach them the ways of the One True God, that haply they may comprehend.	inyo noon pa, at nabigo sa Araw na ito na pakinggan ang Kaniyang mga babala? Tunay na sa pangangapit sa mga anyo at sa pagsunod sa mga udyok ng inyong makasariling mga hangarin, ipinagkait ninyo sa inyong mga sarili ang mabuting-kasiyahan ng inyong Panginoon, liban doon sa kanila na mga pinagkalooban ng kanilang Panginoon ng kaalaman, at yaong sa araw na ito ay nagbigay ng pasasalamat sa Kaniya sa biyaya na makilala bilang nakikiisa sa tunay na Pananampalataya ng Diyos. Kung gayon, ipahayag ninyo ang Mensahe roon sa mga nagpapakita ng katangian at ituro sa kanila ang mga gawi ng Iisang Tunay na Diyos, upang harinawang makaunawa sila.
Withhold thy tongue from uttering that which might grieve thee and beseech God for mercy. Verily He is fully cognizant of the righteous, for He is with such of His servants as truly believe in Him, and He is not unaware of the actions of the mischief-makers, inasmuch as nothing whatever in the heavens or on the earth can escape His knowledge.	Pigilan ang inyong dila na bigkasin yaong maaaring makalungkot sa inyo at sumamo sa habag ng Diyos. Sa katunayan, ganap Niyang nakikilala ang makatarungan, sapagkat Siya ay kasama ng Kaniyang ganoong mga tagapaglingkod na tunay na nananalig sa Kaniya at nalalaman Niya ang mga ginagawa noong mga gumagawa ng gulo, dahilan sa anuman ang nasa mga kalangitan o sa kalupaan ay hindi makaliligtas sa Kaniyang kaalaman.
These verses, clear and conclusive, are a token of the mercy of thy Lord and a source of guidance for all mankind. They are a light unto those who believe in them and a fire of afflictive torment for those who turn away and reject them.	Ang mga bersikulong ito, malinaw at maliwanag, ay isang palatandaan ng habag ng inyong Panginoon at pinagmumulan ng patnubay para sa buong sangkatauhan. Ang mga ito ay isang liwanag doon sa mga nananalig sa kanila at isang nakakawasak na paghihirap na apoy roon sa mga tumalikod at tumanggi rito.
O thou who art the chosen one among women!	O Ikaw na hinirang sa mga kababaihan!
He is God; glorified is the splendor of His light. The verses in this Tablet are revealed for the one who hath believed in the signs of her Lord and is reckoned among such as are wholly devoted unto Him. Bear thou witness that verily no God is there but Him, Who is both my Lord and thine, and that no other God besides Him existeth. He is the Bountiful, the Almighty.	Siya ang Diyos, maluwalhati ang karingalan ng Kaniyang liwanag. Ang mga bersikulo sa Tableta na ito ay ipinahayag para sa Kaniya na nananalig sa mga palatandaan ng Kaniyang Panginoon at ibinilang sa gayong mga lubos na tapat sa Kaniya. Iyong saksihan na sa katunayan ay walang Diyos liban sa Kaniya, na Siya ang kapuwa Akin at Iyong Panginoon, at na walang ibang Diyos liban sa Kaniya ang umiiral. Siya ang Lubhang Mapagbigay, ang Lubos na Makapangyarihan.

Yield thee thanks unto God, for He hath graciously aided thee in this Day, revealed for thee the clear verses of this Tablet, and hath numbered thee among such women as have believed in the signs of God, have taken Him as their guardian and are of the grateful. Verily God shall soon reward thee and those who have believed in His signs with an excellent reward from His presence. Assuredly no God is there other than Him, the All-Possessing, the Most Generous. The revelations of His bounty pervade all created things; He is the Merciful, the Compassionate.	Magpasalamat ka sa Diyos, dahilan sa mapagpalang tinulungan ka Niya sa Araw na ito, ipinahayag para sa iyo ang malinaw na mga bersikulo ng Tabletang ito, at ibinilang ka sa gayong kababaihan na nanalig sa mga palatandaan ng Diyos, kinuha Siya bilang kanilang tagapangalaga at kabilang sa mga mapagpasalamat. Sa katunayan, hindi magtatagal ay gagantimpalaan ka ng Diyos at yaong mga nanalig sa Kaniyang mga palatandaan ng gantimpala mula sa Kaniyang kinaroroonan. Nang nakatitiyak walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang Nagmamay-ari ng Lahat, ang Pinakamapagkaloob. Ang mga paghahayag ng Kaniyang biyaya ay lumaganap sa lahat ng nilikhang bagay. Siya ang Mahabagin, ang Madamayin.
God testifieth that there is none other God but Him, the Almighty, the Best-Beloved.	Pinatutunayan ng Diyos na walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamamahal.
Fix your gaze upon Him Whom God shall make manifest in the Day of Resurrection, then firmly believe in that which is sent down by Him.	Itutok ang inyong paningin sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos sa Araw ng Muling Pagkabuhay, Samakatwid, matatag na manalig doon sa ipinadala Niya.
Say, God hath undisputed triumph over every victorious one. There is no one in heaven or earth or in whatever lieth between them who can frustrate the transcendent supremacy of His triumph. He calleth into being whatsoever He willeth through the potency of His behest. Verily God is the mightiest Sustainer, the Helper and the Defender.	Sabihin, ang Diyos ay may higit na di-mapag-aalinlanganang tagumpay sa bawat isang matagumpay. Wala sinuman sa kalangitan o sa kalupaan o sa anumang nasa pagitan nila ang maaaring makabigo sa nangingibabaw na kapangyarihan ng Kaniyang tagumpay. Binubuhay Niya ang anumang naisin Niya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang utos. Sa katunayan, ang Diyos ay ang pinakamakapangyarihang Tagatangkilik, ang Tagatulong, ang Tagapagtanggol.
When the Daystar of Bahá will shine resplendent above the horizon of eternity it is incumbent upon you to present yourselves before His Throne. Beware lest ye be seated in His presence or ask questions without His leave. Fear ye God, O concourse of the Mirrors.	Kapag ang Araw-Bituin ng Bahá ay sumikat nang napakaningning sa ibabaw ng guhit-tagpuan ng kawalang-hanggan, tungkulin ninyong ipakilala ang inyong mga sarili sa harap ng Kaniyang Trono. Mag-ingat na baka kayo umupo sa Kaniyang harapan o magbigay ng mga katanungan nang walang pahintulot Niya. Matakot kayo sa Diyos, O kalipunan ng mga Salamin.
Beg ye of Him the wondrous tokens of His favor that He may graciously reveal for you whatever He willeth and desireth, inasmuch as on that Day all the	Magmaka-awa kayo sa Kaniya sa kahanga-hangang mga palatandaan ng Kaniyang kabutihang-loob na mapagpalang ilahad nawa Niya sa inyo ang

revelations of divine bounty shall circle around the Seat of His glory and emanate from His presence, could ye but understand it.	anumang Kaniyang niloloob at hinahangad, yayamang sa Araw na iyon lahat ng mga paghahayag ng banal na biyaya ay iikot sa paligid ng Luklukan ng Kaniyang kaluwalhatian at magmumula sa Kaniyang kinaroroonan, kung ito ay mauunawaan lamang ninyo.
It behooveth you to remain silent before His Throne, for indeed of all the things which have been created between heaven and earth nothing on that Day will be deemed more fitting than the observance of silence. Moreover, take ye good heed not to be reckoned among those of the past who were invested with knowledge, yet by reason of their learning waxed proud before God, the Transcendent, the Self-Subsisting, inasmuch as on that Day it is He Who is the All-Knowing, the Omniscient, the Source of all knowledge, far above such as are endued with learning; and it is He Who is the Potent, the All-Compelling, the Lord of power, in the face of those who wield power; and it is He Who is the Mighty, the Most August, the Most Glorious before such as display glory; and on that Day it is He Who is the Lofty, the All-Highest, the Source of exaltation, far above those who are elevated in rank; and it is He Who is the Almighty, the Source of glory and grandeur, far above the pomp of the mighty; and it is He Who is the Omnipotent, the Supreme Ruler, the Lord of judgment, transcending all such as are invested with authority; and it is He Who is the Generous, the Most Benevolent, the Essence of bounty, Who standeth supreme in the face of such as show benevolence; and it is He Who is the Ordainer and the Supreme Wielder of authority and power, inconceivably high above those who hold earthly dominion; and it is He Who is the Most Excellent, the Unsurpassed, the Preeminent in the face of every man of accomplishment.	Narapat sa inyo na manatiling tahimik sa harap ng Kaniyang Trono, sapagkat, tunay na sa lahat ng bagay na nilikha sa pagitan ng kalangitan at kalupaan, sa Araw na iyon ay walang ipapalagay na higit na karapat-dapat kaysa sa pagsasagawa ng katahimikan. Bukod doon, unawain ninyo nang mabuti upang hindi kayo maibilang sa mga pinagkalooban noon ng kaalaman, ngunit dahilan sa kanilang karunungan ay lubhang naging palalo sa harap ng Diyos, ang Nangingibabaw, ang Sariling-Ganap, yayamang sa Araw na iyon Siya ay yaong Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong, ang Bukal ng lahat ng kaalaman, malayong higit na mataas sa gayong pinagkalooban ng karunungan, at Siya yaong Makapangyarihan, ang Ganap na Nananaig, ang Panginoon ng lakas, sa harap noong humahawak ng kapangyarihan; at Siya yaong Makapangyarihan, ang Lubos na Kapita-pitagan, ang Pinakamaluwalhati sa harap ng gayong nagpapakita ng kaluwalhatian; at sa Araw na iyon Siya yaong Kagalang-galang, ang Pinakamataas, ang Bukal ng Kadakilaan, malayong higit na mataas kaysa sa roon sa nakatataas sa katayuan; at Siya yaong Lubos na Makapangyarihan, ang Bukal ng kaluwalhatian at kamaharlikaan, malayong higit na maringal sa karangyaan ng makapangyarihan; at Siya yaong Makapangyarihan, ang Kataas-taasang Hari, ang Panginoon ng paghuhukom, nangingibabaw sa lahat ng gayong mga binigyan ng kapangyarihan; at Siya yaong Bukas-Palad, ang Pinakamagandang-loob, ang Diwa ng kagandahang-loob, Siyang nakatayo nang sukdulan sa harap noong gayong nagpapakita ng kagandahang-loob; at Siya yaong nagtatadhana at ang Kataas-taasang May-hawak ng kapangyarihan at lakas, di-maisip na higit na mataas sa ibabaw noong may hawak ng maka-lupang kapangyarihan; at Siya yaong Pinakamagaling, ang Hindi Mahihigitan, ang Lubos na Mataas sa harap ng bawat matagumpay na tao.

Ye have, one and all, been called into being to seek His presence and to attain that exalted and glorious station. Indeed, He will send down from the heaven of His mercy that which will benefit you, and whatever is graciously vouchsafed by Him shall enable you to dispense with all mankind. Verily on that Day the learning of the learned shall prove of no avail, neither the accomplishments of the exponents of knowledge, nor the pomp of the highly honored, nor the power of the mighty, nor the remembrance of the devout, nor the deeds of the righteous, nor the genuflection of the kneeling worshipper, nor his prostration or turning towards the Qiblih, nor the honor of the honored, nor the kinship of the highly born, nor the nobility of those of noble descent, nor the discourse of the eloquent, nor the titles of the prominent—none of these shall be of any avail unto them—inasmuch as all these and whatever else ye have known or comprehended were created by His word of command “Be” and it is. Indeed if it be His Will He can assuredly bring about the resurrection of all created things through a word from Himself. He is, in truth, over and above all this, the All-Powerful, the Almighty, the Omnipotent.	Kayo, bawat isa at lahat, ay binigyan ng buhay upang hanapin ang Kaniyang kinaroroonan at upang matamo ang dakila at maluwalhating katayuan. Tunay, ipadadala Niya mula sa kalangitan ng Kaniyang habag yaong makabubuti sa inyo, at anumang mapagpalang marapatin Niya upang magawa ninyong talikuran ang buong sangkatauhan. Sa katunayan sa Araw na iyon ang karunungan ng mga marunong ay patutunayang walang kapakinabang, ni ang mga nagawa ng mga tagapagtaguyod ng kaalaman, ni ang karangyaan ng lubhang pinarangalan, ni ang lakas ng makapangyarihan, ni ang alaala ng matapat, ni ang mga gawa ng makatarungan, ni ang pagluluhod ng kanang tuhod ng lumuluhod na sumasamba, ni ang Kaniyang pagpapatirapa o pagbaling sa dako ng Qiblih, ni ang pagbubunyi sa ipinagbunyi, ni ang pagiging kaanak noong isinilang na mataas, ni ang kamaharlikaan noong mga maharlika angkan, ni ang talumpati ng mahuhusay magsalita, ni ang mga titulo ng bantog—wala sa mga ito ang makatutulong sa kanila—dahil sa ang lahat ng mga ito at anupamang iba na inyong nabatid o naunawaan ay nilikha ng Kaniyang kataga na nag-utos na ‘Maging’ at ito ay naging. Tunay na kung ito ay Kaniyang Naisin, nang nakatitiyak ay gagawin Niya ang muling pagkabuhay ng lahat ng nilikhang bagay sa pamamagitan ng isang salita mula sa Kaniya Mismo. Siya, sa katotohanan, ay higit at mataas sa lahat ng ito, ang Lubos na Malakas, ang Lubos na Makapangyarihan.
Beware, O concourse of Mirrors, lest on that Day titles make you vainglorious. Know ye of a certainty that ye, together with all those who stand above you or below you, have been created for that Day. Fear ye God and commit not that which would grieve His heart, nor be of them that have gone astray. Perchance He will appear invested with the power of Truth while ye are fast asleep on your couches, or His messengers will bring glorious and resplendent Tablets from Him while ye turn away disdainfully from Him, pronounce sentence against Him—such sentence as ye would never pass on yourselves—and say, “This is not from God, the All-Subduing, the Self-Existent.”	Mag-ingat, O kalipunan ng mga Salamin, na baka sa Araw na iyon ay gawin kayo ng mga titulo na lubhang palalo. Alamin ninyo nang nakatitiyak na kayo, kasama ng lahat noong mga nakatayo nang nakatataas sa inyo o sa nakabababa sa inyo, ay nilikha para sa Araw na iyon. Matakot kayo sa Diyos at huwag gawin yaong makalulungkot sa Kaniyang puso, ni huwag maging kabilang nila na naligaw. Baka sakaling Siya ay dumating nang napagkalooban ng lakas ng Katotohanan samantalang kayo ay mahimbing na natutulog sa inyong mga higaan, o ang Kaniyang mga Sugo ay magdadala ng maluwalhati at maringal na mga Tableta mula sa Kaniya samantalang mapanghamak na tatalikuran ninyo Siya, at gagawaran ng hatol laban sa Kaniya—ng gayong hatol na hindi ninyo kailanman igagawad sa inyong mga sarili—at

	sinasabi: 'Ito ay hindi mula sa Diyos, ang Lubos na Sumusupil, ang Nabubuhay sa Sarili.'
Glory be unto Thee, O my God, Thou art well aware that I have proclaimed Thy Word and have not failed in the mission Thou didst enjoin upon me. I entreat Thee to guard the people of the Bayán on that Day in order that they may not pronounce censure against Thee nor contend with Thy signs. Protect them then, O my God, through the power of Thy might which pervadeth all mankind.	Mapasa-Iyo ang kaluwalhatian, O aking Diyos, Iyong ganap na nababatid na aking ipinahayag ang Iyong Salita at hindi nabigo sa misyon na Iyong ipinag-utos sa akin. Lumuluhog ako sa Iyo na pangalagaan ang mga tao ng Bayán sa Araw na iyon, na hindi sila bumigkas ng pamimintas laban sa Iyo ni hindi makipagtalo sa Iyong mga palatandaan. Pangalagaan sila kung gayon, O aking Diyos, sa pamamagitan ng lakas ng Iyong kapangyarihan na lamanap sa buong sangkatauhan.
<i>He is the Almighty.</i>	<i>Siya ang Lubos na Makapangyarihan.</i>
Glory be unto Him Who is the Lord of all that are in the heavens and on the earth; He is the All-Wise, the All-Informed. It is He Who calleth into being whatsoever He willeth at His behest; He is indeed the Clement, the Fashioner. Say, verily He is equal to His purpose; whomsoever He willeth, He maketh victorious through the power of His hosts; there is none other God but Him, the Mighty, the Wise. His is the kingdom of earth and heaven and He is the Lord of power and glory. Such as have believed in God and in His signs are indeed the followers of truth and shall abide in the gardens of delight, while those who have disbelieved in God and have rejected that which He hath revealed, these shall be the inmates of the fire wherein they shall remain forever. Say, most people have openly repudiated God and have followed the rebellious wicked doers. Such people resemble those who have gone before them, upholding every hostile oppressor. Verily no God is there but God; His is the kingdom of heaven and earth and He is the Clement, the All-Knowing. God testifieth that there is no God but Him, and He Who speaketh at the bidding of His Lord is but the First to worship Him. He is the peerless Creator Who hath created the heavens and the earth and whatsoever lieth between them, and all do His bidding. He is the One Whose grace hath encompassed all that are in the heavens, on earth or elsewhere, and everyone abideth by His behest.	Ang kaluwalhatian ay mapasa-Kaniya na Siyang Panginoon ng lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan; Siya ang Lubos na Marunong, ang Nakababatid ng Lahat. Siya yaong nagbigay ng buhay sa anumang nilolooob Niya sa Kaniyang kagustuhan; tunay na Siya ang Maawain, ang Humuhubog. Sabihin, sa katunayan Siya ay kasukat ng Kaniyang layunin, sinuman ang Kaniyang loobin ay Kaniyang gagawing matagumpay sa pamamagitan ng lakas ng Kaniyang mga hukbo; walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang Makapangyarihan, ang Marunong. Ang kaharian ng lupa at langit ay sa Kaniya at Siya ang Panginoon ng lakas at kaluwalhatian. Yaong nanalig sa Diyos at sa Kaniyang mga palatandaan ay tunay na mga tagasunod ng Katotohanan at mananahan sa mga hardin ng kaligayahan, samantalang yaong mga hindi nanalig sa Diyos at tinanggihan yaong Kaniyang ipinahayag, ang mga ito ay magiging mga bilango ng apoy kung saan sila ay walang hanggang mananatili. Sabihin, karamihan sa mga tao ay lantarang itinatwa ang Diyos at sinunod ang mapanghimagsik na mga gumagawa ng masama. Ang gayong mga tao ay katulad noong mga nauna sa kanila, itinataguyod ang bawat nappoot na maniniil. Sa katunayan walang ibang Diyos liban sa Diyos; ang kaharian ng langit at lupa ay sa Kaniya at Siya ang Maawain, ang Nakababatid ng Lahat. Pinatutunayan ng Diyos na walang ibang Diyos liban sa Kaniya, at Siyang nagsasalita sa utos ng Kaniyang Panginoon ay ang Unang sumamba lamang sa Kaniya. Siya ang walang kaparis na Manlilikha na Siyang lumikha sa mga kalangitan at

	sa kalupaan at anumang nasa pagitan nila, at lahat ay ginagawa ang Kaniyang utos. Siya yaong ang pagpapala ay sumaklaw sa lahat na nasa mga kalangitan, sa kalupaan, o sa iba mang dako, at lahat ay sumusunod sa Kaniyang utos.
It behooveth you to await the Day of the appearance of Him Whom God shall manifest. Indeed My aim in planting the Tree of the Bayán hath been none other than to enable you to recognize Me. In truth I Myself am the first to bow down before God and to believe in Him. Therefore let not your recognition become fruitless, inasmuch as the Bayán, notwithstanding the sublimity of its station, beareth fealty to Him Whom God shall make manifest, and it is He Who beseemeth most to be acclaimed as the Seat of divine Reality, though indeed He is I and I am He. However, when the Tree of the Bayán attaineth its highest development, We shall bend it low as a token of adoration towards its Lord Who will appear in the person of Him Whom God shall make manifest. Perchance ye may be privileged to glorify God as it befitteth His august Self.	Nararapat sa inyo na hintayin ang Araw ng pagsapit Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. Tunay na ang Aking pakay sa pagtatanim ng Puno ng Bayán ay walang iba kundi ang magawa ninyong makilala Ako. Sa katotohanan Ako Mismo ang unang yuyuko sa harap ng Diyos at mananalig sa Kaniya. Samakatwid, huwag hayaang ang inyong pagkilala ay maging walang saysay, dahilan sa ang Bayán, sa kabila ng karingalan ng katayuan nito, ay nag-uukol ng katapatan sa Kaniya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, at Siya yaong lubos na naaangkop na ipagbunyi bilang ang Luklukan ng banal na Realidad, kahiman tunay na Siya ay Ako at Ako ay Siya. Gayumpaman, nang matamo ng Puno ng Bayán ang pinakamataas na pag-unlad nito, huhutukin Namin ito nang mababa bilang isang palatandaan ng pagsamba nito sa Panginoon na darating sa katauhan Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos. Baka sakaling magkaroon kayo ng tanging karapatan na luwalhatiin ang Diyos nang naaangkop sa Kaniyang kapita-pitagang Sarili.
Indeed ye have been called into being through the power of the Point of the Bayán while the Point Himself is resigned to the Will of Him Whom God shall make manifest, is exalted through His transcendent sublimity, is sustained by the evidences of His might, is glorified by the majesty of His oneness, is adorned by the beauty of His singleness, is empowered by His eternal dominion and is invested with authority through His everlasting sovereignty. How then could they, who are but the creation of the Point, be justified in saying “why or wherefore”?	Tunay na kayo ay ginawang mabuhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Tuldok ng Bayán, samantalang ang Tuldok Mismo ay nakatalaga sa Kalooban Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos, dinadakila sa pamamagitan ng Kaniyang nangingibabaw na kaluwalhatian, inaalalayan ng mga katibayan ng Kaniyang kapangyarihan, niluluwalhati ng kamaharlikaan ng Kaniyang kaisahan, pinalalamutihan ng kagandahan ng Kaniyang pagiging nag-iisa, binigyang-lakas ng Kaniyang walang-kamatayang kapangyarihan at pinagkalooban ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kaniyang kataas-taasang kapangyarihan. Kung gayon, paano nila, sila na nilikha lamang ng Tuldok, mabibigyang katwiran ang pagsasabi ng “bakit o sa anong dahilan”?
O congregation of the Bayán, and all who are therein! Recognize ye the limits imposed upon you, for such a One as the Point of the Bayán Himself hath believed in Him Whom God shall make	O kongregasyon ng Bayán, at lahat ng mga naroroon! Pahalagahan ninyo ang mga pagtatakda na iniutos sa inyo, sapagkat sa Siya bilang tulad ng Tuldok ng Bayán Mismo ay nananalig sa Kaniya na

manifest, before all things were created. Therein, verily, do I glory before all who are in the kingdom of heaven and earth. Suffer not yourselves to be shut out as by a veil from God after He hath revealed Himself. For all that hath been exalted in the Bayán is but as a ring upon My hand, and I Myself am, verily, but a ring upon the hand of Him Whom God shall make manifest—glorified be His mention! He turneth it as He pleaseth, for whatsoever He pleaseth, and through whatsoever He pleaseth. He, verily, is the Help in Peril, the Most High.	Siyang gagawing mahayag ng Diyos, bago pa nilikha ang lahat ng bagay. Doon, sa katunayan, Ako ay nagluluwalhati sa harap ng lahat ng nasa kaharian ng langit at lupa. Huwag hayaang ang inyong mga sarili ay matakpan nang tulad ng isang lambong mula sa Diyos matapos na ipahayag Niya ang Kaniyang Sarili. Sapagkat lahat ng dinakila sa Bayán ay isang singsing lamang sa Aking kamay, at ako Mismo, sa katunayan, ay isang singsing lamang sa kamay Niya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos—ang kaluwalhatian ay mapasa-pagbanggit sa Kaniya! Iniikot Niya ito kung ninanais Niya, sapagkat anuman ang Kaniyang naisin, at sa pamamagitan ng anumang naisin Niya. Siya, sa katunayan, ay ang Tulong sa Panganib, ang Pinakamataas.
7	7
Prayers and Meditations	Mga Dalangin at mga Pagninilay-Nilay
<i>In the Name of God, the Lord of overpowering majesty, the All-Compelling.</i>	<i>Sa Ngalan ng Diyos, ang Panginoon ng nakagagahis na kamaharlikaan, ang Lubos na Nananaig.</i>
Hallowed be the Lord in Whose hand is the source of dominion. He createth whatsoever He willeth by His Word of command “Be,” and it is. His hath been the power of authority heretofore and it shall remain His hereafter. He maketh victorious whomsoever He pleaseth, through the potency of His behest. He is in truth the Powerful, the Almighty. Unto Him pertaineth all glory and majesty in the kingdoms of Revelation and Creation and whatever lieth between them. Verily He is the Potent, the All-Glorious. From everlasting He hath been the Source of indomitable strength and shall remain so unto everlasting. He is indeed the Lord of might and power. All the kingdoms of heaven and earth and whatever is between them are God’s, and His power is supreme over all things. All the treasures of earth and heaven and everything between them are His, and His protection extendeth over all things. He is the Creator of the heavens and the earth and whatever lieth between them and He truly is a witness over all things. He is the Lord of Reckoning for all that dwell in the heavens and on	Sambahin ang Panginoon na nasa Kaniyang kamay ang pinagmumulan ng kapangyarihan. Nililikha Niya ang anumang ninanais Niya sa pamamagitan ng utos ng Kaniyang Salitang “maging” at iyon ay nagiging. Kaniya ang kapangyarihan ng awtoridad noong nakaraan, at ito ay mananatiling Kaniya sa hinaharap. Kaniyang pinagtatagumpay ang sinumang naisin Niya, sa bisa ng Kaniyang utos. Siya sa katotohanan ang Makapangyarihan, ang Pinakamalakas. Sa Kaniya nauukol ang lahat ng luwalhati at kamahalan sa mga kaharian ng Rebelasyon at Sangnilikha at sa anumang nasa pagitan nito. Tunay na Siya ang Mabisa, ang Lubos na Maluwalhati. Mula sa kawalang-hanggan Siya ang Pinagmumulan ng di-malupig na lakas at mananatiling ganito hanggang sa kawalang-hanggan. Siya sa katunayan ang Panginoon ng lakas at kapangyarihan. Lahat ng mga kaharian ng langit at lupa at ng anumang nasa pagitan nito ay sa Diyos, at ang Kaniyang kapangyarihan ay nananaig sa lahat ng bagay. Lahat ng mga kayamanan ng lupa at langit at ng lahat ng

earth and whatever lieth between them, and truly God is swift to reckon. He setteth the measure assigned to all who are in the heavens and the earth and whatever is between them. Verily He is the Supreme Protector. He holdeth in His grasp the keys of heaven and earth and of everything between them. At His Own pleasure doth He bestow gifts, through the power of His command. Indeed His grace encompasseth all and He is the All-Knowing.	nasa pagitan nito ay Kaniya, at ang Kaniyang pangangalaga ay sumasaklaw sa lahat ng bagay. Siya ang Lumikha ng langit at lupa at ng anumang nasa pagitan nito, at tunay na Siya ang saksi sa lahat ng bagay. Siya ang Panginoon ng Pagtutuos para sa lahat ng naninirarahan sa langit at lupa at sa anumang nasa pagitan nito, at sa katunayan ang Diyos ay mabilis humatol. Siya ang naglalagay ng takdang sukat sa lahat ng nasa langit at lupa at ng anumang nasa pagitan nito. Tunay na Siya ang Sukdulang Tagapangalaga. Hawak Niya sa Kaniyang kamay ang mga susi ng langit at lupa at ng anumang nasa pagitan nito. At ayon sa Sarili Niyang kagustuhan ay nagkakaloob Siya ng mga biyaya, mula sa kapangyarihan ng Kaniyang utos. Sa katunayan ang Kaniyang pagpapala ay sumasaklaw sa lahat, at Siya ang Nakaaalam ng Lahat.
Say: God sufficeth unto me; He is the One Who holdeth in His grasp the kingdom of all things. Through the power of His hosts of heaven and earth and whatever lieth between them, He protecteth whomsoever among His servants He willeth. God, in truth, keepeth watch over all things.	Sabihin: ang Diyos ay sapat sa akin; Siya Yaong humahawak sa Kaniyang kamay ng kaharian ng lahat ng bagay. Sa kapangyarihan ng Kaniyang mga hukbo ng langit at lupa at ng anumang nasa pagitan nito, kinakalinga Niya ang sinumang nais Niya sa Kaniyang mga tagapaglingkod. Ang Diyos, sa katotohanan, ay sumusubaybay sa lahat ng bagay.
Immeasurably exalted art Thou, O Lord! Protect us from what lieth in front of us and behind us, above our heads, on our right, on our left, below our feet and every other side to which we are exposed. Verily Thy protection over all things is unfailing.¹⁵¹	Di-masukat ang Iyong kadakilaan, O Panginoon! Pangalagaan Mo kami mula sa nasa harapan namin at nasa likuran namin, nasa itaas ng aming mga ulo, nasa aming kanan, nasa aming kaliwa, nasa ilalim ng aming mga paa at lahat ng iba pang panig na kami ay nakalantad. Tunay na ang Iyong kalinga sa lahat ng mga bagay ay hindi mabibigo.
Send down Thy blessings, O my God, upon the Tree of the Bayán, upon its root and its branch, its boughs, its leaves, its fruits and upon whatsoever it beareth or sheltereth. Cause this Tree then to be made into a magnificent Scroll to be offered to the presence of Him Whom Thou wilt make manifest on the Day of Judgment, that He may graciously allow the entire company of the followers of the Bayán to be restored to life and that He may, through His bounty, inaugurate a new creation.	Ipadala ang Iyong mga pagpapala, O aking Diyos, sa Puno ng Bayán, sa ugat nito at sanga nito, sa maliliit na sanga nito, sa mga dahon nito, sa mga bunga nito at sa anumang taglay o nilililiman nito. Gawin ang Punong ito, kung gayon na maging isang napakagandang Balumbon ng papel na maiaalay sa harapan Niya na Iyong gagawing mahayag sa Araw ng Paghuhukom, upang magiliw Niyang pahintulutan ang buong pangkat ng mga tagasunod ng Bayán na muling mabuhay at nang mapasinayaan nawa Niya, sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya, ang isang bagong nilikha.

¹⁵¹ The original of this prayer for protection is written in the Báb's own hand, in the form of a pentacle.

Indeed all are but paupers in the face of Thy tender mercy, and lowly servants before the tokens of Thy loving-kindness. I beg of Thee, by Thy bounty, O my God, and by the outpourings of Thy mercy and bestowals, O my Lord, and by the evidences of Thy heavenly favors and grace, O my Best-Beloved, to watch over Him Whom God shall make manifest that no trace of despondency may ever touch Him.	Tunay, lahat ay mga pulubi lamang sa harap ng Iyong magiliw na habag, at hamak na mga tagapaglingkod sa harap ng mga palatandaan ng Iyong mapagmahal na kagandahang-loob. Lumuluhog ako sa Iyo, sa pamamagitan ng Iyong biyaya, O aking Diyos, at sa pamamagitan ng mga pagdaloy ng Iyong habag at mga kaloob, O aking Panginoon, at sa pamamagitan ng mga katibayan ng Iyong makalangit na mga kabutihang-loob at pagpapala, O aking Pinakamamahal, pangalagaan Siya na Siyang gagawing mahayag ng Diyos upang walang bakas ng kawalang-pag-asa ang kailanman ay tumimo sa Kaniya.
Immeasurably glorified and exalted art Thou. How can I make mention of Thee, O Thou the Beloved of the entire creation; and how can I acknowledge Thy claim, O Thou, before Whom every created thing standeth in awe. The loftiest station to which human perception can soar and the utmost height which the minds and souls of men can scale are but signs created through the potency of Thy command and tokens manifested through the power of Thy Revelation. Far be it from Thy glory that anyone other than Thee should make mention of Thee or should attempt to voice Thy praise. The very essence of every reality beareth witness to its debarment from the precincts of the court of Thy nearness, and the quintessence of every being testifieth to its failure to attain Thy holy Presence. Immeasurably glorified and exalted art Thou! That which alone beseemeth Thee is the befitting mention made by Thine Own Self, and that only which is worthy of Thee is the anthem of praise voiced by Thine Own Essence....	Hindi mataya ang Iyong kaluwalhatian at kadakilaan. Paano Ko magagawang banggitin Ikaw, O Ikaw na Minamahal ng buong sangnilikha; at paano Ko tatanggapin ang Iyong pahayag, O Ikaw, na sa Iyong harapan ang bawat nilikhang bagay ay nakatayo nang may pagpipitagan. Ang pinakamataas na katayuan na maaaring pumailanglang ang pang-unawa ng tao at ang pinakamatayog na kataasan na maaakyat ng mga isipan at mga kaluluwa ng mga tao ay mga palatandaan lamang, na nilikha sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong kautusan at mga palatandaang ipinakita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong Rebelasyon. Malayo ito mula sa Iyong kaluwalhatian na sinuman liban sa Iyo ang dapat bumanggit sa Iyo o dapat magtangkang sambitin ang Iyong pagpupuri. Ang pinakadiwa ng bawat realidad ay sumasaksi sa paghadlang dito mula sa mga bakuran ng hulwagan ng Iyong pagkalapit, at ang dalisay na kaibuturan ng bawat tao ay nagpapatunay sa pagkabigo nito na makarating sa Kaniyang banal na Kinaroroonan. Hindi mataya ang Iyong kaluwalhatian at kadakilaan! Yaong karapat-dapat lamang sa Iyo ay ang naaangkop na pagbanggit na ginawa ng Iyong Sarili Mismo, at yaong karapat-dapat lamang sa Iyo ay ang imno ng pagpupuring sinabi ng Iyong Sariling Diwa....
Through the revelation of Thy grace, O Lord, Thou didst call Me into being on a night such as this,¹⁵²	Sa pamamagitan ng paghahayag ng Iyong pagpapala, O Panginoon, Ako ay Iyong tinawag

¹⁵² Refers to the Báb's birthday on the first day of the month of Muḥarram, 1235 A.H. (October 20, 1819).

and lo, I am now lonely and forsaken in a mountain. Praise and thanksgiving be unto Thee for whatever conformeth to Thy pleasure within the empire of heaven and earth. And all sovereignty is Thine, extending beyond the uttermost range of the kingdoms of Revelation and Creation.	isang gabi tulad nito,¹⁵³ at masdan, Ako ngayon ay nalulumbay at pinabayaan sa isang bundok. Ang pagpupuri at pasasalamat ay mapasa-Iyo, para sa anumang naayon sa Iyong kasiyahan sa loob ng kaharian ng kalangitan at kalupaan. At lahat ng dakilang kapangyarihan ay sa Iyo, umaabot sa ibayo ng pinakamataas na saklaw ng mga kaharian ng Rebelasyon at Sangnilikha.
Thou didst create Me, O Lord, through Thy gracious favor and didst protect Me through Thy bounty in the darkness of the womb and didst nourish Me, through Thy loving-kindness, with life-giving blood. After having fashioned Me in a most comely form, through Thy tender providence, and having perfected My creation through Thine excellent handiwork and breathed Thy Spirit into My body through Thine infinite mercy and by the revelation of Thy transcendent unity, Thou didst cause Me to issue forth from the world of concealment into the visible world, naked, ignorant of all things, and powerless to achieve aught. Thou didst then nourish Me with refreshing milk and didst rear Me in the arms of My parents with manifest compassion, until Thou didst graciously acquaint Me with the realities of Thy Revelation and apprised Me of the straight path of Thy Faith as set forth in Thy Book. And when I attained full maturity Thou didst cause Me to bear allegiance unto Thine inaccessible Remembrance, and enabled Me to advance towards the designated station, where Thou didst educate Me through the subtle operations of Thy handiwork and didst nurture Me in that land with Thy most gracious gifts. When that which had been preordained in Thy Book came to pass Thou didst cause Me, through Thy kindness, to reach Thy holy precincts and didst suffer Me, through Thy tender mercy, to dwell within the court of fellowship, until I discerned therein that which I witnessed of the clear tokens of Thy mercifulness, the compelling evidences of Thy oneness, the effulgent splendors of Thy majesty, the source of Thy supreme singleness, the heights of Thy transcendent sovereignty, the signs of Thy peerlessness, the manifestations of Thine exalted glory, the retreats of Thy sanctity, and whatsoever is inscrutable to all but Thee.	Ako ay Iyong nilikha, O Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong magiliw na kabutihang-loob at pinangangalagaan Ako sa pamamagitan ng Iyong pagpapala sa kadiliman ng sinapupunan at pinalusog Ako, sa pamamagitan ng Iyong mapagmahal na kagandang-loob, ng nagbibigay-buhay na dugo. Matapos na gawin Ako sa isang lubhang kaakit-akit na anyo, sa pamamagitan ng Iyong mapagmahal na pangangalaga, at dahil sa pinabuti ang Aking nilikha, sa pamamagitan ng napakagaling na gawang-kamay, at inihinga ang Iyong Espiritu sa Aking katawan, sa pamamagitan ng Iyong walang katapusang habag, at sa paghahayag ng Iyong nangingibabaw na kaisahan, Ako ay Iyong ginawang lumabas mula sa daigdig ng pangungubli tungo sa nakikitang daigdig, hubad, walang kaalaman sa lahat ng bagay, at walang lakas na makapagtamo ng anuman. Pagkatapos Ako ay Iyong pinalusog sa nakapag-papanariwang gatas at pinalaki Ako sa mga bisig ng Aking mga magulang nang may hayag na pagmamahal, hanggang sa Iyong mapagmahal na ipinabatid sa Akin ang mga katotohanan ng Iyong Rebelasyon, at ipinagbigay-alam sa Akin ang tuwid na landas ng Kaniyang Pananampalataya tulad ng ipinahayag sa Iyong Aklat. At nang makarating Ako sa hustong gulang, Iyong ginawa na Aking ibigay ang katapatan sa Iyong di-malalapitang Alaala, at ginawa Akong umunlad tungo sa itinakdang katayuan, kung saan Iyong tinuruan Ako, sa pamamagitan ng mahiwagang pagpapalakad ng Iyong gawang-kamay, at inalagaan Ako sa lupaing iyon na taglay ang Iyong pinakamagiliw na mga handog. Nang yaong itinadhana noon sa Iyong Aklat ay naganap Iyo Akong ginawa, sa Iyong kagandahang-loob, na makarating sa Iyong banal na bakuran at pinahintulutan Ako, sa pamamagitan ng

¹⁵³ Tinutukoy ang kaarawan ng Báb sa unang araw ng buwan ng Muharram, 1235 A.H. (October 20, 1819).

	Iyong mapagmahal na habag, na manahan sa loob ng bulwagan ng masayang pagsasamahan, hanggang sa Aking mahiwatigan yaong Aking mahiwatigan sa malinaw na mga palatandaan ng Iyong pagiging mahabagin, ng nananaig na mga katibayan ng Iyong kaisahan, ng maningning na mga karingalan ng Iyong kamaharlikaan, ng pinagmumulan ng Iyong sukdulang kaisahan, ng mga kataasan ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan, ng mga palatandaan ng Iyong pagiging walang kaparis, ng mga kahayagan ng Iyong dakilang luwalhati, ng mga pahingahan ng Iyong kabanalan at anupamang hindi malirip ng lahat liban sa Iyo.
Verily I am Thy servant, O my God, and Thy poor one and Thy suppliant and Thy wretched creature. I have arrived at Thy gate, seeking Thy shelter. I have found no contentment save in Thy love, no exultation except in Thy remembrance, no eagerness but in obedience to Thee, no joy save in Thy nearness, and no tranquillity except in reunion with Thee, notwithstanding that I am conscious that all created things are debarred from Thy sublime Essence and the entire creation is denied access to Thine inmost Being. Whenever I attempt to approach Thee, I perceive nothing in myself but the tokens of Thy grace and behold naught in my being but the revelations of Thy loving-kindness. How can one who is but Thy creature seek reunion with Thee and attain unto Thy presence, whereas no created thing can ever be associated with Thee, nor can aught comprehend Thee? How is it possible for a lowly servant to recognize Thee and to extol Thy praise, notwithstanding that Thou hast destined for him the revelations of Thy dominion and the wondrous testimonies of Thy sovereignty? Thus every created thing beareth witness that it is debarred from the sanctuary of Thy presence by reason of the limitations imposed upon its inner reality. It is undisputed, however, that the influence of Thine attraction hath everlastingly been inherent in the realities of Thy handiwork, although that which beseemeth the hallowed court of Thy providence is exalted beyond the attainment of the entire creation. This indicateth, O my God, my utter powerlessness to praise Thee and revealeth my utmost impotence in yielding thanks unto Thee; and how much more to attain the recognition of Thy	Tunay na ako ang Iyong tagapaglingkod, O aking Diyos, at ang Iyong hamak, at ang Iyong nagsusumamo, at ang Iyong kahabag-habag na nilalang. Dumating ako sa Iyong pinto, naghahangad sa Iyong kanlungan. Wala akong nakamtang kasiyahan liban sa Iyong pagmamahal, walang kaligayahan liban sa Iyong paggunita, walang sigla liban sa pagsunod sa Iyo, walang kagalakan liban sa pagkalapit sa Iyo, walang kapanatagan liban sa muling pakikisama sa Iyo, sa kabila ng aking pagkakaalam na ang lahat ng nilikhang bagay ay nahahadlangan mula sa Iyong kataas-taasang Diwa, at ang buong sangnilikha ay hindi pinahihintulutang makalapit sa pinakabuod ng Iyong Sarili. Sa tuwing tatangkain kong lumapit sa Iyo, wala akong nababatid sa aking sarili liban sa mga palatandaan ng Iyong pagpapala at walang nakikita sa aking pagkatao kundi ang pagbubunyag ng Iyong masuyong kabaitan. Paano makakamtan ng isa Mo lamang nilalang ang muling pakikisama sa Iyo at mararating ang Iyong kinaroroonan, samantalang walang nilalang na bagay ang kailanman ay maaaring makipag-ugnayan sa Iyo, ni maaaring makaunawa sa Iyo? Paano magagawa ng isang hamak na tagapaglingkod na makilala Ka at ipagbubunyi ang papuri sa Iyo, bagaman Iyong itinadhana para sa kaniya ang mga paghahayag ng Iyong kaharian at ang kamangha-manghang mga katibayan ng Iyong paghahari? Samakatwid, bawat nilalang na bagay ay sumasaksi na ito ay hindi pinahihintulutan sa santuwaryo ng Iyong kinaroroonan dahilan sa mga pagtatakda na ipinataw sa naloloob na realidad nito. Gayumpaman walang alinlangang ang kapangyarihan ng Iyong

divine unity or to succeed in reaching the clear tokens of Thy praise, Thy sanctity and Thy glory. Nay, by Thy might, I yearn for naught but Thine Own Self and seek no one other than Thee.	panghalina ay magpakailanmang likas na naroroon sa mga realidad ng Iyong kinapal, kahiman yaong nararapat sa banal na korte ng Iyong pagpapala ay higit na dakila sa maaaring matamo ng buong sangnilikha. Ito ay nagpapatunay, O aking Diyos, sa aking ganap na kawalan ng kakayahang purihin Ka at nagbubunyag sa aking sukdulang kahinaan sa pag-aalay ng pasasalamant sa Iyo; at gaano pa ang magawang matanto ang Iyong banal na pagkakaisa o ang magtagumpay na maunawaan ang maliwanag na mga palatandaan ng Iyong kapurihan, ng Iyong kabanalan, at ng Iyong kaluwalhatian. Hindi lamang iyon, kundi saksi ang Iyong lakas na wala akong hangarin liban sa Iyong Sarili at walang ibang hinahanap liban sa Iyo.
Magnified be Thy Name, O God. Thine in truth are the Kingdoms of Creation and Revelation, and verily in our Lord have we placed our whole trust. All praise be unto Thee, O God; Thou art the Maker of the heavens and the earth and that which is between them, and Thou in truth art the supreme Ruler, the Fashioner, the All-Wise. Glorified art Thou, O Lord! Thou wilt surely gather mankind for the Day of whose coming there is no doubt—the Day whereon everyone shall appear before Thee and find life in Thee. This is the Day of the One true God—the Day Thou shalt bring about as Thou pleassest through the power of Thy behest.	Dakilain nawa ang Iyong Pangalan, O Diyos. Sa Iyo, sa katotohanan, ang mga Kaharian ng Sangnilikha at Rebelasyon, at sa katunayan, aming inilagak sa aming Panginoon ang ganap na pagtitiwala namin. Lahat ng papuri ay mapasa-Iyo, O Diyos; Ikaw ang Gumawa ng mga kalangitan at ng kalupaan at yaong nasa pagitan nila, at Ikaw, sa katotohanan, ay ang kataas-taasang Pinuno, ang Naghuhubog, ang Lubos na Marunong. Maluwalhati Ikaw, O Panginoon! Nakatitiyak na Iyong titipunin ang sangkatauhan para sa Araw na ang pagdating ay hindi mapag-aalinlanganan—ang Araw kung kailan ang bawat isa ay darating sa Iyong harapan at makatatagpo ng buhay sa Iyo. Ito ang Araw ng Iisang tunay na Diyos—ang Araw na Iyong gagawin ang Iyong ninanais sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong kautusan.
Thou art the Sovereign, the wondrous Creator, the Mighty, the Best-Beloved.	Ikaw ang Pinakamakapangyarihan, ang kamangha-manghang Manlilikha, ang Makapangyarihan, ang Pinakamamahal.
Lauded be Thy Name, O God. Thou art in truth our Lord; Thou art aware of whatsoever is in the heavens and on the earth. Send down then upon us a token of Thy mercy. Verily Thou art unsurpassed among them that show mercy. All praise be unto Thee, O Lord. Ordain for us from Thy presence that which will comfort the hearts of the sincere among Thy servants. Glorified art Thou, O God, Thou art the Creator of the heavens and the earth and that which lieth between them. Thou art the sovereign Lord, the Most Holy, the Almighty, the All-Wise.	Purihin ang Iyong Pangalan, O Diyos. Ikaw, sa katotohanan, ang aming Panginoon; Iyong nababatid ang anumang nasa kalangitan at nasa kalupaan. Ipababa sa amin, kung gayon, ang isang palatandaan ng Iyong habag. Sa katunayan, Ikaw ay hindi mahihigitan noong mga nagpapakita ng habag. Lahat ng papuri ay mapasa-Iyo, O Panginoon. Italaga sa amin mula sa Iyong kinaroroonan yaong makapagpapaginhawa sa mga puso ng matatapat sa Iyong mga tagapaglingkod. Luwalhatiin Ka, O Diyos, Ikaw na Lumikha ng mga

Magnified be Thy Name, O God, send down upon them who have believed in God and in His signs a mighty succor from Thy presence such as to enable them to prevail over the generality of mankind.	kalangitan at kalupaan at yaong nasa pagitan nila. Ikaw ang kataas-taasang Panginoon, ang Pinakabanal, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Marunong. Dakila ang Iyong Pangalan, O Diyos, ipababa sa kanila na mga nananalig sa Diyos at sa Kaniyang mga palatandaan ang makapangyarihang tulong na galing sa Iyong kinaroroonan nang sa ganoon ay makapanaig sila sa karamihan ng sangkatauhan.
Glory be unto Thee, O God. How can I make mention of Thee while Thou art sanctified from the praise of all mankind. Magnified be Thy Name, O God, Thou art the King, the Eternal Truth; Thou knowest what is in the heavens and on the earth, and unto Thee must all return. Thou hast sent down Thy divinely ordained Revelation according to a clear measure. Praised art Thou, O Lord! At Thy behest Thou dost render victorious whomsoever Thou willest, through the hosts of heaven and earth and whatsoever existeth between them. Thou art the Sovereign, the Eternal Truth, the Lord of invincible might.	Luwalhati sa Iyo, O Diyos. Paano ako makababanggit sa Iyo samantalang Ikaw ay di-maabot ng papuri ng buong sangkatauhan. Dakilain nawa ang Iyong Pangalan, O Diyos, Ikaw ang Hari, ang Katotohanang Walang-Maliw; nalalaman Mo kung ano ang nasa mga kalangitan at kalupaan, at sa Iyo lahat ay babalik. Ipinadala Mo ang Iyong banal na itinalagang Rebelasyon sang-ayon sa isang malinaw na sukat. Purihin Ka nawa, O Panginoon! Sa Iyong kautusan pinagtatagumpay Mo ang sinumang nais Mo, sa pamamagitan ng mga hukbo ng langit at lupa at ng anumang nasa pagitan nito. Ikaw ang Hari, ang Katotohanang Walang-Maliw, ang Panginoon ng di-malupig na lakas.
Glorified art Thou, O Lord! Thou forgivest at all times the sins of such among Thy servants as implore Thy pardon. Wash away my sins and the sins of those who seek Thy forgiveness at dawn, who pray to Thee in the daytime and in the night season, who yearn after naught save God, who offer up whatsoever God hath graciously bestowed upon them, who celebrate Thy praise at morn and eventide, and who are not remiss in their duties.	Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon! Pinatatawad Mo sa lahat ng oras ang mga kasalanan ng gayon sa Iyong mga tagapaglingkod na nagsusumamo sa Iyong kapatawaran. Hugasan ang aking mga kasalanan at ang mga kasalanan nilang humihingi ng Iyong kapatawaran sa buwang-liwayway, silang nananalangin sa Iyo sa mga oras ng araw at sa panahon ng gabi, silang nagnanasa ng walang iba liban sa Diyos, silang nag-aalay ng anumang buong-giliw na ipinagkaloob sa kanila ng Diyos, silang nagdiriwang ng papuri sa Iyo sa umaga at takipsilim, at silang hindi nagkukulang sa kanilang mga tungkulin.
Praise be unto Thee, O Lord. Forgive us our sins, have mercy upon us and enable us to return unto Thee. Suffer us not to rely on aught else besides Thee, and vouchsafe unto us, through Thy bounty, that which Thou lovest and desirest and well beseemeth Thee. Exalt the station of them that have truly believed and forgive them with Thy gracious forgiveness. Verily Thou art the Help in Peril, the Self-Subsisting.	Purihin Ka, O Panginoon! Patawarin kami sa aming mga kasalanan, kaawaan kami at tulutang makabalik kami sa Iyo. Huwag kaming hayaang umasa sa sinuman liban sa Iyo, at marapatin para sa amin, mula sa Iyong kagandahang, ang anumang minamahal at ninanais Mo at nababagay sa Iyo. Dakilain ang katayuan nilang mga tunay na nananiwala, at patawarin sila ng Iyong magiliw na

	kapatawaran. Tunay na Ikaw ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
O God our Lord! Protect us through Thy grace from whatsoever may be repugnant unto Thee and vouchsafe unto us that which well beseemeth Thee. Give us more out of Thy bounty and bless us. Pardon us for the things we have done and wash away our sins and forgive us with Thy gracious forgiveness. Verily Thou art the Most Exalted, the Self-Subsisting.	O Diyos, aming Panginoon! Pangalagaan kami ng Iyong biyaya mula sa anumang kasuklam-suklam sa Iyo, at ipagkaloob sa amin ang mga bagay na marapat sa Iyo. Pagkalooban kami ng higit pa mula sa Iyong biyaya, at pagpalain kami. Pagpaumanhinan kami sa mga bagay na aming nagawa, at hugasan ang aming mga kasalanan, at patawarin kami mula sa Iyong magiliw na kapatawaran. Tunay na Ikaw ang Pinakadakila, ang Sariling-Ganap.
Thy loving providence hath encompassed all created things in the heavens and on the earth, and Thy forgiveness hath surpassed the whole creation. Thine is sovereignty; in Thy hand are the Kingdoms of Creation and Revelation; in Thy right hand Thou holdest all created things and within Thy grasp are the assigned measures of forgiveness. Thou forgivest whomsoever among Thy servants Thou pleasest. Verily Thou art the Ever-Forgiving, the All-Loving. Nothing whatsoever escapeth Thy knowledge, and naught is there which is hidden from Thee.	Ang Iyong masuyong pagkalinga ay sumaklaw sa lahat ng nilalang na bagay sa kalangitan at sa kalupaan, at ang Iyong kapatawaran ay nakahihigit sa buong sangnilikha. Nasa Iyo ang paghahari; nasa Iyong kamay ay ang mga Kaharian ng Sangnilikha at ng Rebelasyon; sa Iyong kanang kamay ay tinatanganan Mo ang lahat ng nilikhang bagay, at hawak Mo ang itinakdang mga sukat ng kapatawaran. Pinatatawad Mo ang sinuman sa Iyong mga tagapaglingkod ayon sa ninanais Mo. Tunay na Ikaw ang Laging Nagpapatawad, ang Lubos na Mapagmahal. Walang anumang makalalampas sa Iyong kaalaman, at walang maililihim sa Iyo.
O God our Lord! Protect us through the potency of Thy might, enable us to enter Thy wondrous surging ocean, and grant us that which well befitteth Thee.	O Diyos, aming Panginoon! Pangalagaan kami sa pamamagitan ng bisa ng Iyong kapangyarihan, tulutang makapasok kami sa Iyong kahanga-hangang dumadaluyong na karagatan, at ipagkaloob sa amin yaong karapat-dapat sa Iyo.
Thou art the Sovereign Ruler, the Mighty Doer, the Exalted, the All-Loving.	Ikaw ang Pinunong Naghahari, ang Makapangyarihang Gumagawa, ang Dakila, ang Lubos na Nagmamahal.
Glory be unto Thee, O Lord my God! Nothing whatsoever escapeth Thy knowledge, nor is there anything that could slip from Thy grasp, or anything that could thwart Thy Purpose, whether in the heavens or on the earth, of the past or of the future.	Ang luwalhati ay mapasa-Iyo, O Panginoon aking Diyos! Walang anuman ang nalilihim sa Iyong kaalaman, ni walang anumang bagay ang maaaring makahulagpos sa Iyong pagkakahawak, o anumang bagay ang maaaring makabigo sa Iyong Layunin, maging sa mga kalangitan o sa kalupaan, sa nakaraan o sa hinaharap.

Thou seest Paradise and the inmates thereof; Thou beholdest the realm below and the dwellers thereof. All are but Thy servants and are held within Thy grasp.	Iyong nakikita ang Paraiso at ang mga nananahan doon, Iyong namamasdan ang kaharian sa ibaba at ang mga naninirahan doon. Ang lahat ay Iyong mga tagapaglingkod lamang, at hawak ng Iyong mga kamay.
O Lord! Render victorious Thy forbearing servants in Thy days by granting them a befitting victory, inasmuch as they have sought martyrdom in Thy path. Send down upon them that which will bring comfort to their minds, will rejoice their inner beings, will impart assurance to their hearts and tranquillity to their bodies and will enable their souls to ascend to the presence of God, the Most Exalted, and to attain the supreme Paradise and such retreats of glory as Thou hast destined for men of true knowledge and virtue. Verily Thou knowest all things, while we are but Thy servants, Thy thralls, Thy bondsmen and Thy poor ones. No Lord but Thee do we invoke, O God our Lord, nor do we implore blessings or grace from anyone but Thee, O Thou Who art the God of mercy unto this world and the next. We are but the embodiments of poverty, of nothingness, of helplessness and of perdition, while Thy whole Being betokeneth wealth, independence, glory, majesty and boundless grace.	O Panginoon! Gawing matagumpay ang Iyong mapagtiis na mga tagapaglingkod sa Iyong mga araw sa pagkakaloob sa kanila ng isang karapat-dapat na tagumpay, yamang pinili nila ang pagkakamartir sa Iyong landas. Ipagkaloob sa kanila yaong mag-aalo sa kanilang mga isipan, magpapaligaya sa kanilang panloob na sarili, magbibigay ng katiyakan sa kanilang mga puso at katahimikan sa kanilang mga katawan at magbibigay ng kakayahan sa kanilang mga kaluluwa upang umakyat sa kinaroroonan ng Diyos, ang Pinakamataas, at upang marating ang katas-taasang Paraiso at yaong mga retiro ng kaluwalhatian na Iyong itinadhana para sa mga taong may tunay na kaalaman at kabutihan. Tunay na Iyong nalalaman ang lahat ng bagay, samantalang kami ay Iyong mga tagapaglingkod lamang, Iyong mga sakop, Iyong mga takdang katulong at Iyong mga dukha. Walang Panginoon liban sa Iyo ang aming tinatawagan, O Diyos, aming Panginoon, ni hindi kami sumasamo ng mga biyaya o kaloob mula sa kanino man liban sa Iyo, O Ikaw na Siyang Diyos ng habag sa daigdig na ito at sa susunod. Kami ay siya lamang mga larawan ng karukhaan, ng kawalan, ng kawalang-kakayahan at ng kapahamakan, samantalang ang Iyong buong Sarili ay sumasagisag sa kayamanan, kasarinlan, kaluwalhatian, kamahalan at walang-hanggang pagpapala.
Turn our recompense, O Lord, into that which well beseemeth Thee of the good of this world and of the next, and of the manifold bounties which extend from on high down to the earth below.	Gawin ang aming kabayaran, O Panginoon, na maging yaong karapat-dapat sa Iyo mula sa mga kabutihan ng daigdig na ito at ng susunod, at ng iba't ibang mga biyayang nagbubuhay sa kaitaasan tungo sa daigdig sa ibaba.
Verily Thou art our Lord and the Lord of all things. Into Thy hands do we surrender ourselves, yearning for the things that pertain unto Thee.	Tunay na Ikaw ang aming Panginoon at ang Panginoon ng lahat ng bagay. Sa Iyong mga kamay isinusuko namin ang aming mga sarili, nananabik sa mga bagay na nauukol sa Iyo.

Glorified be Thy Name, O Lord! In whom shall I take refuge while Thou art in truth my God and my Beloved; unto whom shall I turn for shelter while Thou art my Lord and my Possessor; and towards whom shall I flee while Thou art in truth my Master and my Sanctuary; and whom shall I implore while Thou art in truth my Treasure and the Goal of my desire; and through whom shall I plead before Thee, while Thou art in truth my highest aspiration and supreme desire? Glorified art Thou, O my Lord! Every hope hath been frustrated save the yearning for Thy heavenly grace, and every door is barred except the portal leading to the wellspring of Thy blessings.	Luwalhatiin ang Iyong Pangalan, O Panginoon! Kanino ako mangungubli samantalang Ikaw, sa katotohanan, ay ang aking Diyos at ang aking minamahal; kanino ako babaling upang manganlong samantalang Ikaw ay ang aking Panginoon at aking May-ari; at kanino ako tutungo samantalang Ikaw, sa katotohanan, ay ang aking Pinuno at aking Kaligtasan; at kanino ako luluhog samantalang Ikaw, sa katotohanan, ay ang aking Kayamanan at ang Pakay ng aking hangarin, at kanino ako sasamo sa Iyong harapan, samantalang Ikaw, sa katotohanan, ay ang aking pinakamatayog na nilalayan at kataas-taasang ninanasa? Bawat pag-asa ay nabigo liban sa paghahangad sa Iyong makalangit na pagpapala, at bawat pinto ay nahadlangan liban sa mga pinto na patungo sa bukal ng Iyong mga pagpapala.
I beseech Thee, O my Lord, by Thy most effulgent splendor, before whose brightness every soul humbly boweth down and prostrateth itself in adoration for Thy sake—a splendor before whose radiance fire is turned into light, the dead are brought to life and every difficulty is changed into ease. I entreat Thee by this great, this wondrous splendor and by the glory of Thine exalted sovereignty, O Thou Who art the Lord of indomitable power, to transform us through Thy bounty into that which Thou Thyself dost possess and enable us to become fountains of Thy light, and graciously vouchsafe unto us that which beseemeth the majesty of Thy transcendent dominion. For unto Thee have I raised my hands, O Lord, and in Thee have I found sheltering support, O Lord, and unto Thee have I resigned myself, O Lord, and upon Thee have I placed my whole reliance, O Lord, and by Thee am I strengthened, O Lord.	Sumasamo ako sa Iyo, O aking Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong nagliliwanag na karingalan, na sa harap ng kaningningan nito ang bawat kaluluwa ay mapagpakumbabang yumuyuko at nagpapatirapa sa pagsamba alang-alang sa Iyo—isang karingalan na sa harapan ng ningning nito ang apoy ay naging liwanag, ang patay ay ginawang mabuhay at bawat hrap ay naging kaginhawahan. Sumasamo ako sa Iyo sa pamamagitan nitong dakila, nitong kamangha-manghang karingalan at sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Iyong dakilang kapangyarihan, O Ikaw na Panginoon ng hindi mapasusukong lakas, na mapagbago kami sa pamamagitan ng Iyong biyaya upang maging tulad noong Iyo Mismong taglay at gawin kaming maging mga bukal ng Iyong liwanag, at mapagpalang ipagkaloob sa amin yaong nararapat sa kamaharlikaan ng Iyong nangingibabaw na kaharian. Alang-alang sa Iyo ay itinaas ko ang aking mga kamay, O Panginoon, at sa Iyo ay natagpuan ko ang nanganganlong na tulong, O Panginoon, at sa Iyo ay itinalaga ko ang aking sarili, O Panginoon, at sa Iyo ay inilagak ko ang aking buong pagtitiwala, O Panginoon, at sa Iyo ako ay lumakas, O Panginoon.
Verily there is no power nor strength except in Thee.	Sa katunayan, walang kapangyarihan ni lakas liban sa Iyo.
Thou art aware, O My God, that since the day Thou didst call Me into being out of the water of Thy love	Iyong nababatid, O Aking Diyos, na mula nang araw na Ako ay Iyong binigyan ng buhay mula sa

till I reached fifteen years of age I lived in the land which witnessed My birth [<u>Shíráz</u>]. Then Thou didst enable Me to go to the seaport [<u>Búshíhr</u>] where for five years I was engaged in trading with the goodly gifts of Thy realm and was occupied in that with which Thou hast favored Me through the wondrous essence of Thy loving-kindness. I proceeded therefrom to the Holy Land [<u>Karbilá</u>] where I sojourned for one year. Then I returned to the place of My birth. There I experienced the revelation of Thy sublime bestowals and the evidences of Thy boundless grace. I yield Thee praise for all Thy goodly gifts and I render Thee thanksgiving for all Thy bounties. Then at the age of twenty-five I proceeded to thy sacred House [<u>Mecca</u>], and by the time I returned to the place where I was born, a year had elapsed. There I tarried patiently in the path of Thy love and beheld the evidences of Thy manifold bounties and of Thy loving-kindness until Thou didst ordain for Me to set out in Thy direction and to migrate to Thy presence. Thus I departed therefrom by Thy leave, spending six months in the land of <u>Śád</u> [<u>Isfáhán</u>] and seven months in the First Mountain [<u>Máh-Kú</u>], where Thou didst rain down upon Me that which beseemeth the glory of Thy heavenly blessings and befitteth the sublimity of Thy gracious gifts and favors. Now, in My thirtieth year, Thou beholdest Me, O My God, in this Grievous Mountain [<u>Chíhriq</u>] where I have dwelt for one whole year.	tubig ng Iyong pagmamahal hanggang sa umabot Ako sa gulang na labinlima, Ako ay namuhay sa lupain na sumaksi sa Aking pagsilang [<u>Shíráz</u>]. Pagkatapos Iyong ginawa na makapunta Ako sa daungan [<u>Búshir</u>] kung saan limang taong naging abala Ako sa pangangalakal ng magagandang pangregalo sa Iyong kaharian at dahil sa Iyong ibinigay na tulong sa Akin, ay maraming ginawa roon, sa pamamagitan ng kamangha-manghang diwa ng Iyong mapagmahal na kagandahang-loob. Ako ay nagtungo mula roon sa Banal na Lupain [<u>Karbilá</u>] kung saan Ako ay pansamantalang tumigil ng isang taon. Pagkatapos Ako ay bumalik sa pook na Aking sinilangan. Doon ay Aking naranasan ang paghahayag ng Iyong dakilang mga kaloob at ang mga katibayan ng Iyong walang-hanggang pagpapala. Mapagpakumbabang nagpupuri Ako sa Iyo sa lahat ng Iyong mabuting mga handog at nag-uukol Ako ng pasasalamat sa Iyo para sa lahat ng Iyong mga biyaya. Pagkatapos sa gulang na dalawampu't lima, Ako ay nagtungo sa Iyong banal na Tahanan [<u>Mecca</u>], at nang Ako ay bumalik sa pook na Aking sinilangan, isang taon na ang nakalipas. Doon Ako ay nagtagal nang matiyaga sa landas ng Iyong pagmamahal at namasdan ang mga katibayan ng Iyong napakaraming mga biyaya at ng Iyong mapagmahal na kagandahang-loob hangang sa Iyong itinadhana sa Akin na magpunta sa Iyong utos at lumipat sa Iyong kinaroroonan. Sa gayon Ako ay umalis doon sa Iyong kapahintulutan, ginugol ang anim na buwan sa lupain ng <u>Sád</u> [<u>Isfáhán</u>] at pitong buwan sa Unang Bundok [<u>Mákú</u>], kung saan Iyong iniulan sa Akin yaong naaayon sa kaluwalhatian ng Iyong makalangit na mga biyaya, at naaangkop na kadakilaan ng Iyong mapagpalang mga handog at tulong. Ngayon, sa Aking ika-tatlumpung taong gulang, Iyong namamasdan Ako, O Aking Diyos, sa Nakahahapis na Bundok na ito [<u>Chiriq</u>] kung saan nanahan Ako ng isang buong taon.
Praise be unto Thee, O My Lord, for all times, heretofore and hereafter; and thanks be unto Thee, O My God, under all conditions, whether of the past or the future. The gifts Thou hast bestowed upon Me have reached their fullest measure and the blessings Thou hast vouchsafed unto Me have attained their consummation. Naught do I now witness but the manifold evidences of Thy grace	Ang pagpupuri ay mapasa-Iyo, O Aking Panginoon, sa lahat ng panahon, noon at mula ngayon; at ang pasasalamat ay mapasa-Iyo, O Aking Diyos, sa ilalim ng lahat ng kalagayan, kahiman sa nakaraan o sa hinaharap. Ang mga handog na Iyong ipinagkaloob sa Akin ay natamo ang sukdulang antas at ang mga biyaya na Iyong minarapat sa Akin ay natamo ang kanilang kaganapan. Wala akong

and loving-kindness, Thy bounty and gracious favors, Thy generosity and loftiness, Thy sovereignty and might, Thy splendor and Thy glory, and that which becometh the holy court of Thy transcendent dominion and majesty and beseemeth the glorious precincts of Thine eternity and exaltation.	nasasaksihan ngayon liban sa maraming mga katibayan ng Iyong pagpapala at mapagmahal na kagandahang-loob, ang Iyong biyaya at mapagmahal na mga tulong. Ang Iyong pagiging bukas-palad at karangalan, ang Iyong kamaharlikaan at kapangyarihan, ang Iyong karingalan at Iyong kaluwalhatian, at yaong naaangkop sa banal na korte ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan at kamaharlikaan, at naaayon sa maluwalhating kapaligiran ng Iyong kawalang-hanggan at kadakilaan.
I am aware, O Lord, that my trespasses have covered my face with shame in Thy presence, and have burdened my back before Thee, have intervened between me and Thy beauteous countenance, have compassed me from every direction and have hindered me on all sides from gaining access unto the revelations of Thy celestial power.	Nababatid ko, O Panginoon, na ang aking mga kasalanan ay tinakpan ng kahihiyan ang aking mukha sa Iyong kinaroroonan, at nagpabigat sa aking likod sa Iyong harapan, humadlang sa pagitan ko at sa Iyong marikit na anyo, pinalibutan ako mula sa lahat ng dako at pinigilan ako sa lahat ng panig mula sa pagkakaroon ng paraang maabot ang mga paghahayag ng Iyong makalangit na kapangyarihan.
O Lord! If Thou forgivest me not, who is there then to grant pardon, and if Thou hast no mercy upon me who is capable of showing compassion? Glory be unto Thee, Thou didst create me when I was nonexistent and Thou didst nourish me while I was devoid of any understanding. Praise be unto Thee, every evidence of bounty proceedeth from Thee and every token of grace emanateth from the treasures of Thy decree.	O Panginoon! Kung hindi Mo ako patatawarin, sino pa, kung gayon, ang gagawad ng kapatawaran, at kung Ikaw ay hindi mahahabag sa akin, sino pa ang may kakayahang magmalasakit? Luwalhatiin Ka nawa, nilalang Mo ako nang ako ay walang pag-iral at inandukha Mo ako samantalang salat ako sa anumang pang-unawa. Purihin Ka nawa, bawat katibayan ng biyaya ay nagmumula sa Iyo at bawat tanda ng pagpapala ay nagbubuhat sa mga ingatang-yaman ng Iyong utos.
I beg Thee to forgive me, O my Lord, for every mention but the mention of Thee, and for every praise but the praise of Thee, and for every delight but delight in Thy nearness, and for every pleasure but the pleasure of communion with Thee, and for every joy but the joy of Thy love and of Thy good-pleasure, and for all things pertaining unto me which bear no relationship unto Thee, O Thou Who art the Lord of lords, He Who provideth the means and unlocketh the doors.	Nagsusumamo akong patawarin Mo ako, O aking Panginoon, sa bawat pagbanggit liban sa pagbanggit sa Iyo, at sa bawat papuri liban sa papuri sa Iyo, at sa bawat kagalakan liban sa kagalakan sa pagkalapit sa Iyo, at sa bawat kaluguran liban sa kaluguran sa pakikipagniig sa Iyo, at sa bawat ligaya liban sa kaligayahan sa Iyong pag-ibig at sa Iyong mabuting kaluguran, at sa lahat ng bagay na nauukol sa akin na walang kaugnayan sa Iyo, O Ikaw na Panginoon ng mga panginoon, Siya na nagbibigay ng mga kaparaanan at nagbubukas ng mga pinto.
How can I praise Thee, O Lord, for the evidences of Thy mighty splendor and for Thy wondrous sweet savors which Thou hast imparted to Me in this	Paano Ako makapagpupuri sa Iyo, O Panginoon, dahilan sa mga katibayan ng Iyong makapangyarihang karingalan at sa Iyong

fortress, in such measure that nothing in the heavens or on the earth can compare with them? Thou hast watched over Me in the heart of this mountain where I am compassed by mountains on all sides. One hangeth above Me, others stand on My right and My left and yet another riseth in front of Me. Glory be unto Thee, no God is there but Thee. How often have I seen rocks from the mountain hurtling down upon Me, and Thou didst protect Me therefrom and preserved Me within the stronghold of Thy divine Unity.	kahanga-hangang malugod na mga katangian na Iyong ipinagkaloob sa Akin sa muog na ito, sa ganoong antas na wala sa mga kalangitan o sa kalupaan ang maaaring ihalintulad sa mga iyon? Iyo Akong minasdan sa pusod ng bundok na ito kung saan Ako ay napaligiran ng mga bundok sa lahat ng panig. Ang isa ay nakatungo sa ibabaw Ko, ang iba ay nasa Aking kanan at sa Aking kaliwa, at ang isa pa ay mataas sa Aking harapan. Ang luwalhati ay mapasa-Iyo, walang Diyos liban sa Iyo. Gaano kadalas na Aking makita ang mga bato mula sa bundok na gumugulong pababa sa Akin, at Ako ay Iyong pinangalagaan mula roon at iningatan Ako sa loob ng muog ng Iyong banal Kaisahan.
Glorified and exalted art Thou, and praise be unto Thee for whatsoever Thou lovest and desirest, and thanks be unto Thee for that which Thou hast decreed and preordained. From time immemorial Thy tender mercy hath been sent down and the process of Thy creation hath been and ever is ceaseless. Thy handiwork is unlike the work of anyone besides Thee, and Thy goodly gifts are unparalleled by the gifts of anyone other than Thyself.	Maluwalhati at dakila Ikaw, at ang papuri ay mapasa-Iyo para sa sinumang Iyong minamahal at hinahangad, at ang pasasalamat ay mapasa-Iyo para doon sa Iyong iniatas at itinadhana noon. Mula sa panahong di-magunita ang Iyong mapagmahal na habag ay ipinadala at ang pamamaraan ng Iyong paglikha ay naging at kailanman ay magiging walang humpay. Ang Iyong gawang-kamay ay hindi katulad ng gawa ng sinuman liban sa Iyo, at ang Iyong mabubuting handog ay hindi mapapantayan ng mga handog ng sinumang iba liban sa Iyong Sarili.
Praise be unto Thee, O My Beloved, and magnified be Thy Name. Ever since the hour I set foot upon this fortress till the moment I shall have departed therefrom, I behold Thee established upon Thy seat of glory and majesty, sending down upon Me the manifold tokens of Thy bountiful favor and grace. Thou beholdest that My dwelling place is but the heart of the mountains, and Thou discernest naught in My Person except the evidences of abasement and loneliness.	Ang pagpupuri ay mapasa-Iyo, O Aking Minamahal, at dakilain ang Iyong Pangalan. Mula sa oras na tumapak Ako sa muog na ito hanggang sa sandaling nakaalis Ako roon, Aking namasdan Ikaw na nakatatag sa Iyong luklukan ng kaluwalhatian at kamaharlikaan, ipinadadala sa Akin ang maraming palatandaan ng Iyong masaganang kagandahang-loob at pagpapala. Iyong namamasdan na ang Aking tinatahanang pook ay ang pusod lamang ng mga kabundukan, at Iyong nahihiwatigan na wala liban sa mga katibayan ng paghamak at kapanglawan ang nasa Aking Katauhan.
Lauded be Thy Name; I render Thee thanks for every instance of Thine inscrutable Decree and offer My praise for every token of Thy tribulations. Having suffered Me to be cast into the prison, Thou didst turn it into a garden of Paradise for Me and caused it to become a chamber of the court of everlasting fellowship.	Ang pagpupuri ay mapasa-Iyong Pangalan; Ako ay nagpapasalamat sa Iyo sa bawat halimbawa ng Iyong di-malirip na Utos at iniaalay ang Aking papuri sa bawat palatandaan ng Iyong mga pagdurusa. Dahil sa tinulutang itapon Ako sa bilangguan, Iyong ginawa itong isang hardin ng Paraiso para sa Akin, at ginawa itong maging isang

	silid sa bulwagan ng walang-katapusang pagkakaibigan.
How numerous the verses Thou didst send down unto Me, and the prayers Thou didst hear Me offer unto Thee. How diverse the revelations which Thou didst call into being through Me and the experiences Thou didst witness in Me.	Gaano karami ang mga bersikulo na Iyong ipinadala sa Akin, at ang mga dalangin na Iyong narinig na Aking inialay sa Iyo. Gaano magkakaiba ang mga paglalahad na Iyong ipinahayag sa pamamagitan Ko at ang mga karanasan na Iyong nasaksihan sa Akin.
Magnified be Thy Name. Manifold trials have been powerless to deter Me from yielding thanks unto Thee and My shortcomings have failed to keep Me back from extolling Thy virtues. The infidels had purposed to turn My abode into one of disgrace and humiliation. But Thou hast glorified Me through My remembrance of Thee, hast exalted Me through My praise of Thee, hast graciously aided Me through the revelations of Thy oneness, and hast conferred upon Me a great honor through the effulgent splendors of Thine ancient eternity. To the fire Thou dost command, "Be thou a soothing balm unto My Servant," and to the prison, "Be thou a seat of tender compassion to My Servant, as a token from My presence." Yea, I swear by Thy glory; to Me the prison hath proved to be naught but the most delightful garden of Paradise and hath served as the noblest spot in the realm above.	Dakilain ang Iyong Pangalan. Maraming mga pagsubok ang nawalan ng lakas upang hadlangan Ako na makapag-ukol ng pasasalamat sa Iyo at ang Aking mga pagkukulang ay nabigong mapahinto Ako upang masidhing papurihan ang Iyong mga katangian. Ang mga hindi naniniwala sa Diyos ay naglayong baguhin ang Aking tahanan na maging isang pook ng pagkaduhagi at pagkapahiya. Subalit Iyong niluwalhati Ako, dahilan sa Aking paggunita sa Iyo, dinakila Ako dahilan sa Aking pagpupuri sa Iyo, magiliw na tinulungan Ako sa pamamagitan ng mga paghahayag ng Iyong kaisahan, at ipinagkaloob sa Akin ang isang malaking karangalan sa pamamagitan ng maningning na karingalan ng Iyong napakatandang kawalang-hanggan. Sa apoy, Ikaw ay nag-utos, 'Ikaw ay maging isang pampaginhawa sa Aking Tagapaglingkod', at sa bilangguan, 'Maging isang luklukan ka ng magiliw na pagmamalasakit sa Aking Tagapaglingkod, bilang isang palatandaan mula sa Aking kinaroroonan'. Oo, sumusumpa Ako sa Iyong kaluwalhatian, para sa Akin ang bilangguan ay napatunayang wala kundi ang pinakamagandang hardin ng Paraiso at nagsilbi bilang ang pinakamarikit na pook sa kaharian sa itaas.
Praised and glorified art Thou. How often did adversities descend upon Me and Thou didst temper them and avert them through Thy gracious favor; and how many times were commotions stirred up against Me at the hand of the people, while Thou didst cause them to subside through Thy tender mercy. How numerous the occasions when the Nimrods kindled fires wherewith to burn Me, but Thou didst make them balm for Me; and how manifold the instances when the infidels decreed My humiliation and Thou didst turn them into marks of honor for Me....	Purihin at luwalhatiin Ikaw! Gaano kadalas na bumaba sa Akin ang mga kasawiang-palad at Iyong pinahinahon ang mga iyon at inilayo ang mga iyon sa pamamagitan ng Iyong magiliw na tangkilik; at gaano kadalas na pinukaw ang mga kaguluhan laban sa Akin sa kamay ng mga tao, samantalang Iyong pinahupa ang mga iyon sa pamamagitan ng Iyong mapagmahal na habag. Gaano karami ang mga pagkakataong sinindiha ng mga Nimrod ang mga apoy upang sunugin Ako, subalit Iyong ginawa ang mga iyon na maging pampaginhawa sa Akin; at gaano karami ang mga pagkakataon na ipinag-utos ng mga hindi naniniwala sa Diyos ang Aking

	pagkapahiya at Iyong ginawa ang mga iyon na mga tanda ng karangalan para sa Akin....
Verily Thou art the highest aspiration of every earnest seeker and the Goal of the desire of them that yearn after Thee. Thou art He Who is ready to answer the call of such as recognize Thy divine unity, and He before Whom the fainthearted stand in awe. Thou art the Helper of the needy, the Deliverer of the captives, the Abaser of the oppressors, the Destroyer of the wrong-doers, the God of all men, the Lord of all created things. Thine are the kingdoms of Creation and Revelation, O Thou Who art the Lord of all the worlds.	Sa katunayan, Ikaw ang pinakamataas na hangarin ng bawat masugid na naghahanap at ang Pakay ng hangarin nila na nananabik sa Iyo. Ikaw ang Siyang handang tumugon sa panawagan noong mga tumanggap sa Iyong banal na kaisahan, at Siya na sa harap Niya ang mahina ang puso ay nakatayo nang nasisindak. Ikaw ang Tumutulong sa nangangailangan, ang Tagasagip ng mga bihag, ang Humahamak sa mga maniniil, ang Tagawasak ng mga gumagawa ng masama, ang Diyos ng Lahat ng tao, ang Panginoon ng lahat ng nilikhang bagay. Ang mga kaharian ng Sangnilikha at Rebelasyon ay sa Iyo, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng mga daigdig.
O All-Sufficient One! Thou dost suffice Me in every hardship that may descend upon Me and in every affliction that may wax great before Me. Thou art My sole Companion in My loneliness, the Delight of My heart in My solitude and My Best-Beloved in My prison and in My Abode. No God is there but Thee!	O Ikaw na Lubos na Nakasasapat! Ikaw ay sapat sa Akin sa bawat paghihirap na maaaring dumating sa Akin at sa bawat pagdurusa na maaaring tumindi sa Aking harapan. Ikaw ang Aking tanging Kasama sa Aking kapanglawan, ang Kaluguran ng Aking puso sa Aking pag-iisa at ang Aking Pinakamamahal sa Aking bilangguan at sa Aking Tahanan. Walang Diyos liban sa Iyo!
Whomsoever Thou dost suffice shall not be put to grief; whomsoever Thou dost protect shall never perish; whomsoever Thou dost help shall never be abased; and he unto whom Thou turnest Thy gaze shall never be far removed from Thee.	Sa sinuman, na Ikaw ay nakasasapat, ay hindi daranas ng dalamhati at sinuman ang Iyong pinangangalagaan ay hindi kailanman masasawi; sinuman ang Iyong tinutulungan ay hindi kailanman hahamakin; at siya na Iyong ibinaling ang Iyong paningin ay hindi kailanman malalayo sa Iyo.
Write down for us then whatsoever is of Thee, and forgive us for what we are. Verily Thou art the Lord of power and glory, the Lord of all the worlds. "Far be the glory of Thy Lord, the Lord of all greatness, from what they impute to Him, and peace be upon His Apostles, and praise be unto God, the Lord of all the worlds." ¹⁵⁴	Isulat para sa amin kung gayon ang anumang nasa Iyo, at patawarin kami sa pagiging kami. Sa katunayan, Ikaw ang Panginoon ng lakas at luwalhati, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig. 'Malayo sa kaluwalhatian ng Iyong Panginoon, ang Panginoon ng lahat ng kadakilaan, mula roon sa kanilang ipinaparatang sa Kaniya, at ang kapayapaan ay mapasa-Kaniyang mga Apostol, at ang pagpupuri ay mapasa-Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig.' ¹⁵⁵

¹⁵⁴ Qur'án 37:180–82.

¹⁵⁵ Qur'án 37:180-182.

Glory be to Thee, O God! Thou art the God Who hath existed before all things, Who will exist after all things and will last beyond all things. Thou art the God Who knoweth all things, and is supreme over all things. Thou art the God Who dealeth mercifully with all things, Who judgeth between all things and Whose vision embraceth all things. Thou art God my Lord, Thou art aware of my position, Thou dost witness my inner and outer being.	Luwalhatiin Ka, O Diyos! Ikaw ang Diyos na umiral bago pa ang lahat ng bagay, Siya na iiral paglipas ng lahat ng bagay at mananatili nang lampas pa sa lahat ng bagay. Ikaw ang Diyos na nakaaalam sa lahat ng bagay at pinakamataas sa lahat ng bagay. Ikaw ang Diyos na nakikitungo nang buong-habag sa lahat ng bagay, na humahatol sa pagitan ng lahat ng bagay at Siyang ang pananaw ay sumasaklaw sa lahat ng bagay. Ikaw ang Diyos na aking Panginoon, alam Mo ang kalagayan, Iyong nasasaksihan ang aking panloob at panlabas na sarili.
Grant Thy forgiveness unto me and unto the believers who responded to Thy Call. Be Thou my sufficing helper against the mischief of whosoever may desire to inflict sorrow upon me or wish me ill. Verily Thou art the Lord of all created things. Thou dost suffice everyone, while no one can be self-sufficient without Thee.	Ipagkaloob ang Iyong kapatawaran sa akin at sa mga mananampalatayang tumugon sa Iyong Panawagan. Ikaw ay maging nakasasapat na tulong sa akin laban sa kasamaan ng sinumang nagnanais magdulot ng pighati sa akin, o maghangad ng masama sa akin. Tunay na Ikaw ang Panginoon ng lahat ng nilikhang bagay. Ikaw ay nakasasapat sa lahat, samantalang walang sinuman ang makasasapat sa sarili kapag wala Ka.
I implore Thee by the splendor of the light of Thy glorious face, the majesty of Thine ancient grandeur and the power of Thy transcendent sovereignty to ordain for us at this moment every measure of that which is good and seemly and to destine for us every portion of the outpourings of Thy grace. For granting of gifts doth not cause Thee loss, nor doth the bestowing of favors diminish Thy wealth.	Sumasamo ako sa Iyo sa karilagan ng liwanag ng Iyong maluwalhating mukha, sa kamaharlikaan ng Iyong napakatandang karingalan, at sa lakas ng Iyong nangingibabaw na kaharian na ipagkaloob sa akin, at sa sandaling ito ang bawat pagtatakda noong mabuti at nararapat, at itadhana sa amin ang bawat bahagi ng mga daloy ng Iyong pagpapala. Sapagkat ang pagkakaloob ng mga gantimpala ay hindi sanhi ng Iyong kawalan, ni ang pagkakaloob ng mga kagandahang-loob ay makababawas sa Iyong kayamanan.
Glorified art Thou, O Lord! Verily I am poor while in truth Thou art rich; verily I am lowly while in truth Thou art mighty; verily I am impotent while in truth Thou art powerful; verily I am abased while in truth Thou art the most exalted; verily I am distressed while in truth Thou art the Lord of might.	Luwalhatiin Ikaw, O Panginoon! Sa katunayan ako ay dukha, samantalang sa katotohanan, Ikaw ang mayaman; sa katunayan, ako ay aba, samantalang sa katotohanan, Ikaw ang makapangyarihan; sa katunayan, ako ay walang lakas, samantalang sa katotohanan Ikaw ang malakas; sa katunayan ako ay nagdurusa, samantalang sa katotohanan, Ikaw ang Panginoon ng kapangyarihan.
Do Thou ordain for me, O Lord, every good thing Thou hast created or wilt create, and shield me from whatever evil Thou abhorrest from among the things Thou hast caused or wilt cause to exist. In	Iyong ipagkaloob sa akin, O Panginoon, ang bawat mabuting bagay na Iyong nilikha o lilikhain, at pangalagaan ako, sa anumang kasamaan na Iyong kinasusuklanan, mula sa mga bagay na Iyong

truth Thy knowledge embraceth all things. Praised be Thou, verily no God is there but Thee, and nothing whatsoever in the heavens or on the earth and all that is between them can ever thwart Thy Purpose. Indeed potent art Thou over all things.	pinairal o paiiralin. Sa katotohanan, sinasaklaw ng Iyong kaalaman ang lahat ng bagay. Purihin Ka, sa katunayan walang Diyos liban sa Iyo, at walang anuman, sa mga kalangitan at sa kalupaan at lahat ng nasa pagitan nila, ang kailanman ay maaaring makabigo sa Iyong Layunin. Tunay na Ikaw ang makapangyarihan sa lahat ng bagay.
Far be it from the sublimity of Thy Being, O my God, that anyone seek Thy loving-kindness or favor. Far be it from Thy transcendent glory that anyone entreat Thee for the evidences of Thy bestowals and tender mercy. Too high art Thou for any soul to beseech the revelation of Thy gracious providence and loving care, and too sanctified is Thy glory for anyone to beg of Thee the outpourings of Thy blessings and of Thy heavenly bounty and grace. Throughout Thy kingdom of heaven and earth, which is endowed with manifold bounties, Thou art immeasurably glorified above aught whereunto any identity could be ascribed.	Malayo iyon mula sa kadakilaan ng Iyong Katauhan, O aking Diyos, na naisin ng sinuman ang Iyong mapagmahal na kagandahang-loob o kalinga. Malayo iyon mula sa Iyong nangingibabaw na kaluwalhatian na sumamo ang sinuman sa Iyo sa mga katibayan ng Iyong mga kaloob at mapagmahal na habag. Ikaw ay lubhang mataas para sa sinumang kaluluwa upang lumuhog sa paghahayag ng iyong mapagpalang kaloob at mapagmahal na pangangalaga, at napakabanal ang Iyong kaluwalhatian para sa sinuman na sumasamo sa Iyo ng ulan ng Iyong mga pagpapala at ng Iyong makalangit na kagandahang-loob at biyaya. Sa buong kaharian ng Iyong kalangitan at kalupaan, na pinagkalooban ng napakaraming biyaya, Ikaw ay lubhang niluluwalhati nang higit sa anumang mabibigyan ng pagkakakilanlan.
All that I beg of Thee, O my God, is to enable me, ere my soul departeth from my body, to attain Thy good-pleasure, even were it granted to me for a moment tinier than the infinitesimal fraction of a mustard seed. For if it departeth while Thou art pleased with me, then I shall be free from every concern or anxiety; but if it abandoneth me while Thou art displeased with me, then, even had I wrought every good deed, none would be of any avail, and had I earned every honor and glory, none would serve to exalt me.	Ang akin lamang isinasamo sa Iyo, O aking Diyos, ay bago lisanin ng aking kaluluwa ang katawan ko, ay aking magawang matamo ang Iyong mabuting-kasiyahan, kahit na ibigay ito sa akin sa isang sandali na higit na maliit pa sa di-matayang katiting ng binhi ng mustasa. Sapagkat kung ito ay lilisan samantalang Ikaw ay nasisiyahan sa akin, ako, kung gayon, ay magiging malaya sa bawat alalahanin o pangamba, ngunit kung lilisanin ako nito samantalang Ikaw ay hindi nasisiyahan sa akin, kahit na nagawa ko pa ang lahat ng mabubuting gawa, walang saysay ang mga iyon, at kung nakamtan ko ang bawat parangal at luwalhati, hindi iyon makapagpapadakila sa akin.
I earnestly beseech Thee then, O my God, to graciously bestow Thy good-pleasure upon me when Thou dost cause me to ascend unto Thee and make me appear before Thy holy presence, inasmuch as Thou hast, from everlasting, been the God of immense bounty unto the people of Thy realm, and the Lord of most excellent gifts to all	Marubdob akong lumuluhog sa Iyo, kung gayon, O aking Diyos, na mapagpalang ipagkaloob sa akin ang Iyong mabuting-kasiyahan kung Iyong ninanais na magtungo ako sa Iyo at gawin akong makarating sa Iyong banal na kinaroroonan, dahilan sa mula pa sa kawalang-hanggan, Ikaw ang Diyos na napakalawak ang biyaya sa mga tao ng Iyong kaharian, at ang Panginoon na may

that dwell in the exalted heaven of Thine omnipotence.	pinakamagagaling na gantimpala sa lahat ng mga nananahan sa dakilang kalangitan ng Iyong kapangyarihan.
How numerous the souls raised to life who were exposed to dire humiliation in Thy Path for exalting Thy Word and for glorifying Thy divine Unity! How profuse the blood that hath been shed for the sake of Thy Faith to vindicate the authenticity of Thy divine Mission and to celebrate Thy praise! How vast the possessions that were wrongfully seized in the Path of Thy love in order to affirm the loftiness of Thy sanctity and to extol Thy glorious Name! How many the feet that have trodden upon the dust in order to magnify Thy holy Word and to extol Thy glory! How innumerable the voices that were raised in lamentation, the hearts that were struck with terror, the grievous woes that none other than Thee can reckon, and the adversities and afflictions that remain inscrutable to anyone except Thyself; all this to establish, O my God, the loftiness of Thy sanctity and to demonstrate the transcendent character of Thy glory.	Gaano karami ang mga kaluluwa na ginawang mabuhay ang nalantad sa matinding pagkapahiya sa Iyong landas, dahilan sa pagdakila sa Iyong Salita at sa pagluwalhati sa Iyong banal na Kaisahan! Gaano kasagana ang dugong pinadanak alang-alang sa Iyong Pananampalataya upang mapatunayan ang katotohanan ng Iyong banal na Misyon at upang ipagbunyi ang papuri sa Iyo! Gaano kalaki ang mga ari-arian na buong pagkakamaling kinamkam sa Landas ng Iyong pagmamahal upang pagtibayin ang kataasan ng Iyong kabanalan at padakilain ang Iyong maluwalhating Pangalan! Anong dami ng mga paa ang naglakad sa alikabok upang dakilain ang Iyong banal na Salita at upang purihing maigi ang Iyong luwalhati! Gaano karami ang mga tinig na narinig na naghihinagpis, ang mga puso na ginimbal ng sindak, ang matitinding pighati na walang iba liban sa Iyo ang maaaring makataya, at ang mga kasawiang-palad at mga dalamhati na mananatiling hindi mauunawaan ng sinuman liban sa Iyong Sarili, ang lahat ng mga ito ay upang mapatunayan, O aking Diyos, ang kataasan ng Iyong kabanalan, at upang maipakita ang nangingibabaw na katangian ng Iyong kaluwalhatian.
These decrees were ordained by Thee so that all created things might bear witness that they have been brought into being for the sake of naught else but Thee. Thou hast withheld from them the things that bring tranquillity to their hearts, that they might know of a certainty that whatever is associated with Thy holy Being is far superior to and exalted above aught else that would satisfy them; inasmuch as Thine indomitable power pervadeth all things, and nothing can ever frustrate it.	Ang mga kautusang ito ay Iyong iniatas upang ang lahat ng nilalang na bagay ay maging saksi na sila ay binuhay alang-alang sa Iyo lamang. Iyong ipinagkait sa kanila ang mga bagay na magbibigay ng katiwasayan sa kanilang mga puso, upang malaman nawa nila nang tiyak na anuman ang nauugnay sa Iyong banal na Katauhan ay higit na mataas at dakila sa lahat na maaaring makasiya sa kanila; dahilan sa ang Iyong hindi mapasusukong lakas ay laganap sa lahat ng bagay; at walang anumang maaaring makabigo rito kailanman.
Indeed Thou hast caused these momentous happenings to come to pass that those who are endued with perception may readily recognize that they were ordained by Thee to demonstrate the loftiness of Thy divine Unity and to affirm the exaltation of Thy sanctity.	Tunay na Iyong ginawa ang napakahalagang mga pangyayaring ito na maganap upang yaong mga pinagkalooban ng pang-unawa ay kaagad maunawaan na sila ay Iyong inatasan upang ipakita ang kataasan ng Iyong banal na Kaisahan at upang pagtibayin ang kadakilaan ng Iyong kabanalan.

Glory be unto Thee, O Lord! Although Thou mayest cause a person to be destitute of all earthly possessions, and from the beginning of his life until his ascension unto Thee he may be reduced to poverty through the operation of Thy decree, yet wert Thou to have brought him forth from the Tree of Thy love, such a bounty would indeed be far better for him than all the things Thou hast created in heaven and earth and whatsoever lieth between them; inasmuch as he will inherit the heavenly home, through the revelation of Thy favors, and will partake of the goodly gifts Thou hast provided therein; for the things which are with Thee are inexhaustible. This indeed is Thy blessing which according to the good-pleasure of Thy Will Thou dost bestow on those who tread the path of Thy love.	Luwalhati sa Iyo, O Panginoon! Kahiman Iyong magagawa ang isang tao na ganap na maging dahop sa lahat ng makalupang mga pag-aaari, at mula sa simula ng kaniyang buhay hanggang sa kaniyang pag-akyat sa Iyo, maaari siyang gawing maghirap sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Iyong utos, subalit kung Iyong dinala siya mula sa Puno ng Iyong pagmamahal, ang gayong biyaya ay tunay na higit na makabubuti sa kaniya kaysa sa lahat ng bagay na Iyong nilikha sa kalangitan at kalupaan at anumang naroroon pagitan nila, dahilan sa mamanahin niya ang makalangit na tahanan, sa pamamagitan ng paghahayag ng Iyong mga kagandahang-loob, at makikibahagi sa magagandang gantimpala na Iyong inilaan doon; sapagkat ang mga bagay na nasa Iyo ay hindi mauubos. Tunay na ito ang Iyong pagpapala, na sang-ayon sa mabuting-kasiyahan ng Iyong Kalooan, ay Iyong ipinagkaloob sa mga iyon na tumahak sa landas ng Iyong pagmamahal.
How numerous the souls who in former times were put to death for Thy sake, and in whose names all men now pride themselves; and how vast the number of those whom Thou didst enable to acquire earthly fortunes, and who amassed them while they were deprived of Thy Truth, and who in this day have passed into oblivion. Theirs is a grievous chastisement and a dire punishment.	Gaano karami ang mga kaluluwang pinatay noong mga naunang panahon alang-alang sa Iyong kapakanan, at sa kanilang ngalan lahat ng tao ang ngayon ay ipinagmamalaki ang kanilang sarili; at gaano kalaki ang bilang noong mga ginawa Mo na makapagtamo ng makalupang mga kayamanan, at mga nagkamal ng mga iyon samantalang sila ay pinagkakaitan ng Iyong Katotohanan, at yaong sa araw na ito ay namatay na sa limot. Ang sa kanila ay isang malubhang pagsupil at kaparusahan.
O Lord! Provide for the speedy growth of the Tree of Thy divine Unity; water it then, O Lord, with the flowing waters of Thy good-pleasure, and cause it, before the revelations of Thy divine assurance, to yield such fruits as Thou desirest for Thy glorification and exaltation, Thy praise and thanksgiving, and to magnify Thy Name, to laud the oneness of Thine Essence and to offer adoration unto Thee, inasmuch as all this lieth within Thy grasp and in that of none other.	O Panginoon! Itadhana ang mabilis na paglaki ng Puno ng Iyong banal na Pagkakaisa; diligin ito sa gayon, O Panginoon, ng dumadaloy na mga tubig ng Iyong mabuting kaluguran, at tulutan ito, sa harap ng mga kahayagan ng Iyong banal na katiyakan, na magbunga ng yaong mga prutas na ninanais Mo para sa pagluwalhat at pagdakila sa Iyo, para sa pagpuri at pasasalamat sa Iyo, at upang ipagbunyi ang Iyong Pangalan, upang papurihan ang kaisahan ng Iyong Diwa at upang maghandog ng pagsamba sa Iyo, yamang ang lahat ng ito ay hawak ng Iyong kamay at wala sa alinmang iba.
Great is the blessedness of those whose blood Thou hast chosen wherewith to water the Tree of Thine affirmation, and thus to exalt Thy holy and immutable Word.	Napakalaki ng pagpapala nilang ang kanilang dugo ay Iyong pinili upang ipandilig sa Puno ng Iyong pagpapatibay, at sa gayon ay dakilain ang Iyong banal at di-mababagong Salita.

Ordain for me, O my Lord, and for those who believe in Thee that which is deemed best for us in Thine estimation, as set forth in the Mother Book, for within the grasp of Thy hand Thou holdest the determined measures of all things.	Iukol sa akin, O aking Panginoon, at sa mga naniniwala sa Iyo, ang ipinalagay Mong pinakamabuti para sa amin sa Iyong paningin, sang-ayon sa nakasaad sa Inang Aklat, dahil natatanganan ng Iyong kamay ang itinakdang sukat ng lahat ng bagay.
Thy goodly gifts are unceasingly showered upon such as cherish Thy love and the wondrous tokens of Thy heavenly bounties are amply bestowed on those who recognize Thy divine Unity. We commit unto Thy care whatsoever Thou hast destined for us, and implore Thee to grant us all the good that Thy knowledge embraceth.	Ang Iyong mabuting mga kaloob ay walang-patid na umaambon sa kanilang mga nagmamahal sa Iyong pag-ibig, at ang kamangha-manghang mga tanda ng Iyong makalangit na mga biyaya ay masaganang ipinagkaloob sa kanilang mga kumikilala sa Iyong banal na Pagkakaisa. Ipinauubaya namin sa Iyong pag-iingat ang anumang itinadhana Mo sa amin, at nagsusumamo kami sa Iyong ipagkaloob sa amin ang lahat ng kabutihang nasasaklaw ng Iyong kaalaman.
Protect me, O my Lord, from every evil that Thine omniscience perceiveth, inasmuch as there is no power nor strength but in Thee, no triumph is forthcoming save from Thy presence, and it is Thine alone to command. Whatever God hath willed hath been, and that which He hath not willed shall not be.	Ipag-adya ako, O aking Panginoon, sa lahat ng kasamaan na batid ng Iyong walang-hanggang kaalaman, dahil sa walang kapangyarihan o lakas liban sa Iyo, walang tagumpay ang darating liban doon sa nagmumula sa Iyong kinaroroonan, at Ikaw lamang ang makapag-uutos niyon. Ang anumang ginusto ng Diyos ay natupad, at ang anumang hindi Niya ginusto ay hindi matutupad.
There is no power nor strength except in God, the Most Exalted, the Most Mighty.	Walang kapangyarihan ni lakas liban sa Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamakapangyarihan.
O Lord! Enable all the peoples of the earth to gain admittance into the Paradise of Thy Faith, so that no created being may remain beyond the bounds of Thy good-pleasure.	O Panginoon! Tulutang makapasok ang lahat ng mga sambayanan ng daigdig sa Paraiso ng Iyong Pananampalataya, nang sa ganoon ay walang nilikha ang maiwang hindi nasasaklaw ng Iyong mabuting kaluguran.
From time immemorial Thou hast been potent to do what pleaseth Thee and transcendent above whatsoever Thou desirest.	Mula sa panahong hindi na magunita Ikaw ay naging makapangyarihan upang gawin ang Iyong ikasisiya at nakahihigit sa anumang ninanais Mo.
Vouchsafe unto me, O my God, the full measure of Thy love and Thy good-pleasure, and through the attractions of Thy resplendent light enrapture our hearts, O Thou Who art the Supreme Evidence and the All-Glorified. Send down upon me, as a token of Thy grace, Thy vitalizing breezes, throughout the daytime and in the night season, O Lord of bounty.	Ipagkaloob sa akin, O aking Diyos, ang kabuuang sukat ng Iyong pag-ibig at Iyong mabuting kasiyahan, at mula sa mga pang-akit ng Iyong nagniningning na liwanag, pagalakin nang masidhi ang aming mga puso, O Ikaw na Siyang Sukdulang Katibayan at ang Lubos na Maluwalhati. Ipagkaloob sa akin, bilang tanda ng Iyong kagandahang-loob, ang Iyong nagbibigay-buhay na

	mga simoy sa buong maghapon at sa panahon ng gabi, O Panginoon ng biyaya.
No deed have I done, O my God, to merit beholding Thy face, and I know of a certainty that were I to live as long as the world lasts I would fail to accomplish any deed such as to deserve this favor, inasmuch as the station of a servant shall ever fall short of access to Thy holy precincts, unless Thy bounty should reach me and Thy tender mercy pervade me and Thy loving-kindness encompass me.	Wala akong nagawa, O aking Panginoon, upang maging karapat-dapat na masilayan ang Iyong mukha, at tiyak na alam kong kahit mabuhay pa ako hanggang umiiral ang daigdig ay hindi pa rin ako makagagawa ng anumang bagay upang maging karapat-dapat sa ganitong biyaya, yamang ang kalagayan ng isang tagapaglingkod ay hindi kailanman makaaabot sa Iyong banal na mga kapaligiran, maliban lamang kung umabot sa akin ang Iyong pagpapala at pumuspos sa akin ang Iyong mapagmahal na habag at pumalibot sa akin ang Iyong masuyong kabaitan.
All praise be unto Thee, O Thou besides Whom there is none other God. Graciously enable me to ascend unto Thee, to be granted the honor of dwelling in Thy nearness and to have communion with Thee alone. No God is there but Thee.	Lahat ng papuri ay suma-Iyo, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang ibang Diyos. Buong-giliw na tulutan akong makapanhik sa Iyo, na maipagkaloob sa akin ang karangalan ng pananahan nang malapit sa Iyo at nang magkaroon ng pakikipagniig sa Iyo lamang. Walang ibang Diyos liban sa Iyo.
Indeed shouldst Thou desire to confer blessing upon a servant Thou wouldst blot out from the realm of his heart every mention or disposition except Thine Own mention; and shouldst Thou ordain evil for a servant by reason of that which his hands have unjustly wrought before Thy face, Thou wouldst test him with the benefits of this world and of the next that he might become preoccupied therewith and forget Thy remembrance.	Sa katonayan kung nanaisin Mong magbigay ng biyaya sa isang tagapaglingkod, kakatkatina Mo mula sa kaharian ng kaniyang puso ang bawat pagbanggit o hilig liban sa pagbanggit sa Iyo; at kung itatadhana Mo ang kasamaan sa isang tagapaglingkod dahil sa hindi makatarungang ginawa ng kaniyang mga kamay sa harap ng Iyong mukha, susubukin Mo siya sa pamamagitan ng mga kapakinabangan ng daigdig na ito at ng susunod nang sa ganoon ay maging abala siya rito at malimutan ang paggunita sa Iyo.
Glory be unto Thee, O Lord, Thou Who hast brought into being all created things, through the power of Thy behest.	Luwalhati sa Iyo, O Panginoon, Ikaw na Siyang lumalang sa lahat ng nilikhang bagay, sa kapangyarihan ng Iyong utos.
O Lord! Assist those who have renounced all else but Thee, and grant them a mighty victory. Send down upon them, O Lord, the concourse of the angels in heaven and earth and all that is between, to aid Thy servants, to succor and strengthen them, to enable them to achieve success, to sustain them, to invest them with glory, to confer upon them honor and exaltation, to enrich them and to make them triumphant with a wondrous triumph.	O Panginoon! Tulungan silang mga tumalikod sa lahat liban sa Iyo, at bigyan sila ng matinding tagumpay. Ipababa sa kanila, O Panginoon, ang kalipunan ng mga anghel sa langit at lupa at sa lahat ng nasa pagitan nito, upang tulungan ang Iyong mga tagapaglingkod, upang saklolohan at palakasin sila, upang tulutan silang makamtan ang pagwawagi, upang tustusan sila, upang damtan sila ng luwalhati, upang gawaran sila ng karangalan at kadakilaan.

	upang pagyamanin sila at upang pagtagumpayin sila ng kamangha-manghang tagumpay.
Thou art their Lord, the Lord of the heavens and the earth, the Lord of all the worlds. Strengthen this Faith, O Lord, through the power of these servants and cause them to prevail over all the peoples of the world; for they, of a truth, are Thy servants who have detached themselves from aught else but Thee, and Thou verily art the protector of true believers.	Ikaw ang kanilang Panginoon, ang Panginoon ng kalangitan at kalupaan, ang Panginoon ng lahat ng daigdig. Palakasin ang Pananampalatayang ito, O Panginoon, sa ng lakas nitong mga tagapaglingkod, at gawing manaig sila sa lahat ng mga sambayanan ng daigdig; dahil sila, sa katotohanan, ay Iyong mga tagapaglingkod na iniwalay ang kanilang mga sarili sa lahat liban sa Iyo, at tunay na Ikaw ang tagapangalaga ng tunay na mga mananampalataya.
Grant Thou, O Lord, that their hearts may, through allegiance to this, Thine inviolable Faith, grow stronger than anything else in the heavens and on earth and in whatsoever is between them; and strengthen, O Lord, their hands with the tokens of Thy wondrous power that they may manifest Thy power before the gaze of all mankind.	Iyong ipagkaloob, O Panginoon, sa pamamagitan ng katapatan dito sa Iyong di-malalabag na Pananampalataya, na ang kanilang mga puso ay maging higit na malakas pa kaysa sa anumang nasa kalangitan at kalupaan at ng anumang nasa pagitan nito; at palakasin, O Panginoon, ang kanilang mga kamay sa mga tanda ng Iyong kamangha-manghang kapangyarihan nang sa gayon ay maipakita nila ang Iyong kapangyarihan sa harap ng paningin ng buong sangkatauhan.
O Lord! Unto Thee I repair for refuge and toward all Thy signs I set my heart.	O Panginoon! Sa Iyo ako pumupunta upang magpakupkop at ang aking puso ay itinututok ko sa lahat ng Iyong mga tanda.
O Lord! Whether traveling or at home, and in my occupation or in my work, I place my whole trust in Thee.	O Panginoon! Kahiman naglalakbay o kaya ay nasa tahanan, at sa aking tungkulin o sa aking gawain, inilalagay ko ang aking buong pagtitiwala sa Iyo.
Grant me then Thy sufficing help so as to make me independent of all things, O Thou Who art unsurpassed in Thy mercy!	Ipagkaloob sa akin, kung gayon, ang Iyong nakasasapat na tulong upang ako ay hindi na aasa sa anumang bagay, O Ikaw na hindi mahihigitan sa Iyong habag!
Bestow upon me my portion, O Lord, as Thou pleasest, and cause me to be satisfied with whatsoever Thou hast ordained for me.	Ipagkaloob sa akin ang aking bahagi, O Panginoon, sang-ayon sa Iyong kagustuhan, at tulutan akong masiyahan sa anumang itinalaga Mo para sa akin.
Thine is the absolute authority to command.	Nasa sa Iyo ang ganap na kapangyarihang mag-utos.
O Lord! Thou art the Remover of every anguish and the Dispeller of every affliction. Thou art He Who banisheth every sorrow and setteth free every slave,	O Panginoon! Ikaw ang Tagapag-alis ng bawat pighati at tagapawi ng bawat dalamhati. Ikaw ang Siyang nagwawaksi ng bawat kalungkutan at

the Redeemer of every soul. O Lord! Grant deliverance through Thy mercy and reckon me among such servants of Thine as have gained salvation.	nagpapalaya sa bawat alipin, ang Manunubos ng bawat kaluluwa. O Panginoon! Ipagkaloob ang kaligtasan mula sa ng Iyong awa, at ibilang ako sa Iyong mga tagapaglingkod na nakapagtamo ng kaligtasan.
Throughout eternity Thou hast been, O my Lord, and wilt ever remain the One true God, while all else save Thee are needy and poor. Having clung tenaciously to Thy Cord, O my God, I have detached myself from all mankind, and having set my face towards the habitation of Thy tender mercy, I have turned away from all created things. Graciously inspire me, O my God, through Thy grace and bounty, Thy glory and majesty, and Thy dominion and grandeur, for no one mighty and all-knowing can I find beside Thee. Protect me, O my God, through the potency of Thy transcendent and all-sufficing glory and by the hosts of the heavens and the earth, inasmuch as in no one can I wholly place my trust but in Thee and no refuge is there but Thee.	Sa buong tagal ng kawalang-hanggan, Ikaw, O aking Panginoon, ang naging at magpakailanman ay mananatiling ang Iisang tunay na Diyos, samantalang lahat ng iba liban sa Iyo ay salat at maralita. Dahilan sa nangapit sa Iyong Koldon, O aking Diyos, itiniwalag ko ang aking sarili sa buong sangkatauhan, at dahilan sa ibinaling ang aking mukha roon sa tahanan ng Iyong mapagmahal na habag, lumayo ako sa lahat ng nilikhang bagay. Mapagpalang bigyang-sigla ako, O aking Diyos, sa pamamagitan ng Iyong pagpapala at biyaya, ng iyong kaluwalhatian at karingalan, at ng Iyong nasasakupan at kadakilaan, sapagkat wala akong matagpuan ni isa na makapangyarihan at nakaaalam ng lahat liban sa Iyo. Pangalagaan ako, O aking Diyos, sa pamamagitan ng lakas ng Iyong nananaig at nakasasapat sa lahat na luwalhati at sa pamamagitan ng mga hukbo sa mga kalangitan at sa kalupaan, dahil sa walang sinuman na maaari kong ilagak ang pagtitiwala liban sa Iyo at walang kanlungan liban sa Iyo.
Thou art God, my Lord, Thou knowest my needs, Thou seest my state and art well aware of what hath befallen me by reason of Thy decree, and of the earthly sufferings I have endured by Thy leave and as a token of Thy bounty and favor.	Ikaw ang Diyos, aking Panginoon, Iyong nalalaman ang aking mga pangangailangan, Iyong nakikita ang aking kalagayan at lubos na nababatid kung ano ang nangyari sa akin dahil sa Iyong utos, at ang mga makalupang paghihirap na aking binatá dahilan sa Iyong atas at bilang isang tanda ng Iyong biyaya at kalinga.
The glory of glories and the most resplendent light rest upon Thee, O my God. Thy majesty is so transcendent that no human imagination can reach it and Thy consummate power is so sublime that the birds of men's hearts and minds can never attain its heights. All beings acknowledge their powerlessness to praise Thee as beseemeth Thy station. Immeasurably exalted art Thou. No one can glorify Thy Being, or fathom the evidences of Thy bounty as it exists in Thine inmost Essence, since Thou alone knowest Thyself as Thou art in Thyself.	Ang luwalhati ng mga kaluwalhatian at ang pinakamaringal na liwanag ay mapasa-Iyo, O aking Diyos. Ang Iyong kamaharlikaan ay lubhang nangingibabaw na walang hinagap ng tao ang maaaring makaabot dito at ang Iyong ganap na lakas ay lubhang kahanga-hanga na ang mga ibon ng mga puso at isipan ng mga tao ay hindi kailanman mararating ang mga kataasan nito. Lahat ng tao ay tinatanggap ang kanilang kawalang lakas upang purihin Ikaw nang nararapat sa Iyong katayuan. Hindi matataya ang Iyong kadakilaan. Walang sinuman ang makaluluwalhati sa Iyong Katauhan, o matarok ang mga katibayan ng Iyong

	biyaya dahilan sa ito ay nananatili sa Iyong kaloob-loobang Diwa, sapagkat Ikaw lamang ang nakaaalam sa Iyong Sarili, dahilan sa Ikaw ay nasa Iyong Sarili.
I yield praise unto Thee, O Lord our God, for the bounty of having called into being the realm of creation and invention—a praise which shineth resplendent through the potency of Thine inspiration which none other but Thee can befittingly appraise. I glorify Thee moreover and render Thee thanks as beseemeth Thine awe-inspiring presence and the glory of Thine overpowering majesty, for this sublime blessing, this wondrous sign which is manifest in Thy kingdoms of Revelation and Creation.	Nagbibigay-puri ako sa Iyo, O Panginoon aming Diyos, sa biyaya ng pagkakabuo sa kaharian ng paglalalang at paglikha—isang papuri na maringal na nagliliwanag sa pamamagitan ng lakas ng Iyong inspirasyon, na wala maliban sa Iyo ang maaaring makataya nang karapat-dapat. Bukod dito, niluluwalhati ko Ikaw at nagpapasalamat sa Iyo nang nararapat sa Iyong nakapupukaw na kapita-pitagang kamaharlikaan, at ang luwalhati ng Iyong nakalulupig na kamaharlikaan, dito sa napakadakilang pagpapala, dito sa kamangha-manghang palatandaan na nahahayag sa Iyong mga kaharian ng Rebelasyon at Sangnilikha.
All glory be unto Thee. Immeasurably exalted is that which beseemeth Thee. Verily no one hath ever adequately grasped the loftiness of Thy station, nor hath anyone except Thee recognized Thee as beseemeth Thee. Thou art manifest through the outpourings of Thy bounty, while no one besides Thee can fathom the sublimity of Thy Revelation.	Lahat ng luwalhati ay mapasa-Iyo. Di-matatayang kataasan ang nararapat sa Iyo. Tunay na walang sinuman ang may kakayahang makaunawa sa tayog ng Iyong katayuan, ni sinuman na nakakilala sa Iyo ay nararapat sa Iyo. Ikaw ay nahahayag sa pamamagitan ng Iyong bumubuhos na biyaya, samantalang walang sinuman liban sa Iyo ang makatatarok sa kabanalan ng Iyong Rebelasyon.
Magnified be Thy name. Hath aught else save Thee any independent existence so as to be capable of hinting at Thy nature, and doth anyone but Thee possess any trace of identity wherewith I could recognize Thee? All that is known owes its renown to the splendor of Thy Name, the Most Manifest, and every object is deeply stirred by the vibrating influence emanating from Thine invincible Will. Thou art nearer unto all things than all things.	Dakilain ang Iyong Pangalan. Mayroon bang iba liban sa Iyo ang may anumang malayang buhay upang magkaroon ng kakayahan na makapagpahiwatig sa Iyong likas na katangian, at mayroon bang iba liban sa Iyo ang may taglay ng anumang bahid ng pagkakakilanlan upang doon Ikaw ay makilala? Lahat ng nababatid ay utang ang kabantugan nito sa karingalan ng Iyong Pangalan, ang Pinakanahahayag, at bawat bagay ay masidhing napukaw ng nakayayanig na kapangyarihan na nagmumula sa Iyong hindi magagaping Kalooban. Ikaw ay higit na malapit sa lahat ng bagay kaysa sa lahat ng bagay.
Lauded and glorified art Thou. Too exalted is Thy loftiness for the hands of such as are endued with understanding to reach unto Thee, and too profound is Thy fathomless depth for the rivers of men's minds and perceptions to flow out therefrom.	Pinupuri at niluluwalhati Ikaw. Lubhang dakila ang Iyong kataasan upang Ikaw ay maabot ng mga kamay noong mga pinagkalooban ng pang-unawa, at lubhang malalim ang Iyong hindi matarok na kalaliman upang ang mga ilog ng mga isipan ng

	mga tao at ang mga pang-unawa ay makadaloy mula roon.
<i>In the Name of God, the Compassionate, the Merciful.</i>	<i>Sa Ngalan ng Diyos, ang Madamayin, ang Mahabagin.</i>
All praise be unto God Who was Ever-Existent ere created things were called into being, when there was no one else besides Him. He is the One Who hath been Ever-Abiding while no element of His creation did yet exist. Indeed the souls of them that are endued with understanding fail to comprehend the least manifestation of His attributes, and the minds of those who have acknowledged His unity are unable to perceive the most insignificant token of His omnipotence.	Lahat ng papuri ay mapasa-Diyos na Umiiral Kailanman bago binigyan ng buhay ang lahat ng nilikhang bagay, nang walang sinumang iba liban sa Kaniya. Siya yaong kailanman ay Walang-Maliw samantalang walang sangkap sa Kaniyang nilikha ay naroroon na. Tunay, ang mga kaluluwa nila na pinagkalooban ng pang-unawa ay nabigong maunawaan ang pinakabahagyang patunay ng Kaniyang mga katangian, at ang mga isipan noong mga kinilala ang Kaniyang kaisahan ay hindi nahiwatigan ang pinakawalang halaga sa Kaniyang kapangyarihan.
Sanctified art Thou, O Lord my God. The tongues of men fall short in extolling Thy glorious handiwork, how much more then would they falter in lauding the majesty of Thy transcendent power; and since human understanding is sore perplexed to fathom the mystery of a single object of Thy creation, how can anyone ever attain the recognition of Thine Own Being?	Ikaw ay banal, O Panginoon aking Diyos. Ang mga dila ng tao ay nagkulang sa maiging pagpuri sa Iyong maluwalhating gawang-kamay, kung gayon, paano pang higit silang mag-aatubli sa pagbibigay-puri sa kamaharkikaan ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan; at dahil sa pang-unawa ng tao ay lubhang natataranta sa pag-arok sa kahiwagaan ng iisang pakay ng Iyong paglikha, paano magagawa ng sinumang makilala ang Iyong Sariling Pagkatao?
I have known Thee by Thy making known unto me that Thou art unknowable to anyone save Thyself. I have become apprised by the creation Thou hast fashioned out of sheer nonexistence that the way to attain the comprehension of Thine Essence is barred to everyone. Thou art God, besides Whom there is none other God. No one except Thine Own Self can comprehend Thy nature. Thou art without peer or partner. From everlasting Thou hast been alone with no one else besides Thee and unto everlasting Thou wilt continue to be the same, while no created thing shall ever approach Thine exalted position.	Ikaw ay aking nakilala dahil sa Iyong ginawang ipaalam sa akin na Ikaw ay hindi makikilala ng sinuman maliban ang Iyong Sarili. Aking napag-alaman dahilan sa nilikha na Iyong hinubog mula sa lubos na kawalan, na ang paraan upang matamo ang pagka-unawa sa Iyong Diwa ay hinadlangan sa bawat isa. Ikaw ang Diyos, na bukod sa Iyo ay walang ibang Diyos. Walang sinuman liban sa Iyong Sarili Mismo ang makauunawa sa Iyong likas na katangian. Ikaw ay walang kaparis o kasama. Mula sa kawalang-hanggan, Ikaw ay nag-iisa nang walang ibang sinuman ang nasa Iyong tabi, at sa kawalang-hanggan Ikaw ay magpapatuloy na maging gayundin, samantalang walang nilikhang bagay ang kailanman ay makakatulad sa Iyong napakataas na katayuan.

All men, O my God, confess their powerlessness to know Thee as Thou knowest Thine Own Being; the generative impulse Thou hast released is manifest throughout the entire creation, and all created things which Thou hast fashioned are but expressions of Thy wondrous signs. Magnified be Thy name; Thou art immeasurably exalted above the strivings of anyone among Thy creatures to attain Thy recognition as is befitting and worthy of Thee.	Lahat ng tao, O aking Diyos, ay inaamin ang kanilang kawalang-lakas na makilala Ka tulad ng Iyong pagkakakilala sa Iyong Sariling Katauhan; ang mapanlikhang simbuyo na Iyong pinakawalan ay nakikita sa buong sangnilikha, at lahat ng nilikhang bagay na Iyong hinubog ay mga pahayag lamang ng Iyong kamangha-manghang mga palatandaan. Dakilain ang Iyong pangalan; hindi mataya na Ikaw ay higit na napakataas sa mga pagsisikap ng sinuman sa Iyong mga nilikha upang makamtan ang pagkakilala sa Iyo nang naaangkop at karapat-dapat sa Iyo.
Praise be unto Thee! The way in which Thou hast called into being Thy creation out of nonexistence preventeth all created things from recognizing Thee, and the manner in which Thou hast fashioned the creatures, with the limitations imposed upon them, proclaimeth their utter nothingness before the revelations of Thine attributes.	Ang pagpupuri ay mapasa-Iyo! Ang paraan ng Iyong pagbibigay ng buhay sa Iyong nilikha mula sa kawalan ay humadlang sa lahat ng nilikhang bagay upang Ikaw ay kilalanin, at ang paraan ng Iyong paghubog sa mga nilikha, nang may mga pagtatakdang ipinataw sa kanila, ay nagpapahayag ng kanilang ganap na kawalan sa harap ng mga paghahayag ng Iyong mga katangian.
Exalted art Thou, O my God! All mankind are powerless to celebrate Thy glory and the minds of men fall short of yielding praise unto Thee. I bear witness in Thy presence, O my God, that Thou art made known by Thy wondrous tokens and art recognized through the revelations of Thy signs. The fact that Thou hast brought us forth into existence prompteth me to acknowledge before Thee that Thou art immeasurably exalted above our praise, and by virtue of the qualities wherewith Thou hast endowed our beings I testify unto Thee that Thou art transcendent beyond our comprehension.	Ikaw ay dakila, O aking Diyos! Ang buong sangkatauhan ay walang lakas upang ipagbunyi ang Iyong kaluwalhatian, at ang mga isipan ng tao ay kakapusin sa pagbibigay-puri sa Iyo. Sumasaksi ako sa Iyong harapan, O aking Diyos, na Ikaw ay nabatatid dahilan sa Iyong kagila-gilalas na mga palatandaan at nakikilala sa pamamagitan ng mga paghahayag ng Iyong mga palatandaan. Ang katotohanan na Iyo kaming ginawang mabuhay ang nag-udyok sa akin na aminin sa Iyong harapan na higit na hindi mataya ang Iyong kadakilaan sa aming pagpupuri, at dahilan sa mga katangian na Iyong ipinagkaloob sa aming mga buhay, sumasaksi ako sa Iyo na Ikaw ay lubhang higit na nangingibabaw sa aming pang-unawa.
Grant that I may soar to the noblest heights in approaching Thee, and enable me to draw nigh unto Thee through the fragrance of Thy holiness. Thus may all impediments be dissolved by the light of ecstasy, and all remoteness from Thee be dissipated by my attainment unto the seats of reunion, and the subtle veils which have hindered me from entering Thy mansion of glory become so rarified that I may gain admittance into Thy presence, take up my abode near Thee, and voice the expressions of praise wherewith Thou hast described Thine Own	Ipahintulot na ako ay makapailanglang sa pinakadakilang mga kataasan sa paglapit sa Iyo, at gawin akong makalapit sa Iyo sa pamamagitan ng halimuyak ng Iyong kabanalan. Sa gayon, harinawang lahat ng mga balakid ay malusaw ng liwanag ng lubos na kaligayahan, at lahat ng pagkalayo mula sa Iyo ay maparam ng aking nakamtan sa mga luklukan ng muling pagsasama, at ang mahiwagang mga lambong na nakahadlang sa akin upang makapasok sa Iyong mansiyon ng kaluwalhatian ay maging lubhang natatangi na

Self unto me, bearing witness that Thou art God, that there is no God but Thee, the One, the Incomparable, the Ever-Abiding, that Thou dost not beget, neither art Thou begotten, that Thou hast no offspring, no partner, nor is there any protector against humiliation but Thee, and Thou art the Lord of all worlds. I bear witness also that all besides Thee are but Thy creatures, and are held within Thy grasp. No one is favored with means or liveth in want except by Thy Will. Thou art the King of everlasting days and the supreme Ruler. Thy might is potent over all things and all created things exist by Thy Will. All mankind recognize their lowly servitude and confess their shortcomings and naught is there which doth not celebrate Thy praise.	aking makakamtang makapasok sa Iyong kinaroroonan, gumawa ng aking tahanan malapit sa Iyo, at bigkasin ang mga pahayag ng pagpupuri sa Iyong paglalarawan ng Iyong Sarili Mismo sa akin, nagpapatunay na Ikaw ay ang Diyos, na walang Diyos liban sa Iyo, ang Nag-iisa, ang Walang Katulad, ang Mananatili Magpakailanman, na Ikaw ay hindi lumilikha, ni hindi Ikaw nilikha, na Ikaw ay walang anak, walang kasama, ni wala anumang nagtatanggol laban sa pagkapahiya liban sa Iyo, at Ikaw ay ang Panginoon na lahat ng mga daigdig. Sumasaksi rin ako na lahat liban sa Iyo ay Iyong mga nilikha lamang, at hinahawakan sa Iyong kamay. Walang sinuman ang minamabuti dahil sa kayamanan o namumuhay sa kakulangan liban sa Iyong kalooban. Ikaw ang Hari ng walang hanggang mga araw at ang kataas-taasang Pinuno. Ang Iyong kapangyarihan ay higit na malakas sa lahat ng bagay at lahat ng nilikhang bagay ay nananatili sa Iyong Kagustuhan. Kinikilala ng buong sangkatauhan ang kanilang hamak na pagka-alipin at inaamin ang kanilang mga kakulangan at walang hindi nagbubunyi sa pagpupuri sa Iyo.
I beseech Thee, O my God, by the glory of Thy merciful Countenance and by the majesty of Thine ancient Name not to deprive me of the vitalizing fragrance of the evidences of Thy Days—such Days as Thou Thyself hast inaugurated and brought forth.	Sumasamo ako sa Iyo, O aking Diyos, sa kaluwalhatian ng Iyong mahabaging Anyo at sa kamaharlikaan ng Iyong napakagandang Pangalan na huwag ipagkait sa akin ang nagbibigay-siglang halimuyak ng mga katibayan ng Iyong mga Araw—ang gayong mga Araw na Iyo Mismong pinasinayaan at sinimulan.
<i>Thou art God, no God is there but Thee.</i>	<i>Ikaw ang Diyos, walang Diyos liban sa Iyo.</i>
Lauded and glorified art Thou, O Lord my God! Thou art supreme over the realm of being and Thy power pervadeth all created things. Thou holdest the kingdom of creation within Thy grasp and dost call into being in conformity with Thy pleasure.	Purihin at luwalhatiin Ka, O Panginoon aking Diyos! Ikaw ang kataas-taasan sa ibabaw ng kaharian ng tao at ang Iyong kapangyarihan ay laganap sa lahat ng nilikhang bagay. Iyong hawak ang kaharian ng sangnilikha sa loob ng Iyong kamay at binibigyan ng buhay nang naaayon sa Iyong kasiyahan.
All praise be unto Thee, O Lord my God! I beseech Thee by such souls as are eagerly waiting at Thy gate and by those holy beings who have attained the court of Thy presence, to cast upon us the glances of Thy tender compassion and to regard us with the eye of Thy loving providence. Cause our souls to be	Lahat ng papuri ay mapasa-Iyo, O Panginoon aking Diyos! Lumuluhog ako sa Iyo sa pamamagitan ng mga kaluluwang naghihintay nang nananabik sa Iyong pinto at yaong mga banal na tao na makarating sa korte ng Iyong kinaroroonan, na ipukol sa amin ang mga sulyap ng Iyong magiliw na

enkindled with the fire of Thy tender affection and give us to drink of the living waters of Thy bounty. Keep us steadfast in the path of Thine ardent love and enable us to abide within the precincts of Thy holiness. Verily Thou art the Giver, the Most Generous, the All-Knowing, the All-Informed.	malasakit at masdan kami ng paningin ng Iyong mapagmahal na kalinga. Gawin ang aming mga kaluluwa na pagningasin ng apoy ng Iyong madamayng pagmamahal at tulutan kaming inumin ang nakabubuhay na mga tubig ng Iyong biyaya. Panatilihin kaming matatag sa landas ng Iyong maalab na pagmamahal at gawin kaming manahan sa loob ng mga hangganan ng Iyong kabanalan. Sa katunayan, Ikaw ang Tagapagbigay, ang Pinamapagbigay, ang Nakaaalam ng Lahat, ang Nakababatid ng Lahat.
Glorified art Thou, O my God! I invoke Thee by Thy Most Great Name through which the hidden secrets of God, the Most Exalted, were divulged and the kindreds of all nations converged toward the focal center of faith and certitude, through which Thy luminous Words streamed forth for the quickening of mankind and the essence of all knowledge was revealed from that Embodiment of bounty. May my life, my inmost being, my soul and my body be offered up as a sacrifice for the dust ennobled by His footsteps.	Ikaw ang maluwalhati, O aking Diyos! Nananawagan ako sa Iyo sa Iyong Pinakadakilang Pangalan na sa pamamagitan ng natatagong mga lihim ng Diyos, ang Pinakadakila, ay ibinunyag, at ang mga kaanak ng lahat ng mga bansa ay nagtipon tungo sa tampok na sentro ng pagsasampalataya at katiyakan, na sa pamamagitan ng Iyong maliwanag na mga Salita ay dumaloy para sa pagpapasiya ng sangkatauhan at ang diwa ng lahat ng kaalaman ay ipinahayag mula sa Pinakadiwa ng biyaya. Harinawang ang aking buhay, ang kaibuturan ng aking buhay, ang aking kaluluwa, at aking katawan ay maialay bilang isang pagpapakasakit sa alabok na ginawang banal ng mga bakas ng paa Niya.
I earnestly beg Thee, O Lord my God, by Thy most glorious Name whereby Thy sovereignty hath been established and the tokens of Thy might have been manifested, and whereby the oceans of life and of holy ecstasy have surged for the reviving of the moldering bones of all Thy creatures and for the stirring of the limbs of such as have embraced Thy Cause—I earnestly beg Thee to graciously ordain for us the good of this world and of the next, to enable us to gain admission into the court of Thy mercy and loving-kindness and to kindle in our hearts the fire of joy and ecstasy in such wise that the hearts of all men may thereby be attracted.	Marubdob akong lumuluhog sa Iyo, O Panginoon aking Diyos, sa Iyong pinakamaluwalhating Panginoon na sa pamamagitan nito ang Iyong dakilang kapangyarihan ay naitatag at ang mga palatandaan ng Iyong kapangyarihan ay ipinahayag at sa pamamagitan nito ang mga karagatan ng buhay at ng banal na sukdulang kaligayahan ay dumaluyong para sa pagkabuhay na muli ng naagnas na mga buto ng lahat ng Iyong mga nilikha at para sa pagpapakilos ng mga paa't kamay noong mga tumanggap sa Iyong Kapakanan—marubdob akong lumuluhog sa Iyo na mapagpalang itadhana para sa amin ang mabuti sa daigdig na ito at sa susunod, upang magawa naming makapasok sa korte ng Iyong habag at mapagmahal na kagandahang-loob at upang pagningansin sa aming mga puso ang apoy ng kagalakan at sukdulang kaligayahan nang ganoon na ang mga puso ng lahat ng tao sa gayon ay harinawang maakit.

Verily Thou art the All-Powerful, the Protector, the Almighty, the Self-Subsisting.	Sa katunayan Ikaw ang Lubos na Malakas, ang Tagapagtanggol, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Sariling-Ganap.
Glory be unto Thee, O Lord my God! I beg Thee to forgive me and those who support Thy Faith. Verily Thou art the sovereign Lord, the Forgiver, the Most Generous. O my God! Enable such servants of Thine as are deprived of knowledge to be admitted into Thy Cause; for once they learn of Thee, they bear witness to the truth of the Day of Judgment and do not dispute the revelations of Thy bounty. Send down upon them the tokens of Thy grace and grant them, wherever they reside, a liberal share of that which Thou hast ordained for the pious among Thy servants. Thou art in truth the Supreme Ruler, the All-Bounteous, the Most Benevolent.	Luwalhati sa Iyo, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo na patawarin ako at yaong mga nagtataguyod sa Iyong Pananampalataya. Tunay na Ikaw ang naghaharing Panginoon, ang Nagpapatawad, ang Pinakamapagbigay. O aking Diyos! Tulutan yaong mga tagapaglingkod Mo na pinagkaitan ng kaalaman na makapasok sa Iyong Kapakanan; sapagkat kapag nakilala Ka na nila, sumasaksi sila sa katotohanan ng Araw ng Paghuhukom at hindi tumututol sa mga paghahayag ng Iyong pagpapala. Ipagkaloob sa kanila ang mga tanda ng Iyong biyaya at pagkalooban sila, saan man sila nananahan, ng masaganang bahagi na mga bagay na Iyong itinalaga para sa mga relihiyoso sa Iyong mga tagapaglingkod. Ikaw sa katotohanan ang Kataas-taasang Pinuno, ang Lubos na Mapagpala, ang Pinakamabuti.
O my God! Let the outpourings of Thy bounty and blessings descend upon homes whose inmates have embraced Thy Faith, as a token of Thy grace and as a mark of loving-kindness from Thy presence. Verily unsurpassed art Thou in granting forgiveness. Should Thy bounty be withheld from anyone, how could he be reckoned among the followers of the Faith in Thy Day?	O aking Diyos! Tulutang ang mga daloy ng Iyong biyaya at mga pagpapala ay manaog sa mga tahanan kung saan tinanggap ng mga naninirahan ang Iyong Pananampalataya, bilang sagisag ng Iyong pagpapala at tanda ng masuyong kabaitan mula sa Iyong kinaroroonan. Tunay na wala Kang kapantay sa pagbibigay ng kapatawaran. Kung ang Iyong biyaya ay ipagkakait sa sinuman, paano siya maituturing na kabilang sa mga tagasunod ng Pananampalataya sa Iyong Araw?
Bless me, O my God, and those who will believe in Thy signs on the appointed Day, and such as cherish my love in their hearts—a love which Thou dost instill into them. Verily Thou art the Lord of righteousness, the Most Exalted.	Pagpalain ako, O aking Diyos, at silang mga maniniwala sa Iyong mga tanda sa itinakdang Araw, at silang mga minimithi ang pag-ibig sa akin sa kanilang mga puso—isang pag-ibig na Iyong itinanim sa kanila. Tunay na Ikaw ang Panginoon ng pagkamatwid, ang Pinakadakila.
Immeasurably exalted art Thou, O my God, above the endeavors of all beings and created things to praise Thee and recognize Thee. No creature can ever comprehend Thee as beseemeth the reality of Thy holy Being and no servant can ever worship Thee as is worthy of Thine unknowable Essence. Praise be unto Thee; too high is Thine exalted Self	Hindi matayang higit na dakila Ka, O aking Diyos, sa mga pagsisikap ng lahat ng tao at nilikhang bagay upang Ikaw ay purihin at Ikaw ay kilalanin. Walang nilikha ang makauunawa kailanman sa Iyo nang naaangkop sa realidad ng Iyong banal na Sarili at walang tagapaglingkod ang kailanman ay makasasamba sa Iyo nang karapat-dapat sa Iyong di-mabatid na Diwa. Ang pagpupuri ay mapasa-Iyo;

for any allusions proceeding from Thy creatures ever to gain access unto Thy presence.	lubhang mataas ang Iyong Sarili para sa anumang mga pahiwatig na nagmumula sa Iyong mga nilikha upang kailanman ay makarating sa Iyong kinaroroonan.
Whenever, O my God, I soared into Thy holy atmosphere and attained the inmost spirit of prayerfulness unto Thee, I was led to recognize that Thou art inaccessible and that no mention of Thee can ever reach Thy transcendent court. Therefore I turn towards Thy Loved Ones—They upon Whom Thou hast graciously conferred Thine Own station that They might manifest Thy love and Thy true knowledge. Bless Them then, O my God, with every distinction and goodly gift which Thy knowledge may reckon within the domain of Thy power.	O aking Diyos, kailanman na pumailanglang ako sa Iyong banal na papawirin at nakarating sa kaibuturan ng diwa ng pagkamadasalin sa Iyo, ako ay pinatnubayang maunawaan na Ikaw ay hindi malalapitan at walang pagbanggit sa Iyo ang kailanman ay makaaabot sa Iyong hindi mapapantayang korte. Samakatwid ako ay bumabaling sa Iyong mga Minamahal—Sila na sa Kanila ay Iyong magiliw na ipinagkaloob ang Iyong pagmamahal at ang Iyong tunay na kaalaman. Pagpalain Sila kung gayon, O aking Diyos, sa pamamagitan ng bawat katangian at mabuting handog na maisasaalang-alang ng Iyong kaalaman sa loob ng saklaw ng Iyong kapangyarihan.
O my God, my Lord and my Master! I swear by Thy might and glory that Thou alone and no one else besides Thee art the ultimate Desire of all men, and that Thou alone and none other save Thee art the Object of adoration. O my God! The paths of Thine inaccessible glory have prompted me to voice these words and the ways of Thine unattainable heights have guided me to make these allusions. Exalted art Thou, O my God! The evidences of Thy revelation are too manifest for me to need to refer to aught else save Thyself, and the love I cherish for Thee is far sweeter to my taste than the knowledge of all things and freeth me from the need to seek anyone's knowledge other than Thine.	O aking Diyos, aking Panginoon at aking Pinuno! Sumusumpa ako sa Iyong kapangyarihan at kaluwalhatian na Ikaw lamang at walang iba pa liban sa Iyo ang pangwakas na Hangarin ng lahat ng tao, at na Ikaw lamang at walang iba liban sa Iyo ang Pakay ng pagsamba. O aking Diyos! Ang mga landas sa Iyong di-maaaring marating na kaluwalhatian ay nag-udyok sa akin na sambitin ang mga salitang ito at ang mga paraan sa Iyong di-maabot na mga kataasan ay pinatnubayan ako na gawin ang mga pahiwatig na ito. Dakila Ikaw, O aking Diyos! Ang mga katibayan ng Iyong ipinahayag ay lubhang maliwanag sa akin upang mangailangan pang sumangguni sa iba liban sa Iyong Sarili, at ang pagmamahal na aking itinatangi para sa Iyo ay higit na matamis sa aking panlasa kaysa sa kaalaman sa lahat ng bagay, at pinalalaya ako upang maghanap ng kaalaman sa sinuman liban sa Iyo.
All praise be unto Thee, O my Lord. I verily believe in Thee, as Thou art in Thyself; and of Thee, as Thou art in Thyself, I beg forgiveness for myself and on behalf of all mankind.	Lahat ng pagpupuri ay mapasa-Iyo, O aking Panginoon! Ako, sa katunayan, ay nananalig sa Iyo, sapagkat Ikaw ay nasa Iyong Sarili; at Ikaw bilang nasa Iyong Sarili, ako ay lumuluhog ng kapatawaran para sa aking sarili at sa ngalan ng buong sangkatauhan.

O my God! Wholly have I fled unto Thy face and have cast myself before Thee and no power have I over aught in Thy holy presence. Shouldst Thou chastise me with Thy might, Thou wouldst assuredly be just in Thy decree; and wert Thou to bestow every goodly gift on me, Thou wouldst indeed be most generous and bountiful. Verily Thou art independent of all the peoples of the world.	O aking Diyos! Ganap akong lumayo sa Iyong mukha at inihagis ang aking sarili sa Iyong harapan at wala akong higit na lakas sa Iyong banal na harapan. Kung Iyo akong parurusahan ng Iyong kapangyarihan, nakatitiyak na Ikaw ay makatarungan sa Iyong utos; at kung Iyong ipagkakaloob sa akin ang bawat mabuting handog, tunay na Ikaw ay magiging pinakamapagkaloob at bukas-palad. Sa katunayan, Ikaw ay malaya sa lahat ng mga tao ng daigdig.
I have sought reunion with Thee, O my Master, yet have I failed to attain thereto save through the knowledge of detachment from aught save Thee. I have yearned for Thy love, but failed to find it except in renouncing everything other than Thyself. I have been eager to worship Thee, yet have I failed to achieve Thy adoration, except by loving those who cherish Thy love. No one do I recognize, O my God, except Thee. Thou art incomparable and hast no partner. Thou alone knowest our shortcomings and none other hath this knowledge. I beg Thy forgiveness for whatever doth displease Thee.	Hinangad ko ang muling pakikisama sa Iyo, O aking Pinuno, subalit ako ay nabigong matamo iyon liban sa kaalaman ng pagkawalay sa anuman liban sa Iyo. Aking pinanabikan ang Iyong pagmamahal, ngunit nabigong matagpuan ito liban sa pagkawalay sa lahat ng bagay liban sa Iyong Sarili. Naging masigasig ako sa pagsamba sa Iyo, subalit nabigong matamo ko ang Iyong matimyas na pagmamahal, liban sa pagmamahal doon sa mga nagtatangi sa Iyong pagmamahal. Wala akong nakikilala, aking Diyos, liban sa Iyo. Ikaw ay walang katulad at walang kasama. Ikaw lamang ang nakaalam ng aming mga pagkukulang at walang iba ang may kaalamang ito. Lumuluhog ako sa Iyong kapatawaran sa anumang hindi nakasisiya sa Iyo.
I call upon Thee at all times with the tongue of Thine inspiration, saying: "Thou art in truth the All-Possessing, the Peerless. No God is there but Thee. Immeasurably far and exalted art Thou above the descriptions of those who arrogantly assign peers unto Thee."	Nananawagan ako sa Iyo sa lahat ng oras, sa pamamagitan ng dila ng Iyong inspirasyon, sinasabi: 'Ikaw sa katotohanan ay ang Nagmamay-ari ng Lahat, ang Walang Kaparis. Walang Diyos liban sa Iyo. Malayong higit na di-mataya at dakila Ikaw kaysa sa mga paglalarawan noong mga palalong nagtakda sa Iyo ng mga kaparis.
All majesty and glory, O my God, and all dominion and light and grandeur and splendor be unto Thee. Thou bestowest sovereignty on whom Thou wilt and dost withhold it from whom Thou desirest. No God is there but Thee, the All-Possessing, the Most Exalted. Thou art He Who createth from naught the universe and all that dwell therein. There is nothing worthy of Thee except Thyself, while all else but Thee are as outcasts in Thy holy presence and are as nothing when compared to the glory of Thine Own Being.	Mapasa-Iyo ang lahat ng kamaharlikaan at kaluwalhatian, O aking Diyos, at lahat ng kapangyarihan at liwanag at karangyaan at karingalan. Iyong ipinagkaloob ang kapangyarihan sa kaniya na Iyong niloloob at ipinagkakait ito sa kaniya na Iyong ninanais. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Nagmamay-ari ng Lahat, ang Pinakadakila. Mula sa kawalan Ikaw ang Siyang lumikha ng santinakpan at ng lahat ng nananahan doon. Walang karapat-dapat sa Iyo maliban ang Iyong Sarili samantalang ang lahat ng iba liban sa Iyo ay tulad ng mga pinalayas sa Iyong banal na kinaroroonan at

	bilang mga walang halaga kapag inihambing sa kaluwalhatian ng Iyong Sariling Pagkatao.
Far be it from me to extol Thy virtues save by what Thou hast extolled Thyself in Thy weighty Book where Thou sayest, “No vision taketh in Him but He taketh in all vision. He is the Subtile, the All-Perceiving.” ¹⁵⁶ Glory be unto Thee, O my God, indeed no mind or vision, however keen or discriminating, can ever grasp the nature of the most insignificant of Thy signs. Verily Thou art God, no God is there besides Thee. I bear witness that Thou Thyself alone art the sole expression of Thine attributes, that the praise of no one besides Thee can ever attain to Thy holy court nor can Thine attributes ever be fathomed by anyone other than Thyself.	Malayo para sa akin na purihing maigi ang Iyong mga katangian maiban doon sa Iyo nang ipinuring maigi sa Iyong Sarili. Sa Iyong mahalagang Aklat kung saan Iyong sinasabi, ‘Walang pananaw ang kinukuha sa Kaniya sa halip kinukuha Niya ang lahat ng pananaw. Siya ang Mahiwaga, ang Nakahihiwatig ng Lahat.’ ¹⁵⁷ Ang luwalhati ay mapasa-Iyo, O aking Diyos, tunay na walang isipan o pananaw, gaanuman katalas o katangi-tangi, ang makauunawa kailanman sa likas na katangian ng lubos na walang halaga sa Iyong mga palatandaan. Sa katunayan, Ikaw ang Diyos, walang Diyos liban sa Iyo. Sumasaksi ako na Ikaw lamang Mismo ang tanging pagpapahayag ng Iyong mga katangian, na walang papuri ng sinuman bukod ng sa Iyo ang kailanman ay maaaring makarating sa Iyong banal na korte ni ang Iyong mga katangian ay maaarok kailanman ng sinuman kundi ng Iyong Sarili.
Glory be unto Thee, Thou art exalted above the description of anyone save Thyself, since it is beyond human conception to befittingly magnify Thy virtues or to comprehend the inmost reality of Thine Essence. Far be it from Thy glory that Thy creatures should describe Thee or that anyone besides Thyself should ever know Thee. I have known Thee, O my God, by reason of Thy making Thyself known unto me, for hadst Thou not revealed Thyself unto me, I would not have known Thee. I worship Thee by virtue of Thy summoning me unto Thee, for had it not been for Thy summons I would not have worshipped Thee. Lauded art Thou, O my God, my trespasses have waxed mighty and my sins have assumed grievous proportions. How disgraceful my plight will prove to be in Thy holy presence. I have failed to know Thee to the extent Thou didst reveal Thyself unto me; I have failed to worship Thee with a devotion worthy of Thy summons; I have failed to obey Thee through not treading the path of Thy love in the manner Thou didst inspire me.	Luwalhati nawa sa Iyo, Ikaw ay higit pa sa paglalarawan ng sinuman liban sa Iyong Sarili, dahil labas sa kakayahan ng tao ang purihin nang nararapat ang Iyong mga kabutihan o unawain ang kaibuturang realidad ng Iyong Diwa. Malayo sa Iyong kaluwalhatian na mailarawan Ka ng Iyong mga nilikha o na makilala Ka ng sinuman liban sa Iyong sarili. Ikaw ay nakilala ko, O aking Diyos, dahilan sa ipinakilala Mo ang Iyong sarili sa akin, sapagkat kung hindi Mo inihayag ang Iyong sarili sa akin, Ikaw ay hindi ko sana makikilala. Sumasamba ako sa Iyo dahilan sa Iyong pagtawag sa akin tungo sa Iyo, sapagkat kung hindi sa Iyong pagtawag ay hindi ako sasamba sa Iyo. Purihin Ka, O aking Diyos, ang aking mga pagkakasala ay lubhang tumindi at ang aking mga kasalanan ay naging masidhi ang bigat. Gaano kahiya-hiya na ang aking kalagayan ay mapapatunayang ganoon sa Iyong banal na harapan. Nabigo akong makilala Ka sa abot ng Iyong ipinahayag sa Iyong Sarili sa akin; nabigo akong sambahin Ka nang may pagtitika na karapat-dapat sa Iyong mga utos; ako ay nabigong sumunod sa Iyo dahilan sa hindi pagtahak sa landas

¹⁵⁶ Qur’án 6:103.

¹⁵⁷ Qur’án 6:103.

	ng Iyong pagmamahal sa paraan na Iyo akong binigyan ng inspirasyon.
Thy might beareth me witness, O my God, what befitteth Thee is far greater and more exalted than any being could attempt to accomplish. Indeed nothing can ever comprehend Thee as is worthy of Thee nor can any servile creature worship Thee as beseemeth Thine adoration. So perfect and comprehensive is Thy proof, O my God, that its inner essence transcendeth the description of any soul and so abundant are the outpourings of Thy gifts that no faculty can appraise their infinite range.	Sumasaksi ako sa Iyong kapangyarihan, O aking Diyos, ang naaangkop sa Iyo ay di palak na nakahihigit at higit na dakila kaysa sa anumang tatangkaing makamtan ng tao. Tunay na walang makauunawa kailanman sa Iyo na karapat-dapat sa Iyo ni anumang nilikhang alipin ang makasasamba sa Iyo nang angkop sa Iyong matimyas na pagmamahal. Lubhang sukdulan at ganap ang Iyong katunayan, O aking Diyos, na ang naloloob na diwa nito ay nangingibabaw sa paglalarawan ng sinumang kaluluwa, at lubhang masagana ang mga pagdaloy ng Iyong mga handog na walang isipan ang makatataya sa kanilang walang hanggang saklaw.
O my God! O my Master! I beseech Thee by Thy manifold bounties and by the pillars which sustain Thy throne of glory, to have pity on these lowly people who are powerless to bear the unpleasant things of this fleeting life, how much less then can they bear Thy chastisement in the life to come—a chastisement which is ordained by Thy justice, called forth by Thy wrath and will continue to exist forever.	O aking Diyos! O aking Pinuno! Lumuluhog ako sa Iyo sa pamamagitan ng Iyong maraming mga biyaya at sa mga haliging sumusuhay sa Iyong trono ng kaluwalhatian, na kaawaan ang mga hamak na taong ito na walang lakas batahin ang hindi nakalulugod na mga bagay sa panandaliang buhay na ito, paano pa nila mababatá, kung gayon, ang Iyong kaparusahan sa darating na buhay—isang kaparusahan na iniutos ng Iyong katarungan, itinadhana ng Iyong matinding galit at magpapatuloy na manatili sa kawalang-hanggan.
I beg Thee by Thyself, O my God, my Lord and my Master, to intercede in my behalf. I have fled from Thy justice unto Thy mercy. For my refuge I am seeking Thee and such as turn not away from Thy path, even for a twinkling of an eye—they for whose sake Thou didst create the creation as a token of Thy grace and bounty.	Lumuluhog ako sa Iyo, sa Iyong Sarili, O aking Diyos, aking Panginoon at aking Pinuno, na mamagitan para sa akin. Tinakasan ko ang Iyong katarungan patungo sa Iyong habag. Hinahanap ko Ikaw para sa aking panganganlong at nang sa gayon ay hindi lumayo sa Iyong landas, kahit na sa isang kisap ng mata—na alang-alang sa kanila ay Iyong nilikha ang sangnilikha bilang isang palatandaan ng Iyong pagpapala at biyaya.
O my God! There is no one but Thee to allay the anguish of my soul, and Thou art my highest aspiration, O my God. My heart is wedded to none save Thee and such as Thou dost love. I solemnly declare that my life and death are both for Thee. Verily Thou art incomparable and hast no partner.	O aking Diyos! Walang sinuman liban sa Iyo ang makapagpapagaan sa dalamhati ng aking kaluluwa, at Ikaw ang aking pinakamataas na minimithi, O aking Diyos. Ang aking puso ay nakiisang-dibdbib sa walang iba liban sa Iyo at sa yaong mga minamahal Mo. Taimtim kong ipinapahayag na ang aking buhay at kamatayan ay kapuwa para sa Iyo. Sa

	katunayan, Ikaw ay walang katulad at walang kasama.
O my Lord! I beg Thee to forgive me for shutting myself out from Thee. By Thy glory and majesty, I have failed to befittingly recognize Thee and to worship Thee, while Thou dost make Thyself known unto me and callest me to remembrance as beseemeth Thy station. Grievous woe would betide me, O my Lord, wert Thou to take hold of me by reason of my misdeeds and trespasses. No helper do I know of other than Thee. No refuge do I have to flee to save Thee. None among Thy creatures can dare to intercede with Thyself without Thy leave. I hold fast to Thy love before Thy court, and, according to Thy bidding, I earnestly pray unto Thee as becometh Thy glory. I beg Thee to heed my call as Thou hast promised me. Verily Thou art God; no God is there but Thee. Alone and unaided, Thou art independent of all created things. Neither can the devotion of Thy lovers profit Thee, nor the evil doings of the faithless harm Thee. Verily Thou art my God, He Who will never fail in His promise.	O aking Panginoon! Sumasamo ako sa Iyo na patawarin ako sa aking paglayo sa Iyo. Saksi ang Iyong kaluwalhatian at kamahalan, nabigo akong marapat na kilalanin Ka at sambahin Ka, samantalang Iyong ginawang mahayag ang Iyong sarili sa akin at tinatawagan akong gunitain ka sang-ayon sa nararapat sa Iyong katayuan. Malubhang pighati ang sasapit sa akin, O aking Panginoon, kung ako ay Iyong susupilin dahil sa aking masamang mga gawa at kasalanan. Wala akong nalalaman na tutulong liban sa Iyo. Wala akong kanlungang matatakbuhan liban sa Iyo. Wala sa Iyong mga nilalang ang mangangahas na mamagitan sa Iyong Sarili nang wala Kang pahintulot. Ako ay mahigpit na nakapangapit sa Iyong pag-ibig sa harap ng Iyong korte, at sang-ayon sa Iyong utos, ako ay taimtim na nananalangin sa Iyo nang nararapat sa Iyong luwalhati. Nagmamakaawa ako sa Iyong pakinggan ang aking pagsamo tulad ng Iyong ipinangako sa akin. Tunay na Ikaw ang Diyos; walang Diyos liban sa Iyo. Nag-iisa at walang katulong, Ikaw ay malaya sa lahat ng nilalang na bagay. Hindi Ka nakikinabang sa pamimintuho ng mga umiibig sa Iyo, ni hindi Ka napipinsala ng masamang mga gawa ng mga lilo. Tunay na Ikaw ang aking Diyos, Siyang hindi kailanman sisira sa Kaniyang pangako.
O my God! I beseech Thee by the evidences of Thy favor, to let me draw nigh to the sublime heights of Thy holy presence, and protect me from inclining myself toward the subtle allusions of aught else but Thee. Guide my steps, O my God, unto that which is acceptable and pleasing to Thee. Shield me, through Thy might, from the fury of Thy wrath and chastisement, and hold me back from entering habitations not desired by Thee.	O aking Diyos! Sumasamo ako sa Iyo sa mga katibayan ng Iyong kalinga, na tulutang makalapit ako sa napakataas na mga ruok ng Iyong banal na kinaroroonan, at pangalagaan ako mula sa pagkiling ng aking sarili sa disimuladong mga pagpaparamdam ng sinuman liban sa Iyo. Patnubayan ang aking mga hakbang, O aking Diyos, doon sa katanggap-tanggap at nakalulugod sa Iyo. Ipagsanggalang ako, sa pamamagitan ng Iyong lakas, mula sa ngitngit ng Iyong poot at parusa, at pigilan ako mula sa pagpasok sa mga tahanang hindi kanais-nais sa Iyo.
O my God! I have failed to know Thee as is worthy of Thy glory, and I have failed to fear Thee as becometh my station. How can I make mention of Thee when I am in this condition, and how can I set	O aking Diyos! Ako ay nabigong kilalanin Ka tulad nang nararapat sa Iyong kaluwalhatian, at nabigo akong mangamba sa Iyo tulad nang naaangkop sa aking katayuan. Paano ko Ikaw mababanggit kung ako ay nasa ganitong kalagayan, at paano ko

my face towards Thee when I have fallen short of my duty in worshipping Thee?	maibabaling ang aking mukha tungo sa Iyo kung ako ay nagkulang sa aking tungkulin sa pagsamba sa iyo?
Thou didst not call me into being to demonstrate the potency of Thy might which is unmistakably manifest and evident; for Thou art God Who everlastingly existed when there was naught. Rather Thou didst create us through Thy transcendent power that a bare mention may be graciously made of us before the resplendent manifestation of Thy Remembrance.	Hindi Mo ako nilalang upang ipakilala ang bisa ng Iyong kapangyarihang hindi mapag-aalinlanganang hayag at malinaw; sapagkat Ikaw ang Diyos na umiiral magpakailanman noong walang umiiral. Sa halip ay Iyong nilikha kami sa pamamagitan ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan upang magkaroon ng bahagyang pagbanggit sa amin sa harap ng maningning na kahayagan ng Iyong Alaala.
I have no knowledge of Thee, O my God, but that which Thou hast taught me whereby I might recognize Thy Self—a knowledge which reflecteth only my failure and sinfulness. Here am I then, O my God, wholly consecrated unto Thee, willing to do what Thou desirest. Humbly I cast myself before the revelations of Thy mercy, confessing that Thou art God, no God is there but Thee, and that Thou art incomparable, hast no partner and naught is there like Thee. Unto this Thou Thyself bearest witness, as well becometh Thy glory.	Salat ako sa kaalaman sa Iyo, O aking Diyos, kundi yaon lamang Iyong itinuro sa akin upang aking makilala ang Iyong Sarili—isang kaalaman na naglalarawan lamang sa aking kabiguan at pagkamakasalanan. Naririto ako, kung gayon, O aking Diyos, ganap na nagtitika sa Iyo, nahahandang gawin ang anumang Iyong ninanais. Mapagpakumbabang nagpapatirapa ako sa harap ng mga pagbubunyag ng Iyong habag, tinatanggap na Ikaw ay Diyos, walang Diyos liban sa Iyo, at Ikaw ay walang kahambing, walang kasamang katulong at Ikaw ay walang makakawangis. Dito, Ikaw Mismo ay sumasaksi, tulad nang naaangkop sa Iyong kaluwalhatian.
<i>He is God, the Sovereign Ruler, the Ever-Living, He Whose help all men implore.</i>	<i>Siya ang Diyos, ang Pinakamakapangyarihang Pinuno, ang Nabubuhay Kailanman, Siya na ang Kaniyang tulong ay ipinanalangin ng lahat ng tao.</i>
Lauded and glorified art Thou, O Lord! Both the world of existence and the souls of men bear witness that Thou art transcendent above the revelations of Thy handiwork, and the bearers of Thy names and attributes proclaim that Thou art immeasurably exalted above such praise as the dwellers of the dominions of creation and invention may render unto Thee. All appearances and realities indicate the oneness of Thine Essence, and all evidences and signs reflect the truth that Thou art God and there is no peer or partner for Thee throughout the kingdoms of heaven and earth.	Purihin at luwalhatiin Ikaw, O Panginoon! Kapuwa ang daigdig ng buhay at ng mga kaluluwa ng tao ay sumasaksi na Ikaw ay higit na nangingibabaw kaysa sa mga paghahayag ng Iyong gawang-kamay, at ang mga nagtataglay ng Iyong mga pangalan at mga katangian ay ipinahahayag na Ikaw ay di-matayang higit na dakila kaysa sa gayong papuri na maibibigay sa Iyo ng mga nananahan sa mga kaharian ng nilikha at pagkatha. Lahat ng mga palatandaan at mga katotohanan ay nagpapahiwatig ng kaisahan ng Iyong Diwa, at lahat ng mga katibayan at mga palatandaan na naglalarawan sa katotohanan na Ikaw ang Diyos at walang kaparis o kasama para sa Iyo sa buong mga kaharian ng langit at lupa.

Immensely high and sanctified art Thou, O Lord! Thy divine Being testifieth that Thou art inscrutable to all that dwell in Thy realm of existence, and Thine inmost Essence proclaimeth that Thou art far above the description of those who reveal Thy glory.	Ikaw ay lubhang mataas at banal, O Panginoon! Ang Iyong banal na Katauhan ay nagpapatunay na Ikaw ay hindi malirip ng lahat ng naninirahan sa Iyong kaharian ng nabubuhay, at ang kaibuturan ng Iyong Diwa ay nagpapahayag na Ikaw ay di palak na higit na mataas sa paglalarawan noong nagpapahayag ng Iyong kaluwalhatian.
The signs which the sanctified essences reveal and the words which the exalted realities express and the allusions manifested by the ethereal entities all proclaim that Thou art immeasurably exalted above the reach of the embodiments of the realm of being, and all solemnly affirm that Thou art immensely high above the description of such as are wrapt in the veils of fancy.	Ang mga palatandaan na ipinahayag ng mga banal na diwa at ang mga salita na ipinahayag ng dakilang mga katotohanan at ang mga pahiwatig na ipinakita ng makalangit na mga tao ay ipinapahayag ng lahat na Ikaw ay di-matayang higit na dakila kaysa sa abot ng mga paglalarawan ng kaharian ng tao, at lahat ay taimtim na pinagtitiyay na Ikaw ay lubhang napakataas sa paglalarawan ng gayong mga nababalot ng mga lambong ng guniguni.
Praise be unto Thee, O Lord! Thy divine Being is a sure testimony of the oneness of Thine inmost Essence and Thy supreme divinity beareth witness to the unity of Thy Self, and the realities of all created things testify that no tie of intercourse bindeth Thee to anything in the kingdom of creation which Thou hast fashioned.	Ang pagpupuri ay mapasa-Iyo, O Panginoon! Ang Iyong banal na Katauhan ay isang tiyak na patunay sa kaisahan ng Iyong kaloob-loobang Diwa at ang Iyong kataas-taasang kabanalan ay sumasaksi sa pagkakaisa ng Iyong Sarili, at ang mga kaganapan ng lahat ng nilikhang bagay ay nagpapatunay na walang bigkis ng pagsasamahan ang nagbibigkis sa Iyo sa anumang bagay sa kaharian ng sangnilikha na Iyong binigyang-anyo.
Every man of perception who hath scaled the noble heights of detachment, and every man of eloquence who hath attained the most sublime station, beareth witness that Thou art God, the Incomparable, and that Thou hast assigned no associate unto Thyself in the kingdom of creation, nor is there anyone to compare with Thee in the realm of invention. Men of wisdom, who had but a notion of the revelation of Thy glory, conceived a likeness of Thee according to their own understanding, and men of erudition, who had gained but a glimpse of the manifold evidences of Thy loving-kindness and glory, have contrived peers for Thee in conformity with their own imaginations.	Bawat taong nakauunawa na nakaakyat sa dakilang mga kataasan ng pagkawalay, at bawat tao na magandang magsalita na nakamtan ang pinakadakilang katayuan, ay sumasaksi na Ikaw ay ang Diyos, ang Walang Katulad, at na Ikaw ay hindi humirang ng kasama ng Iyong Sarili sa kaharian ng nilikha, ni mayroong sinumang maihahambing sa Iyo sa Kaharian ng pagkatha. Ang mga tao ng karunungan, na nagkaroon lamang ng isang palagay sa paghahayag ng Iyong kaluwalhatian, ay nakaisip ng isang Iyong nakakawangis sang-ayon sa kanilang sariling pagkaunawa, at ang mga taong may katalinuhan, na nakapagtamo lamang ng isang sulyap sa napakaraming mga katibayan ng Iyong mapagmahal na kagandahang-loob at kaluwalhatian, ay nakalikha ng mga kapantay para sa Iyo nang naaayon sa kanilang sariling mga hinagap.

Glorified, immeasurably glorified art Thou, O Lord! Every man of insight is far astray in his attempt to recognize Thee, and every man of consummate learning is sore perplexed in his search after Thee. Every evidence falleth short of Thine unknowable Essence and every light retreateth and sinketh below the horizon when confronted with but a glimmer of the dazzling splendor of Thy might.	Maluwalhati, di mataya na Ikaw ay maluwalhati, O Panginoon! Bawat tao na may maliwanag na pang-unawa ay malayong naliligaw sa Kaniyang pagsisikap na Ikaw ay makilala, at bawat tao na may ganap na karunungan ay lubhang nataranta sa kaniyang pagsasaliksik sa Iyo. Bawat katibayan ay hindi maabot ang Iyong di-mabatid na Diwa at bawat liwanag ay umuurong at lumulubog sa ilalim ng guhit-tagpuan kapag hinarap ng kahit isang kislap ng nakasisilaw na kaningningan ng Kaniyang kapangyarihan.
Bestow on me, O my Lord, Thy gracious bounty and benevolent gifts and grant me that which beseemeth the sublimity of Thy glory. Aid me, O my Lord, to achieve a singular victory. Open Thou the door of unfailing success before me and grant that the things Thou hast promised may be close at hand. Thou art in truth potent over all things. Refresh my heart, O my God, with the living waters of Thy love and give me a draught, O my Master, from the chalice of Thy tender mercy. Let me abide, O my Lord, within the habitation of Thy glory, and suffer me, O my God, to emerge from the darkness in which Thy divine obscurity is shrouded. Enable me to partake of every good Thou hast vouchsafed unto Him Who is the Point and unto such as are the exponents of His Cause, and ordain for me that which beseemeth Thee and well becometh Thy station. Do Thou graciously forgive me for the things that I have wrought in Thy holy presence, and look not upon me with the glance of justice, but rather deliver me through Thy grace, treat me with Thy mercy and deal with me according to Thy bountiful favors, as is worthy of Thy glory.	Ipagkaloob sa akin, O aking Panginoon, ang Iyong magiliw na biyaya at kaaya-ayang mga handog at ibigay sa akin yaong naaangkop sa kadakilaan ng Iyong kaluwalhatian. Tulungan ako, O aking Panginoon, na makapagtamo ng isang bukod-tanging tagumpay. Iyong buksan ang pinto ng walang-maliw na tagumpay sa harap ko at itulot na yaong mga bagay na Iyong ipinangako ay harinawang maging malapit na. Ikaw sa katotohanan ay higit na malakas sa lahat ng bagay. Panariwain ang aking puso, O aking Panginoon, ng nabubuhay na mga tubig ng Iyong pagmamahal at bigyan ako ng isang tungga, O aking Pinuno, mula sa kalis ng Iyong mapagmahal na habag. Itulot na manahan ako, O aking Panginoon, sa loob ng tahanan ng Iyong kaluwalhatian, at pahintulutan ako, O aking Diyos, na makalabas mula sa karimlan na lumambong sa Iyong banal na pangungubli. Gawin akong makabahagi sa bawat kabutihan na Iyong minarapat sa Kaniya na Siyang Panimulang Tuldok at sa gayong mga tagapaglingkod ng Kaniyang Kapakanan, at itadhana para sa akin yaong naaayon sa Iyo at lubos na nararapat sa Iyong katayuan. Harinawang Iyong mapagpalang patawarin ako sa mga bagay na aking ginawa sa Iyong banal na kinaroroonan, at huwag akong tingnan nang may sulyap ng katarungan, subalit sa halip ay iadya ako sa pamamagitan ng Iyong pagpapala, pakitunguhan ako nang Iyong habag at gawin sa akin ang naaayon sa Iyong masaganang mga pagtatangi, tulad ng nararapat sa Iyong kaluwalhatian.
Thou art the Ever-Forgiving, the All-Glorious, the Bestower of favors and gifts, the Lord of grace abounding. Verily no God is there but Thee. Thou art the All-Possessing, the Most High.	Ikaw ang Laging Nagpapatawad, ang Lubos na Maluwalhati, ang Nagbibigay ng mga kagandahang-loob at mga handog, ang Panginoon ng masaganang pagpapala. Sa katunayan, walang

	Diyos liban sa Iyo. Ikaw ang Nagmamay-ari ng Lahat, ang Pinakamataas.
Sanctified art Thou, O Lord, Thou unto Whom all render thanksgiving. Whatever I may affirm of Thee would be but a wanton crime before Thee, and whatever mention I may choose to make of Thee would be the essence of transgression, and whatever the praise whereby I may glorify Thee, it would amount to sheer blasphemy. No one else besides Thee hath been or will ever be able to fathom Thy mystery, neither hath anyone succeeded nor will anyone succeed at any time in discovering Thine Essence.	Ikaw ay banal, O Panginoon, Ikaw na sa Kaniya ang lahat ay nagbibigay ng pasasalamat. Anuman ang aking patutunayan tungkol sa Iyo ay magiging isang walang pakundangang mabigat na kasalanan lamang sa Iyong harapan, at anumang pagbanggit ang piliin ko ay magiging diwa ng pagkakasala, at anumang pagpupuri upang Ikaw ay aking luwalhatiin, ito ay makakatumbas ng malinaw na kalapastanganan. Walang iba liban sa Iyo ang nagkaroon at kailanman ay magkakaroon ng kakayahang maarok ang Iyong kahiwagaan, ni sinuman ay nagtagumpay ni sinuman ay magtatagumpay sa anumang oras na matuklasan ang Iyong Diwa.
Magnified art Thou! No God is there but Thee. Thou art in truth the Supreme Ruler, the Help in Peril, the Most High, the Incomparable, the Omnipotent, the All-Powerful. Verily Thou art mighty in Thy prowess, the Lord of transcendent glory and majesty.	Dakila Ikaw! Walang Diyos liban sa Iyo. Ikaw sa katotohanan ang Kataas-taasang Hari, ang Tulong sa Panganib, ang Pinakamataas, ang Walang Katulad, ang Makapangyarihan, ang Lubos na Malakas. Sa katunayan, Ikaw ay makapangyarihan sa Iyong kagitingan, ang Panginoon ng nangingibabaw na kaluwalhatian at kamaharlikaan.
Protect Thou, O God, whosoever learneth this prayer by heart and reciteth it in the daytime and in the night season. Verily Thou art God, the Lord of creation, the All-Sufficing. Thou art faithful to Thy promise and doest whatsoever Thou pleasest. Thou art the One Who holdeth in His hands the dominions of earth and heaven. Verily Thou art the Almighty, the Inaccessible, the Help in Peril, the All-Compelling.	Iyong pangalagaan, O Diyos, ang sinumang natututong isaulo ang dalanging ito at binibigkas sa araw at sa gabi. Sa katunayan Ikaw ang Diyos, ang Panginoon ng sangnilikha, ang Lubos na Nakasasapat. Ikaw ay tapat sa Iyong pangako at ginagawa ang anumang Iyong ninanais. Ikaw yaong hawak sa Kaniyang kamay ang mga kapangyarihan ng lupa at langit. Sa katunayan, Ikaw ang Lubos na Makapangyarihan, ang Di-Malalapitan, ang Tulong sa Panganib, ang Ganap na Nananaig.
O my God, my Lord and my Master! I have detached myself from my kindred and have sought through Thee to become independent of all that dwell on earth and ever ready to receive that which is praiseworthy in Thy sight. Bestow on me such good as will make me independent of aught else but Thee, and grant me an ampler share of Thy boundless favors. Verily Thou art the Lord of grace abounding.	O aking Diyos, aking Panginoon, at aking Poon! Iniwalay ko ang aking sarili mula sa aking kaanak at hinangad, sa pamamagitan Mo, na maging malaya sa lahat ng naninirahan sa lupa at laging handang tumanggap ng anumang kapuri-puri sa Iyong paningin. Ipagkaloob sa akin ang gayong kabutihan upang maging malaya ako sa lahat liban sa Iyo, at pagkalooban ako ng higit pang bahagi ng Iyong walang-hanggang mga kaloob. Tunay na Ikaw ang Panginoon ng masaganang pagpapala.

I adjure Thee by Thy might, O my God! Let no harm beset me in times of tests, and in moments of heedlessness guide my steps aright through Thine inspiration. Thou art God, potent art Thou to do what Thou desirest. No one can withstand Thy Will or thwart Thy Purpose.	Nagsusumamo ako sa Iyo sa Iyong lakas, O aking Diyos! Huwag hayaang mapahamak ako sa panahon ng mga pagsubok, at sa mga sandali ng kapabayaan patnubayan ang aking mga yapak sa kawastuan mula sa ng Iyong inspirasyon. Ikaw ang Diyos, makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang makapipigil sa Iyong Kagustuhan o makapagbabago sa Iyong Layunin.
I beg Thy forgiveness, O my God, and implore pardon after the manner Thou wishest Thy servants to direct themselves to Thee. I beg of Thee to wash away our sins as befitteth Thy Lordship, and to forgive me, my parents, and those who in Thy estimation have entered the abode of Thy love in a manner which is worthy of Thy transcendent sovereignty and well beseemeth the glory of Thy celestial power.	Sumasamo ako sa Iyong kapatawaran, O aking Diyos, at lumuluhog ng paumanhin ayon sa paraang ninanais Mo mula sa Iyong mga tagapaglingkod sa kanilang pagbaling sa Iyo. Isinasamo ko sa Iyo na hugasan ang aming mga kasalanan nang naaangkop sa Iyong pagiging Panginoon at patawarin ako, ang aking mga magulang, at sila, na sa Iyong pagtingin ay nakapasok sa tahanan ng Iyong pag-ibig sa paraang narapat sa Iyong nangingibabaw na paghahari at naaangkop sa luwalhati ng Iyong makalangit na kapangyarihan.
O my God! Thou hast inspired my soul to offer its supplication to Thee, and but for Thee, I would not call upon Thee. Lauded and glorified art Thou; I yield Thee praise inasmuch as Thou didst reveal Thyself unto me, and I beg Thee to forgive me, since I have fallen short in my duty to know Thee and have failed to walk in the path of Thy love.	O aking Diyos! Binigyan Mo ng pagnanais ang aking kaluluwa na maghandog ng panalangin sa Iyo, at kung hindi dahil sa Iyo, hindi ako tatawag sa Iyo. Pinupuri at niluluwalhati Ka; iniaalay ko sa Iyo ang aking pagpuri sapagkat ipinahayag Mo sa akin ang Iyong Sarili, at isinasamo ko sa Iyo na patawarin ako, sapagkat nagkulang ako sa aking tungkuling kumilala sa Iyo at hindi nakalakad sa landas ng Iyong pag-ibig.
Lauded be Thy Name, O Lord our God! Thou art in truth the Knower of things unseen. Ordain for us such good as Thine all-embracing knowledge can measure. Thou art the sovereign Lord, the Almighty, the Best-Beloved.	Purihin nawa ang Iyong Pangalan, O Panginoon na aming Diyos! Ikaw, sa katunayan, ang Nakaaalam ng mga bagay na di-nakikita. Itadhana para sa amin ang mabuting mga bagay na masusukat ng Iyong kaalamang nakasasaklaw ng lahat. Ikaw ang naghaharing Panginoon, ang Pinakamalakas, ang Pinakamamahal.
All praise be unto Thee, O Lord! We shall seek Thy grace on the appointed Day and shall put our whole reliance in Thee, Who art our Lord. Glorified art Thou, O God! Grant us that which is good and seemly that we may be able to dispense with everything but Thee. Verily Thou art the Lord of all worlds.	Lahat ng papuri ay mapasa Iyo, O Panginoon! Aming hahangarin ang Iyong biyaya sa itinakdang Araw, at ilalagay namin ang aming buong tiwala sa Iyo, Ikaw na aming Panginoon. Luwalhatiin Ka, O Diyos! Ipagkaloob sa amin ang anumang mabuti at karapat-dapat upang maiwaksi namin ang lahat liban sa Iyo. Tunay na Ikaw ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig.

O God! Recompense those who endure patiently in Thy days and strengthen their hearts to walk undeviatingly in the path of Truth. Grant then, O Lord, such goodly gifts as would enable them to gain admittance into Thy blissful Paradise. Exalted art Thou, O Lord God. Let Thy heavenly blessings descend upon homes whose inmates have believed in Thee. Verily, unsurpassed art Thou in sending down divine blessings. Send forth, O God, such hosts as would render Thy faithful servants victorious. Thou dost fashion the created things through the power of Thy decree as Thou pleasest. Thou art in truth the Sovereign, the Creator, the All-Wise.	O Diyos! Gantimpalaan silang matiyagang nagtitiis sa Iyong mga araw, at palakasin ang kanilang mga puso upang makalakad nang walang paglilihis sa landas ng Katotohanan. Ipagkaloob kung gayon, O Panginoon, ang mabuting mga gantimpala upang makapasok sila sa Iyong napakaligayang Paraiso. Dakilain Ka nawa, O Panginoong Diyos. Hayaang manaog ang Iyong makalangit na mga biyaya sa mga tahanan kung saan ang mga nananahan ay sumasampalataya sa Iyo. Tunay na hindi Ka mapapantayan sa pagkakaloob ng banal na mga biyaya. Isugo, O Diyos, ang mga hukbong magkakaloob ng tagumpay sa Iyong tapat na mga tagapaglingkod. Hinuhubog Mo ang mga nilikhang bagay sa kapangyarihan ng Iyong utos sang-ayon sa Iyong ninanais. Ikaw sa katotohanan ay ang Hari, ang Manlilikha, ang Lubos na Marunong.
Say: God is indeed the Maker of all things. He giveth sustenance in plenty to whomsoever He willeth. He is the Creator, the Source of all beings, the Fashioner, the Almighty, the Maker, the All-Wise. He is the Bearer of the most excellent titles throughout the heavens and the earth and whatever lieth between them. All do His bidding, and all the dwellers of earth and heaven celebrate His praise, and unto Him shall all return.	Sabihin: Ang Diyos sa katunayan ay ang Maykapal ng lahat ng bagay. Nagbibigay Siya ng masaganang tangkilik sa sinumang naisin Niya. Siya ang Lumikha, ang Pinagmulan ng lahat ng umiiral, ang Nagbibigay-hugis, ang Pinakamalakas, ang Maykapal, ang Lubos na Marunong. Siya ang Nagtataglay ng pinakamahusay na mga taguri sa kabuuan ng mga kalangitan at kalupaan at sa anumang nasa pagitan nito. Lahat ay sumusunod sa Kaniyang utos, at lahat ng mga naninirahan sa lupa at langit ay nagdiriwang ng papuri sa Kaniya, at sa Kaniya ang lahat ay babalik.
Through Thy revelation, O my God, Thou hast enabled me to know Thee, and through the radiance of Thine effulgent splendor Thou hast inspired me with Thy remembrance. Thou art the One nearest to me with naught else between Thee and me, and Thou art the One Whose power nothing whatsoever can frustrate. Far be it then from Thine Essence that the mightiest birds of the souls of men or of human imaginings should ever scale its heights, and too exalted is Thy holy Being for the loftiest sentiments of men of understanding to attain unto Thee. From everlasting no one hath comprehended Thine Own Self, and unto everlasting Thou shalt remain what Thou hast been since time immemorial with no one else besides Thee.	Sa pamamagitan ng Iyong paghahayag, O aking Diyos, Iyong ginawa na makilala ko Ikaw, at sa pamamagitan ng liwanag ng Iyong maningning na karingalan, Iyong binigyang sigla ako sa pamamagitan ng Iyong alaala. Ikaw yaong pinakamalapit sa akin nang walang ibang namamagitan sa Iyo at sa akin, at Ikaw yaong ang lakas ay walang anupaman ang makapipigil. Di palak na malayo kung gayon, mula sa Iyong Diwa na ang pinakamakapangyarihan sa mga ibon ng mga kaluluwa ng tao o ng mga hinagap ng tao ang kailanman ay dapat umakyat sa mga kataasan nito, at lubhang dakila ang Iyong banal na Katauhan para sa pinakadakilang mga damdamin ng mga taong may pang-unawa upang makarating sa Iyo. Mula sa kawalang hanggan ni isa ay walang nakauunawa sa Iyong Sarili Mismo, at sa kawalang hanggan Ikaw ay mananatiling Ikaw na simula ng panahong hindi

	na magunita nang walang sinumang naroroon liban sa Iyo.
Magnified be Thy Name, Thou art the Best-Beloved Who hast enabled me to know Thee and Thou art that All-Renowned One Who hast graciously favored me with Thy love. Thou art the Ancient of Days Whom none can ever describe through the evidences of Thy glory and majesty, and Thou art the mighty One Whom none can ever comprehend through the revelations of Thy greatness and beauty, inasmuch as the expressions of majesty and grandeur and the attributes of dominion and beauty are but the tokens of Thy divine Will and the effulgent reflections of Thy sovereignty which, by reason of their very essence and nature, proclaim that the way is barred and bear witness that the pathway is inaccessibly beyond the reach of men.	Dakilain ang Iyong Pangalan, Ikaw ang Pinakamamahal na tinulutan akong makilala Ka at Ikaw yaong Lubos na Mabunyi na magiliw na itinangi ako ng Iyong pagmamahal. Ikaw ang Napakatanda ng mga Araw na walang sinuman ang kailanman ay makapaglalarawan sa pamamagitan ng mga katibayan ng Iyong katotohanan at kamaharlikaan, at Ikaw yaong Makapangyarihan na walang sinuman ang kailanman ay maaaring makaunawa sa pamamagitan ng paghahayag ng Iyong kadakilaan at kagandahan, yayamang ang mga pahayag ng kapangyarihan at kagandahan ay mga palatandaan lamang ng Kaniyang banal na Kalooan, at ang maningning na mga panganganinag ng Iyong kataas-taasang kapangyarihan na, dahilan sa kanilang pinakadiwa at likas na katangian, ay nagpapahayag na ang paraan ay hinadlangan at sumasaksi na ang landas ay ganap na hindi mararating ng mga tao.
<i>In the Name of thy Lord, the Creator, the Sovereign, the All-Sufficing, the Most Exalted, He Whose help is implored by all men.</i>	<i>Sa Ngalan ng iyong Panginoon, ang Maykapal, ang Hari, ang Lubos na Nakasasapat, ang Pinakadakila, Siya na ang Kaniyang tulong ay hinihingi ng lahat ng tao.</i>
Say: O my God! O Thou Who art the Maker of the heavens and of the earth, O Lord of the Kingdom! Thou well knowest the secrets of my heart, while Thy Being is inscrutable to all save Thyself. Thou seest whatsoever is of me, while no one else can do this save Thee. Vouchsafe unto me, through Thy grace, what will enable me to dispense with all except Thee, and destine for me that which will make me independent of everyone else besides Thee. Grant that I may reap the benefit of my life in this world and in the next. Open to my face the portals of Thy grace and graciously confer upon me Thy tender mercy and bestowals.	Sabihin: O aking Diyos! O Ikaw na Siyang Maylikha ng mga kalangitan at kalupaan, O Panginoon ng Kaharian! Ikaw ang lubos na nakababatid sa mga lihim ng aking puso, samantalang ang Iyong Diwa ay di-malirip ng lahat liban sa Iyong Sarili. Iyong nakikita ang anumang nauukol sa akin, samantalang walang sinuman ang makagagawa nito liban sa Iyo. Ipagkaloob sa akin, mala sa Iyong biyaya, yaong tutulot na magawa kong talikuran ang lahat liban sa Iyo, at italaga para sa akin yaong magpapalaya sa akin upang makapagsarili ako sa lahat liban sa Iyo. Tulutang magawa kong anihin ang kapakinabangan ng aking buhay sa daigdig na ito at sa susunod. Buksan sa harap ng aking mukha ang mga pinto ng Iyong pagpapala, at buong-giliw na ipagkaloob sa akin ang Iyong masuyong habag at mga kaloob.
O Thou Who art the Lord of grace abounding! Let Thy celestial aid surround those who love Thee and	O Ikaw na Siyang Panginoon ng masaganang pagpapala! Tulutang pumalibot ang Iyong

bestow upon us the gifts and the bounties Thou dost possess. Be Thou sufficient unto us of all things, forgive our sins and have mercy upon us. Thou art Our Lord and the Lord of all created things. No one else do we invoke but Thee and naught do we beseech but Thy favors. Thou art the Lord of bounty and grace, invincible in Thy power and the most skillful in Thy designs. No God is there but Thee, the All-Possessing, the Most Exalted.	makalangit na tulong sa kanilang mga umiibig sa Iyo, at ipagkaloob sa amin ang mga handog at biyaya na Iyong taglay. Ikaw ay maging sapat na sa amin sa lahat ng bagay, patawarin ang aming mga pagkakasala at mahabag sa amin. Ikaw ang aming Panginoon at ang Panginoon ng lahat ng nilikhang bagay. Wala kaming ibang tinatawagan kundi Ikaw, at wala rin kaming hinihingi kundi ang Iyong mga pagpapala. Ikaw ang Panginoon ng biyaya at pagpapala, hindi magagapi ang Iyong kapangyarihan at pinakamahusay ang Iyong mga gawain. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Nagmamay-ari ng Lahat, ang Pinakadakila.
Confer Thy blessings, O my Lord, upon the Messengers, the holy ones and the righteous. Verily Thou art God, the Peerless, the All-Compelling.	Ipagkaloob ang Iyong mga pagpapala, O aking Panginoon, sa mga Sugo, sa mga banal at sa mga matwid. Tunay na Ikaw ang Diyos, ang Walang Kahambing, ang Laging Nananaig.
Glorified art Thou, O Lord my God! Thou art in truth the King of kings. Thou dost confer sovereignty upon whomsoever Thou wilt and dost seize it from whomsoever Thou wilt. Thou dost exalt whomsoever Thou wilt and dost abase whomsoever Thou wilt. Thou dost render victorious whomsoever Thou wilt and dost bring humiliation upon whomsoever Thou wilt. Thou dost bestow wealth upon whomsoever Thou wilt and dost reduce to poverty whomsoever Thou wilt. Thou dost cause whomsoever Thou wilt to prevail over whomsoever Thou wilt. Within Thy grasp Thou dost hold the empire of all created things and through the potency of Thy sovereign behest Thou dost call into being whomsoever Thou wilt. Verily Thou art the Omniscient, the Omnipotent, the Lord of power.	Luwalhatiin Ka, O Panginoon aking Panginoon! Ikaw, sa katotohanan, ang Hari ng mga hari. Iyong ipinagkakaloob ang dakilang kapangyarihan sa sinumang Iyong ninanais at kinukuha ito mula sa sinumang Iyong nanaisin. Iyong dinadakila ang sinumang Iyong ninanais at Iyong hinahamak ang sinumang Iyong nanaisin. Iyong ginagawang matagumpay ang sinumang Iyong ninanais at binibigyan ng kahihyan ang sinumang Iyong nanaisin. Iyong pinagkakalooban ng kayamanan ang sinumang Iyong ninanais at pinagdarahop ang sinumang Iyong nanaisin. Iyong gagawin ang sinumang Iyong ninanais na manaig sa sinumang Iyong nanaisin. Sa loob ng Iyong mga kamay ay Iyong hawak ang imperyo ng lahat ng nilalang na bagay at sa pamamagitan ng bisa ng Iyong nakapangyayaring utos Iyong binibigyan ng buhay ang sinumang Iyong ninanais. Tunay, Ikaw ang Nakababatid ng Lahat, ang Makapangyarihan, ang Panginoon ng kapangyarihan.
Praised and glorified art Thou, O God! Grant that the day of attaining Thy holy presence may be fast approaching. Cheer our hearts through the potency of Thy love and good-pleasure and bestow upon us steadfastness that we may willingly submit to Thy Will and Thy Decree. Verily Thy knowledge embraceth all the things Thou hast created or wilt create and Thy celestial might transcendeth whatsoever Thou hast called or wilt call into being.	Purihin at luwalhatiin Ka, O Diyos! Itulot na ang araw ng pagtatamo sa Iyong banal na kinaroroonan ay mapabilis ang pagsapit. Pagalakin ang aming mga puso sa bisa ng Iyong pag-ibig at mabuting kaluguran, at ipagkaloob sa amin ang katatagan nang sa ganoon ay kusang-loob kaming sumailalim sa Iyong Kalooban at Iyong Utos. Tunay na ang Iyong kaalaman ay sumasaklaw sa lahat ng bagay na Iyong nilalang o lalalangin, at ang Iyong

There is none to be worshipped but Thee, there is none to be desired except Thee, there is none to be adored besides Thee and there is naught to be loved save Thy good-pleasure.	makalangit na lakas ay higit pa sa anumang Iyong nilikha o lilikhain. Walang dapat sambahin liban sa Iyo, walang dapat mithiin liban sa Iyo, walang dapat pakamahalin liban sa Iyo at walang dapat ibigin liban sa Iyong mabuting kasiyahan.
Verily Thou art the supreme Ruler, the Sovereign Truth, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	Tunay na Ikaw ang kataas-taasang Pinuno, ang Naghaharing Katotohanan, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
Thou knowest full well, O my God, that tribulations have showered upon me from all directions and that no one can dispel or transmute them except Thee. I know of a certainty, by virtue of my love for Thee, that Thou wilt never cause tribulations to befall any soul unless Thou desirest to exalt his station in Thy celestial Paradise and to buttress his heart in this earthly life with the bulwark of Thine all-compelling power, that it may not become inclined toward the vanities of this world. Indeed Thou art well aware that under all conditions I would cherish the remembrance of Thee far more than the ownership of all that is in the heavens and on the earth.	Alam na alam Mo, O aking Diyos, na ang mga paghihirap ay umulan sa akin buhat sa lahat ng dako at na walang makawawaksi o makababago sa mga ito liban sa Iyo. Tiyak na alam ko, dahil sa aking pag-ibig sa Iyo, na hindi Mo kailanman tutulutang sumapit ang paghihirap sa sinumang kaluluwa kung hindi Mo ninanais na itaas ang kaniyang kalagayan sa Iyong makalangit na Paraiso at palakasin ang kaniyang puso sa makalupang buhay na ito ng balwarte ng Iyong kapangyarihang laging-nananaig, nang sa gayon ay hindi ito mahilig sa mga karangyaan ng daigdig na ito. Sa katunayan ay Iyong ganap na nababatid na sa lahat ng kalagayan ay lubos na mamahalin ko ang pag-alaala sa Iyo nang higit pa sa pag-aari ng lahat ng nasa langit at lupa.
Strengthen my heart, O my God, in Thine obedience and in Thy love and grant that I may be clear of the entire company of Thine adversaries. Verily I swear by Thy glory that I yearn for naught besides Thyself, nor do I desire anything except Thy mercy, nor am I apprehensive of aught save Thy justice. I beg Thee to forgive me as well as those whom Thou lovest, howsoever Thou pleasest. Verily Thou art the Almighty, the Bountiful.	Palakasin ang aking puso, O aking Diyos, sa pagsunod sa Iyo at sa Iyong pag-ibig, at tulutang mailayo ako sa buong lupon ng Iyong mga kaaway. Tunay na isinisumpa ko sa Iyong kaluwalhatian na wala akong hinahangad liban sa Iyong Sarili, ni wala rin akong ninanais bukod sa Iyong habag, ni wala rin akong kinatatakutan liban sa Iyong katarungan. Isinasamo ko sa Iyong patawarin ako at gayundin ang Iyong mga minamahal Mo, sa anumang paraang ninanais Mo. Tunay na Ikaw ang Pinakamalakas, ang Mapagbigay.
Immensely exalted art Thou, O Lord of the heavens and earth, above the praise of all men, and may peace be upon Thy faithful servants and glory be unto God, the Lord of all the worlds.	Ikaw ay napakadakila, O Panginoon ng kalangitan at kalupaan, nang higit sa papuri ng lahat ng tao, at harinawang ang kapayapaan ay mapasa Iyong matapat na mga tagapaglingkod at luwalhati sa Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig.
Praise be to Thee, O Lord, my Best-Beloved! Make me steadfast in Thy Cause and grant that I may be reckoned among those who have not violated Thy	Purihin Ka nawa, O Panginoon, aking Pinakamamahal! Gawin akong matatag sa Iyong Kapakanan, at tulutang mapabilang ako sa yaong

covenant nor followed the gods of their own idle fancy. Enable me, then, to obtain a seat of truth in Thy presence, bestow upon me a token of Thy mercy and let me join with such of Thy servants as shall have no fear nor shall they be put to grief. Abandon me not to myself, O my Lord, nor deprive me of recognizing Him Who is the Manifestation of Thine Own Self, nor account me with such as have turned away from Thy holy presence. Number me, O my God, with those who are privileged to fix their gaze upon Thy Beauty and who take such delight therein that they would not exchange a single moment thereof with the sovereignty of the kingdom of heavens and earth or with the entire realm of creation. Have mercy on me, O Lord, in these days when the peoples of Thine earth have erred grievously; supply me then, O my God, with that which is good and seemly in Thine estimation. Thou art verily the All-Powerful, the Gracious, the Bountiful, the Ever-Forgiving.	mga hindi lumabag sa Iyong Kasunduan ni hindi sumunod sa mga diyus-diyusan ng kanilang walang kabuluhang guni-guni. Tulutang makamtan ko, kung gayon, ang luklukan ng katotohanan sa Iyong kinaroroonan, pagkalooban ako ng tanda ng Iyong habag at tulutang makasama ako sa gayon sa Iyong mga tagapaglingkod na hindi makadarama ng takot ni hindi maglulumbay. Huwag akong hayaan sa aking sarili, O aking Panginoon, ni huwag ipagkait sa akin ang pagkilala sa Kaniya na Kahayagan ng Iyong Sarili, ni huwag akong ibilang sa yaong mga tumalikod mula sa Iyong banal na kinaroroonan. Ibilang ako, O aking Diyos sa yaong mga binigyan ng karapatang ituon ang kanilang mga titig sa Iyong Kagandahan at ganoon na lamang ang kanilang kagalakan dito na hindi nila ipagpapalit ang isang sandali nito sa paghahari sa kaharian ng langit at lupa o sa buong saklaw ng sangnilikha. Mahabag sa akin, O aking Panginoon, sa mga araw na ito kung kailan ang mga sambayanan ng Iyong kalupaan ay lubhang nagkasala; ipagkaloob sa akin kung gayon, O aking Diyos, yaong mabuti at karapat-dapat sa Iyong paningin. Tunay na Ikaw ang Lubos na Makapangyarihan, ang Magiliw, ang Mapagpala, ang Laging-Nagpapatawad.
Grant, O my God, that I may not be reckoned among those whose ears are deaf, whose eyes are blind, whose tongues are speechless and whose hearts have failed to comprehend. Deliver me, O Lord, from the fire of ignorance and of selfish desire, suffer me to be admitted into the precincts of Thy transcendent mercy and send down upon me that which Thou hast ordained for Thy chosen ones. Potent art Thou to do what Thou wilt. Verily Thou art the Help in Peril, the Self-Subsisting.	Tulutan, O aking Diyos, na hindi ako mabilang sa kanilang bingi ang mga tainga, bulag ang mga mata, pipi ang mga dila, at hindi nakauunawa ang mga puso. Iadya ako, O Panginoon, sa apoy ng kamangmangan at ng makasariling pagnanasa, tulutang makapasok ako sa mga kapaligiran ng Iyong nangingibabaw na habag at ipagkaloob sa akin yaong itinalaga Mo para sa Iyong mga pinili. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Tunay na Ikaw ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
O my God, O my Lord, O my Master! I beg Thee to forgive me for seeking any pleasure save Thy love, or any comfort except Thy nearness, or any delight besides Thy good-pleasure, or any existence other than communion with Thee.	O aking Diyos, O aking Panginoon, O aking Pinuno! Sumasamo ako sa Iyo na patawarin ako sa paghahangad ng anumang kasiyahan liban sa Iyong pagmamahal, o ng anumang kaginhawahan liban sa pagkalapit sa Iyo, o ng anumang kagalakan liban sa Iyong mabuting-kasiyahan, o ng anumang buhay liban sa pakikipagniig sa Iyo.
Thou seest, O my Lord, my dwelling-place in the heart of this mountain and Thou dost witness my forbearance. Verily I have desired naught else but	Iyong nakikita, O aking Panginoon, ang aking tinitirahan sa kaibuturan ng bundok na ito at Iyong nasasaksihan ang aking pagtitiis. Sa katunayan, ako

Thy love and the love of those who love Thee. How can I extol the effulgent beauty of Thy Lordship, conscious as I am of my nothingness before the habitation of Thy glory? Yet the sorrow of solitude and loneliness prompteth me to invoke Thee through this prayer, perchance Thy trusted servants may become aware of my lamentations, may supplicate unto Thee on my behalf, and Thou wouldst graciously answer their prayers as a token of Thy grace and Thy favor. I bear witness that there is no God but Thee, inasmuch as Thou art invested with sovereignty, grandeur, glory and power which no one among Thy servants can visualize or comprehend. Indeed Thou shalt, by virtue of that which is inherent in Thine Essence, ever remain inscrutable unto all except Thyself.	ay walang hinangad maliban ang Iyong pagmamahal at ang pagmamahal noong mga nagmamahal sa Iyo. Paano ko mapupuring maigi ang maningning na kagandahan ng Iyong pagiging Panginoon, dahilan sa batid ko ang aking kawalang-halaga sa harap ng tahanan ng Iyong kaluwalhatian? Datapwat ang kalungkutan ng pag-iisa at ang kapanglawan ay nag-udyok sa akin upang manawagan sa Iyo sa pamamagitan ng dalangin na ito, baka sakaling ang Iyong pinagtitiwalaang mga tagapaglingkod ay magawang mabatid ang aking mga paghihinagpis, at lumuhog sa Iyo sa ngalan ko, at Iyong magiliw na tugunin ang kanilang mga dalangin bilang isang palatandaan ng Iyong pagpapala at Iyong tangkilik. Sumasaksi ako na walang Diyos liban sa Iyo, yayamang Ikaw ay pinagkalooban ng kapangyarihan, karingalan, kaluwalhatian at lakas na wala kahit isa sa Iyong mga tagapaglingkod ang maisip o mauunawaan. Tunay, dahilan doon sa likas sa Iyong Diwa, Ikaw ay mananatiling hindi malirip ng lahat liban sa Iyong Sarili.
Is there any Remover of difficulties save God? Say: Praised be God! He is God! All are His servants and all abide by His bidding!	Mayroon bang Tagapag-alis ng mga kahirapan liban sa Diyos? Sabihin: Purihin ang Diyos! Siya ay Diyos! Lahat ay Kaniyang tagapaglingkod, at lahat ay sumusunod sa Kaniyang mga utos!

Endnotes